DOCUMENT RESUME

ED 257 308 FL 014 983


| | |
|---|---|
| AUTHOR | Ramos, Teresita V. |
| TITLE | Advanced Tagalog Reader. |
| INSTITUTION | Hawaii Univ., Honolulu. Dept. of Indo-Pacific Languages. |
| SPONS AGENCY | Office of Postsecondary Education (ED), Washington, DC. |
| PUB DATE | [85] |
| GRANT | G00-83-02114 |
| NOTE | 472p. |
| PUB TYPE | Guides - Classroom Use - Guides (For Teachers) (052) -- Guides - Classroom Use - Materials (For Learner) (051) |
| EDRS PRICE | MF01/PC19 Plus Postage. |
| DESCRIPTORS | Adult Education; *Advanced Courses; *Creative Writing; *Cultural Education; Foreign Countries; Glossaries; *Reading Comprehension; Reading Materials; *Tagalog; *Vocabulary Development; *Writing Exercises |
| IDENTIFIERS | *Philippines |



ABSTRACT

A Tagalog reader designed for adult students beyond the intermediate level contains 30 lessons in agriculture, art, economics, education, history, language, literature, medicine, music, political science, religion, and sociology. Each unit contains four sections: (1) a reading passage with numbered paragraphs and underlined vocabulary words, for later reference; (2) two word lists containing general and specialized or technical vocabulary, defined as used in the text, with parts of speech, country of origin if borrowed, synonyms and variants if appropriate, and accents noted; (3) comprehension questions, primarily recall, with some comparative, free-response, and experience-related; and (4) exercises for vocabulary expansion, text analysis, discussion, and creative writing. (MSE)



***********************************************************************
* Reproductions supplied by EDRS are the best that can be made *
* from the original document. *
***********************************************************************

G00-83-02114
Title VI, HEA, 1965

ED257308

# ADVANCED TAGALOG READER

PRINCIPAL INVESTIGATOR
TERESITA V. RAMOS, PH.D.
DEPT. OF INDO-PACIFIC LANGUAGES
UNIVERSITY OF HAWAII

Project funded by the International Research and Studies Program (Title VI) of the U.S. Department of Education (September 1, 1983 - December 31, 1984)

U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION
NATIONAL INSTITUTE OF EDUCATION
EDUCATIONAL RESOURCES INFORMATION CENTER (ERIC)

X This document has been reproduced as received from the person or organization originating it
Minor changes have been made to improve reproduction quality

• Points of view or opinions stated in this document do not necessarily represent official NIE position or policy

FL014983

ERIC

## ACKNOWLEDGMENTS

Valuable consultant service is recognized from Dr. Rosita Galang of the University of San Franciso. The writer thanks Romulo Esteban, Rowena Pilapil and Grace Ontalan for their skillful assistance in preparing the manuscript.

It is a special pleasure to acknowledge the sources of the reading passages and the authors of the selections that appear in the text.

Agoncillo, Teodoro. "Pugad ng Kagitingan", Sagisag (July, 1976), 13-17.

Agoncillo, Teodoro. "Si Magallanes sa Pilipinas", Sagisag (May-June, 1977), 10.

Agoncillo, Teodoro. "Ang Tao't Kalikasan", Pilipinas kong Mahal, (Manila, 1981), 3-15.

Agoncillo, Teodoro "Ang Sinaunang Kabihasnan", Pilipinas kong Mahal, (Manila, 1981), 19-32.

Agoncillo, Teodoro "Buhay-Buhay", Pilipinas kong Mahal, (Manila, 1981), 109-127.

Arceo, Liwayway. "Engalog o Taglish.... Pilipino o Filipino", Sagisag (February, 1976), 7.

Bennagen, Ponciano. "Bawang, Barya at Bigas: Mga Ritual sa Bagong Taon", Sagisag (January, 1979), 49-50.

Edroza-Matute, Genoveva. "Dalawang Wika, Isang Diwa", *Sagisag* (November, 1975), 14-18.

Garcia, Fanny. "Sa Bayan ng mga Panata", *Sagisag* (April, 1976), 46-49.

Guzman, Gloria. "Nagbihis ang Kanayunan", *Sagisag* (March-April, 1978), 41-48.

Licsi-Espino, Federico Jr. "Kung Baga sa Salamin May Pinturang Pandekorasyon at May Pinturang Tagapagsiwalat ng Buhay", *Sagisag* (October, 1975), 39-42.

Licsi-Espino, Federico Jr. "Mga Gamot na Walang Reseta", *Sagisag* (October, 1976), 7-9.

Lumbera, Bienvenido. "Simula at Katapusan ng Nobyembre", *Sagisag* (November, 1979), 4.

Magno, A. R. and F. D. Rillon Jr. "Pag-aaral Tungo sa Kamangmangan", *Sagisag* (June, 1979), 15-18.

Mangahas, Fe. "Pagkatapos ng Halalan", *Sagisag* (May-June, 1978), 9-12.

Miraflor, Norma. "Sulat Mula sa Pritil", *Readings in Bilingual Contemporary Philippine Literature* (Manila, 1978), 63-69.

Nofuente, Valerio. "Alisin 'Ka Mo ang Dyipni?", *Sagisag* (May-June, 1978), 5-10.

Nofuente, Valerio. "Ang Epiko ni Labaw Donggon", *Sagisag* (June, 1979), 32.



ERIC

Palma, Rafael. "Ang Awit ng Pasyon", Sagisag (January-February, 1978), 20.

Perez, Rodolfo. "Sining ng Nagsisikip na Dinding", Sagisag (August, 1975), 40-42.

Reyes, Edgardo. "Di Maabot ng Kawalang Malay", Readings in Bilingual Contemporary Philippine Literature (Manila, 1978), 162-167.

Rillo, F. D. Jr. "Kung Makisama ang mga Pilipino", Sagisag (July, 1979), 5-6.

Rillo, F. D. Jr. "Ang Hospitalidad ng mga Pinoy", Sagisag (May, 1979), 5-6.

Tiongson, Nicanor. "Bagong Kristo sa Ating Panahon", Sagisag (April, 1976), 54-55.

Yu, Rosario. "May Binubuhay ang Napaloloko", Sagisag (September, 1979), 42-44.

## GENERAL INTRODUCTION

It would not be an exaggeration to say that most students taking Tagalog in the United States are not Tagalog majors. Most of them are in anthropology, linguistics, history, ethnomusicology, political science, Asian studies and some other related disciplines. Tagalog for these students is usually a tool to be used for research.

While several books exist for the beginning and intermediate levels, these are mostly conversational texts or their focus is on the oral mastery of the language. The situation gets critical in the area of reading where teachers have to scrounge around for supplementary materials whenever the need arises. The result is that advanced language classes are being relegated to the study of the literature of the target language, a task more suitable for native speakers, or reduced to mere line by line translation of the text. These classes become long hours of tedious word-for-word dictionary work for the students rather than a smooth transition to progressively complex speaking, reading and writing skills.

What is needed is a reader designed for adults who are interested in strengthening their reading skills for academic or career purposes. The <u>Advanced Tagalog Reader</u>

BEST COPY AVAILABLE

(ATR) was developed for this purpose.It presents reading materials representative of current Tagalog that cover a wide range of subject matter (i.e. ,anthropology, ethnomusicology, art, history, literature and other related disciplines) in order to expose the reader to various content demands of general reading material. The aim of the text is to develop and expand the students' vocabulary repertoire as well as to further train them in reading comprehension. It is expected that the materials will cover enough ground so that the students will also be able to see a comprehensive picture of Philippine life and culture.

*Design*

The Advanced Tagalog Reader is tailored to meet the needs of the students who have gone beyond the intermediate stage of language learning and whose fields of study include those mentioned above. ATR consists of thirty lessons. The format is as follows: Each chapter begins with a reading passage on a specific topic, for instance, agriculture. It will be immediately followed by a glossary of new terms or idiomatic expressions. To check the students' comprehension, a set of questions will follow. Since this is an advanced reader, the questions will also be directed toward understanding

the passage, through implications or by reading between the lines, and the cultural phenomena unique in Philippine society. The fourth part of the chapter will be exercises on vocabulary expansion, more exercises on understanding the reading passage, discussion questions and creative writing activities.

*Materials*

The writer went through well-written Tagalog magazines (i.e. Sagisag) and books to look for interesting and suitable materials for the text. Then the selected materials were excerpted and cut to not more than 13 pages each. Advanced students of Tagalog were asked to read the material to check for readability, difficulty level and cohesiveness.

Thirty essays were selected, excerpted and classified under 12 disciplines:

Agriculture (1); Art (3); Economics (2); Education (1); History (5); Language (2); Literature (3); Medicine (1); Music (1); Political Science (1); Religion (2); and Sociology (8).

BEST COPY AVAILABLE

BEST COPY AVAILABLE

*Format*

Each unit is divided into four sections as follows:

a. Reading Passage (Babasahin). Each selection is categorized as one of the 12 disciplines listed above. Each paragraph is numbered on the righthand side of the margin for easy access when specific paragraphs are referred to in analyzing ideas or concepts as well as guide to answers to comprehension questions. Words defined in the vocabulary list are underlined in the text for easy reference.

b. Word List (Bokabularyo). The word list section consists of two sets of words -- general vocabulary and technical or specialized vocabulary. These words are defined as used in the text with parts of speech, country of origin, if borrowed, synonyms (optional), variants (if these exist) indicated. The words are accented. Verb entries are followed by their verb roots enclosed in parentheses.

c. Comprehensive Questions (Mga Tanong). Each unit consists of six to fifteen questions based on the text. Most of the questions are recall-type questions with specific answers found in the text while the rest are comparative, free response and experience-related type questions. To guide the students, when specific responses are called for, the number of the paragraph(s) where the answers are found is indicated in parentheses after each question.

However, students should be urged to answer these questions first without referring to the reading selection. If the students have difficulty answering a particular question, the teacher should refer them to the selection to find the correct answer.

d. Exercise (Pagsasanay). The exercises have four parts: vocabulary expansion exercises, text analysis exercises, discussion questions and creative writing activities.

1. Types of Vocabulary Expansion Exercises (Pagpapalawak ng Bokabularyo)
    a) Exercises where words are learned in groups concerned with a particular topic or discipline
    b) Exercises based on meaning-related words: same word or root word, different meanings
    c) Exercises that deal with appropriateness of words (style)
    d) Exercises that teach how to make comparisons
    e) Exercises that teach how to use descriptive words
    f) Grammar-related exercises such as the correct use of affixes, word formation, use of aspect, linkers, etc.
    g) Exercises that use synonyms and antonyms to replace italicized words or phrases in sentences or paragraphs
    h) Exercises that build new words from core words by

adding affixes or changing the forms of the words

i) Exercises that lead to the use of the new words in sentences

j) Exercises that match the new words with their definitions

2. Types of Text Analysis Exercises (**Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay**)

These exercises help the students develop various strategies which are helpful in reading for comprehension.

a) Cloze-type exercises. To be able to choose the correct word to complete the sentence or paragraph, the student has to both understand the text as well as know the meaning of the vocabulary

b) Interpretation of words, phrases, metaphorical expressions, rituals and concepts

c) Categorizing concepts, topics, types, etc.

d) Matching terms, words or descriptions with concepts; persons, things or concepts with characteristics

e) Arranging important events in sequence

f) Determining who or what is referred to by selected passages

3. Discussion Questions (**Pagtalakay**)

This exercise is designed to help the student

understand the overall meaning of the text material, to think critically about the implications of the main ideas presented and to extend these ideas into situations that are familiar to the student.

Upon completion of each reading, the student should be able to discuss the text material in terms of main ideas presented and the author's intention in presenting these ideas as well as the details of some of the information presented.

To answer these questions, the students have to use both the vocabulary and the concepts which they have learned and discussed in the unit. Most of these questions require the students to relate their own views to those of the author's.

4. Composition (Pagkatha)

The traditional 'essay' pattern has often been a bar to progress because of its highly stylized form. Questions in this section require direct, simple, and purposeful replies in specific topics. Such replies involve free composition arising from the personal thoughts and opinions of the writer after the relevant vocabulary and structures have been absorbed through the comprehension and vocabulary/structure execises. Questions have been set requiring condensation of the original text. Brevity

involves the ability to sort out the essential and to reject the non-essential.

The reading requirements of the various subjects such as the social sciences and literature are particularly burdensome for non-native speakers who are expected to acquire knowledge principally through the medium of written Tagalog. The specialized vocabulary, complexity of language structures, concept loading and idiomatic expressions demand highly developed word recognition and comprehension skills. It is hoped that the various vocabulary and reading exercises in this text can be of some help to students struggling to learn content areas in Tagalog.

CONTENTS

Pahina

Introduction .................................... xii

A. KASAYSAYAN

1. Ang Tao't Kalikasan .......................... 1
2. Ang Sinaunang Kabihasnan ..................... 23
3. Si Magallanes sa Pilipinas ................... 50
4. Buhay-buhay .................................. 61
5. Pugad ng Kagitingan .......................... 88

B. PULITIKA

6. Pagkatapos ng Halalan ........................ 98

K. EDUKASYON

7. Pag-aaral Tungkol sa Kamangmangan ............ 112

D. WIKA

8. Taglish o Engalog... Pilipino o Filipino ..... 127
9. Dalawang Wika, Isang Diwa .................... 141

E. PAGBUBUKID

10. Nagbibihis ang Kanayunan .................... 161

**G. PAMAMALAKAD NG PANGKABUHAYAN**

11. Tawaran ........................................ 178

12. May Binubuhay ang Napaloloko .................. 199

**H. KARUNUNGANG PANLIPUNAN**

13. Ang Paggalang ng mga Pilipino ............... 216

14. Ang Pananalita ................................ 226

15. Ang Salu-salo ................................. 234

16. Ang Bus sa Pilipinas .......................... 243

17. Kung Makisama ang mga Pilipino ............... 251

18. Ang Hospitalidad ng mga Pinoy ................ 266

19. Alisin 'Ka Mo ang Dyipni? Teka Muna ......... 282

20. Bawang, Barya at Bigas: Mga Ritual sa
Bagong Taon .................................. 303

**I. PANGGAGAMOT**

21. Mga Gamot na Walang Reseta .................. 315

**L. RELIHIYON**

22. Sa Bayan ng mga Panata ....................... 327

23. Simula at Katapusan ng Nobyembre ............. 337

**M. PANITIKAN**

24. Ang Epiko ni Labaw Donggon ................... 347

25. Di Maabot ng Kawalang Malay .................. 354

26. Sulat Mula sa Pritil ......................... 377

N. SINING

27. Sining ng Nagsisikip na Dingding ............. 398

28. Kung Baga sa Salamin May Pinturang Pandekorasyon at May Pinturang Tagapagsiwalat ng Buhay .................... 411

29. Bagong Kristo sa Ating Panahon ............... 428

NG. MUSIKA

30. Ang Awit ng Pasyon ........................... 445



ERIC

## ANG TAO'T KALIKASAN

Teodoro A. Agoncillo

*A.* ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

### ANG LUPAIN

Kung pag-aaralan ang mapa ng Timog-Silangang Asya ay 1
agad mapapansing nasa kalagitnaan nito ang Pilipinas. May habang mahigit sa isang libong milya mula sa hilaga hanggang sa timog, ang Pilipinas, na isang mahabang kawing ng mga pulo, ay binubuo ng 7,100 pulo. Ang kabuuang laki, kung ibibilang ang mga dagat-dagatan, ay 115,758 milyang parisukat. Kung lupang-lupa lamang ang susukatin ay umaabot sa 114,830 milyang parisukat ang arya. Kung ihahambing sa maliit na bansa ng daigdig, ang Pilipinas ay maliit-liit sa Hapon o sa Espanya at malaki-laki sa kabuuan ng Gran Bretanya at Irlanda.

Kung muling titingnan ang mapa ay mapapansing nasa 2
hilaga ng Pilipinas ang Taiwan; sa kanluran at sa hilaga ay nakapaligid ang Dagat ng Tsina; sa silangan ay ang Karagatang Pasipiko; at sa timog ay ang dagat ng Selebes at ang Katimugang Dagat ng Tsina. Ang buong kapuluang Pilipinas ay nasa 21° 20' at 4° 30' Hilagang latitud at sa pagitan ng 116° 55' at 126° Silangang longhitud. Ang mga pulong malalaki ay ang Luson, Mindanaw, Mindoro, Samar,

Sebu, Panay, Negros, Palawan, at Leyte.

Ang baybayin ng Pilipinas ay paliku-liko at may habang 10,850 milya, bagay na higit na mahaba kaysa baybayin ng Estados Unidos. Ang tinatawag na Kalalimang Pilipino (Philippine Deep), na matatagpuan sa silangan ng Mindanaw, ay may lalim na 35,440 talampakan, pangalawa sa buong daigdig. 3

MGA BUNDOK AT BULKAN

Maraming matatarik na bundok sa Pilipinas. Pinakamataas sa lahat ang Bundok ng Apo sa Mindanaw na may 9,600 talampakan ang taas. Sa hilaga at silangang Luson ay makikita ang malalaking bundok. Ang lalong kilala sa mga kawing ng mga bundok ay ang Kordilyera, Siyera Madre, at Karabalyo. 4

Marami ring bulkan sa Pilipinas, na ang ilan ay buhay pa. Ang lalong kilala ay ang Mayon sa Albay; ang Taal sa Batangas; ang Banahaw sa Quezon; ang Hibok-Hibok sa Kamigin. Sa mga ito, ang "mababagsik" ay ang Mayon na pumutok nang mahigit sa tatlumpu mula noong 1615 at ang Taal na mahigit na tatlumpu ring ulit na pumutok. Nguni't lalong kilala ang Mayon dahil sa kanyang hugis na isang maganda't ganap na balisungsong, na kahit na saang dako malasin ay hindi nagbabago ang hugis. Ang bulkan ng Taal, sa kabilang dako, ay nasa maliit na dagat-dagatan at 5

kinikilalang pinakamaliit na bulkan sa buong daigdig. Ang pagputok ng Taal noong Enero 30, 1911 ay sinasabing pinakamalupit sapagka't mahigit na 1,300 mamamayan ang namatay.

LINDOL

Ang Pilipinas ay madalas daanan ng <u>lindol</u> na ang 6
ila'y sumira ng maraming ari-arian at pumatay ng maraming tao. Noong ika-3 ng Hunyo, 1863, ang Maynila ay niyugyog ng malakas na lindol na nagwasak ng maraming gusali at tahanan, kasama na riyan ang Katedral ng Maynila. Nguni't ang pinakamalakas na lindol sa buong Pilipinas ay nangyari noong ika-17 ng Agosto, 1976 nang ang lindol sa Kamindanawan ay magbunga ng dambuhalang-alon (**Tidal Wave**) na ikinamatay ng 6,000 mamamayan, 90,000 kataong nawalan ng tahanan, at ilang daang angaw na pisong ari-ariang nawasak.

LIKAS NA KAYAMANAN

Bagaman mabundok, ang Pilipinas ay sagana sa 7
mayayamang <u>kapatagan</u> at <u>lambak</u> na dinadaluyan ng mga ilog. Ang mga katangiang pisikal ng Pilipinas ay gaya ng sumusunod:

1. ang pagkakaroon ng mga bundok na sagana sa kagubatang pinagkukunan ng mga kahoy at mga bungang-kahoy;

2. ang pagkakaroon ng matatabang kapatagan at lambak; at

3. ang pagkakaroon ng paliku-likong baybaying nagkakaloob sa kapuluan ng maraming mahuhusay na look at daungan.

Ang kagubatan ng Pilipinas na may 40,000 milyang parisukat ay nagbibigay sa pamahalaan ng sapat na produksiyon ng tabla at kahoy para sa pangangailangan ng bansa at para ipagbili sa ibang bansa. Ang mga lamang-lupang metaliko, gaya ng ginto, pilak, bakal, siim, tingga, at iba pa, ay nagdaragdag sa kita ng pamahalaan. Mayaman din ang Pilipinas sa mga lamang-lupang di-metaliko, gaya ng asin, luwad, karbon, graba, at iba pa. 8

Marami at sari-sari ang mga produkto ng Pilipinas. Ang palay, na siyang binibigas upang kanin, ay produkto ng maraming lalawigan, nguni't ang Kapatagang Luson, ilang bahagi ng Kamindanawan, at Iloilo ang nangunguna. 9

Bukod sa bigas, ang iba pang produktong ipinagbibili sa ibang bansa ay asukal, kopra at mga produktong galing sa niyog, mga metal, troso, tabla, abaka, goma, pinya, mangga, saging, at iba pang prutas. Taglay ang mga likas na kayamanang hindi lahat ay napauunlad, ang Pilipinas ay tinatayang maaaring kumandili sa mga 80 milyong mamamayan. 10

KLIMA

Ang klima ng Pilipinas ay karaniwan nang mainit. 11
Nguni't sa pangkalahatan, ang klima ay nahahati sa dalawang nangingibabaw na panahon: ang **tag-init** o **tag-araw** na nagmumula sa huling linggo ng Marso hanggang Hunyo, at ang **tag-ulan** na nagmumula sa huling linggo ng Hunyo hanggang Nobyembre. Ang panahon mula sa Disyembre hanggang unang linggo ng Marso ay halumigmig. Ito ang maginhawang panahon sapagka't kalamigan at ang mga tao'y karaniwan nang magsuot ng damit na makapal.

MGA UNANG TAO SA PILIPINAS

Nang kunin ang unang senso ng Pilipinas sa ilalim ng 12
mga Amerikano noong 1903, ang bilang ng mga mamamayan ay mahigit sa pitong milyon lamang. Sa kasalukuyan (1981), ang populasyon ay may 48 milyon. Ang mga tao sa kapuluhan ay nabibilang sa iba't ibang lahi o rasa. Ang pagkakaroon ng mga tao sa Pilipinas ay lumilingon sa libu-libong taon. Sang-ayon sa teorya ng mga antropologo, ang dagat daw na nakapaligid sa Pilipinas ay kumati at ang mga lupaing nakausli ngayon ay dati-rating nasa ilalim ng dagat. Ang mga lupaing itong nakausli ay nagsilbing tulay na siyang nagkawing sa Pilipinas sa lupalop ng Asya. Ang "lupang tulay" na iyan daw ay nilakad ng kauna-unahang mga tao at hayop sa pagtungo nila sa Pilipinas. Sa paglipas daw ng panahon ay may ibang mga taong dumating sa Pilipinas, gaya

ng mga baluga o negrito, Indonesyo, at Malayo. Nang matunaw raw ang yelo sa buong daigdig, ang mga lupang nakausli sa dagat ay natabunan ng tubig at ang Pilipinas ay nahiwalay di-umano sa lupalop ng Asya. Ito ang teorya ng mga dalubhasa sa antropolohiya.

Sang-ayon naman sa isang dalubhasang siyentipikong Aleman na si Dr. Fritjof Voss, ang Pilipinas daw ay hindi naging bahagi ng lupalop ng Asya at kailan ma'y hindi nagkaroon ng tulay na lupa sa pagitan nito at ng Pilipinas. Sa palagay ng dalubhasang Aleman, ang Pilipinas ay umusli buhat sa kailaliman ng karagatang Pasipiko dahil sa lakas ng lindol na karaniwan nang dumaan sa panig na ito ng Silangan. 13

Maging ano man ang pinanggalingan ng Pilipinas, ang maliwanag at hindi matatalimuwang ay ang pangyayaring mayroon nang tao sa Pilipinas may 22,000 taon na ang nakalilipas. Noong 1962 ay natuklasan sa isang yungib sa Palawan (Tabon Cave) ang bungo ng isang tao na nagpapakilalang higit na matanda ang tao rito sa Pilipinas kaysa unang taong natuklasan sa Indonesya o Malaysiya. Ito'y pagtatakwil sa dating paniniwala na ang mga Pilipino ay nanggaling sa Indonesya o Malaysiya. 14

ANG BALUGA O NEGRITO

Ang baluga o negrito, na ipinalalagay na 15

pinakamatandang nanahanan sa Pilipinas, ay sa bundok namumuhay. Siya'y pandak, maitim, may buhok na kulot, sapad ang ilong, at mga matang kayumanggi. Ang kanilang kalinangan ay nabibilang sa Matandang Panahon ng Bato (Old Stone Age). Wala raw silang pamahalaan, ni palagiang tahanan. Namumuhay sila sa pamamagitan ng pamamana ng mga hayop, pangingisda, at pangangalap ng mga bungang-kahoy sa kagubatan. Ang kanilang mga bahay ay yari sa mga dahon, patpat, at talahib. Ang karaniwang sandatang ginagamit nila ay ang pana. Mayroon silang mga awit, sayaw, at kasangkapan sa pagtugtog. Ang kanilang relihiyon ay isang uri ng pagsamba sa mga bagay na walang buhay.

ANG INDONESYO

Ang baluga, ay dumating sa Pilipinas buhat daw sa 16
Tsina, at nagdaan sila sa "tulay na lupa." Kaiba sa baluga, ang Indonesyo ay dumating daw sa Pilipinas sa pamamagitan ng paglalayag noong panahong natabunan na ng tubig ang mga nakausling pulo. Ang Indonesyo ay nabibilang sa lahing dilaw (Mongoloid) na may bahid Kawkasyo, at dahil dito'y mataas sila kaysa baluga.

Ang mga Indonesyo ay nabibilang sa Bagong Panahon ng 17
Bato (New Stone Age), na may 5,000 hanggang 6,000 taon ang nakalilipas. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pamamana, pangingisda, pamamalakaya, at sa pangangaingin. Ang mga



ERIC

sandata nila ay pana, kutsilyo, at sumpit (**blow gun**). Dalawa ang uri ng kanilang bahay: ang isa'y nakatayo sa lupa at ang ikalawa'y ang nasa ituktok ng punungkahoy. Niluluto nila ang kanilang pagkain sa bumbong. Ang kanilang pinggan at tasa ay yari sa dahon, at nagkakamay sila sa pagkain.

**ANG MALAYO**

Sang-ayon sa antropologong si H. Otley Beyer, ang 18
Malayo ay dumating sa Pilipinas na sakay ng kanilang bangkang malaki't may layag. Ang tawag daw sa bangkang ito'y balangay.

Ang Malayo ay kayumanggi at may taas na katamtaman. 19
Siya'y balangkinitan, may ilong na sapad, buhok na itim, at mga matang kayumanggi. Ang kanyang kalinangan ay nabibilang sa Panahon ng Bakal at Porselana (**Iron and Porcelain Age**), na may 2,000 taon na ang tanda.

Sang-ayon sa teorya ng mga dalubhasa sa arkelohiya, 20
ang unang Malayong nandayuhan sa Pilipinas ay nagbuhat sa Timog-Silangang Asya noong mga 200 taon bago ipanganak si Kristo. Ang mga inapo raw ng unang Malayo sa Pilipinas ay ang Ipugaw at Igorot. Ang ikalawa raw pulutong ay dumating noong unang dantaon pagkaraan ni Kristo. Siya raw ang ninuno ng Tagalog, Ilukano, Kapampangan, Bisaya, at iba pang Pilipinong Kristiyano. Ang ikatlong pulutong

di-umano ay nandayuhan dito mula noong ika-14 na dantaon. Siya ang di-umano'y ninuno ng kasalukuyang mga Moro sa Mindanaw at Sulu.

## RELASYON SA IBANG BANSA NG ASYA

Ang pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa Tsina ay 21
nagsapol noong ika-9 na dantaon. Ang mga panindang Intsik, gaya ng porselanang pinggan at tasa at mga kuwintas na bubog, ay nakarating sa Pilipinas sa pamamagitan ng timog na ruta. Noong panahon ng dinastiya Sung (960-1227), ang mga panindang Intsik ay dumagsa sa Pilipinas. Hindi lamang iyan. Ang mga Intsik na nandayuhan sa Pilipinas ay nagtatag dito ng kanilang mga kolonya, lalung-lalo na sa purok na malapit sa baybayin. Ang Kambodya at Tsampa, sa Indo-Tsina (ngayo'y Biyetnam), ay nakikipagkalakalan din sa Pilipinas at nagbili rito ng kani-kanilang porselana. Hindi lamang sa mga Intsik, Arabe, at Indo-Intsik nakipagkalakalan ang mga sinaunang Pilipino, kundi gayon din sa mga Indiyan at mga Hapon.

## KATANGIAN AT PAGPAPAHALAGANG PILIPINO

Ang mga Pilipino ngayon ay haluan: may kayumanggi, 22
may puti, may maputi-puti, may itim, at may manilaw-nilaw. Nang dumating ang Indonesyo sa Pilipinas ay ipinagtabuyan nila ang baluga. Nang dumating naman ang mga Malayo ay ipinagtabuyan nila ang mga Indonesyo sa mga bundok. Nang

dumating ang mga Intsi ay nag-asawa ng mga Pilipina, at nang dumating ang mga Kastila at mga Amerikano ay nag-asawa rin ang ilan sa kanila ng mga Pilipina. Dahil dito, ang kasalukuyang Pilipino ay hindi lantay, kundi binubuo ng iba't ibang lahi o rasa. Ang paghahalu-halo ng mga rasa sa Pilipinas ay nagbunga ng mga katangiang tinatawag ngayong Pilipino.

Sa mga katangiang Pilipino, ang lalong hinahangaan ay 23
ang pagiging bukas-na-loob. Sa panauhin ay idinudulot ng Pilipino ang lalong <u>pili</u> at mahalaga sa kanyang ari-arian: sa kama pinatutulog ang panauhin kahi't na sa sahig matulog ang buong mag-aanak. Pinakamasarap na pagkain ang inihahain sa panauhin kahi't na walang makain ang mag-aanak. Ang pinto ng tahanan ng Pilipino ay laging bukas sa panauhin, at ito, kapag umaalis, ay binibigyan ng pabaon. Bukod sa pagiging bukas-na-puso, ang Pilipino ay magalang. Ang katagang po sa Tagalog ay walang katumbas sa ibang wikang dayuhan. Isang maliit na kataga lamang iyan, nguni't nagpapakilala ng mabuting katauhan ng isang tao. Ang paggalang sa nakatatanda ay isang katangian ng Pilipino na pinupuri ng maraming dayuhan. Maging sa mag-aanak, ang kapatid na matanda ay iginagalang ng mga kapatid na bata. Sa Pilipino ay maraming salitang nagpapakilala ng paggalang sa nakatatandang kapatid o

pinsan, gaya ng **kuya, ate, kaka, ditse, sense, diko,** at
iba pa.

Ang Pilipino ay matapat na kaibigan at lalo na sa 24
pinagkakautangan ng loob. Gawan mong minsan ng mabuti ang
Pilipino at hindi ka malilimot kailan man. Sapagka't ang
utang na loob ay hindi kayang bayaran ng kahi't na limpak-
limpak na salapi; maaaring <u>gantihan</u> iyon sa pamamagitan ng
paggawa ng mabuti sa taong pinagkakautangan ng loob.

Bukod sa mga pangunang katangiang iyan ng Pilipino ay 25
mayroon din siyang mga pagpapahalaga **(sense of values).**
Sa mga ito ay nangunguna ang **utang na loob.** Ang isa pang
pangunang pagpapahalaga ay ang **kahihiyan.** Ito'y
nangangahulugan ng pagkakaroon ng hiya sa gawang hindi
tama o hindi maganda, o kaya'y sa pagkukulang sa gawain o
tungkulin. Halimbawa, si Juan ay hindi nakaganti sa
magandang loob na ipinakita ng kanyang kaibigang si Jose
sapagka't nakalimutan niya, halimbawa, ang pagdalo sa
kaarawan nito. Sinasabing sa hindi niya pagdalo sa piging
ni Jose ay napahiya si Juan. Ang ikatlong pagpapahalaga
ay tinatawag na "bahala na". Ito'y nagpapatlig ng
<u>pagpapaubaya</u> sa kapalaran, gaya, halimbawa, ng taong hindi
natatakot mawalan ng pagkain makapasok lang sa sine.
"Bahala na", ang sasabihin kung ipaaalala sa kanyang wala
siyang maibili ng bigas. Ang "bahala na" ay nagpapakilala
ng hindi pagkatakot sa magiging hangga o bunga ng ginawing
bagay.



ERIC

B. ***BOKABULARYO:*** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. balisungsóng | n. cone or cone-shaped |
| 2. kumáti' (katí') | v. to ebb or recede, as the water in the sea |
| 3. kumandíli' (kandíli') | v. to sustain or care for<br>Syn. mag-alaga |
| 4. gantihán (gantí) | v. to reciprocate, esp. said of a favor |
| 5. mababagsík | adj. fierce, cruel<br>Syn. malulupit |
| 6. matatalimuwáng (talimuwáng) | v. will contradict; will repudiate<br>Syn. masasalungat |
| 7. nagkawíng (káwing) | v. linked |
| 8. pangangálap | n. the act of collecting |
| 9. pagpapaubáya' | n. the act of leaving or letting something to be decided by another thing, e.g. to chance |

10. pílí' — *adj.* choice

11. sa pangkalahatán — *adv.* in general

**Bokabularyong Teknikal**

1. baybáyin — *n.* coastline; shore
2. bumbóng — *n.* a cylindrical container, esp. one made of bamboo
3. kalinangán — *n.* culture
4. kapatágan — *n.* 1. state or quality of being flat, referring esp. to the surface of land
   2. an extent of wide land; plain
5. kawíng — *n.* 1. link of a chain
   2. state of being linked together, as of parts of a chain
6. dáungan — *n.* pier; port; harbor
   Syn. *pantalan*
7. halumigmíg — *adj.* humid
8. hilága' — *n.* north
9. lambák — *n.* valley; lowland
10. lindól — *n.* earthquake
11. loók — *n.* bay or gulf



ERIC

12. lupálop — n. continent

13. luwád — n. clay used in pot making

14. pamamalakáya — n. deep-sea fishing by use of wide-spreading nets

15. pandák — adj. short of stature; lacking height

16. pangangaingín — n. farming by clearing and burning trees in the forest for the purpose crop-raising

17. parisukát — n. square

18. patpát — n. bamboo stick

19. sapád — adj. flat, referring to a thing that is supposed be ordinarily pointed, as a nose

20. siím — n. zinc

21. taláhib — n. (Bot.) a species of coarse, erect tufted grass growing in open fields

22. tímog — n. south

23. tróso — n. (Sp.) log

K. *MGA TANONG: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ilarawan ang katangiang pisikal ng Pilipinas -- ang laki at kinalalagyan nito. Ano ang kahalagahan ng kinaroroonan ng Pilipinas sa ibang bansa, tulad ng Estados Unidos? (1,2)
2. Bumanggit ng pangalan ng ilang matatarik na bundok at ng mga bulkan sa Pilipinas. Alin sa mga bulkan ang 'buhay' pa hanggang ngayon? ([illegible],5)
3. Anu-anong mga produkto at likas na kayamanan ang matatagpuan sa Pilipinas? Alin sa mga ito ang naipagbibili sa ibang bansa? (8-10)
4. Ano ang dalawang uri ng panahon sa Pilipinas? Talakayin ang bunga ng ganitong uri ng panahon sa kabuhayan at kaugalian ng mga Pilipino. (11)
5. Ipaliwanag ang teorya ng mga antropologo tungkol sa pinagmulan ng lupaing Pilipinas. Ayon sa kanila, paano nakarating ang kauna-unahang tao rito? (12)
6. Ano naman ang paniniwala ng siyentipikong Aleman na si Voss? Anong bagong tuklas ang nagpapatotoo sa teoryang ito? (13,14)
7. Ilarawan ang anyo ng isang baluga o negrito; ang kanilang tahanan, pamumuhay, sining at relihiyon. (15)
8. Sang-ayon sa mga dalubhasa sa arkelohiya, sa anong rasa nagbuhat ang karamihan sa mga Kristiyanong Pilipino,

tulad ng Tagalog, Ilukano at Bisaya? Ilarawan ang anyo ng rasang ito. (19,20)

9. Sa kani-kanino nakipagkalakalan ang mga Pilipino noon? Ipaliwanag ang naging bunga ng kanilang pakikipagka-lakalan. (21,22)

10. Magsabi ng ilang katangiang Pilipino. Alin sa mga ito ang lalong hinahangaan? (23-25)

11. Talakayin ang ipinahihiwatig ng 'utang na loob' at 'hiya'. Liwanagin sa pamamagitan ng halimbawa. (25)

## D. MGA PAGSASANAY

### 1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Anu-ano sa Ingles ang sumusunod?*

1. Timog-Silangang Asya ______________________
2. Kapatagang Luson ______________________
3. Estados Unidos ______________________
4. Kalalimang Pilipino ______________________
5. baluga ______________________
6. Indonesyo ______________________
7. Malayo ______________________
8. Pasipiko ______________________
9. Indo-Intsik ______________________
10. Arabe ______________________
11. Indiyan ______________________
12. Hapon ______________________
13. Aleman ______________________
14. Tsina ______________________
15. Irlanda ______________________

*Piliin sa gawing ibaba iyong mga salitang tungkol sa:*

1. Lupa ______________________________________

   ______________________________________
2. Bundok ______________________________________

   ______________________________________
3. Lindol ______________________________________

   ______________________________________

4. Tubig ______________________________________________

______________________________________________

5. Produkto ______________________________________________

______________________________________________

6. Metaliko ______________________________________________

______________________________________________

7. Klima ______________________________________________

______________________________________________

8. Tao ______________________________________________

______________________________________________

9. Baluga ______________________________________________

______________________________________________

10. Indonesyo ______________________________________________

______________________________________________

11. Malayo ______________________________________________

______________________________________________

12. Pagpapahalaga ______________________________________________

______________________________________________

13. Katangian ______________________________________________

______________________________________________

14. Bulkan ______________________________________________

______________________________________________

| | |
|---|---|
| abaka | look |
| bakal at porselana | matarik |
| Bagong Panahon ng Bato | maitim |

bahala na
bukas-na-loob
bungo
kahihiyan
kapatagan
kawing
kawing ng mga pulo
kayumanggi
kulot
kumati
dambuhalang alon
ginto
lahi
lahi ng dilaw
lambak
nagwasak ng gusali
niyugyog
pana
panahon
panahon ng
pandak
parisukat
pilak
pinya
pumutok
tabla
Tagalog
tag-ulan
tingga
utang na loob

*Ipares ang mga salitang nasa hanay A sa mga salitang kasalungat ang kahulugan sa hanay B:*

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ____ 1. kanluran | a. lambak |
| ____ 2. hilaga | b. timog |
| ____ 3. mabagsik | k. silangan |
| ____ 4. pandak | d. mabait |
| ____ 5. pangangalap | e. magkait |
| ____ 6. patag | g. matangkad |



ERIC

| | | | |
|---|---|---|---|
| ______ | 7. patpat | | h. matangos |
| ______ | 8. parisukat | | i. troso |
| ______ | 9. paubaya | | l. bilog |
| ______ | 10. sapad | | m. pagbibigay |

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Isulat ang wastong sagot sa puwang:*

| | |
|---|---|
| bahala na | Pasipiko |
| kahihiyan | tag-init |
| dilaw | Taiwan |
| Disyembre | Tsina |
| halumigmig | utang na loob |
| lupa | 10,850 |
| mainit | 7,100 |
| Negrito | 15,758 |

Ang Pilipinas ay binubuo ng __________ pulo. Ang kabuuang laki ay __________ milyang parisukat. Nasa hilaga ng Pilipinas ang __________; sa kanluran at sa hilaga ay nakapaligid ang Dagat ng __________; sa silangan ang [illegible]tang __________. Ang baybayin ng Pilipinas ay paliku-liko at may habang ______ milya.

Ang klima ng Pilipinas ay karaniwan nang __________. Ang klima ay nahahati sa dalawang panahon: ______ at __________. Ang maginhawang panahon ay mula sa

__________ hanggang unang linggo ng Marso.

Ang __________ ang ipinalalagay na pinakamatandang nanahanan sa Pilipinas. Nagbuhat daw sila sa Tsina at nagdaan sa tulay na __________. Ang Indonesyo ay nabibilang sa lahing __________. Ang __________ ay kayumanggi at balangkinitan.

Pinagpapahalagahan ng Pilipino and ________________, __________ at __________.

*Iguhit ang mapa ng Pilipinas.*

*Lagyan ng pangalan ang malalaking pulo nito: Luson, Mindanaw, Mindoro, Samar, Sebu, Panay, Negros, Palawan, Leyte.*

*Isulat din ang nakapaligid dito: Dagat ng Tsina, Karagatang Pasipiko, Dagat ng Selebes, Katimugang Dagat ng Tsina.*

*Piliin sa listahan ang tinutukoy sa bawa't bilang. Isulat sa puwang ang tamang sagot.*

| | |
|---|---|
| Apo | Taal |
| Siyera Madre | Mayon |
| Hibok-Hibok | Kalalimang Pilipino |

__________ 1. kilalang bulkan dahil sa kaniyang hugis na isang maganda't ganap na balumbon

__________ 2. pinakamataas na bundok sa Pilipinas

__________ 3. pangalawa sa buong daigdig

__________ 4. kilalang kawing ng mga bundok sa Luson

__________ 5. kinikilalang pinakamaliit na bulkan sa daigdig

3. Pagtalakay

*Alin sa mga katangian at kaugaliang Pilipino ang dapat ipagpatuloy? Alin ang dapat iwaksi? Bakit?*

4. Pagkatha

*Sa iyong palagay, may kabuluhan ba ang paghahalu-halo ng iba't-ibang rasa sa katauhan ng isang Pilipino? Ipaliwanag ang iyong sagot.*



ERIC

## ANG SINAUNANG KABIHASNAN

Teodoro A. Agoncillo

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Ang sinaunang Pilipino bago sumampa ang mga Kastila 1
sa Pilipinas ay may sariling kabihasnang bunga ng magandang pagsasama ng kabihasnang Malayo, Intsik, Indiyan, at Arabe. Mayroon silang baybayin o alpabetong hanggang ngayo'y ginagamit sa ilang liblib na pook. Mayroon din silang pamahalaan, relihiyon, paaralan, sining, at agham. Ang mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila ay may sariling kabihasnang may mataas na antas sapagka't tumutugon sa kanilang pangangailangan.

ANG BAYBAYIN

Ang sinumang Pilipino ay marunong bumasa at sumulat 2
sa katutubong baybayin. Sila ay may baybaying binubuo ng labimpitong titik, na ang tatlo'y patinig at ang labing-apat ay katinig. Ang mga patinig ay a, e o i, at o o u. Ang mga katinig naman ay itong sumusunod: b(ba), k(ka), d(da), g(ga), h(ha), l(la), m(ma), n(na), ng(nga), p(pa), s(sa), t(ta), w(wa), at y(ya). Kung may tuldik ang patinig sa itaas ay binibigkas yaon nang may e o i, at kung nasa ibaba ang tuldik ay binibigkas nang may o o u. Halimbawa: **ba**(walang tuldik); **be** o **bi**; **bo** o **bu**. Ang


ERIC

mga tao noon ay sumusulat sa malalapad na dahon ng punongkahoy, sa banakal, at sa buho. Ang kanilang panulat ay matulis na patpat o kaya'y matulis na bakal.

ANG PANITIKAN

Ang panitikan ng sinaunang Pilipino ay mauuri sa 1) 3
bukambibig (oral) at 2) nakasulat (written). Ang una'y binubuo ng mga sabi, bugtong, kumintang, tagumpay, ihiman, talindaw, indulain, uyayi o hele, tigpasin, at iba pa. Ang tagumpay ay inaawit ng mga mandirigma pagkapanggaling sa digmaan; ang ihiman ay awit ng pangkasal; ang talindaw ay inaawit sa pamamangka; ang indulanin ay inaawit sa paglalakad sa lansangan; ang uyayi o hele ay awit na pampatulog sa sanggol; at ang tigpasin ay awit sa paggaod. Sa ibaba ay isang bahagi ng kumintang (awit ng pag-ibig) buhat sa Batangas:

1.

Lalapitan ko na't aking dudulugin
ang sinag-liwayway ng tala't bituin;
kahit ang espada'y magkailang sapin,
laman niyaring puso'y sasabihin ko rin.

KORO
Ay laking sakit, inaku!
Ay, laking sakit, mamamatay ako!

2.

Naririto nang hihina-hinagpis
ang puso kong walang sawa sa pag-ibig;
iwaksi man tuwi na ay nagpupumilit
ihandog ang sinta na iginigiit.

**KORO**
**Ay laking sakit, inaku!**
**Ay, laking sakit, mamamatay ako!**

Ang paggamit ng salitang "espada" ay nagpapahiwatig na mayroon nang epekto ang wikang Kastila sa wikang Tagalog, at samakatuwid ay panahon ng Kastila nang maging palasak ang nasabing kumintang. 4

Sa halos lahat ng pagkakataon, ang mga awit ay sinasabayan ng sayaw, kaya't ang dalawang sining na ito'y magkapanabay na umunlad. Sa maraming pagkakataon, ang mga tula ay binibigkas at dito'y karaniwan nang isama ang mga bugtong at sabi o kasabihan. Mga halimbawa: 5

1. **bugtong:**

   Buto't balat,
   lumilipad.
   --saranggola

   May ulo'y walang buhok,
   may tiya'y walang pusod.
   --palaka

2. **sabi o kasabihan:**

   Huli man daw at magaling
   ay naihahabol din.

   May tainga ang lupa,
   may pakpak ang balita.

3. **salawikain:**

   Walang sa baga'y humawak
   na di napaso ang balat.

   Pag hangin ang itinanim,
   bagyo ang aanihin.

Ang panitikang nakasulat, sa kabilang dako, ay binubuo ng mga tula't dula. Ang mga dula'y itinatanghal 6

sa maluwang na bakuran ng datu o raha, templo o sambahan. Ang mga dula ay itinatanghal nang may kasaliw na tugtugin at sayaw, at ang karaniwang paksang tinatalakay ay nauukol sa pag-ibig, sa digmaan, at sa alaala ng mga namatay na kamag-anak.

Ang sinaunang Pilipino, noon at ngayon man, ay 7
mahilig sa musika. Sa halos lahat ng pagkakataon ay umaawit, tumutugtog at nagsasayaw sila nang buong liksi, hinay o <u>lamyos</u>, sang-ayon sa tugtugin. Ang kanilang mga instrumentong panugtog ay karaniwan nang kudyapi, kalaleng, kulintang, bansik, at iba pa.

MGA URI NG MAMAMAYAN

Mula noon hangga ngayon, ang lipunang Pilipino ay 8
nakasalig sa mag-anak o pamilya na binubuo ng mga magulang, mga anak, mga nuno, at iba pang <u>hinlog</u>. Gayon na lamang katibay ang taling <u>nagbubuklod</u> sa mag-aanak na hangga ngayo'y matatag pa rin ang pamilyang Pilipino. Ito'y pinatutunayan ng maraming pangyayari. Marami pa sa mga anak ang kahi't na may asawa't anak ay <u>kasuno</u> pa rin ng kanilang mga magulang, na karaniwa'y siyang nag-aalaga sa mga apo.

Ang sinaunang Pilipino ay mauuri sa mga sumusunod: 9
ang **mataas-na-tao**, ang **maharlika**, at ang **kasamá** o **alaga**. Ang mataas-na-tao ay pangunang mamamayan at dahil diya'y

tinatawag siyang datung may taguring Gat o **Lakan.** Pangalawa sa mataas-na-tao ay ang maharlika o mahadlika, na ipinalalagay na malayang tao. Ang pinakamababa sa uri ay ang alaga o kasama, na kung tawagin ay alipin. Ang salitang ito ngayon ay may kabuluhang busabos (**slave**), nguni't noong unang panahon ang kahulugan ay alaga, gaya halimbawa, sa pangungusap na "Inaalipin ko si Juan", na ang ibig sabihin ay "Inaalagaan ko si Juan". Ang alipin ay may dalawang uri: ang **namamahay** at ang **sagigilid.** Ang una'y may sariling tahanan at ari-arian. Hindi siya maaaring ipagbili; nguni't maaari siyang mag-asawa nang walang pahintulot ang kanyang panginoon. Ang sagigilid ay nakatira sa kanyang panginoon; walang ari-arian; maaaring ipagbili ng kanyang panginoon; at hindi makapag-asawa kung wa.ang pahintulot nito.

ANG BABAE SA LIPUNAN

Malaki ang paggalang ng sinaunang Pilipino sa babae. 10
Ang katayuan nito sa lipunan ay mataas at hindi napapantayan ng alin mang babae sa ibang bansa. Taglay niya ang lahat ng karapatan ng lalaki. Maaari siyang magmana sa kanyang mga magulang at kamag-anak maaari niyang ipagbili ang kanyang namana nang walang pakialam ang kanyang asawa; ang ari-arian niya'y hindi maaaring ipagbili ng asawa nang walang pahintulct. Maaari siyang

mangomersiyo; at maaari siyang maging puno ng baranggay kung wala siyang kapatid na lalaki. Sa paglakad sa lansangan ay lagi siyang nauuna sa lalaki. Ginagawa ito hindi lamang sapagka't iginagalang siya, kundi sapagka't madaling ipagtanggol ng lalaki ang babae sakaling may sumalakay rito. Ang ugali ngayon ng lalaking may asawa na ibigay sa asawa ang kanyang suweldo ay hindi malayong pagpapatuloy lamang ng sinaunang kaugaliang Pilipino.

ANG PANLILIGAW

Ang lalaking may hangad magka-asawa ay kailangang 11
maglingkod muna sa mga magulang ng dalaga. Ang paglilingkod ay maaaring pagsisibak ng kahoy, pag-igib ng tubig sa balon o batis, at iba pang gawaing iutos sa kanya ng mga magulang ng babae. Ang paglilingkod na ito'y maaaring umabot ng isa hanggang tatlong taon. Kung matanggap na ng mga magulang ng babae ay kailangan ding magbigay ang lalaki ng bigay-kaya o dote sa mga magulang ng babae. Ang kasal ay karaniwang hindi pinawawalang-bisa, nguni't may mga di-pangkaraniwang pagkakataong pinahihintulutang maghiwalay ang mag-asawa. Ang mga pagkakataong iya'y 1) kung hindi magka-anak ang mag-asawa; 2) kung totoong malupit ang lalaki sa asawa; 3) kung <u>mabaliw</u> ang lalaki o babae; at 4) kusang pag-iwan sa asawa o pag-abandono.

## ANG SEREMONYA NG KASAL

12 Ang tagapamagitan ng lalaki na may dalang sibat ay tutungo sa bahay ng babae upang kunin ito. Pagdating sa bahay ng lalaki ay hindi papanhik ang babae hangga't hindi binibigyan ng regalo. Sa itaas ng bahay ay hindi agad papasok sa kabahayan ang babae hangga't hindi siya inaabutan ng isa pang regalo, at hindi uupo hangga't hindi nabibigyan ng regalo. Anupa't masasabing sa bawa't kilos ng babae ay "sinusuhulan" siya ng mga magulang ng lalaki. Pagkaupo niya sa tabi ng lalaki ay sabay silang iinom sa isang mangkók o tasa kaya. Isang matandang lalaki ang magpapahayag na ikakasal na ang magkatipan. Isang paring babae ang lalapit sa dalawa, pagpapatungin ang kanilang mga kamay sa isang pinggang bigas, at pagkatapos ay isasabog ito. Tapos na ang kasal. Sa mga alipin, ang pagpapakasal ay madali at lantay. Sasabihin lamang ng lalaki na iniibig niya ang babae at kung pumayag itong magsama sila ay ipinalalagay na kasal na sila.

## ANG TAHANAN

13 Ang tahanan ng sinaunang Pilipino ay hindi gaanong naiiba sa bahay na makikita sa karaniwang baryo ngayon. Yari sa kawayan at pawid, ang bahay ay may tatlong bahagi: ang kabahayan, ang silid na taguan ng bigas, banig, at unan, at ang batalan, na ginagawang paliguan, hugasan ng

mga pinggan at palayok. Ang lutuan ay malapit dito at kung minsa'y bahagi nito. Ang silong ay ginagawang kulungan ng mga manok at baboy. Ang hagdan ay hindi palagian, kung naitataas at naibababa. Sa puno ng hagdan o kung minsa'y sa may pinto ng bahay ay naroon ang isang tapayang tubig na ginagamit sa paglilinis ng mga paa bago pumanhik sa bahay.

ANG PAMAHALAAN

Ang baranggay ay siyang yunit ng pamahalaan. Yao'y 14
binubuo ng mga 30 hanggang 100 kaanak o pamilya. Ang bawa't baranggay ay malaya't nagsasarili at pinamumunuan ng datu, raha, o sultan.

Ganap ang kapangyarihan ng datu o raha sa 15
nasasakupang baranggay. Sa kanyang katauha'y napipisan ang mga kapangyarihang tagapagpaganap o ehekutibo, tagapagbatas o lehislatibo, at tagahukom o hudisyal. Bagaman makapangyarihan ang datu, gayon ma'y pinagpapayuhan siya ng sanggunian. Ang sino mang lumabag sa batas ay pinarurusahan ng datu.

ANG PAGLILITIS

Ang paglilitis noong unang panahon ay hayag. 16
Tumatayong hukom ang datu at tagapayo naman ang kanyang sanggunian. Sa harap ng datu ay nagpapaliwanag ang dalawang panig na nag-uusapin. Maaari silang magharap ng

mga saksi, na bago sumaksi ay kailangan munang manumpa, gaya ng sumusunod: "Maanong tamaan ako ng kulog kung ako'y magbulaan!"; "Maanong lamunin ako ng buwaya kung hindi ako magsabi ng totoo" at iba pang gangganito. Ang panig na makapagharap ng pinakamaraming saksi ay ipinalalagay na nanalo. Sa mga usaping kriminal, ang paraan ng paglilitis ay iba naman. Dito'y ginagamit ang tinatawag na pagsubok (**trial by ordeal**). Sa uring ito ng paglilitis, ang pinaghihinalaang mga tao ay binibigyan ng batong ilalagay sa kumukulong tubig at ang kamay na mapaltos ay ipalalagay na maysala. Ang isa pang paraan ng paglilitis ay ang sa kandila o ilawang may sindi. Ang mga pinaghihinalaan ay may dalang ilawang may sindi, at ang ilawang mamatayan ng ilaw ay ipinalalagay na maysala. Sa mga Ipugaw ng Hilagang Luson, ang paglilitis ay dinaraan sa tagaan o sibatan. Ang matalo sa labanan ay siyang maysala.

ANG RELIHIYON

Naniniwala ang mga unang Pilipino sa isang dakilang 17
Diyos na tinatawag nilang **Bathalang Maykapal**. Ang daigdigan, sang-ayon sa kanilang paniniwala, ay nilikha ni Bathala at dahil dito ay Siya ang panginoon ng lahat. Ang pagsamba kay Bathala ay ginagawa sa pamamagitan ng pag-aalay ng dasal at mga regalo upang makamtan ang Kanyang

biyaya.

Naniniwala ang sinaunang Pilipino sa kabilang buhay. Sang-ayon sa kanilang paniniwala, ang kaluluwa ng taong namatay ay naglalakbay sa kabilang buhay upang tanggapin dito ang gantimpala o parusa sang-ayon sa kanyang nagawa noong nabubuhay pa. Ang kaluluwa raw ng mabuting tao at ng bayani sa digmaan ay tumutungo sa langit. Sa kabilang dako, ang kaluluwa ng taong walang katarungan, ng ma upit, o ng masama ay tumutungo sa impiyerno. Dito sila pinarurusahan sa nagawang masama sa daigdig na ito. 18

EDUKASYON

Nabanggit na sa dakong unahan na ang sinaunang Pilipino ay marunong bumasa at sumulat sa sariling baybayin. Ang kahanga-hangang pangyayaring ito'y nag-uugat sa pagtuturo sa mga batang lalaki't babae ng pagsulat, pagbasa, musika, aritmetika, at relihiyon. Ang pagtuturo'y ginagawa hindi sa paaralan, kundi sa tahanan. Itinuturo rin ang karunungan sa pagsasaka, pangingisda, paggawa ng barko at bangka, pagmimina, at pagiging platero. Ang mga babae naman ay tinuturuan ng pagluluto, paghabi, pananahi at paghahayupan upang maging mabuting asawa sa hinaharap. 19

Sa tahanan ginagawa ang pagtuturo upang masubaybayan ang pag-aaral ng mga bata ng kani-kanilang mga magulang, 20

lalo na sa pagbasa at pagsulat.

SINING AT AGHAM

Ang matatandang Pilipino'y artista rin. Ito'y 21
pinatutunayan ng anyo't hugis ng kanilang mga bahay, ng kanilang mga ukit at lilok, at ng mga tatu sa kanilang mga bisig at mukha. Ang pagiging artista ay ipinakikilala hindi lamang sa mga tatu at ukit, kundi sa mga bahay na may mga palamuti, bukod sa ang ilang bahagi noon ay may mga inukit na disenyo. Dalubhasa ang matandang Pilipino sa pag-ukit sa kahoy. Ang kanilang mga bahay, mga bangka, mga kagamitang pangkusina, at mga instrumento sa musika ay may mga ukit na hangga ngayo'y hinahangaan.

May nalalaman ang sinaunang Pilipino tungkol sa 22
agham. Nalalaman nila ang kahalagahan ng mga dahon at ugat na panggamot, na karaniwa'y iniuugnay sa mahika. Maalam sila ng karunungan sa astronomya at may panga-pangalan sila sa buwan, sa mga tala, at sa iba pang bagay sa langit. Ang agham ng inhinyerya ay alam din ng sinaunang Pilipino. Gumagawa sila ng mga kanal upang madaluyan ng tubig ang kanilang lupang sinasaka. Ang pinakadakilang nagawa nila sa larangan ng inhinyerya ay mga bai-baitang na taniman ng palay (rice terraces) ng Lalawigang Bulubundukin, at sinasabing daan-daang taon ang lumipas bago nayari yaon. Kung ang tanimang iya'y

pagdudugtung-dugtungin ay magiging kasinghaba ng kalahati ng daigdig. Ang kahanga-hanga't kataka-takang tanimang iyan ng mga Ipugaw ay kinikilalang isa sa mga dakilang lalang ng tao sa buong daigdig.

KABUHAYAN

Sapol pa sa una, ang kabuhayang Pilipino ay nakasalig 23
na sa pagsasaka. Katulad ngayon, ang Pilipino noon ay nagtatanim at nag-aani ng palay, niyog, tubo, mga gulayin, kapok, abaka, at sarisaring bungangkahoy. Ang malaganap na uri ng pagtatanim noon ay ang kaingin o pangangaingin. Dito'y sinusunog ang mga talahib at iba pang walang kabuluhang halaman at pagkatapos ay tinataniman ng ibig itanim. Ang isa pang uri ng pagsasaka ay ang pag-aararo, paglilinang, at pagtatanim ng palay o mais.

INDUSTRIYA

Bukod sa pagsasaka, ang sinaunang Pilipino ay mayroon 24
ding mga industriyang tulad ng pangingisda, paghahayupan, at paninisid ng perlas. Sa pangingisda ay gumagamit sila ng pana, sibat, dala, bubo, at pamansing.

Ang pagmimina ay isa sa lalong mahalagang industriya. 25
Ang ginto na nakukuha sa mga ilog at minahan, ay siyang pangunang metal na ginagamit sa paggawa ng singsing, galang, kuwintas, at sarisaring palamuting pangkatawan.

Maunlad din ang mga industriyang tulad ng paggawa ng 26

mga barko at bangka, paghabi ng damit, paggawa ng alak, paggawa ng iba't ibang uri ng sandata at kalasag, at pagkakahoy (**lumbering**). Ang pagkakaroon ng kagubatang sagana sa matitigas na kahoy ay siyang malaking tulong sa paggawa ng mga barko at bangkang may layag na gamit hindi lamang sa pagdala ng mga produkto sa mga baranggay na naaabot ng mga bangka at barko, kundi sa pakikidigma rin.

**PANGANGALAKAL**

Ang pangangalakal ng sinaunang Pilipino ay ginagawa 27
sa pamamagitan ng pagpapalitan ng paninda (**barter**). Palibhasa'y kakaunti at masasama pa ang mga daan, na karaniwa'y hindi talagang daan kundi landas lamang, ang mga paninda ay dinadala sa iba't ibang pook sa pamamagitan ng mga bangka at barko. Dahil dito, ang ilog ay totoong mahalaga sa mga mamamayan ng mga baranggay. Ang kalakal ay dinadala hindi lamang sa mga karatig na baranggay, kundi dinadala rin ng mga barko sa malalayong pulo, gaya ng Sebu, Bohol, at ilang bahagi ng Mindanaw. Nang dumating si Miguel Lopez de Legazpi sa Sebu noong 1565 ay nagulat siya nang makitang may mga barkong nagbuhat pa sa Luson na tigib ng mga panindang ipinagbibili sa Sebu, sa Bohol, at sa Butuan sa Mindanaw.

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. kabihasnân | n. civilization |
| 2. kasûnô' | n. one with whom one lives in the same room or house |
| 3. hayág | adj. in the open; exposed to view |
| 4. landás | n. trail; path |
| 5. liblíb | n. an unknown or unfrequented place |
| 6. mabalíw (balíw) | v. to go crazy; insane<br>Syn. maloko |
| 7. mapaltós (paltós) | v. to be blistered, as that caused by burning or scalding |
| 8. nagbubuklód (buklód) | v. uniting or binding together individuals or groups |
| 9. nakasálig | adj. based on or from |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. banákal | n. the soft, pulpy inner portion of the bark of trees |

| | | |
|---|---|---|
| 2. | búho' | n. (Bot.) a species of bamboo |
| 3. | hinlóg | n. relative; kindred; kinsfolk<br>Syn. kaanak |
| 4. | laláng | n. creation |
| 5. | lamyós | n. caress; show of affection or tenderness to a loved one<br>Syn. lambing |
| 6. | lílok | n. carving |
| 7. | paggáod | n. act or manner of paddling or rowing<br>Syn. pagsagwan |
| 8. | paghábi' | n. cloth weaving |
| 9. | paglilínang | n. clearing and cultivation of a field |
| 10. | paglilítis | n. court trial |
| 11. | pánitikán | n. literature |
| 12. | páwid | n. (Bot.) nipa palm |
| 13. | sanggunián (sangguní') | n. consultory or advisory body |
| 14. | tapáyan | n. a large earthen jar, usually used as water container |

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Bumanggit ng mga bagay na nagpapakilala na may kabihasnan ang sinaunang Pilipino. (1)
2. Ilarawan ang baybayin ng sinaunang Pilipino. Ano ang pagkakaiba nito sa alpabeto ngayon? (2)
3. Bumanggit ng ilang uri ng panitikang-bukambibig ng sinaunang Pilipino. Ano ang pinaggamitan ng mga ito? (3)
4. Ano naman ang binubuo ng panitikang-nakasulat at ano ang karaniwang paksa nito? (6)
5. Ano ang tawag sa ilang instrumentong pangmusika noon? Alin sa mga ito ang ginagamit pa ngayon? (7)
6. Paano ang pagpapahalaga ng isa't isa sa pamilyang Pilipino? May kasamaan ba o kabutihan ang sistemang ito? Talakayin ang iyong sagot. (8)
7. Ano ang iba't ibang uri ng tao noon ayon sa kalagayan sa buhay? (9)
8. Paano makikita na mataas ang katayuan ng babae noon? Aling mga kaugalian ang nasusunod pa hanggang ngayon? (10,11)
9. Ilarawan ang ayos ng isang karaniwang tahanan ng sinaunang Pilipino. (13)
10. Saan nagkakaiba/nagkakawangis ang pamahalaan noon at ngayon? (14,15)

11. Magbigay ng mga halimbawa ng paglilitis sa pamamagitan ng pagsubok. Ayon ka ba sa ganitong uri ng paglilitis? Bakit? (16)

12. Ano ang paniniwala ng sinaunang Pilipino ukol sa relihiyon? Alin sa mga ito ang nananatili pa hanggang ngayon? (17,18)

13. Ano ang pagkakaiba ng edukasyon noon sa ngayon? Ano ang pinahihiwatig ng ganoong uri ng edukasyon noong araw? (19,20)

14. Bumanggit ng ilang halimbawa na nagpapatunay na ang sinaunang Pilipino ay dalubhasa na rin sa sining at agham. (21,22)

15. Talakayin ang iba't ibang paraang pangkabuhayan ng sinaunang Pilipino. (23-27)

D. **MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salita tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas

| | | |
|---|---|---|
| 1. | baranggáy | - isang yunit ng pamahalaan |
| 2. | kabihasnán | - sibilisasyon; kalinangan o kultura |
| 3. | karapatán | - katarungan, matwid |
| 4. | daan-daáng taón | - napakaraming taon |
| 5. | dalubhása | - eksperto, mahusay |
| 6. | ganáp ang kapangyaríhan | - kumpleto ang lakas |
| 7. | hinlíg | - henerasyon |
| 8. | makapangyaríhan | - malakas |
| 9. | maláya't nagsasarilí | - libre at may independensiya |
| 10. | matandáng Pilipíno | - Pilipino noong unang pananon |
| 11. | mataás ang <u>katayúan</u> | - mataas ang kalagayan o (puwesto) |
| 12. | mauúri' | - mapagbubukud-bukod |
| 13. | nakasálig sa mag-ának | - base sa pamilya |
| 14. | <u>nasasakúpang</u> baranggáy | - napaiilaliman o naookupahang baranggay |
| 15. | pagpapalítan ng panindá | - pamimili sa pamamagitan ng palitan o bigayan ng kalakal |
| 16. | paglilítis na hayág | - imbestigasyon o pagsisiyasat na lantad o alam ng lahat |
| 17. | pámahalaán | - gobiyerno |
| 18. | pangangalákal | - pagnenegosyo |

19. pinamumunúan (puno) - pinangungunahan

20. sanggunián - hingían ng pay[illegible]

21. sinaúnang kaugaliáng Pilipíno - kustumbre ng Pilipino noong unang panahon

*Isulat ang titik ng higit na gamiting salita na pinakamalapit ang kahulugan sa salitang may salungguhit sa bawat't pangungusap.*

_____1. Ang sinaunang Pilipino ay may sariling kabihasnan bago pa dumating ang mga Kastila.

a. pamahalaan

b. kultura

k. kaalaman

_____ 2. May katutubong baybayin ang sinaunang Pilipino.

a. alpabeto

b. literatura

k. pansulat

_____ 3. Ang baranggay ay isang yunit ng pamahalaan.

a. populasyon

b. paaralan

k. gobiyerno

_____4. Bawa't baranggay noon ay pinangungunahan ng datu.

a. pinarurusahan

b. pinagtuturuan

k. pinamumunuan

______ 5. Ang paglilitis noong unang panahon ay lantad sa marami.

a. mabagsik

b. hayag

k. lihim

*Gamitin sa pangungusap ang sampung salita o pariralang napag-aralan:*

1. ______________________________________________________________

2. ______________________________________________________________

3. ______________________________________________________________

4. ______________________________________________________________

5. ______________________________________________________________

6. ______________________________________________________________

7. ______________________________________________________________

8. ______________________________________________________________

9. ______________________________________________________________

10. ______________________________________________________________

*Piliin ang salitang sing-kahulugan ng salitang may guhit. Muling isulat ang pangungusap at gamitin ang ipapalit na salita sa anyo o pormang naaangkop.*

| | |
|---|---|
| kubli | maggrupo |
| daan | maloko |
| makitira | sibilisasyon |

1. Nang maimbento ang gulong, mabilis na lumunsad ang kabihasnan.

______________________________________________

2. Nakikisuno ang mga bagong dating sa amin.

______________________________________________

3. Napakakitid ng landas na kaniyang nakita.

______________________________________________

4. Mababaliw siya sa mga suliraning kanyang hinaharap.

______________________________________________

5. Kinakailangang magbuklod ang mga magsasaka upang mabuhay.

______________________________________________

6. Ang kaniyang mga magulang ay nakatira sa isang liblib na pook.

______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

**a. Ang baybayin**

*Piliin sa listahan at isulat sa bawa't puwang ang angkop na salita:*

| | |
|---|---|
| bakal | patinig |
| banakal | patpat |
| katinig | titik |
| katutubong | |

Ang __________ baybayin ay may labimpitong __________,

na ang labing-apat ay ________ at ang tatlo'y ________.
Ang mga tao noon ay sumulat sa dahon ng punungkahoy, sa ________ at sa buho. Ang kanilang panulat ay matulis na ________.

*Isulat ang mga patinig:* ____, ____ , ____ , ____ o ____.

*Isulat ang mga katinig:* ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____, ____.

**b. Ang panitikan**

*Isulat sa puwang ang angkop na salita.*

Ang panitikan ng sinaunang Pilipino ay ________ at nakasulat.

*Ipareha o itambal ang sumusunod na salita sa naaangkop na kahulugan:*

| | |
|---|---|
| ____ 1. tagumpay | a. awit sa pamamangka |
| ____ 2. uyayi o hele | b. awit ng pag-ibig |
| ____ 3. tigpasin | k. awit na pampatulog sa sanggol |
| ____ 4. indulanin | d. awit sa paggaod |
| ____ 5. kumintang | e. awit sa paglalakad sa lansangan |
| | g. awit ng mandirigma pagka-panggaling sa digmaan |

**k. Mga uri ng mamamayan**

*Piliin sa listahan at isulat sa puwang ang angkop na salita.*

namamahay kasamá

maharlika sagigilid

mataas na tao Lakan

Ang sinaunang Pilipino ay mauuri sa sumusunod: ____________, ____________, ____________.

Ang pangunang mamamayan ay may taguring Gat o ________. Ang ipinalalagay na malayang tao ay ang ________. Ang pinakamababa sa uri ay ang ________. Ito ay may dalawang uri, ang ________ at ang ________. Ang ________ ay maaaring ipagbili ng kaniyang panginoon.

**d. Ang babae sa lipunan**

*Piliin sa listahan at isulat sa puwang ang tamang salita:*

| | |
|---|---|
| ari-arian | pahintulot |
| magmana | puno |
| mangomersiyo | mataas |
| namana | mababa |

Ang katayuan ng babae sa lipunan ay ________. Maaari siyang ________ sa kanyang magulang; maaari niyang ipagbili ang kaniyang ________; ang ________ niya'y hindi maaaring ipagbili ng asawa nang wala siyang ________. Maaari siyang ________; at maaari siyang maging ________ ng baranggay kung wala siyang kapatid na lalaki.

**e. Ang panliligaw**

*Hanapin sa sanaysay ang angkop na salita at isulat ito sa puwang.*

Ang lalaking may hangad magka-asawa ay kailangang

__________ muna sa mga magulang ng dalaga. Ang __________ ay maaaring __________ ng kahoy, __________ ng tubig at iba pang __________ iutos sa kanya ng mga magulang ng babae. Kailangang magbigay ng __________ ang lalake sa magulang ng babae. Ang paghihiwalay ng mag-asawa ay pahihintulutan lamang kung:

1. ____________________________________________________________
2. ____________________________________________________________
3. ____________________________________________________________
4. ____________________________________________________________

**g. Ang tahanan**

*Isulat sa puwang ang angkop na salita.*

Yari sa __________ at __________ ang tahanan ng sinaunang Pilipino.

May tatlong bahagi ang bahay: ang __________, ang __________ ng bigas, banig at unan; at ang __________. Ang __________ ay ginagawang kulungan ng mga manok at baboy. Ang __________ ay naitataas at naibababa.

**h. Ang pamahalaan**

*Hanapin sa sanaysay ang tamang salita at isulat ito sa puwang.*

Ang __________ ang siyang yunit ng pamahalaan. Ito'y binubuo ng 30 hanggang 100 __________. Ang bawa't isa nito'y pinamumunuan ng __________.

**i. Ang paglilitis**

*Isulat sa bawa't puwang ang angkop na salita.*

Ang datu ang tumatayong hukom at tagapayo naman ang kanyang __________. Ginagamit ang pagsubok sa usaping __________. Sa pinaghihinalaang tao, ang pagsubok ay __________ ______________________________________________.

**l. Ang relihiyon**

*Isulat sa bawa't puwang ang angkop na salita.*

Ang Diyos ng unang Pilipino ay tinatawag na __________. Ang pagsamba dito ay ginagawa sa pamamagitan ng dasal at __________. Naniniwala sila sa kabilang __________.

**m. Edukasyon**

Ang pagtuturo'y ginagawa sa __________.

*Alin sa sumusunod ang itinuturo sa mga:*

| Lalaki lamang | Babae lamang | Babae at Lalake |
|---|---|---|
| __________ | __________ | __________ |
| __________ | __________ | __________ |
| __________ | __________ | __________ |
| __________ | __________ | __________ |
| __________ | __________ | __________ |
| __________ | __________ | __________ |

| | | |
|---|---|---|
| a. pagluluto | g. paggawa ng barko | n. aritmetika |
| b. pagsasaka | h. pagmimina | ng. pananahi |
| k. pangingisda | i. musika | o. relihiyon |

d. paghabi

l. pagiging platero

p. paghahayupan

e. pagsulat

m. pagbasa

n. **Sining at agham**

*Isulat sa bawa't puwang ang tamang sagot.*

Dalubhasa ang matandang Pilipino sa __________ ng kahoy at sa pagguhit ng __________ sa kanilang mga bisig. Ang pinakadakilang nagawa nila sa larangan ng inhinyera ay ang __________, kilalang isa sa dakilang lalang ng tao sa buong daigdig.

ng. **Kabuhayan**

*Hanapin sa kasaysayan ang angkop na salita at isulat sa puwang.*

Ang kabuhayang Pilipino ay nakasalig sa __________. Ang malaganap na uri ng pagtatanim noon ay ang __________.

o. **Industriya**

*Isulat sa puwang ang wastong salita.*

Ang sinaunang Pilipino ay may industriyang tulad ng __________ (isda), __________ (hayup); __________ (sisid) ng perlas, __________ (mina), __________ (gawa) ng mga barko at bangka, __________ (habi) ng damit, __________ (gawa) ng alak at iba't-ibang uri ng sandata at __________ (kahoy).

**p. Pangangalakal**

*Isulat ang angkop na salita sa bawa't puwang.*

Ang pangangalakal ay ginagawa sa pamamagitan ng __________. Dahil sa landas lamang ang karaniwang daanan, ang mga paninda ay dinadala sa iba't-ibang pook sa pamamagitan ng __________.

3. Pagtalakay

*Batay sa sanaysay, ito ba ang nais sabihin ng may-akda tungkol sa sinaunang Pilipino? Ipaliwanag ang sagot.*

a. Mayaman ang kanilang panitikan.

b. Pare-pareho ang kanilang kalagayan at karapatan.

k. Iginagalang nila ang mga babae.

d. Makapangyarihan ang datu.

e. Makatarungan ang paraan ng paglilitis sa mga nagkasala.

g. Mangmang sila.

h. Pagsasaka lamang ang ikinabubuhay nila.

4. Pagkatha

*Sa hindi hihigit sa sampung pangungusap, isalarawan ang kabihasnan ng sinaunang Pilipino.*

## SI MAGALLANES SA PILIPINAS

Teodoro A. Agoncillo

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Noong unang panahon sa Europa, ang mga panrikadong 1
tulad ng bawang, paminta, luya, laurel, at iba pa ay itinuturing na parang ginto sapagka't mahalaga ang mga ito sa pag-iimbak ng pagkain, lalo na kung taglamig. Dahil dito, ang halaga ng mga panrikado ay halos higit pa sa halaga ng ginto. Sa paghahangad na makakuha ng maraming panrikado sa pulo ng Molukas, ngayo'y bahagi ng Indonesya, ang Haring Carlos I ng Espanya ay nagpadala ng espedisyon sa Silangan sa pamumuno ni Fernando Magallanes. May paniwala si Magallanes na mararating niya ang Molukas sa pamamagitan ng pakanlurang paglalayag.

Limang sasakyang-dagat ang inihanda na ang mga 2
tripulante ay nabibilang sa iba't ibang bansa. Bago umalis sina Magallanes ay nagkaroon ng misa at nang iladlad na ang mga layag upang simulan ang makasaysayang paglalayag ay bumuga ang mga kanyon bilang parangal kina Magallanes. Dahil sa kawalan ng hangin ay huminto ang espedisyon sa San Lucar de Barrameda, at noong ika-20 ng Setyembre, 1519 ay ipinagpatuloy ang paglalayag. Binaybay ang kanlurang Aprika bago binagtas ang malawak na dagat

Atlantiko. Nakarating sila sa Rio de la Plata noong Pebrero, 1520. Ngayo'y naninigid na ang lamig at ang mga tripulante ay nagdanas ng katakut-takot na hirap at gutom. Nagbangon ang ilang kapitan sapagka't tinututulan nila ang pagpupumilit ni Magallanes na magpatuloy sa kanilang paglalayag. Nguni't sinupil sila ni Magallanes at ang ilan sa kanila ay ipinapatay. Ang sasakyang **Santiago** ay nawasak, samantalang ang **San Antonio** ay nagbalik sa Espanya. Ang nalalabing tatlong sasakyang-dagat ay nagpatuloy ng paglalayag hanggang sa maabot nila ang Dagat Pasipiko. Sa likod ng katakut-takot na hirap, lalo na ang kawalan ng pagkain at inumin, ang magiiting na marinero ay nagpatuloy sa paglalayag hanggang sa marating nila ang ngayo'y pulo ng Marianas. Nang nakawin ang isang bangka (bote) ni Magallanes ay pinanganlan niyang Islas Ladrones (Pulo ng mga Magnanakaw) ang Marianas. Matapos makakuha ng mga pagkain at inumin ay ipinagpatuloy ni Magallanes ang paglalayag, at noong ika-17 ng Marso, 1521 (ika-16, sang-ayon kay Pigafetta, ang mananalaysay ng espedisyon) ay natanawan ni Magallanes ang bundok ng Samar. Kinabukasan ay lumunsad sila sa maliit na pulo ng Homonhon at dito pinagyaman ang mga maysakit. Sa kabutihang-loob ng mga katutubong mamamayan ay binigyan sina Magallanes ng iba't ibang pagkain, gaya ng niyog, saging, isda, gayon

din ng alak (marahil ay <u>lambanog o tuba</u>).

Lumipat sina Magallanes sa pulo ng Limasawa na 3
pinamumunuan ni Raha Kulambu. Nakipagkaibigan siya dito at sa kapatid nitong si Siagu sa pamamagitan ng tinatawag ng <u>sanduguan</u>. Pagkatapos ay nagpalitan sila ng mga handog. Nagyakap sina Magallanes, Kulambu at Siagu bilang tanda ng kanilang mahigpit na pagkakaibigan. Noong ika-31 ng Marso ay nagmisa si Padre Pedro Valderrama. Sina Kulambu at Siagu ay lumuhod ding tulad ng mga bagong dating. Pagkamisa ay iniutos ni Magallanes na itirik ang isang malaking krus sa paltok ng bulubundukiing malapit sa dagat. Ang sabi ni Pigafetta hinggil sa misa: "Matapos na maitirik ang krus ay umusal kami ng isang **Ama Namin** at isang **Aba Ginoong Maria**, at sinamba namin ang krus; ang dalawang hari (raha) ay sumunod sa amin." <u>Inangkin</u> ni Magallanes ang kapuluan sa ngalan ng Hari ng Espanya at tinawag niyang Kapuluan ni San Lazaro sapagka't araw ni San Lazaro nang dumatal sila rito.

Hindi nasiyahan si Magallanes sa Limasawa sapagka't 4
walang gaanong pagkain. Naglayag silang patungong Sebu at sa tulong ni Kulambu ay dumaong sila doon noong ika-8 ng Abril. Nakipagkaibigan siya kay Raha Humabon at isa pang sanduguan ang nasaksihan. Noong ika-15 ng Abril ay nagmisa sa Sebu at isa pang krus ang itinirik sa pook na

madaling makikita ng mga taga-Sebu. Tinatayang mga 800 taga-Sebu ang nagpabinyag, kasama na rito si Humabon na pinanganlang Carlos bilang parangal sa Haring Carlos ng Espanya at ang kanyang ina na pinanganlang Juana bilang parangal sa ina ng Haring Carlos. Ipinagkaloob ni Magallanes sa bagong Juana ang imahen ng batang si Jesus. Ito ang hangga ngayo'y sinasamba sa Sebu.



ERIC

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | binagtás (bagtás) | v. passed or crossed through |
| 2. | binaybáy (baybáy) | v. traveled along the coastline |
| 3. | iladlád (ladlád) | v. to spread to the wind |
| 4. | inangkín (angkín) | v. claimed |
| 5. | lambanóg/tubá' | n. native wines made especially from palm juice |
| 6. | lumunsád (lunsád) | v. landed; came ashore |
| 7. | nagdánas (dánas) | v. experienced, esp. something that causes suffering |
| 8. | naninigíd (nígid) | v. penetrating intensely, as cold to the body |
| 9. | panrikádo (rikádo) | n. spices |
| 10. | pinagyáman (yáman) | v. enriched |

**Bokabularyong Teknikal**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | katutúbong-mamamayán | n. original inhabitant; native |
| 2. | magigíting (gíting) | adj. courageous; heroic |
| 3. | mananalaysáy (saysáy) | n. historian |

| | | |
|---|---|---|
| 4. | paglalayág (layág) | n. voyage |
| 5. | pakanlúran (kanlúran) | adj. westward |
| 6. | sanduguán | n. blood compact, mixing of blood |
| 7. | sinúpil (súpil) | v. subdued |
| 8. | tripulánte | n. crew |



ERIC

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang pangunahing sadya ni Fernando Magallanes sa kanyang paglalakbay sa Silangan noong 1519? (1)
2. Bakit mahalaga ang mga panrikado sa mga taga-Europa? (1)
3. Naniniwala ba si Magallanes na ang mundo ay bilog? Ipaliwanag ang iyong sagot. (1)
4. Taluntunin ang dinaanan o ruta ng espedisyon ni Magallanes mula Espanya hanggang Samar sa Pilipinas. (2)
5. Anu-anong hirap ang dinanas nila sa kanilang paglalakbay? (2)
6. Ano ang masasabi mo sa mga katutubong ugali ng mga Pilipino noong panahong dumating si Magallanes sa Pilipinas. Magbigay ng mga halimbawa para liwanagin ang iyong sagot. (3,4)
7. Paano isinasagawa ang isang sanduguan? Ano ang ipinakilala nina Magallanes at Raha Kulambu sa ginawa nilang pagsasandugo? (3)
8. Bakit sinasabing si Magallanes ang "nakadiskubre" sa Pilipinas gayong may mga ibang tao nang nauna sa kanya rito?
9. Isalarawan kung anong uring lalaki si Magallanes. (1,3)

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Kapag ang salitang-ugat ay nilalagyan ng unlaping* pag-, *ito ay nagiging pangngalan. Gawing pangngalan ang sumusunod na pandiwa.*

| | Pandiwa | Salitang-ugat | Pangngalan |
|---|---|---|---|
| Hal. | mag-imbak | imbak | pag-imbak |
| | maglayag | ________ | ________ |
| | magpatuloy | ________ | ________ |
| | lumunsad | __lunsad__ | paglunsad |
| | magdasal | ________ | ________ |
| | magmisa | ________ | ________ |

*Bilugan ang pariralang nakakatulad ng kahulugan ng mga salitang may guhit sa ilalim:*

1. Dahil dito, ang halaga ng mga panrikado ay halos higit pa sa halaga ng ginto.
   - a. Mas mahal ang panrikado sa ginto
   - b. Mas mahal ang ginto sa panrikado
   - k. Halos magkatulad ang halaga ng panrikado at ginto
2. Nagbangon ang ilang kapitan sapagka't tinututulan nila ang pagpupumilit ni Magallanes na magpatuloy sa kanilang paglalayag.



ERIC

a. Gumising ang mga kapitan

b. Naghimagsik ang mga kapitan

k. Tumayo ang mga kapitan

3. Nguni't sinupil sila ni Magallanes at ang ilan sa kanila ay ipinapatay.

a. Sinampal sila ni Magallanes

b. Pinasuko sila ni Magallanes

k. Sinalakay sila ni Magallanes

4. Hindi nasiyahan si Magallanes sa Limasawa sapagka't walang gaanong pagkain.

a. walang pagkain sa Limasawa

b. Maraming pagkain sa Limasawa

k. Kaunti ang pagkain sa Limasawa

5. Nakipagkaibigan siya kay Raha Humabon at isa pang sanduguan ang nasaksihan.

a. seremonyang nagamit ng dugo

b. maraming dugo

k. pagkahalo ng dugo

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Iparas ang nasa kaliwa sa kanan. Isulat ang letra sa puwang.*

| | |
|---|---|
| a. Molukas | _____ 1. sinasamba sa Sebu |
| b. panrikado | _____ 2. unang ngalan ng Pilipinas |
| k. Samar | _____ 3. pinuno ng Sebu |

| | |
|---|---|
| d. Marianas | ______ 4. pakikipagkaibigan |
| e. lambanog | ______ 5. mananalaysay ng espedisyon |
| g. Limasawa | ______ 6. alak |
| h. sanduguan | ______ 7. unang misa sa Pilipinas |
| i. Pigafetta | ______ 8. Islas Ladrones |
| l. Kapuluan ni San Lazaro | ______ 9. unang pulo sa Pilipinas na natanaw ni Magellan |
| m. Raha Humabon | ______ 10. maraming panrikado |
| n. Imahen ng batang si Jesus | |

*Ilagay ang tamang sagot sa puwang:*

| | |
|---|---|
| Carlos 1 | nagbangon |
| ginto | panrikado |
| Islas Ladrones | Pigafetta |
| Limasawa | San Antonio |
| Marianas | tatlo |
| Marso, 1521 | imahen ng batang si Jesus |

Nag-espedisyon si Magallanes upang humanap ng 1. ________. Ito ay mas mahal pa sa 2. __________ noon. Si 3. __________ ang hari noon ng Espanya 4. __________ sasakyang dagat ang pinamunuan ni Fernando Magallanes. Ang sasakyang 6. __________ ay nagbalik sa Espanya. Si 7. __________ ang mananalaysay ng espedisyon. 8. __________ ang ilang

kapitan, nguni't sila'y nasupil ni Magallanes. Ninakaw ang isang bangka ni Magallanes sa 9. ______ kaya pinangalanan niya itong 10. ____________. Noong ika- 11. ______ natanaw ni Magallanes ang Pilipinas. Hindi nagtagal si Magallanes sa 12. __________ dahil sa walang pagkain. Ipinagkaloob ni Magallanes ang 13. ___________ sa ina ni Raha Humabon na hanggang ngayon ay sinasamba sa Sebu.

3. Pagtalakay

*Ipaliwanag ang kahalagahan ng espedisyon ni Magallanes para sa 1) Europa*

*2) Pilipinas*

4. Pagkatha

*Isalaysay ang espedisyon ni Magellan sa Pilipinas.*

*Huwag kalimutang banggitin ang sumusunod:*

Paglunsad sa Homonhon

Paglipat sa Limasawa

Pagtungo at pagdaong sa Sebu

*Samahan ito ng mapa ng Pilipinas at markahan ang mga narating nina Magellan.*

## BUHAY-BUHAY

Teodoro A. Agoncillo

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod*

1 Ang pagsakop ng Espanya sa Pilipinas ay nangangahulugan ng pagdadala rito ng bahagi ng kabihasnang Kastila. Ito'y nagkaroon ng bisa sa mga Pilipino at sa uri ng kanilang pamumuhay. Ang dating kasuutan nila ay hinalinhan ng kasuutang Europeo; ang mga wika nila'y nalahiran ng wikang Kastila; ang karaniwang buhay-buhay nila'y napasukan ng pagbabago na halatang galing sa mga Kastila; ang kanilang mga bisyo ay napasukan ng elementong Kastila-- anupa't ang buhay ng karaniwang Pilipino ay hindi gaya ng dating simple; kundi may pagka-salimuot na.

**Ang Ayos ng Kabayanan**

2 Nang dumating ang mga Kastila sa Pilipinas ay walang matatawag na kabayanan sapagka't hindi malaki ang mga baranggay at ang bawa't isa sa mga ito'y may datu o rahang may kapangyarihang ganap at malawak. Matapos na "mapayapa" ng mga Kastila ang mga katutubong mamamayan ay ipinakalat ng mga misyonero ang Katolisismo. Nang iharap sa kanila ng mga misyonero ang relihiyong Katoliko ay wala silang nakitang malaking kaibhan nito sa kanilang pananampalataya. Ang Diyos ng mga Kastila ay siya ring Bathalang Maykapal; ang mga santo at santa ng mga Kastila ay katumbas ng mga diwata at

anito. Dahil sa walang malaking kaibhan na nakita ang mga Pilipino sa dalawang relihiyon kung kaya't tinanggap nila ng buong puso ang relihiyong inihain sa kanila ng mga misyonero.

Sa pagdami ng mga Katoliko sa Pilipinas, ang mga 3
misyonero, sa tulong ng pamahalaang kolonyal, ay nagtatag ng bayan-bayan. Sa loob ng bayan ay nagtayo sila ng simbahan upang maging tagpuan ng mga mamamayan kung araw ng Linggo at araw ng pangilin. At sapagka't nagkakaisa at nagtutulungan ang pamahalaang kolonyal at ang mga prayle kaya't ang tribunal o munisipyo ay itinayo sa tabi o sa tapat ng simbahan. Ang Kaayusang ito, na magkalapit na lagi ang simbahan at ang munisipyo saan mang bayan Kristiyano sa Pilipinas, ay sagisag o simbulo ng kaisahan at paglalangkap ng estado at ng simbahan. Sa harap ng simbahan at munisipyo ay ang liwasan o plasa na tagpuan ng mga tao kung araw ng linggo at kung may pista Sa dakong malapit sa simbahan, at kung minsa'y sa tabi ng simbahan, ay naroon ang libingan Katoliko. Sa pook na karaniwa'y malapit sa ilog, o kung wala nito'y malayu-layo sa simbahan, ay ang baraka o palengke. Sa may dakong malapit sa hangganan ng bayan ay naroon naman ang sabungan. Iyan ang ayos ng karaniwang bayang Kristiyano sa Pilipinas hanggang sa mga araw na ito.

**Ang Pista**

Ang salitang pista ay galing sa Kastilang fiesta. Sa 4

buhay ng Pilipinong Kristiyano ang pinakamakulay at pinakamasaya ay ang pista. Ito'y araw na pangilin sa buong bayan, na may santong patron. Kaya hindi kataka-takang napakaraming bayan sa Pilipinas ang may pangalang hango sa pangalan ng mga santo at santa, gaya ng Santa Ana, San Pedro, San Juan, Santa Barbara, San Pablo, Santa Clara, at gangganito. Inilatag ng mga prayle kung paano pararangalan ang mga santong patron, na karaniwa'y marangya. Bukod sa mga misang mahal ang bayad ay mayroon pang mga palaro, pagtatanghal ng mga komedya at moro-moro, at prusisyon.

Bisperas pa lamang ng pista ay punung-puno na ng mga 5
palamuti ang bayan at bahay-bahay. Ang mga kusina ay
makikitang nag-uumusok na animo'y may sunog sapagka't ang
lahat, ma-mayaman at ma-mahirap, ay may iniluluto. Ang mga
walang suerteng baboy, baka, at manok, at kung minsa'y
kambing, ay kariringgan ng malungkot na taghoy, bagay na
hindi nakatitigatig sa mga taong walang iniisip kundi ang
pagkain. Ang sabungan ay puno ng mga taong buhat pa sa
ibang bayan. Ang sasabunging natalo ay bitbit-bitbit ng may-
ari at inuuwi sa bahay upang mapakinabangan ng mga anak at
asawang umaasam ng panalo.

Sa gabi ginagawa ang prusisyon na totoong maringal. 6
Dahil sa haba ng prusisyon ay naisip tuloy ng mga Pilipino
ang kasabihang "Pagkahaba-haba man daw ng prusisyon ay sa
simbahan din ang tuloy."

**Kasuutan**

Iniwan ng mga Pilipino ang kanilang babag matapos na 7
masupil sila ng mga Kastila. Nagsuot sila ng salawal sa pang-araw-araw na gawain at ng pantalon kung pista. Ang dating putong na ibinibilibid sa ulo ay inalis at inihalili ang sambalilo (galing sa Kas. sombrero) na karaniwa'y yari sa buli. Ang tinatawag na mataas-na-tao ay may suot na amerikana na may kamisadentrong nakalabas upang ipakilala ng mga Kastila na sila'y nakahihigit sa mga Pilipino. Noong ika-19 na dantaon, ang karaniwang Pilipino ay nagsusuot ng kamisatsino o damit ng Intsik na walang leeg nguni't mahaba ang manggas. Ang mga babae naman ay may iba-ibang suot sang-ayon sa uri nila sa lipunan. Ang mayayamang Pilipino ay nagsusuot ng saya't baro na may panuwelo. Ang saya ay sutla kung minsan samantalang ang baro ay habi sa pinya. Ito ang tinatawag na mestisa. Ang saya ay tinatakpan ng tapis na yari sa mahal na tela. Ang sapatos ay karaniwang nang isuot, nguni't kadalasan, lalo na kung walang pista, ay tsinelas ang ginagamit na panlakad. Sa karaniwang mamamayan ay bakya ang karaniwang isinusuot, nguni't marami ang nakatapak lamang at dahil dito'y malalapad ang kanilang mga paang walang sapatos na magkasya. Sa ganang mga ito, ang pagsasapatos ay isa nang parusa.

**Hanapbuhay**

Ang mga hanapbuhay ng mga Pilipino noong bago sumampa 8

ang mga Kastila sa Pilipinas ay ipinagpatuloy nang halos walang pagbabago. Ang kaunting pagbabago sa pagsasaka na ipinasok ng mga Kastila ay ang paggamit ng kalabaw, na hangga ngayon'y ginagamit pa sa pag-aararo. Ang mga kasangkapan sa pangingisda ay halos siya ring ginamit ng sinaunang Pilipino, gaya ng bingwit, salambaw, bubo, at iba pa. Bukod sa pagsasaka, ang mga Pilipino ay nagkaroon ng mga bagong hanapbuhay, gaya ng pagiging supulturerong nag-aalaga sa libingan, alila ng mga prayle at mayayamang Kastila, pangungutsero, kargador, bangkero (hindi kawani ng bangko, kundi gumagamit ng bangka), tagasulat sa munisipyo, at mga tungkulin sa pamahalaan, gaya ng pagiging kapitan ng bayan, hepe ng pulisya, kawal, guwardiya sibil, pulis, at iba pang tungkuling mababa. Ang pinakamataas na tungkuling maaaring hawakan ng Pilipino ay ang pagiging kapitan o gobernadorcillo ng bayan. Ang kinikita ng karaniwang Pilipino noong panahon ng Kastila ay hindi makakasapat sa pangangailangan ng buong mag-anak, kaya't ang buhay-Pilipino noon ay buhay-alamang, paglukso'y patay.

**Ang Tiyangge**

Sa bawa't bayang Kristiyano sa Pilipinas ay may araw na 9
pagbibili at pamimili ng paninda. Ang araw na iyan ay tinatawag na araw ng tiyangge, isang salitang Meksikano na ang kahulugan ay palengke o baraka. Pagsapit ng araw na iyan, umagang-umaga pa lamang ay marami nang paninda buhat



ERIC

sa iba't-ibang bayan ng lalawigan ang idinaragsa sa palengke. Anupa't ang lahat ng daan, at maging ang mga ilog man, patungong lahat sa palengke. Dito nagtitinda, nagtatawaran, maminsan-minsa'y nag-aaway dahil sa tawaran, at nagtatagpo ang mga magkakababayan at hindi man upang magpalitan ng balita o kata-kata (tsismis). Sa tiyangge rin nagtatagpo ang magkatipan upang magpalitan ng mga lihim sa sulyap at ngiti, upang magpaligsahan sa ganda ng kasuutan. Anupa't ang tiyangge ay isang pook na pinagtitipunan ng mga taumbayan minsan isang linggo upang magbalitaan, mamili, at maghatid-dumapit.

**Ang Lumang Maynila o Intramuros**

Ang siyudad na itinatag ni Legazpi sa gitna ng umaasong 10
labi ng kaharian ni Sulayman ay masasabing siyudad na kastila, sapagka't hindi lamang tinatahanan ng mga Kastila, kundi kinatatayuan pa ng mga gusali ng pamahalaang pambansa at siyudad. Ang tawag sa siyudad ng Maynila ay Intramuros. Ang Intramuros ay naliligid ng makapal na pader na may limang puwerta: ang Isabel 11 (Segunda), ang Postigo, ang Santa Lucia, ang Real, at ang Paryan. Noong panahon ng Kastila, ang Intramuros ay naliligid ng tubig at upang makapasok o makalabas sa siyudad ay kailangang magdaan sa tulay na naibababa at naitataas. Kaya ganito ay sapagka't natatakot ang mga Kastila na baka makapasok ang mga Intsik o sino mang kaaway.

Sa Intramuros ay maraming simbahan at kolehiyo, Kaya ganito ay sapagka't yaon nga ang tunay na siyudad ng mga Kastila at siyang sentro ng kalinangan, edukasyon, at relihiyon. Ang mga simbahan sa Intramuros bago ito mawasak nang magbalik ang mga Amerikano noong 1945 ay ang San Ignacio, San Agustin, Katedral, Santo Domingo, San Franciso, Recoletos, at Lourdes. Ang mga paaralan naman ay ang Unibersidad ng Santo Tomas bago ito lumipat sa Sampalok noong 1928, San Juan de Letran, Ateneo de Manila (bago nasunog noong mga unang taon ng 1930), Santa Isabel, Santa Catalina, Santa Rosa, at ang Kumbento ng Santa Clara. 11

Ang mga nakatira sa Intramuros ay mga Kastila at kaipala'y mangilan-ngilang taga-ibang bansa, nguni't tiyak na walang Pilipino, maliban na lamang sa mga kutsero, alila, at labandera ng mga Kastila. 12

Sa labas ng Intramuros, sa purok ng Binundok, nakatira ang mayayamang Intsik na ang karamiha'y komersiyante. Ang sino mang nais bumili ng kagamitan, pagkain o damit ay kailangang tumungo sa tindahan ng Intsik sapagka't dito matatagpuan ang lahat nang bagay. 13

**Bahay**

Ang bahay ng mahihirap ay katulad ding ngayong pawid at kawayan. Nguni't ang mayaman ay may bahay na kung tawagin noo'y bahay na bato. Ito'y yari sa bato at matitigas na kahoy, gaya ng nara, mulawen, ipil, apitong, at iba pa. Ang 14

unang palapag ay yari sa bato at ang ikalawang palapag ay kahoy. Ang sahig sa itaas ay yari sa malapad na nara, at ang mga bintana ay kapis. Ang pagitan ng mga silid ay tabla na ang itaas ay may mga butas na may disenyo. Sa ganito'y lampasan ang hangin sa mga kuwarto. Sa likod ng ikalawang palapag ay naroon ang tinatawag na asotea, na inuurungan ng mga nakatira sa bahay upang makapagpahangin.

Kapansin-pansin sa ganyang uri ng bahay ang malaking 15
salas at kainan. Ang laki ng mga ito'y madaling mauunawaan kung mababatid na madalas noong magkaroon ng piging at kasayahan at dahil dito'y kailangang maging malaki ang salas, gayon din ang kainan o komedor.

**Kalye, Restauran, at Otel**

Ang hanapbuhay ng mga taga-Maynila ay nasasalamin kung 16
minsan sa pangalan ng mga kalye, na hangga ngayo'y buhay pa. Ang pagawaan ng sabon ay matatagpuan sa daang Jaboneros sa purok ng San Nicolas; ang paggawa ng balat ay makikita sa daang Curtidor; ang paggawa ng mga alahas na pilak ay sa daang Platerias sa Kiyapo; ang paggawa ng daing at tuyo ay sa Kalye Conservador; ang bilihan ng bigas ay sa daang Arroceros sa paa ng Tulay Quezon. Ang mga purok ng Maynila noon ay balita rin sa kani-kanilang industriya. Ang Tundo ay tanyag sa pangingisda at paggawa ng tuyo at tinapa; ang Gagalangin ay kilala sa gatas ng kalabaw at dalanghita; ang Tutuban ay tanyag sa tuba; ang Kiyapo sa pananahi ng damit.

Nang dumating ang mga Amerikano sa Maynila noong 1898 17
ay mayroon na silang naratnang mga otel at restauran. Ang bantog na mga otel noon ay ang Hotel de Oriente, sa Binundok, at ang English Hotel sa Escolta. Ang una'y may 83 kuwarto at isang kabalyerisa para sa 25 kabayo. Makasaysayan ang otel na iyan sapagka't diyan tumuloy si Rizal noong 1892 matapos makapanggaling sa Hongkong.

Ang mga restauran sa Maynila ay masasabing mahuhusay at 18
ang halaga ng pagkain ay katamtaman. Ang Restaurant de Paris sa Escolta ang ipinalalagay na pinakamagaling.

**Liwaliwan at Pasyalan**

Bagaman may paniwala ang mga Europeo na walang 19
liwaliwan sa Maynila, hindi huli ang Maynila sa mga siyudad sa Silangan. Kung bakit kulang ang Maynila sa liwaliwang tulad ng nasa Europa ay mahuhulo kung isasaisip na ang nakapangyayari sa Pilipinas ay ang mga prayle na ayaw na ayaw magkaroon ng liwaliwang makasisira, sa palagay ng butihing mga prayle, sa moralidad ng mga Pilipino. Nguni't mayroon ding mga liwaliwan sa Maynila na pinupuntahan ng mga Kastila at banyaga, at marahil ay ng ilang Pilipinong masalapi. Nariyan, halimbawa, ang karerahan ng mga kabayo sa daang San Lazaro, na itinatag noong 1868. Iyon namang may nais makakita ng corrida de toro ay maaaring tumungo sa Pako at nang lumaon ay sa Malibay, Pasay.

Kung ang isang manlalakbay ay hindi masiyahan sa kurida 20

ng mga toro ay maaari niyang limutin ang kanyang pagkasiphayo kung tutungo siya sa mga tanghalan o teatro. Mayroon noong Teatro Filipino, na itinatag noong 1880, at nasa daang Echague, Kiyapo; arg Teatro de Colon na itinatag noong 1895; ang Teatro Zorilla, ang pinakabantog sa lahat at nabuhay hanggang mga unang taon ng 1930. Sa Zorilla itinanghal ang mga dulang Kastila, at nang lumaon ay nagtanghal din ng mga dulang Tagalog. Doon din tinanghal ang balagtasan ng dalawang batikang makatang Tagalog na sina Jose Corazon de Jesus at Florentino Collantes.

Ang pinakatanyag na pasyalan noong panahon ng Kastila 21
ay ang Paseo de Magallanes. Doon nagpapasyal ang mayayaman at matataas na pinuno ng pamahalaan, pati na ang arsobispo at mga prayle na palihim na sumusulyap sa magagandang dalagang Kastilang ang mga halakhak ay nakapupukaw sa nahihimbing na puso. Noong ikalawang hati ng ika-19 na dantaon, ang naging paboritong pasyalan ay ang Luneta at ang daang patungo rito na ang tawag ay Maria Cristina. Kung araw ng Linggo, ang Luneta ay punung-puno ng mga tao, na ang karamiha'y tumutungo roon upang makasagap ng sariwang hanging nagmumula sa Look ng Maynila, na hindi pa nalalabusaw ng mga pabrika. May banda ng musikong tumutugtog ng mga tugtuging klasikal.

Ang mga tindahan sa Escolta, ang sentro ng komersiyo sa 22
Maynila, ay punung-puno ng mga panindang galing sa Europa at

Estados Unidos. Ang mga pahayagan noon ay laging may anunsiyo hinggil sa mga pabangong galing sa Paris, mga relos, alahas na mamahalin, mga brilyante, at iba pang mararangyang bagay. Nakalulugod basahin ang mga anunusiyo sa mga pahayagan. Noon, gaya ngayon, ay kailangang liwanaging galing pa sa Europa at Amerika ang gayon at ganitong bagay upang mapanganga ang mga Pilipino sa paghanga at piliting bumili ng mga bagay na yaon kahit na mabaon sa utang.

**Mahal na Araw**

Ang panahong tinatawag na Semana Santa o Mahal na Araw 23
ay malungkot, lalo na kung Huwebes at Biyernes Santo. Ang mga sasakyan ay hindi pinahihintulutan sa mga lansangan, maliban na lamang sa mga naglilingkod sa ospital, sa libing, o kaya'y pagtugon ng doktor sa tawag ng maysakit. Ang mga kampana ng simbahan ay hindi tinutugtog nang malakas; ang mga tindahan ay sarado; at ang mga tao'y walang ginagawa. Maging pagwawalis ay ipinagbabawal. Ang mga tao, ay lumalabas sa lansangan na nakaluksa bilang pagpapakilala ng kanilang pagdadalamhati sa pagkamatay ng Poong Jesus. Mangyari pa, ang mga tao ay pinagbabawalang kumain ng karne, kaya't kung Mahal na Araw ay tinataasan ng mga tusong tindera ang halaga ng kanilang lakong isda at gulay.

B. ***BOKABULARYO:*** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

1. kaipála' — adv. (variant of 'kaypálà') perhaps; maybe; probably; possibly
   Syn. marahil

2. katamtáman — adj. 1. sufficient; enough 2. moderate

3. ibinibilíbid (bilíbid) — v. being coiled (rope, wire, cloth, etc.) repeatedly around something

4. idinaragsá' (dagsá') — v. delivered or unloaded (goods) to a certain place in great quantity

5. mahuhuló (huló) — v. to be able to think rationally
   Syn. maiisip

6. makaságap (ságap) — v. to breathe or inhale, e.g. fresh air

7. masúpil (súpil) — v. to subjugate or dominate
   Syn. malupig

8. nakapangyayári — adj. dominating

| | | |
|---|---|---|
| 9. | nakapupúkaw (púkaw) | v. arousing one's feelings or emotions<br>Syn. nakagigising |
| 10. | nakatitigátig (tigátig) | v. evoking a feeling of uneasiness or worry<br>Syn. nakakabalisa |
| 11. | nalalabúsaw (labúsaw) | v. being made muddy; being polluted |
| 12. | pagkasipháyo'(sipháyo') | n. disappointment or frustration |
| 13. | salimuót | adj. complicated; intricate<br>Syn. magulo |
| 14. | taghóy | n. lament |
| 15. | umaasó (asó) | adj. giving off smoke, referring to a fire |

**Bokabularyong Teknikal**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | bahág | n. G-string; loincloth |
| 2. | búli | n. a species of palm tree; its frond |
| 3. | katutúbong mámamayán | n. a native inhabitant of a place |
| 4. | hábi | adj. woven |
| 5. | hanggánan | n. boundary; border |
| 6. | kalinángan | n. culture |

| | | |
|---|---|---|
| 7. | láko' | *n*. act of selling merchandise by going from place to place; the thing that is peddled |
| 8. | liwalíwan | *n*. place where people go for rest or relaxation<br>Syn. *pasyalan* |
| 9. | maghatíd-dumápit | *v*. to indulge in idle talk or rumors about others; to gossip<br>Syn. *magtsismis* |
| 10. | nálahiran (láhid) | *v*. soiled or stained slightly<br>Syn. *mababiran* |
| 11. | paglalangkáp (langkáp) | *n*. inclusion or incorporation of something as part of another; overlapping |
| 12. | palamuti' | *n*. ornament; decoration |
| 13. | palapág | *n*. floor or story, as of a building |
| 14. | pangílin | *n*. period of fasting |
| 15. | pinyá | *n*. (Bot.) 1. pineapple<br>2. fabric made from the fibers |



ERIC

| | | |
|---|---|---|
| | | of pineapple leaves |
| 16. | pûtong | n. anything set or placed on the head |
| 17. | sâya | n. (Sp.) skirt<br>Syn. palda |
| 18. | sumampâ | v. Literally to go up, i.e., to go into a place |
| 19. | sutlâ' | n. silk |
| 20. | tâpis | n. a wrap or an apron-like garment worn by women over skirts |
| 21. | tawarán (tâwad) | n. bargaining |

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ilarawan ang kabayanang Kristiyano sa Pilipinas noong panahon ng Kastila. Ano ang sinasagisag ng laging pagkakalapit ng simbahan at munisipyo? (3)
2. Paano ipinagdiriwang ang pista? Ano ang layunin nito? (4-6)
3. Ilarawan ang kasuotan ng mga mamamayan noon: babae at lalake, mula sa 'mataas' hanggang 'mababang' tao. Bakit nakalabas ang kamisadentro ng naka-Amerikanang tao? (7)
4. Anu-anong mga trabaho ang ginagampanan ng mga Pilipino noong araw? Bakit hindi sila binibigyan ng matataas na tungkulin ng mga Kastila? (8)
5. Ano ang tiyangge? Bakit mahalaga ang araw ng tiyangge sa isang karaniwang Pilipino? (9)
6. Ano ang isinasagisag ng Intramuros? Ilarawan ang loob at paligid nito. (10-13)
7. Ano ang dalawang uri ng bahay noon? Bakit malaki ang salas at komedor ng bahay ng mayaman? (14,15)
8. Saan tanyag ang mga sumusunod na daan at pook: Jaboneros, Curtidor, Platerias, Conservador, Arroceros, Tundo, Tutuban at Kiyapo? (16)
9. Ano ang libangan ng mga Pilipino noon? Alin sa mga

nabanggit na liwaliwan ang makikita pa ngayon? (19-22)

10. Paano ipinagdiriwang ng mga Pilipino noon ang Mahal na Araw? Sinusunod pa ba ito ngayon? (23)

11. Ano ang naging bunga ng pagsakop ng mga Kastila sa Pilipinas? Anu-anong mga kaugalian o katangian ng Pilipino ang mapagkikitaan pa hanggang ngayon ng impluwensiya ng Kastila?

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

   a. Mga salita tungkol sa asaysayan

| | |
|---|---|
| 1. kabayánan | - bayan mismo |
| 2. Kaharián ni Sulaymán | - Maynila, lugar na ang hari ay si Sulayman |
| 3. kapangyaríhang maláwak | - lakas na maraming nasasakop |
| 4. katutúbong mamamayán | - mga taong likas na tubo sa bayan |
| 5. dantaón | - isang daang taon, siglo |
| 6. eleméntong Kastíla' | - sangkap na buhat sa impluwensiya ng Kastila |
| 7. ilálim ng mga Kastíla' | - sakop ng mga Kastila; sa ilalim (ng kapangyarihan) ng mga Kastila |
| 8. ipinakálat | - ipinalaganap |
| 9. hinalinhán | - pinalitan |
| 10. makasaysáyan | - makabuluhan |
| 11. mapayápa' | - walang ligalig o gulo |
| 12. may pagka-salimuót | - mahirap unawain; magusot o magulo |
| 13. misyonéro | - mga taong nagpalaganap ng Kristiyamismo sa iba't-ibang bayan |
| 14. mga únang taón ng 1930 | - mga simulang taon ng 1930 |

15. paglalangkáp ng estádo at simbáhan - paghahalo o pagsasama (ng kapangyarihan) ng estado at simbahan

16. pamahalaáng pambansá' - gobiyerno ng buong bayan

17. pamumûhay - pangkaraniwang gawain

18. pananampalatáya - paniniwala

19. pamáhalaáng kolonyál - gobiyerno ng Kastila sa Pilipinas

20. práyle - pareng naninirahan sa kumbento

21. purók - distrito o rehiyon

22. sagísag - simbolo

23. sinimulán - inumpisahan

24. séntro ng kalinángan - kalagitnaan ng kultura

25. siyudád na itinatág - lungsod na itinayo

26. tribunál - munisipyo

*Piliin sa listahan ang kasingkahulugan ng salita o pariralang may salungguhit sa pangungusap. Isulat muli ang pangungusap na ginagamit ang napiling salita o parirala.*

| | |
|---|---|
| pahayagan | mapayapa |
| katamtaman | prayle |
| dantaon | Maynila |
| Kabayanan | hinalinhan |

elementong Kastila　　　sentro

pahayagan　　　masalapi

1. Pinalitan ng mga Kastila ang dating kasuotan ng mga Pilipino.

2. Ang mga bisyo ng Pilipino ay napasukan din ng sangkap na buhat sa impluwensiya ng kastila.

3. Pinakalat ng mga Kastila ang Katolisismo pagkatapos gawing tahimik at walang ligalig ang mga mamamayan.

4. Inilatag ng mga pareng naninirahan sa kumbento ang pagpaparangal sa mga santo.

5. Masama ang mga daan sa Pilipinas bago pumasok ang ika-19 na siglo.

6. Nagtatag si Legaspi ng siyudad sa kaharian ni Sulayman.

______________________________

______________________________

7. Intramuros ang naging kalagitnaan ng kalinangan, edukasyon at relihiyon.

______________________________

______________________________

8. Di gaanong mahal ang halaga ng pagkain sa mga restauran.

______________________________

______________________________

9. Maraming diyaryo ang nililimbag noon sa Maynila.

______________________________

______________________________

10. Mayroon ding liwaliwan ang mga Pilipino nang panahong ng kastila, lalo na iyong mayayaman.

______________________________

______________________________

*Sumulat ng limang pangungusap na naglalarawan ng buhay ng Pilipino noong panahon ng Kastila. Gamitin ang mga salitang napag-aralan.*

1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________

4. ______________________________

5. ______________________________

*Pagtambalin ang magkakaugnay:*

| | |
|---|---|
| _____ 1. bahag | a. pamistang kasuotan ng mga lalake |
| _____ 2. pantalon | b. pangkaraniwang gamit na panlakad |
| _____ 3. putong | k. kasuotan bago dumating ang mga Kastila |
| _____ 4. salawal | d. parang damit ng Intsik, walang leeg, mahaba ang manggas |
| _____ 5. sambalilo | e. telang nakabilibid sa ulo |
| _____ 6. kamisadentro | g. nakatakip sa saya |
| _____ 7. kamisatsino | h. pang-itaas na kasuotan ng mga babae |
| _____ 8. tapis | i. suot sa pang-araw-araw na gawain |
| _____ 9. saya | l. mahabang kasuotan ng mga babae |
| _____ 10. baro | m. nakalabas sa Amerikana |
| _____ 11. bakya | n. sombrero |

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Pagtambalin ang mga magkakaugnay:*

| | |
|---|---|
| _____ 1. Jaboneros | a. paboritong pasyalan |
| _____ 2. Curtidor | b. daang pagawaan ng sabon |
| _____ 3. Platerias | k. kilala sa pananahi ng damit |

_____ 4. Conservador — d. siyudad na itinatag ni Legaspi sa labi ng kaharian ni Sulayman

_____ 5. Arroceros — e. pagawaan ng balat

_____ 6. Tundo — g. paggawa ng daing at tuyo

_____ 7. Gagalangin — h. pinakabantog na teatro

_____ 8. Tutuban — i. paggawa ng mga alahas na pilak

_____ 9. Kiyapo — l. pangingisda at paggawa ng tuyo at tinapa

_____ 10. Maynila — m. tanyag sa tuba

_____ 11. Escolta — n. kilala sa gatas ng kalabaw at dalanghita

_____ 12. San Lazaro — ng. bilihan ng bigas

_____ 13. Zorilla — o. karerahan ng kabayo

_____ 14. Luneta — p. sentro ng komersiyo sa Maynila

*Tama ba o mali ang mga sumusunod na pangungusap? Kapag mali, gawing tama ang pangungusap.*

1. Nang dumating ang Kastila sa Pilipinas ay nahalinhan ng Diyos nila ang Bathalang Maykapal ng Pilipino.

   ________________________________________

2. Kakaunti lang ang kabayanan sapagka't hindi malaki ang mga baranggay.

   ________________________________________

3. Iisa ang estado at simbahan noong panahon ng Kastila.

   ________________________________________

4. Ang tinatawag na mataas-na-tao ay may suot na Amerikana na may kamisadentrong nakapasok.

_______________________________________________

5. Bago pa sumampa ang Kastila sa Pilipinas ay gumagamit na ng kalabaw ang mga Pilipino sa pagsasaka.

_______________________________________________

6. Ang pinakamataas na tungkuling maaaring hawakan ng Pilipino ay ang pagiging kapitan ng bayan.

_______________________________________________

7. Ang "tiyangge" ay isang salitang Meksikano.

_______________________________________________

8. Walang Pilipinong may bahay sa Intramuros, mga Kastila lamang.

_______________________________________________

9. Hindi nagbago ang mga bahay ng mahirap mula ng panahon ng Kastila.

_______________________________________________

10. Ang pinakatanyag na pasyalan noong panahon ng kastila ay ang Luneta.

_______________________________________________

*Piliin sa ibaba at isulat ang tamang salita sa bawa't puwang:*

| | |
|---|---|
| gulay | nakaluksa |
| isda | sasakyan |

kampana — tindahan

karne — Mahal na Araw

Ang panahong tinatawag na Semana Santa o ____________ ay malungkot. Ang mga ____________ ay di pinahihintulutan sa mga lansangan. Ang mga ____________ ay hindi tinutugtog nang malakas. Ang mga ____________ ay sarado. Ang mga tao ay ____________. Pinagbabawalan silang kumain ng ____________. Dahil dito'y mahal ang ____________ at ____________.

*Isulat ang angkop na salita sa puwang:*

1-3. Sa loob ng bayan ay may simbahan, munisipyo, ________, ____________ at ____________.

4. Sa buhay ng Pilipinong Kristiyano ang pinakamakulay at pinakamasaya ay ang ____________.

5. Napakaraming bayan sa Pilipinas na may pangalang hango sa pangalan ng ____________.

6-8. Bukod sa mga misa, ang bayan ay mayroon pang ________, pagtatanghal ng mga ____________ at ____________.

9. "Pagkahaba-haba man daw ng ____________ ay sa simbahan din ang tuloy."

10-11. Kadalasan ________ ang tungkulin ng Pilipino. Ang pinakamataas na tungkuling maaaring hawakan

ng Pilipino ay ang pagiging ______________ ng bayan.

12-13. Ang Pilipino ay nagpupunta sa tiyangge hindi lamang upang mamili kundi ______________ at ______________

14. Ang siyudad ng mga ______________ ay ang Intramuros.

15-16. Ito ang sentro ng kalinangan, ______________ at ______________.

17-19. Ang Intramuros ay naliligid ng ______________ at may ______________ na naibababa at naitataas, upang di makapasok ang ______________.

20. Sa ______________ nakatira ang mayayamang Intsik.

21-22. Ang unang palapag ng bahay ng mayaman noong panahon ng Kastila ay yari sa ______________ at ang ikalawang palapag ay ______________.

23. Sa likod ng ikalawang palapag ay ang ______________.

24-25. Malaki ang ______________ at ______________ dahil sa madalas ang piging at kasayahan.

3. Pagtalakay

*Nakabuti ba o nakasama ang pagsakop ng mga Kastila sa Pilipinas? Magkaroon ng isang debate o pagtatalo sa pagtatalakay ng inyong paninindigan.*

4. Pagkatha

*a. Pumili ng isang pangungusap sa ibaba at talakayin ito sa isang maikling komposisyon:*



ERIC

1. Dinala ang bahagi ng kabihasnang Kastila sa pagsakop ng Espanya sa Pilipinas.
2. Ang simpleng buhay ng mga Pilipino ay naging masalimuot sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas.
3. Malaki ang impluwensiya ng Kastila sa katangian at kaugalian ng mga Pilipino.

b. *Ipaliwanag ang sumusunod na salawikain:*

"Pagkahaba-haba man daw ng prusisyon ay sa simbahan din ang tuloy."

"Buhay-alamang, paglukso'y patay."



ERIC

## P U G A D  N G  K A G I T I N G A N
**Ang Kabite at ang Himagsikan**

Teodoro A. Agoncillo

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

UNANG REPUBLIKA SA ASYA

Naging masalimuot ang pagpapalagayang Espanya-Amerika, at noong Abril ng 1898 ay sumiklab ang digmaan ng dalawang bansa. Mangyari pa, inamuki ng Estados Unidos na pumanig ang mga Pilipino sa mga Amerikano upang maging mabilis ang pagpapasuko sa Espanya. Nagbalik si Aguinaldo at ilan pang lider sa Pilipinas na sakay ng sasakyang-dagat na Amerikano. 1

Dumating sa Kabite si Aguinaldo noong ika-19 ng Mayo, 1898. Parang may balani ang lupang Kabite, sapagka't nagsidagsa rito ang mga rebelde ng ibang lalawigan upang ipakilala ang kanilang pakikiisa kay Aguinaldo at sa dakilang usapin ng bayan. Lumaki ang puso ni Aguinaldo sa nakitang kagitingan ng mga Pilipino, kaya't kapagdaka'y iniutos niyang sumalakay sa mga himpilan at pinagkukutaan ng kalaban. 2

Muling sumiklab ang himagsikan. Ang buong Kabite ay muling naglagablab at naging sentro ng kilusang makabayan. Sa loob ng wala pang dalawang linggo ay nakuha ng mga Kabitenyo ang lupang Kabite sa mga Espanyol at ang mga 3

ito'y umurong nang umurong hanggang sa sila'y ganap na mapalis sa Kabite.

Sa ikalawang yugtong ito ng himagsikan ay lalong 4
naging makulay ang ginampanang papel ng Kabite kaysa noong
unang yugto. Sa lupang Kabite kauna-unahang iwinagayway
ang bandilang Pilipino; sa lupang Kabite unang narinig ang
pambansang awit na ginawa ng isang marangal na anak ng
Kabite; at higit sa lahat, sa lupang Kabite ipinahayag ang
kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas na siyang kauna-
unahang republikang demokratiko sa Silangan.

Kung inilipat man ni Aguinaldo ang punong-bayan ng 5
malayang Pilipinas sa Malolos, Bulakan, iya'y nagsasanhi
sa pangyayaring naisip ni Aguinaldo na ang kalapitan ng
Kabite sa dagat ay maaaring mag-udyok sa mga Amerikano, na
noo'y dumadagsa na sa Pilipinas, na kanyunin ang punong-
bayan buhat sa dagat. Samantala, sa Malolos, na may
kalayuan sa dagat, ay hindi karaka-rakang masasalakay ng
pandigmang dagat. Bukod pa, ang baya'y madaling marating
ng mga tao buhat sa hilaga at gitnang Luzon.

Matapos na maipahayag ang kalayaan ng Pilipinas 6
noong ika-12 ng Hunyo, 1898, ang pamahalaang mapanghi-
magsik ay tumungo sa Malolos upang dito isulat ang makulay
na kasaysayang napigta sa dugo't luha. Naiwan ang Kabite
upang magpagaling ng mga sugat na nilikha ng himagsikang



ERIC

nagbulid sa imperyo ng Espanya sa Dulong Silangan. Hindi lubhang naging madugo ang labanan sa Kabite noong panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano. Wari'y naitigis nang lahat ang dugo ng mga bayaning anak ng Kabite at wala nang dugong sukat pang itigis. Ito'y isa lamang patotoo na ang papel na ginampanan ng Kabite noong himagsikan laban sa Espanyol ay pinakamahalaga sa kasaysayan ng himagsikan. Ang lupang Kabite ay dinilig ng masaganang dugong nagpataba sa mithiin ng bayang maging malaya at nagsasarili. Kung walang Kabite ay wala ring kasarinlan. Maaaring ititik ng kasaysayan na kung ang Amerika ay may Philadelphia, ang Pilipinas naman ay may Kabite.

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | balåni' | n. charm; loadstone<br>Syn. pang-akit |
| 2. | inamûki' (amûki') | v. persuaded<br>Syn. hinimok; hinikayat |
| 3. | iwinagaywåy (wagaywåy) | v. waved, as a flag, in the air |
| 4. | mag-udyók (udyók) | v. to incite or urge on (to do something undesirable) |
| 5. | mapalís (palís) | v. to be swept away |
| 6. | masalimuót (salimuót) | adj. complicated; intricate<br>Syn. magulo |
| 7. | nagbulíd (bulíd) | v. caused a person (or something) to fall into an undesirable state |
| 8. | naglagablåb (lagablåb) | v. burst into flame<br>Syn. nagliyab |
| 9. | nagsidagså' (dagså') | v. swarmed in great numbers |
| 10. | napigtå' (pigtå') | v. drenched, as with blood |

| | |
|---|---|
| 11. pinagkukutáan (kûta') | n. hiding place<br>Syn. pinagtataguan |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. kagitíngan (gíting) | n. bravery; great courage<br>Syn. katapangan |
| 2. kasarinlán (sarili) | n. independence |
| 3. kilusang makabâyan | n. patriotic movement; nationalistic campaign |
| 4. himagsíkan (himagsík) | n. 1. revolution; uprising<br>2. war; hostilities<br>Syn. digmaan |
| 5. pagpapasûko' (sûko') | n. forcing to surrender |
| 6. pandigmâng dâgat | n. naval force |
| 7. pâmahalaang mapanghimagsík | n. revolutionary government |

K. *MGA TANONG: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Anong dalawang pangunahing bansa ang magkaaway noong 1898? Kanino panig ang mga Pilipino? (1)
2. Bakit parang balani ang Kabite noong mga panahong iyon? (2)
3. Ano ang mga katangian ng mga bayaning nagsilaban sa himagsikan? (2)
4. Bakit inilipat ni Aguinaldo ang punong-bayan sa Malolos, Bulakan? (5)
5. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng "kasaysayang napigta sa dugo't luha."
6. Anu-anong makasaysayang bagay ang naganap sa Kabite at tinawag itong "pugad ng kagitingan?" (2,3,4)
7. Sa anong estado ng Amerika inihahambing ang Kabite? Bakit? (6)
8. Sinu-sino pang mga bayani ng himagsikan ang alam mo?

**D. MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salitang nauukol sa digmaan

| | |
|---|---|
| 1. kagitingan | - kabayanihan |
| 2. kasarinlán | - independensiya |
| 3. kanyunín | - patamaan o paputukan ng kanyon |
| 4. kilusáng makabáyan | - grupo ng mga nagmamahal sa bayan |
| 5. Digmáang Pilipíno-Amerikáno | - guerra o digmaang laban ang Pilipino sa Amerikano |
| 6. himagsíkan | - rebolusiyon |
| 7. labanán | - awayan, himagsikan, digmaan, guerra |
| 8. madugó' | - maraming dugo |
| 9. nagbulíd | - tumalo, nagpahirap |
| 10. nagsidagsá' | - bumuhos |
| 11. pakikiisá | - pakikisama |
| 12. pagpapasúko' | - pagtalo |
| 13. pamahalaáng mapanghimagsík | - rebolusyonariyong gobiyerno |
| 14. pandigmáang-dágat | - hukbong dagat |
| 15. pinagkukutáan | - pinaglalagyan ng muog o tanggulan |

16. pumánig - sumang-ayon, kumampe, sumama

17. rebélde - rebolusyonaryo

18. repúblikang demokrátiko - pamahalaang malaya

19. sumalákay - lumusob, umatake

*Ilagay ang salitang kasing-kahulugan ng salitang may guhit. Muling isulat ang pangungusap at gamitin ang ipapalit na salita sa anyo o pormang naaangkop.*

| | |
|---|---|
| balani | maghimagsik |
| bandila | masalimuot |
| kagitingan | pumanig |
| kasarinlan | salakay |
| kuta | |

1. Kapag ang mga tao ay napupuno na, sila ay <u>nag-aalsa</u>.

   *Kapag ang mga tao ay napupuno na, sila ay <u>naghihimagsik</u>.*

2. Napakaraming dugo ang ibinuwis ng mga manlalaban upang makamit ang <u>independensiya</u>.

   ______________________________________________

3. Ang <u>tapang</u> ay pangkaraniwan sa digmaan.

   ______________________________________________

4. Ang banderang Pilipino ay unang iwinagayway sa Kabite.

______________________________

5. Mga komplikadong pangyayari ang sinimulan ng guerra.

______________________________

6. Bumuhos ang mga rebelde sa lungsod nang napalis ang Kastila.

______________________________

7. Lumusob sila upang makamtan ang kalayaan.

______________________________

8. Parang may pang-akit ang Kabite.

______________________________

9. Inatake nila ang pagtataguan ng Kastila.

______________________________

10. Kumampe ang mga Pilipino sa Amerikano laban sa Kastila.

______________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Piliin sa listahan ang wastong sagot at isulat ito sa puwang:*

| | |
|---|---|
| Amerikano | hilaga |
| bandilang | ika-12 ng Hunyo, 1898 |
| Kabite | pambansang |

kalayaan Philadelphia

gitnang

Sa lupang Kabite unang winagayway ang 1. ______________ Pilipino; sa lupang Kabite unang narinig ang 2. ______________ awit; at sa lupang Kabite rin ipinahayag ang 3. ______________ ng Pilipinas.

Inilipat ang punung-bayan ng malayang Pilipinas sa Malolos, Bulakan, upang hindi makanyon ng 4. ______________ buhat sa dagat. Ang Malolos rin ay madaling marating ng mga tao buhat sa 5. ______________ at 6. ______________ Luzon.

Kung walang 7. ______________ ay walang kasarinlan.

Ang kalayaan ng Pilipinas ay ipinahayag noong 8. ______________. Kung may 9. ______________ ang Amerika may 10. ______________ naman ang Pilipinas.

3. Pagtalakay

*Bakit maipagmamalaki ng mga Pilipino ang Kabite tulad ng pagmamalaki ng mga Amerikano sa Philadelphia?*

4. Pagkatha

*Pumili ng isang bayani ng himagsikan sa Pilipinas o ibang bansa. Sumulat ng 2 o 3 talata tungkol sa kaniyang kabayanihan.*

## PAGKATAPOS NG HALALAN

### Ang IBP: Hakbang Nga Ba Sa Normalisasyon?

Fe B. Mangahas

A. *BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Sa kanyang pahayag tungkol sa kalagayan ng bansa noong nakaraang Hunyo 12, inihalintulad ni Pangulong Marcos ang Interim Batasang Pambansa sa isang sanggol na ipinaglihi sa panahon ng krisis kaalakbay ng mga hamon at mga reporma sa lipunan. 1

Sapagka't ang IBP ay isinilang sa panahon ng batas-militar, madaling maunawaan ang katotohanan sa gayong kaikling paglalarawan. Bago pa man nagkaroon ng aktuwal na halalan para sa Interim Batasang Pambansa, ang mga tao'y mayroon nang pag-aalinlangan tungkol sa mga intensiyon sa halalan at mga posibilidad ng bagong batasan. Hati ang mga tao tungkol sa pagkakaroon ng ganitong halalan. Ang isang panig ay naniniwala o nangangambang ang IBP ay matulad lamang sa binuwag na lumang kongreso. Ang iba ay naniniwala na ito'y magiging "rubber stamp" lamang o kasangkapan ng administrasyon. Nguni't sa paniwala naman ng ibang panig, ang IBP ay isang malaking hakbang o kasangkapan tungkol sa normalisasyon ng bansa. 2

Gaya halimbawa ng paninindigan ng **Civil Liberties** 3
**Union of the Philippines** sa pangunguna ng dating senador Jose W. Diokno. Nagdeklara si Diokno na ang eleksiyon umano ay isang palabas na itinanghal lamang para mapagbigyan ang pamumuwersa ng Estados Unidos na maipakitang legal ang pagkakaroon ng batas militar sa Pilipinas. Sa kabilang dako, ang Partido Liberal ay hindi ganap na sumasalungat sa idea nguni't nagpahayag ng pagpapaubaya sa mga kasapi ng partido na nagnanais tumakbo para sa IBP. Maraming naniniwala na ang opisyal na desisyong boykoteo ng Partido Liberal ay bunga ng hindi pagbibigay ni Pangulong Marcos sa mga kahilingan ng partido lalo na ang pag-aalis ng **block voting**. Mahihinuhang ang di-pagsali ng Partido Liberal sa eleksiyon ay dahil sa paniniwala nilang ang gayong paglahok ay isa lamang pagpapatiwakal sa pulitika.

Samantala sa isang pagkampanya ni Gerry Barican sa 4
Pamantasan ng Pilipinas, kilalang baliwarte ng mga oposisyonistang estudyante at intelektuwal, sinabi niya na kahit matalo ang oposisyon, ang paglahok sa kampanya ay magiging makabuluhan para mapawi lamang ang pangamba ng mga tao sa batas militar at para mapag-usapan at maunawaan nila ang mga pangunahing isyung pampulitika.

Nang pagbigyan naman ang detenido pang dating Benigno 5

Aquino, Jr. sa isang interbiyu sa TV, nagpakita siya ng paniniwalang ang gayong hakbangin ay isang "panimula", "isang malaking pagkakataon" para mapanumbalik ang normal na kalagayan sa Pilipinas.

**TENSIYON SA KAMPANYA**

Pagkaraan ng halos may anim na taong walang nalalahukang eleksiyon ang mga tao, hindi kataka-takang ang mga kampanya ay kamalasan ng kalituhan at tensiyon. Bago pa man nagsimula ang opisyal na kampanya ay nagtunggalian na ang iba't ibang grupong pulitikal. Pinagtalunan nila ang mga sumusunod na isyu: **accreditation** o pagkilala sa Kilusang Bagong Lipunan (ang koalisyon ng administrasyon sa pangunguna ng Unang Ginang at Gobernadora ng Metro Manila Imelda R. Marcos), **block voting**, pansamantalang pagpapalaya kay Aquino, pagpapatala ng mga **instant voters**, paggamit ng pondo at tanggapang publiko. 6

Ang kahilingan naman ni Aquino na siya'y pansamantalang mapalaya para mangampanya ay tinanggihan ng **National Security Council** sa kadahilanang **legal** at panseguridad. Si Kalihim Juan Ponce Enrile ng Tanggulang Pambansa ay nagsabing ang pansamantalang paglaya ni Aquino ay magbibigay ng pagkakataon kay Aquino na muling makipag-ugnayan sa Partido Komunista ng Pilipinas at ang galamay 7

na militar nito, ang **New People's Army**. Bukod dito
lalawig umano ang pakikitungo ni Aquino sa mga ahente ng
ibang makapangyarihang bansa.

Ang kontrobersiyal na Resolusyong Bilang 1265 ng 8
Comelec na nagpapahintulot sa mga grupong pampulitika
bukod sa mga kinikilalang partidong pulitikal na lumahok
at makinabang sa **block voting** ay di na gaanong tinutulan
ng oposisyon. Sa halip sila ay nagtatag ng sariling
alyansa na kinilalang Lakas ng Bayan o LABAN na si Aquino
ang pangunahing kandidato.

Sa paglawig ng kampanya ay painit nang painit ang mga 9
pagtatalo. Pinaratangan ng KBL ang LABAN na ito'y
gumagamit ng **black propaganda**, nanunuligsa sa mga
kandidato dahil wala itong malinaw at tiyak na programa,
at pinaratangan naman ng LABAN ang KBL ng maruming
pangangampanya (**smear campaign**) nang iugnay ng huli ang
una sa CIA at CPP. Bukod dito ay ibinintang ng oposisyon
na ang administrasyon ay nagpapairal ng isang mapanupil at
mapagsamantalang batas militar.

KOPO NG KBL

Gaya ng alam na ng madla, ang halalan ay nagwakas sa 10
halos pagkopo ng KBL sa iba't ibang rehiyon. Nanguna si
Madame Marcos sa buong Maynila at lumamang ng botong
575,227 laban kay Aquino, ang pinakamalakas na kandidato

ng oposisyon. Nang tanungin ang Unang Ginang tungkol sa tagumpay ng KBL, sinabi niyang "patay-katawang pagtatrabaho ang nagpanalo sa amin." Idinugtong din niya na lumaban at nanalo ang KBL dahil sa isyu ng **performance** o nagawa na, hindi tulad ng ibang kandidato na pulos pangako pa lamang at mga planong walang-katiyakan. Sa kabilang banda, naniniwala ang mga kandidato ng LABAN na ang buong botohan sa Metro Manila ay niluto mulang umpisa hanggang dulo. Ang pangamba ng dating kinatawan Joaquin R. Roces, tagapagsalita ng LABAN, na aabot ang botante sa kalahating milyon dahil sa pinatagal na panahon ng pagpaparehistro ay napatunayang totoo.

GOBYERNONG PARLAMENTARYO

Simula sa inagurasyon ng IBP noong nakaraang Hunyo 11 12, pumasok ang Pilipinas sa transisyon mula sa pampanguluhan tungo sa parlamentaryong anyo ng gobyerno. Sa bagong anyong ito, ang kapangyarihang ehekutibo at lehislatibo ay pinagsama sa isang kalipunan. May pagkakaiba nga lamang ang sistemang ito sa ibang gobyernong parlamentaryo para umayon sa sitwasyong Pilipino. Sa ilalim ng sistemang parlamentaryo ng Pilipinas, ang pangunahing tao sa IBP ay ang Presidente (Unang Ministro) na may tungkuling maghanda ng programa ng gobyerno at magrekomenda ng mga hakbanging kailangan at

nararapat.

Nasa ilalim ng Presidente (Unang Ministro) ang mga 12
miyembro ng gabinete na hinihirang niya at yaong mga miyembro ng gabinete na nanalo sa nakaraang eleksiyon.

Kung matutulad lamang o hindi ang IBP sa lumang 13
kongreso at kung magiging sunud-sunuran lamang ito sa Administrasyon o hindi ang dalawa sa pinakamainit na isyung pinag-uusapan ngayon kaugnay ng IBP.

Sa ngayon, maaaring masabi na may mga ipinasok nang 14
proteksiyon para mailigtas ang IBP sa naging mga sakit ng kongreso noon. Sa pamamagitan ng nasabing mga proteksiyon, maiiwasan ang paghaharangan ng <u>panukalang-batas</u>, paglalakad para sa paboritong panukala, mataas na suweldo, madalas na pagliban sa sesyon at iba pa.

Gayunman, mahirap pa ring maalis ang takot na maging 15
timbre o sunud-sunuran lamang ang IBP sa Administrasyon. Bunga ito ng pangyayari na sa yugtong ito ng sistemang parlamentaryo, nagkasama ang kapangyarihan ng Presidente sa ilalim ng Konstitusyong 1935 at ang kapangyarihan ng Unang Ministro sa ilalim ng bagong Konstitusyon. Sa gayon, nagiging makapangyarihang tao sa buong kalipunan ang Presidente-Unang Ministro at ang kanyang gabinete, huwag nang isama ang pangyayari na dominado ng KBL ang asemblea.

Sa isang bansang matagal nang nawalan ng tiwala sa 16
mga lehislatura ng nakalipas, napakahalaga na magtagumpay ang IBP para maibalik ang pananalig ng sambayanan sa isang gobyernong gumagamit ng kinatawan. Ito ang tatak ng tunay na demokrasya. Kung hindi, ang susunod na pangyayari ay maaaring maging radikal at di-kanais-nais para sa lahat.

Sa ganitong mga sukatan at paniniwala huhusgahan ng 17
hinaharap ang IBP bilang isang hakbang tungo sa normalisasyong pampulitika sa Pilipinas.

*B. BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

1. binuwág (buwág) — v. disbanded; dissolved; abolished
   Syn. nilansag
2. kaalakbáy — adj. referring to a person with whom one stands or walks with an arm over the other's shoulder
3. kalituhán (litó) — n. state or condition of being confused or perplexed
   Syn. katarantahan
4. huhusgahán (husgá) — v. will be judged
   Syn. hahatulan
5. lalawig (láwig) — v. will last a long time
   Syn. tatagal
6. mahihinúha (hinúha) — v. may be surmised
7. mapanúpil (súpil) — adj. subjugating; dominating
   Syn. mapanlupig
8. pagpapatiwakál (tiwakál) — n. suicide

| | |
|---|---|
| 9. pinaratángan (parátang) | v. was/were accused<br>Syn. binintangan |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. baliwárte | n. sphere of influence<br>Syn. sakop |
| 2. kinatawán (katawán) | r. representative<br>Syn. representante |
| 3. halálan | n. election |
| 4. nanunuligsá' (tuligsá') | v. criticizing or attacking someone or his work in public<br>Syn. nambabatikos |
| 5. nilúto' (lúto') | v. (Fig.) (lit. to cook) was/were achieved through dubious means |
| 6. pagkópo (kópo) | n. winning in a clean sweep |
| 7. panukálang-batás | n. governmental bill or proposed law |

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang dalawang magkasalungat na paniniwala ng magkalabang panig tungkol sa "Interim Batasang Pambansa?" (1,2)
2. Sabihin ang paninindigan o paniwala ng "Civil Liberties Union of the Philippines," ng Partido Liberal at ng dating Senador Benigno Aquino ukol sa halalan ng IBP. (3,5)
3. Anu-anong mga isyu ang pinagtatalunan ng iba't ibang grupong pulitikal bago maghalalan? (6)
4. Ano ang naging katuwiran ng Kalihim Juan Enrile sa pagtanggi ng pamahalaan sa pansamantalang pagpapalaya sa nakabilanggong Senador Aquino noon? (7)
5. Sabihin ang pagpaparatangan ng LABAN at ng KBL sa isa't isa. (9)
6. Talakayin ang kinalabasan ng halalan at ang paniniwala ng mga nanalo at natalo sa sanhi ng naging resulta. (10)
7. Liwanagin ang pagkakaiba ng anyo ng Gobyernong Parlamentaryo ng ibang bansa. (11)
8. Ano ang ikinatatakot ng iba tungkol sa kahihinatnan ng IBP? May batayan ba ang kanilang pangamba? Bakit? (13)
9. Sa iyong palagay, ang pagtatatag ba ng KBL ay isang hakbang sa pagnonormalisasyon ng pulitika sa Pilipinas o ito kaya ay isa pang pakana lamang ng mga nakapangyayari? Ipagtanggol ang iyong sagot.

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

Mga salitang nauukol sa halalan o eleksiyon

| | |
|---|---|
| 1. balóta | - papel na pinaglilistahan ng mga kandidatong pagpipiliang iboto |
| 2. botánte | - taong maaaring bumoto |
| 3. kandidáto | - taong tumatakbo o lumalaban sa eleksiyon |
| 4. kasápi ng partído | - kasama sa partido |
| 5. kinatawán | - representante sa kongreso |
| 6. ísyung pampulítika | - problemang nauukol sa pulitika |
| 7. lában | - away o pagtatalo |
| 8. mangúna | - primero |
| 9. matálo | - hindi manalo |
| 10. oposisyonísta | - kalaban |
| 11. pagkampánya | - kilusang nauukol sa pangunguha ng boto |
| 12. pagkópo | - nauwi sa isa ang lahat ng panalo |
| 13. pagpaparehístro | - pagpapalista para makaboto |
| 14. pagtatálo | - pag-aaway; pagdidiskusyon |
| 15. pánig | - isa sa dalawang magkasalungat na pangkat o pag-iisip |
| 16. paninindígan | - mahigpit na paniniwala, opinyon o kuru-kuro |

17. parátang - hinala; bintang; akusasyong walang katibayan

18. presínto - lugar na pinagbobotohan

19. rehiyón - isang parte o bahagi ng bayan

20. tagumpáy - panalo

21. tumakbó pára (bíse presidénte) - nagkandidato

*Gamitin ang mga salitang ito sa isang talatang naglalarawan ng iyong karanasan noong nakaraang botohan:*

Halimbawa:

Kailan bumoto?

Saan bumoto?

Sino ang ibinoto?

Bakit ibinoto? Ano ang paninindigan ng kandidato?

Nanalo o natalo ba ang kandidato?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
____________________.

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Isulat ang numerong tinutukoy sa kanang hanay:*

| | |
|---|---|
| 1. Benigno Aquino | ______ sanggol na ipinaglihi sa panahon ng krisis kaalakbay ng mga hamon at reporma sa lipunan |
| 2. KBL | ______ baliwarte ng mga oposisyonistang intelektuwal |
| 3. Juan Enrile | ______ desisyong boykoteo |
| 4. Interim Batasang Pambansa | ______ pangunahing kandidato ng LABAN |
| 5. LABAN | ______ Partidong nanalo sa eleksiyon |
| 6. New People's Army | ______ pinakamalakas na kandidato ng LABAN |
| 7. Pamantasan ng Pilipinas | ______ Unang Ministro |
| 8. Partido Liberal | ______ di-sang-ayon sa pansamantalang paglaya ni Benigno Aquino |
| 9. Presidente Marcos | ______ Partidong kaugnay daw ng Partido Komunista sa Pilipinas |
| 10. Unang Ginang | ______ galamay na militar ng Partido Komunista ng Pilipinas |

3. **Pagtalakay**

*Batay sa iyong naririnig o nababasa, ano ang kalagayan ng pulitika sa Pilipinas?*

4. **Pagkatha**

*Ano ang dapat gawin tungo sa normalisasyon ng pulitika rito?*

## PAG-AARAL TUNGO SA KAMANGMANGAN
### Ang Sistema ng Ating Edukasyon sa Kasalukuyan

A. R. Magno at F. D. Rillo, Jr.

A. **BABASAHIN:** *Basahin ang sumusunod.*

Kapag tinanong ang isang mag-aaral kung bakit nais 1
niyang makakuha ng edukasyon, kalimita'y kagyat na
isasagot: "Gusto kong umasenso ang aking buhay."

O dili kaya'y, "Nais kong tulungan ang aking sarili 2
at sa pagtulong ko sa aking sarili ay natutulungan ko ang
iba." Susundan ito ng paliwanag: "Halimbawa'y nakatapos
ako ng **business administration.** Magpupundar ako ng
negosyo at sa negosyong iyon, kumikita na ako,
nakapagbibigay pa ako ng trabaho sa iba. Siyempre,
nakatutulong na rin ito sa pagsulong ng lipunan."

Ang iba naman ay may maikling sagot kung bakit 3
pumapasok sa eskuwelahan: "Nais kong matuto."

Maraming paraan ang pagsagot sa tanong na binitawan. 4
Pero kapag inipon at sinuri ang kabuluhan ng mga iyon ay
lilitaw na magkakahawig ang diwang nilalaman niyon. Ito
ay ang pagtanaw sa kahalagahan ng edukasyon at ang
kakayahan nitong magdulot ng karunungan at magkaloob ng
kaunlarang pangkabuhayan.

Tama nga ba ang gayong pagpapahalaga at pananaw? 5

ANG PAGSASABING TUMPAK

Tiyak na marami ang magsasabing iyon nga ay tumpak 6
at iyon ay kanilang ipagtatanggol hanggang kamatayan. At hindi mo naman sila masisisi sapagka't nakita ng kanilang dalawang mata na si Jimmy na isang accountant ay de-kotse't nakakurbata na ngayon. Ang kanya namang kaklase at kababatang si Badong -- sapagka't hindi nakapasa sa NCEE at walang perang pangmatrikula sa kolehiyo -- ay kumuha lamang ng kursong bokasyonal. Si Badong ay bihasang teknisyan na ngayon sa isang malaking planta ng kotse.

Tulad nina Jimmy at Badong, itinuturing ng bawa't 7
Pilipino na ang edukasyon ay isang kayamanan. Maraming sumusulpot at naglalaho sa lipunan nguni't ang kaalaman ng isang tao ay dadalhin niya hanggang sa libingan.

KAAGAPAY SA PAG-UNLAD

Na ang karunungan ay nananatiling bahagi ng katauhan 8
ay hindi nangangahulugang istatiko ang edukasyon. Ang edukasyon o ang pormal na pag-aaral ay sumusulong na kasabay ng pag-unlad ng mga abstraktong kaalaman tulad ng pilosopiya, matematika at agham. Sa pana-panahon ay nag-iiba ang pangangailangan at kaalaman sa mga ito. Ang edukasyon ay may tungkuling sumunod o umaagapay sa pag-unlad na ito.

Subali't ang pormal na pag-aaral ay kaiba sa mga 9

kaalamang napupulot sa mga pang-araw-araw na gawain. Ang una ay nangangailangan ng pormal na instruksiyon samantalang ang huli ay tuwirang nahahalaw mula sa pagsasapraktika ng pang-araw-araw at payak na gawaing pamproduksiyon.

**SIMULA NG PORMAL NA EDUKASYON**

Ang pormal at disiplinadong pag-aaral ay bunga ng 10
teorya ng **liberal** na edukasyon na umusbong sa Europa sa panahong **Renaissance.** Kasabay ng pagsulong ng agham, winasak ng bagong teoryang ito ang kultura at kamalayan ng lumang piyudal na lipunang pinaghaharian at pinananatili ng kutsabahan ng simbahan at aristokrasya.

Ipinalalagay ng pilosopiya ng kamulatan na bawa't 11
tao ay likas na malaya at hindi nakasandal sa iba pang tao o institusyon. Sa kadahilanang ito'y nasa tao ang kakayahang mag-isip at makapagbuo ng pansariling kaisipan.

Ang pinakamaunlad at kumpletong tao, sa palagay ng 12
liberalismo, ay yaong nalantad at humarap sa lahat ng aspekto ng kaalaman at lahat ng uri ng kaisipan. Taglay niya ang likas na kakayahang mag-usisa at mangatwiran, pag-usisa at pangangatwirang batayan ng pamamayani ng wastong ideya sa mali. Ang sistema ng edukasyon sa ilalim ng ganitong teorya ay maihahalintulad sa isang malayang pamilihan ng kaisipan. Sa pagpapalitan ng mga

ideya, napalilitaw ang katwiran at lohika at ang isang indibiduwal ay napalalaya mula sa makitid na pananaw at kamangmangan.

KATANGIAN NG TEORYA

Batay sa teoryang ito, ang edukasyon ay dapat 13
maiukol sa pagpapaunlad ng malawak na kamalayan ukol sa lipunan at kahihinatnan ng tao. Edukasyon ang nagdudulot ng kamulatan ukol sa pagkatao ng isang indibiduwal at sa kanyang pangkasaysayang katayuan sa lipunan. Ito ang kanyang pinaka-epektibong sandata upang matupad ang pagkakapantay-pantay at pangingibabaw ng katarungan. Edukasyon din ang kalasag laban sa kamangmangan at pagkaalipin.

Ang pangunahing anyo ng edukasyon sa lipunang 14
teknokratiko ay ang labis na ispesyalisasyon o ang paghahati-hating kakayanan sa isang partikular na larangan. Ang labis na ispesyalisasyon ay isang uri ng kamangmangan. Ang nabibigyang pansin dito ay ang bahagi lamang at napapabayaan ang kabuuan.

Upang malikha ang hinahangad na hukbo ng mga 15
manggagawa, kinakailangang lumikha ng sistemang nakapagsasanay ng maraming manggagawa sa maikling panahon at sa pinakamaliit na puhunan sa pag-aaral. Dahil sa ang kinakailangan lamang ng mga dayuhang kapitalista ay ang kakayanang teknikal at hindi ang anupamang malawak na



ERIC

pagtanaw at panlipunang kamalayan na hasa sa wastong pagsisiyasat sa panlipunang kalagayan, ang tuon ng pormal na edukasyon ay nababaling sa lantay na kakayanang teknikal at kusang nililimot ang anumang nauukol sa paghubog ng mapagsuring kaisipan.

MGA DAMBUHALANG KORPORASYON

Tila hangad ng mga ganitong patakaran ang paglikha 16
ng isang malaking populasyon ng mga mag-aaral na sapilitang matatali na lamang sa bokasyonal na pagsasanay. Sa gayong paraan nga nama'y matitiyak ang patuloy na daloy ng lakas-paggawa para sa kapakinabangan ng mga dambuhalang korporasyon.

Ang pinakapayak na halimbawa ng pagbibigay-pansin ng 17
ating edukasyon sa interes o kaluwagan ng mga dayuhan ay ang kaso ng turismo. Sapagka't ito'y nangangailangan ng mga pasilidad tulad ng hotel at iba pang negosyong kaugnay nito, ang ating mga pamantasan at kolehiyo ay kumikiling nang husto tungo sa mga kursong nauukol dito tulad ng **Tourism, Hotel and Restaurant Management** at **Business Administ**[illegible] mga kursong tulad nito ay ganap na tinatangkilik ng mga institusyon sa pag-aaral at ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapaulan ng pondo, pagtatayo ng mga bagong gusali at pagkakaloob ng mga insentibong tulad ng pagtataas sa sahod ng mga guro at pagkakaloob ng salapi para sa pananaliksik.

## PAGKITIL SA MAPANURING KAISIPAN

Sa kabilang dako naman ay lumilitaw na hindi 18
napagbabalingan ng pansin, kung hindi man lubos na tinatalikuran, ang mga kursong tulad ng agham panlipunan, kasaysayan at mga pinong sining (**fine arts**) -- mga kursong naukol naman sa paglinang ng malikhain at mapanuring kaisipan.

Kung ganito ang nangyayari'y nakagigimbal kahit 19
isipin man lang ang tinatahak ng ating sistema ng edukasyon. Tumutungo tayo sa isang lipunang nahahati sa heneral ng **blueprint** at kawal ng **assembly line**, taga-isip at taga-gawa, marunong at mga mangmang. Anong uri ng pagkakaisa ang malilikha ng kaayusang ang isang bahagi ay nagpapanggap na siya lamang ang may karapatang mag-isip at lumikha ng mga konsepto, at sa kabilang dulo naman ay ng isang masa ng manggagawa na pinagbawalang mag-isip, maglagom at magdalumat ukol sa panlipunang kalagayan?

## ANG PANGMAHABAANG IMPLIKASYON

Tunay na nakasisindak ang tunguhin ng bagong uri ng 20
pag-aaral na pinamayani sa kasalukuyan.

Kapag ang sistemang ito ay sumanib sa istruktura ng 21
lipunan at sosyolohikal na kalagayan ng paggawa, ang malilikha ng lipunan ay isang hukbo ng mga manggagawang limitado ang kakayahang magdalumat at maghango ng konseptuwal na kaalaman sa di-pormal na paraan.



ERIC

Hindi dapat kalimutan na ang orihinal na intensyon 22
ng pormal na pag-aaral ay bilang daan tungo sa paglaya. Ang kasalukuyang takbo at pag-unawa ng paaralan ay tuwirang di-makatao at di-mapagpalaya. Ang lipunan tuloy ay nagmimistulang isang malaking makina at ang mga tao'y dapat hubugin bilang maliliit na piyesa, na ang mga paaralan ay dapat na lamang maging tornohan ng mga turnilyo't tuwerka ng mga taong gumagawa lamang at hindi nag-iisip, lumilikha ng mga bagay nang walang mapanlikhang kamalayan ukol sa lipunan at kasaysayan.

Salamat na lamang at ang tao'y hindi likas na 23
mangmang sa kabila ng ganitong mekanikal at mapanupil na sistema ng "edukasyon."

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | kagyát | adv. at once |
| 2. | kahihinatnán | n. destiny |
| 3. | kalásag | n. armor; shield |
| 4. | kaunlaráng pangkabuháyan | n. economic prosperity |
| 5. | kumikíling (kíling) | v. 1. taking side with; being partial 2. leaning; inclining |
| 6. | kutsabahán | n. machination |
| 7. | lakás-paggawá' | n. labor force |
| 8. | magdalúmat | v. to understand; comprehend |
| 9. | magpupundár (pundár) | v. will establish; will try to have or own Syn. magtatatag; magtatayo |
| 10. | mag-usísa'(usísa') | v. to inquire about (something) Syn. magtanong |
| 11. | mapanúpil (súpil) | adj. suppressing |
| 12. | nahahálaw (hálaw) | v. being reproduced |
| 13. | nalantád (lantád) | v. became exposed |
| 14. | pagkítil (kítil) | n. suppression |
| 15. | paglináng (lináng) | v. development; enrichment |

16. pagsúlong (súlong — *n.* moving forward; progress
Syn. (Sp.) *pag-abante*

17. pamamayáni' (bayáni') — *n.* predominance; prevalence
Syn. *pangingibabaw*

18. payák — *adj.* simple; pure

19. tuón — *n.* direction

20. umagápay (agápay) — *v.* to take the position along the side of

**Bokabularyong Teknikal**

1. aghám — *n.* science
2. bokasyonál na pagsasánay — *n.* vocational training
3. kaalamán (alám) — *n.* knowledge
4. kamaláyan (málay) — *n.* consciousness
5. kamangmangán (mangmáng) — *n.* ignorance
Syn. *katangahan*
6. kamulatán (mulát) — *n.* state or quality of being educated or cultured; literacy
7. makítid na pananáw — *n.* narrow vision
8. malikháin (likhá') — *n.* creative
9. mapanúring kaisipán — *n.* inquisitive mind
10. pananaliksík (saliksík) — *n.* research
11. panlipúnang kamaláyan — *n.* social consciousness



ERIC

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Talakayin ang kahalagahan ng edukasyon sa isang Pilipino. Ano ang kanilang pakay sa pag-aaral? (2,3,4,6,7)

2. Ano ang kaibahan ng pormal na edukasyon sa kaalamang napupulot sa gawain? Alin ang higit na mahalaga sa dalawa? Bakit? (9)

3. Saan nagmula ang disiplinadong pag-aaral? Liwanagin ang teorya ng pilosopiya ng kamulatan. (10,11)

4. Sa pananaw ng liberalismo, ano ang mga katangian ng isang 'kumpletong tao'? Paano nakakatulong ang edukasyon sa pag-unlad niya? (12,13)

5. Magbigay ng halimbawa ng bokasyonal na pagsasanay. Bakit lalong umiiral ngayon ang ispesyalisasyon? (15-17)

6. Ayon sa may-akda, ano ang kinahihinatnan ng isang tao sa isang lipunang labis ang pag-iispesyalisasyon? (19,21,22)

7. Sa isang lipunang teknokratiko, anong uri ng edukasyon ang higit na mapapakinabangan: ang pormal o ispesyalisasyong pag-aaral? Ipagtanggol ang iyong sagot.

8. Liwanagin ang ibig sabihin ng may-akda na ang orihinal na intensiyon ng pormal na pag-aaral ay upang maging daang tungo sa paglaya. (11-13)

9. Ayon sa may-akda, anong uri ng edukasyon ang mahusay? di mahusay? (13-15, 18,19,21,22)

**D. MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Hanapin sa sanaysay ang salitang kasingkahulugan ng salita o mga salitang may salungguhit sa pangungusap sa ibaba. Isulat muli ang pangungusap na ginagamit ang salita sa sanaysay. Ang bilang sa panaklong ang nagtuturo kung saan matatagpuan ang salita.*

1. Ang listong mag-aaral ay mabilis sumagot sa guro.(1)

   ______________________________________________

2. Kailangan mo ng puhunan kung magtatatag ka ng negosyo. (2)

   ______________________________________________

3. Ang pag-unlad ng bayan ay ninanais ng mga mamamayan.(4)

   ______________________________________________

4. Wasto ba ang pagpapahalaga sa edukasyon? (5)

   ______________________________________________

5. Ang karunungan ng tao ay maituturing na kayamanan.(7)

   ______________________________________________

6. Ang kaalamang napupulot sa pang-araw-araw na gawain ay di nangangailangan ng tahasang pagtuturo. (9)

   ______________________________________________

   ______________________________________________

7. Ang kakayahang magtanong ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng tao. (12)

   ______________________________________________

________________________________________________

8. Panlaban sa katangahan ang edukasyon. (12)

________________________________________________

9. Maraming pamantasan ang pumapaling sa mga kursong nauukol sa turismo. (17)

________________________________________________

________________________________________________

10. Madalas mapabayaan ng mga paaralan sa Pilipinas ang paglinang ng matanong na kaisipan. (18)

________________________________________________

________________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*a. Uriin ang mga sumusunod na pananalita. Lagyan ng letrang A (Edukasyon tungo sa kamangmangan) o B (Edukasyon tungo sa liberalismo) sa puwang:*

_____ 1. bawa't tao ay likas na malaya

_____ 2. makitid na pananaw

_____ 3. malawak na pagtanaw o panlipunang kamalayan na hasa sa wastong pagsisiyasat sa panlipunang kalagayan

_____ 4. kakayahang mag-isip at makapagbuo ng pansariling kaisipan

_____ 5. labis na ispesyalisasyon

_____ 6. nagdudulot ng kamulatan ukol sa pagkatao ng

isang indibiduwal at sa kanyang pangkasaysa-
yang katayuan sa lipunan

_____ 7. mapanlikhang kamalayan

_____ 8. nabibigyan pansin ang bahagi lamang at napapabayaan ang kabuuan

_____ 9. pagpapaunlad ng malawak na kamalayan ukol sa lipunan at kahihinatnan ng tao

_____ 10. limitado ang kakayahang magdalumat at maghango ng konseptuwal na kaalaman sa di-pormal na paraan

_____ 11. tinatalikuran ang mga kursong nauukol sa paglinang ng malikhain at mapanuring kaisipan

_____ 12. isang malayang pamilihan ng kaisipan

_____ 13. nilimot ang paghubog ng mapagsuring kaisipan

_____ 14. kakayahang mag-usisa at mangatwiran

*b. Isulat sa puwang ang angkop na sagot:*

1.

| | |
|---|---|
| bahagi | ispesyalisasyon |
| kaalaman | lahat |
| kabuuan | liberalismo |
| kalasag | libingan |
| kayamanan | |

Itinuturing ng bawa't Pilipino na ang edukasyon ay isang 1. __________ . Maraming sumusulpot at naglalaho sa lipunan nguni't ang 2 __________ ng isang tao ay dadalhin niya hanggang sa 3. __________ . Edukasyon din ang 4. __________ laban sa kamangmangan at pagka-alipin.

Ang pinakamaunlad at kumpletong tao, sa palagay ng 5. __________, ay yaong nalantad sa 6. __________ ng uri ng kaisipan. Ang labis na 7. __________ ay isang uri ng kamangmangan. Ang nabibigyang pansin dito ay ang 8. __________ lamang at napapabayaan ang 9. __________.

2.

| | |
|---|---|
| gumagawa | mapanlikhang |
| makatao | nag-iisip |
| makina | paglaya |
| mapagpalaya | piyesa |

Ang orihinal na intensiyon ng pormal na pag-aaral ay bilang daan tungo sa 1. __________. Ang kasalukuyang takbo ng paaralan ay di 2. __________at di 3. __________. Ang lipunan tuloy ay nagmimistulang isang malaking 4. __________ at ang mga tao'y dapat hubugin bilang maliliit na 5. __________. Ang mga paaralan ay tornohan ng mga taong 6. __________ lamang at hindi 7. __________,

lumilikha ng mga bagay nang walang kamalayan. 8. __________

3. Pagtalakay

*Sa iyong palagay, ano ang nararapat na paraan upang maging uliran ang anyo ng edukasyon?*

4. Pagkatha

*Ano ang kahalagahan ng edukasyon para sa iyo at para sa iyong bayan? Ipaliwanag ang iyong sagot.*

## TAGLISH O ENGALOG . . . PILIPINO O FILIPINO

### May Mga "Pagpapaunlad" sa Wika na Kabaligtaran ang Ibubunga

Liwayway A. Arceo

*A. **BABASAHIN:** Basahin ang sumusunod.*

Bata, Ni-rape... 1

Ang ilang katagang nasa unahan nito ay ulo ng isang balita, at sapagka't nakalathala sa isang pahayagan sa Tagalog, ay binasa namin kung paano namin binabasa ang ating wika: pantig-pantig, walang titik na iiwan, binabasa kung paano nakasulat. **Ba-ta, ni-ra-pe.** Paulit-ulit naming binasa. **Ba-ta... ni-ra-pe.** Hindi namin maunawaan. Hanggang sa binasa namin ang kabuuan ng balita, at saka lamang namin naintindihan!

> **"Isang batang babae, labing-isang anyos** (bakit hindi tinuloy na gulang, o ginamit ang **onse anyos** kung **anyos** ang gustong gamitin?) **ang ni-rape ng sariling ama. Ang pagsasamantala** (a!) **ay nangyari nang wala ang asawang babae..."**

Hindi na namin tinapos ang pagbasa. Naisip namin na higit na madaling sulatin (ng peryodista) at intindihin (ng babasa) kung sabihing "isang batang babaeng labing-isang taong gulang ang pinagsamantalahan ng sariling ama nang wala ang ina."

Dalawang bagay ang napansin namin agad sa 2
pagkakalahad sa nasabing maikling balita. Kailangang

marunong ng tatlong wika ang babasa: Ingles, upang malaman kung ano ang **rape**; Espanyol, upang maintindihan ang **anyos o años**; at Tagalog. Hindi rin maitatanggi na ang paggamit ng panlaping Tagalog (ang unlaping na-) ay hindi wastong isama sa isang salitang-ugat na Ingles (**rape**).

At hindi ba mawawalan ng kabuluhan ang ano mang 3
susulatin o sasabihin kung hindi naman maiintindihan?

PAGPAPALAGO O PAGPAPAGULO?

Ganito rin ang masasabi namin ukol sa karaniwan 4
naming naririnig naman sa maraming tagapagbalita sa radyo at telebisyon. Isang halimbawa ay ang may kinalaman din sa pagsasamantala. Aniya: " **Dalaga, Inabuso.** " Maliwanag na ang ginamit na salita (**abuso**) ay hinango sa salitang Ingles, na ang isang kahulugan ay **ginahasa.** Ngunit sa idyoma ng ating wika, ang **abuso** ay hinango natin sa kahulugan sa Kastila, na hindi naman kataka-takang mangyari sapagka't mahigit sa tatlong siglong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espanya ang ating bayan. Sa gayon, batay sa ating wika, ang dalaga ay hindi ginahasa, kundi pinagmalabisan lamang, inapi, inagrabyado. Tulad din, halimbawa, kung sasabihin natin sa isang bata ang "**Abuso na 'yan, a!**" o "**Umaabuso ka na!**" na ang ibig lamang sabihin ay lumalabis na ang

inaasal. Ngunit sa pagpapatuloy sa balita, sinabi pa rin na "**ang kabataang lalaki na na-pin-point ng biktima ay inaresto at matapos ang imbestigasyon ay nakumbikto.**"

Muli, sa balitang ito, ibig lamang ipaliwanag na napatunayang nagkasala ang lalaking itinuro ng biktima, dinakip at nahatulan. Nguni't sa paggamit ng katagang **nakumbikto**, lalong lumalabo ang ibig sabihin. Kung hindi nakababatid na ito ay hinango sa salitang Ingles na **convict**, na isa sa tampok sa balita, mawawalan ng kabuluhan ang balita. Samantala, higit na madaling intindihin kung sasabihing "napatunayang nagkasala." At kung iisipin namin na ang dahilan, diumano, sa paggamit ng ganitong lengguwahe ay upang maging simple ang sinasabi, at maging **in** sa panahon, ay lalo kaming naguguluhan! Sa amin, higit na madaling intindihin ang **dinakip o hinuli**, kaysa hiram na **inaresto**, mula sa banyagang salitang **arrest**. Isang bagay lamang ang nais naming sabihin: bakit tayo manghihiram kung mayroon naman tayo? Maging sa pang-araw-araw na buhay, kaya lamang tayo napipilitang manghiram ay kung <u>kinakapos</u> o sadyang wala.

NOTES

7
*TAGLISH* is a combination of the first syllable of Tagalog (TAG-) and the last syllable of English (-lish). It is a hybrid form of speech where native speakers speaking Tagalog punctuate their language with words or phrases in English. This is a process referred to by linguists as "code-switching." Taglish is used to refer to the mixing of some English words with Tagalog. Both languages are mediums of instruction in the schools. *Engalog*, (*Eng*- from English and *-alog* from Tagalog) is another type of code-switching where sometimes people speaking perfectly fluent English will lapse into Tagalog.

In elevators, restaurants, taxis, offices, schools, shops, on the telephone and televisions, in the streets and even in the newspaper, millions of Filipinos converse with each other in bits and pieces of two tongues--Tagalog and English. The Philippines is not the only country where people "code-switch" but experts say the practice may be more pervasive and widely understood here than anywhere else in the world. ("Asian Speech Pot Pourri" by Bob Secter, *Honolulu Advertiser*, January 5,1984). In some countries the educated upper classes revel in the purity of their English, sneering at the mongrelized version spoken at the lower rungs of society. In the Philippines, however, Taglish/Engalog is as likely to be heard in a university campus as on a street corner market.

Despite its wide application, Taglish/Engalog is not strictly speaking, a new language. There are no rules for blending the two components and the only guideline is to use the words that best express one's thoughts.

In 1935, *Tagalog* (officially called *Pilipino* since 1959) was proclaimed as the basis of the Philippine national language. However, the 1973 Constitution changed the name of the national language to *Filipino*.

Section 3 (2) of the Constitution states: The National Assembly shall take steps toward the development and formal adoption of a common national language to be known as Filipino. It looks like the Philippines is bereft of a national language. *Filipino* exists at present only as a notion; it doesn't have any linguistic body.

The University of the Philippines uses the term *Filipino* synonymously with Tagalog, but with a more liberal use of English loan words. Some language experts

are of the opinion that perhaps in the future the National Assembly will convene and merely change the name of the Tagalog-based (now official language) Pilipino to Filipino (in accordance with the injunction of the 1973 Constitution). In the meantime, Pilipino functions as the interim national language. ("A Requiem for Pilipino" by Teodoro Llamzon. In Essays in Honor of Santiago Fonacier, 1977)



ERIC

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

1. kabuluhán — n. meaning; significance
   Syn. kabulugan
2. kinakapós (kapós) — v. being short of the needed or required quantity; being insufficient
   Syn. kinukulangan
3. maitatángi' (tángi') — v. can be regarded with special consideration or favor
4. pinagmalabisán (lábis) — v. went beyond the normal bounds (e.g., of behavior)
5. pinagsamantalahán (samantalá) — v. raped
   Syn. ginahasa
6. siglo — n. (Sp.) century
   Syn. dantaon

**Bokabularyong Teknikal**

1. hinángo' (hángo') — v. derived or adapted from
   Syn. hinalaw
2. pagkakalahád (lahád) — n. narration; explanation
   Syn. pagkapaliwanag



ERIC

| | | |
|---|---|---|
| 3. | panlápi' | n. (Gram) affix |
| 4. | pantíg-pantíg | adv. syllable by syllable |
| 5. | salitang-ugát | n. (Gram.) root word |
| 6. | unlápi | n. (Gram.) prefix |

K. *MGA TANONG: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang tinatawag na "Taglish" o "Engalog"? May pagkakaiba ba ang kahulugan ng dalawa? Ano ang pinahihiwatig ng "Pilipino"? ng "Filipino"?
2. Paano binabasa ang wikang Tagalog? Makakasagabal ba ang ganitong uri ng pagbasa sa pang-unawa ng ilang salitang "Taglish"? Bumanggit ng halimbawa. (1)
3. Para sa iyo, alin ang lalong madaling maunawaan: ni-rape, inabuso, o pinagsamantalahan? Alin ang iyong ginagamit?
4. Mayroon bang ibang pagkakaiba sa kahulugan ang inabuso at ginahasa? inaresto at dinakip? Ipagtanggol ang iyong sagot. (4)
5. Talakayin ang mga problemang maaaring ibunga ng pagsasama-sama ng Tagalog at ng ibang wikang banyaga tulad ng Inggles. (2,5)
6. Sino o ano ang nagpapalaganap ng ganitong uri ng pananalita sa ngayon? (1,4)
7. Bukod sa Ingles, ano pang mga ibang wikang banyaga ang napapasama sa ilang salitang "Tagalog?" Magbigay ng halimbawa. (2)
8. Ano ang pinahihiwatig tungkol sa kaugaliang-Pilipino ang laganap na paggamit ng "taglish" ngayon?
9. Ayon ka ba o hindi sa mga kuro-kuro ng may-akda? Nakasasama ba o nakabubuti ang paggamit ng Taglish? Patunayan ang iyong sagot.

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

   a. Mga salitang magsingkahulugan

   1. ginaláw - 'moved, touched'
   2. pinagsamantalahán - 'taken advantage of'
   3. ginamitan ng lakás - 'used force'
   4. pinuwérsa (ang pagkababae) - 'taken by force'
   5. ginahása' - 'raped'
      ginahís
      ni-<u>rápe</u>

Lahat ng mga salitang ito ay may kahulugang "paggamit ng lakas o puwersa sa babae." Ang nauunang apat na salita ay madalas gamitin sa usap-usapan sapagka't hindi masyadong magaslaw o mahalay pakinggan. Ang pinakamadalas gamitin sa panitikan ay <u>ginalaw</u> nguni't sa mga pagsasalaysay ng krimen ang <u>ginahasa</u> ay madalas gamitin. Ang salitang <u>ginahis</u> ay di-gaanong naririnig o nababasa.

*a. Ibigay ang iba't-ibang porma ng mga salitang sumusunod:*

| Tapos | Di-tapos | |
|---|---|---|
| | Nasimulan | Di-Nasimulan |
| 1. ginalaw | ________ | ________ |

| | | |
|---|---|---|
| 2. pinagsamantalahan | ____________ | ____________ |
| 3. ginamitan (ng lakas) | ____________ | ____________ |
| 4. pinuwersa | ____________ | ____________ |
| 5. ginahasa | ____________ | ____________ |

*b. Anu-ano ang mga salitang ugat ng pagsasanay sa bilang a?*

1. ____galaw____
2. ____________
3. ____________
4. ________________
5. ________________

*k. Anu-ano ang panlaping ginamit:*

Panlapi______1_______2_______3_______4_______5______

Unlapi________________________________________________

Gitlapi______in_______________________________________

Hulapi________________________________________________

*d. Piliin ang mga banyagang (foreign) salita sa sumusunod:*

1. doktor _____
2. manunulat _____
3. makata _____
4. reporter _____
9. manggagamot _____
10. huwes _____
11. abogado _____
12. tindera _____

5. pulis ______

6. pari ______

7. guro ______

8. nars ______

13. trabahador ______

14. tsuper ______

15. empleyada ______

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

Pagsasama-sama ng Tagalog at Ingles

a. **Sa salita**: Paggamit ng panlaping Tagalog sa banyagang salita. Halimbawa: **ni**-rape

*Lagyan ng angkop na panlapi ang mga sumusunod na pandiwa at ibigay ang kahulugan sa Tagalog:*

1. swimming — a. ______ b. ______
2. tennis — a. ______ b. ______
3. basketball — a. ______ b. ______
4. baseball — a. ______ b. ______
5. graduate — a. ______ b. ______
6. discourage — a. ______ b. ______
7. register — a. ______ b. ______

8. approve a. ________________

b. ________________

9. adapt a. ________________

b. ________________

b. Sa <u>parirala at pangungusap</u>

*Alin sa sumusunod ang <u>Taglish</u>? Alin ang <u>Engalog</u>? Alin ang di ninyo mauri sa dalawang ito?*

1. Do get in touch naman.
2. Enjoy ako sa <u>Teen World</u>.
3. Alam mo, love kita.
4. Going steady na ba sila?
5. Forgiven na ba ako?
6. Miss na ba ninyo ako?
7. Ang hindi ko maintindihan ay kung bakit one of my uncles na kapatid ng may-ari ng bahay ay laging galit sa akin.
8. .......... this concerns those who are in the Civil Service at iyon pang hindi pa nakasasali at covered ng Civil Service.
9. I hope na magkaroon sana ng pelikula ang fave (favorite) teenstar kong si Arnold Gamboa.
10. Some schools are conducting review classes para sa kanila.

*Sumulat ng halu-halong wika. Isalin sa Tagalog o Ingles ang mga salitang nasa loob ng panaklong:*

1. I want to work (in order to help them) ______________.
2. I am old enough to go steady (now) ______________.
3. Pat (indeed) ______________ gave me this tax form.
4. Bumoto ako (para sa kanya) ______________.
5. Sana'y laging may (artikulo) ______________.

*Isalin sa Tagalog ang unang saknong ng nota tungkol sa pamagat o titulo ng sanaysay na ito.*

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Pagtalakay

*Dapat bang haluan ng salitang banyaga ang isang wika? Bakit?*

4. Pagkatha

*Isulat ang inyong kuro-kuro tungkol sa kasamaan o kabuluhan ng wikang puro o walang halo.*



ERIC

## DALAWANG WIKA, ISANG DIWA

Genoveva Edroza-Matute

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Noong ika-19 ng Hunyo, 1974, pinalabas ng Kagawaran 1
ng Edukasyon at Kultura bilang pag-alinsunod sa patakarang pambansa ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, Serye 1974. Ito'y nagtatakda ng edukasyon sa dalawang wika o bilinggwal sa lahat ng ating mga paaralan, pambayan man o pansarili.

Mahaba, lubak-lubak, mabato, matinik, matarik ang 2
landas na tinahak ng wikang Pilipino bago narating ang kasalukuyang kalagayan sa edukasyong bilinggwal...

BAWAL MAGSALITA SA TAGALOG

Nagsimula ang aming paaralan sa panahon ng mga 3
Amerikano rito. Sa Unang Baitang pa lamang ay bawal na ang pagsasalita sa sariling wika. Ang guro namin noon ay nakasaya't barc at ang saya niya ay may malalim na bulsa. Ang bulsa niya'y hindi nawawalan ng mga sili -- siling labuyo, maliliit na siling ubod ng aanghang. Sa sandaling makarinig siya ng batang nagsalita ng Tagalog, lapit siya agad, dukot sa bulsa, subo ng siling labuyo sa bata. At mayroon pa. May nakahanda na siyang kapirasong kartolina na may taling pabilog, pakuwintas. Ganito ang nakasulat

sa kartolina: **I was caught speaking the dialect.** Pagkasubo ng siling labuyo sa bata, isasabit niya sa leeg nito ang kartolina. Sa ganitong paraan ay naitatak na sa kanyang kabuuan ang **krimen**. Ang krimen ng pagkakasalita sa kanyang sariling wika.

Limampu't tatlong taon pagkalipas, sariwang-sariwa pa sa aming alaala ang gayong pangyayari. Bakit kaya? Marahil, sapagka't sa murang gulang na yaon, kami'y tahimik nang naghihimagsik sa aming sarili. **E sa natapakan ako ng katabi ko e! Masakit! Natural, mabubulalas ako ng Aruy! Iisipin ko pa ba iyon sa Ingles? Hihintayin ko pa bang makalipas ang limang sandali o marahil, sampung sandali, at kapag naisip ko na ang salitang Ingles, ay saka pa ako bubulalas ng Ouch?** Kay tagal namang panahon sa pagitan ng pagkakatapak at ng pagbulalas ng karampatang damdamin. 4

DIGMAAN: TAGALOG VS. INGLES

Sinimulang ituro sa mga paaralan -- sa ikaapat na taon ng mataas na paaralan at sa ikalawang taon ng mga paaralang normal -- ang noo'y tinatawag na **Filipino National Language**. Noon na rin nagsimula ang iba't ibang palagay tungkol sa kung ano bang talaga ang Wikang Pambansa. Tagalog? Alin sa mga uri ng Tagalog? Tagalog-Bulakan? Tagalog-Maynila? Puristang Tagalog? At dito na 5

isinilang ang **salumpuwit, saksisid, hatinig** -- sa halip na **silya, submarino, telepono** -- tatlong salitang hanggang sa kasalukuyan ay palaging inuungkat-ungkat sa tuwing nais mapagtawanan ang wikang Pilipino, sa tuwing ibig insultuhin o hamakin ito, sa tuwing nais mang-inis sa mga **makawika**. Ang nasabing tatlong salita ay ni hindi nakarating sa unang **base** kung baga sa **baseball** sapagkat walang gumagamit sa mga ito, lalo pa nga sa mga paaralan.

Sumunod naman ang tahimik na digmaan sa mga klaseng Tagalog at Ingles. Sabi ng mga guro sa Ingles "**If I hear you speak one Tagalog word, I'll deduct five percent from your grade.**" Nagkalat ang mga **Speak English** sa kanilang mga silid. Gumanti naman ang mga guro sa Tagalog, "Kapag nakarinig ako ng isang salitang Ingles sa klase ko, babawasan ko ng sampung bahagdan ang inyong antas." 6

Yaon din ang panahong kung may dala kayong magasing Tagalog, binabaligtad ninyo ito sa pagdala, sapagkat minamata kayo kung bumabasa kayo ng Tagalog. 7

At yaon din ang panahong sa pagtuturo ng wikang pambansa, ang binibigyang diin ay balarila, balarila at balarila pa. Mga pangngalan, panghalip, pantukoy, pandiwa, pang-uri-- mga katuturan nito, mga tuntunin sa paggamit sa mga ito. 8

Ang paglaganap ng pagtuturo ng sariling wika sa iba 9

pang mga baitang ay napasimulan noong panahon ng pananakop dito ng mga Hapon. "Nakatsamba," wika nga, ang wikang pambansa, noong panahon dito ng mga Hapon. Hindi sapagka't pinahalagahan ng mga bagong panginoon ang wika natin, kundi sapagka't galit sila sa wika ng kalaban nilang Amerikano.

MULING PANGINGIBABAW NG INGLES

Nguni't kasabay ng pagbabalik ng diumano'y mga 10
"tagapagpalayang" Amerikano, ang pangingibabaw na muli ng wikang Ingles. Nasok na muli sa bulwagan ang panauhing Ingles at nagbalik na muli sa batalan ang sisilip-silip na may-ari ng bahay. Tunay, itinuro nga ang sariling wika sa mga paaralan, nguni't dala-dalawampu at tatlo-tatlumpung sandali lamang sa bawa't baitang at isa-isang oras sa bawa't kurso sa mga dalubhasaan. Ang Ingles ay pinag-uukulan ng 32 yunits, ang Kastila ng 24 yunits, ang Wikang Pambansa ng 12 yunits, na pinagpipilitan pang kurutan ng isang yunit. Tunay na ang huli'y naging maralitang nakikipanuluyan sa mariwasang kamag-anak.

Nagkabi-kabila ang mga kalaban ng wika: 11

Bakit Tagalog ang naging wikang pambansa? Higit na 12
marami ang Bisaya, bakit Tagalog ang napili?

Bakit tinawag na Pilipino? Namalat na kayo sa 13
kapapaliwanag. Ang katwiran: Sa pagturo ng Ingles, hindi

na tinatawag itong English Language kung di English na lamang; hindi na tinatawag na Spanish Language kung di Spanish lamang. Kaya, Pilipino na lamang at hindi na Filipino National Language.

Sa bawa't paaralan ay ipinakikipaglaban ang karapatan 14
ng wikang Pilipino na manatili kahit sa <u>batalan</u> ng sariling bahay, huwag na lamang papanaugin pa sa <u>silong</u>.

Sa mga pahayagang pampaaralan ay <u>nakikisuno</u> ang 15
Pitak-Pilipino sa isang sulok na lumaki-lumiit ayon sa pag-unti o pagdami ng mga lathalain sa Ingles.

Sa isang pulong ng mga guro, si G. Gerardo Flores, 16
noo'y Pangalawang Pangulo ng pangunahing dalubhasaan sa pagguguro, ay nagsabi nang ganito: **"In my eleven years at the UNESCO in Paris, I was often embarrassed by a question that was often asked me by delegates from other countries. They asked, 'Mr. Flores, why is it that in all countries of the world, except your own, their national language is always first; any foreign language comes second? Why is it that in your country, a foreign language is first, and your national language comes second?' I couldn't answer that question then as I still can't answer it now."** Bumaling sa amin si G. Flores at kami raw ang sumagot sa katanungang iyon na hindi niya masagot. Ito ang naging kasagutan namin: **"Mr. Flores, in the first place, the**

**question is wrong. In this country, the national language is not second. English with 32 units in college and is the medium of instruction in all schools, is of course, first. Spanish with 24 units in college is second. The national language with 12 units is third. We are lucky, we have only three languages. If we had four, I'm sure ours will be fourth."**

"DOLLAR DIPLOMACY" SA WIKA

Kabi-kabila ang mga iskolarsip, **travel grants**, mga 17
pananaliksik na tinutustusan, lalo na sa pagtuturo ng Ingles. Gulat na gulat kami nang minsan kami'y alukin ng iskolarsip -- madadala ang suweldo, tutustusan ang lahat-lahat, makapaglalakbay pa sa ilang bahagi ng Estados Unidos -- nang hindi naman kami naghaharap ng ano mang kahilingan sa ano mang iskolarsip. Ano ang kukunin namin doon, ang tanong namin. Pagtuturo ng Ingles. Aba, wala kaming tangkang lumipat sa Ingles; mananatili kami sa Pilipino. O, e ano iyon? Magagamit din iyon sa Pilipino. Maraming salamat, nguni't...ialok na ninyo sa iba.

Ang mga naturan ay hindi binabanggit dito upang 18
itanghal ang sarili o magpakabayani ng wika, kung di upang maipakita ang isang bahagi ng tinatawag na **"dollar diplomacy"** na isa sa maraming tinik sa wikang Pilipino.

Sa tulong ng panunustos ng mga **foundations**, lumitaw 19

ang iba't ibang uri ng "pananaliksik". Naririto ang ilang "<u>tuklas</u>" ng ilang "pananaliksik":

1. Kahit sa isang lalawigang <u>taal</u> na Tagalog, higit na mabisa ang pagtuturo kung gagawin sa Ingles kaysa kung gagawin sa Tagalog.

2. Higit na maraming tao ang <u>pumapanig</u> sa paggamit ng Ingles kaysa Tagalog.

3. Sa dalawampu't apat na pagkakataong gagamitan ng wika, gaya ng pamimili, pagsakay sa bus, pagtatanong ng direksiyon, at iba pa, Ingles ang ginagamit sa dalawampu't tatlo; sa isang pagkakataon lamang ginagamit ang Tagalog -- sa pakikipag-usap sa mga utusan.

4. Kapag sariling wika ang ginagamit ng isang tao, ipinalalagay na siya ay di-mapagkakatiwalaan, tamad, di-matapat, at iba pang di-kanais-nais kaysa kung siya'y gumagamit ng Ingles.

PHILIPHINOW DAW

Dahil marahil sa mga naturang "tuklas" ng mga naturang "pananaliksik," kahit mga katutubong salitang Pilipino ay pinilit pa ring <u>pinagtunog</u> na Amerikano ng ilan nating mga kababayan. Ang Presidente Magsaysay ay naging President **Magsigh-sigh**; ang Evangelista Street ay naging **Evan-jhe-lis-tah** Street; ang Manila ay naging Manela; ang Korehidor ay naging Corregidor. At minsan,

isang Pilipinang **smarty** ang nagtanong, habang binabasa sa kapirasong papel ang aming pangalan. Hirap na hirap siya sa pagbasa sa aming pangalan na gayong simple naman ang pagkakasulat at kung bakit pinakakahira-hirapan niyang basahin. Sa wakas, ganito ang nasabi niya: Ahr yuh Missush ... Missush ... Jhe ... Jhe ... ne ...vivh Ma ... chu ... chey? Na sinagot naman namin ng, **"No, I am Mrs. He-no-ve-va Ma-tu-te."**

Nguni't ang pinaka-koronang tinik na ipinutong sa wika ay utang sa nakaraang Con-Con[1] (s.l.n.) nang sang-ayunan nito ang Ingles, Espanyol at Arabe subali't hindi ang Pilipino. 21

BILINGGWALISMO: BAGONG PAG-ASA

Sa dulo ng ganyang kahaba, kalubak, kabato, katinik, katarik na landas na tinahak ng wikang Pilipino ay tila narito na ang kasagutan sa maraming katanungan. Ang edukasyong bilinggwal, ang edukasyong gagamitan ng dalawang wika, ng Pilipino at Ingles. 22

---

1 Con-con - the Constitutional Convention of 1973 which relegated Pilipino to be one of the official languages rather than the national language, a mere name without any linguistic reality. In the meantime Pilipino acts as the interim national language. Many linguists hope that in the near future, the Filipinos will declare Pilipino their national language spelled with an "F" instead of a "P".

Maraming pakahulugan ang tinatawag na edukasyong bilinggwal. Sa iba't ibang panig ng Estados Unidos, ang edukasyong bilinggwal ay nangangahulugan ng pagtuturo ng Ingles at Pilipino sa mga pamayanang nakararami ang mga Pilipino; ng Ingles at Porto Ricano sa mga pamayanang nakararami ang mga Porto Ricano, at iba pa. Bilinggwalismo rin ang tawag sa gamit ng pinaghalu-halong wika -- Engalog, kung marami ang Ingles sa Tagalog; Taglish, kung marami ang Tagalog sa Ingles. 23

Sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, Serye 1974, malinaw ang ibinigay na katuturan sa edukasyong bilinggwal: magkahiwalay na gamit ng Ingles at Pilipino sa tiyak na aralin. Ingles ang gagamitin sa mga sumusunod na aralin: English Language, Science at Mathematics. Pilipino ang gagamitin sa pagtuturo ng mga sumusunod na aralin: Wikang Pilipino, Kalusugan, Araling Panlipunan, Wastong Pag-uugali, Pagpapalakas ng Katawan, at Edukasyong Panggawain. 24

HAKBANG MULANG BATALAN TUNGONG BULWAGAN

Isa pang katanungang paulit-ulit na humahadlang sa mabilis na pagtanggap ng ilang di-taal na Tagalog sa wikang Pilipino bilang wikang pambansa ay ito: Ano ang pagkakaiba ng Tagalog at Pilipino, o hindi ba iisa iyan? Sagot: Ano man ang itinatayo, maging gusali man o wika, 25

kailangan ang batayan, ang saligan, ang pagtatayuan, ang pagpapatungan. Nguni't bakit Tagalog at hindi Bisaya o Ilukano o Bikol? Sapagka't sa kasimu-simulaan, bago pa man itinatag ang kauna-unahang Surian ng Wikang Pambansa, sa mga pag-aaral na ginawa ay lumitaw nang Tagalog ang ginagamit ng pinakamaraming Pilipino (bagaman higit ang bilang ng gumagamit ng Bisaya, ito nama'y hati-hati at hindi nagkakaunawaan: iba ang Waray sa Hiligaynon sa Sebuwano sa Ilonggo). Tagalog din ang may pinakamayamang nasusulat sa panitikan. Ito rin ang wikang ginagamit sa pangulong-lunsod na pinagtitipunan ng maraming tao dahil sa kalakalan, pag-aaral, kadahilanang sosyal, at iba pa, kaya't wikang pinakagamitin at lalong madaling lumaganap.

Ang edukasyong bilinggwal sa ating mga paaralan ay 26
isang tiyak na hakbang upang ang Pilipino ay makapasok na mula sa batalan hanggang sa bulwagan ng sariling tahanan upang makasambahay ang panauhing wikang Ingles. Isang hakbang na pagsusumundan ng isa pa sa darating na panahon; ang pagmamay-ari nito ng buong bulwagan.

At sa tiyak na katanungang susunod, na ngayon pa'y 27
madalas na ring itinatanong: Paano tayo uunlad, halimbawa'y sa siyensiya o agham, at sa matematika, kung mawawala ang Ingles at mapapalitan ng Pilipino -- ay isa ring tanong ang kasagutan: Sa Rusya ba na nauna pa sa

Estados Unidos sa kalawakan, Ingles ang ginagamit? Ruso! Sa Alemanya na isa sa pinakamaunlad na bansa sa daigdig, Ingles ba ang wika? Aleman! Sa Hapon na pinakamayaman ngayon sa Asya, Ingles ba ang wikang ginagamit? Niponggo!

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. batalán | n. a roofless bamboo structure (platform) built at the rear of a barrio house, usually adjoining the kitchen, for use in bathing, washing, etc. |
| 2. lubák-lubák | adj. full of or covered with potholes, referring especially to roads |
| 3. mabubulalás (bulalás) | v. will utter a cry out of passion, anger<br>Syn. mapapasigaw |
| 4. nagtatakdá' (takdá') | v. put as a provision (in a law or ordinance) |
| 5. namalát (malát) | v. became hoarse, esp. through excessive speaking |
| 6. pananákop (sakóp) | n. the occupation or taking over of a place, esp. by an enemy force |
| 7. pinahalagahán (halagá) | v. gave importance to something or somebody |

8. siling labúyo' — n. (Bot.) Cayenne or Spanish pepper plant bearing fruits having very sharp taste and are used as condiment; the fruit of this plant

9. silong — n. the space or part under a house in a barrio, where animals are kept

**Bokabularyong Teknikal**

1. balarila' — n. 1. grammar
   2. the grammar book of the Pilipino national language

2. kartolina — n. (Sp.) a fine, stiff pasteboard or cardboard

3. kurután (kurót) — v. to pinch

4. makawika' (wika') — adj. language minded, referring to a person

5. minamatá (matá) — v. being belittled; looked down on

6. nakatsámba (tsámba) — v. (Slang) able to hit upon good fortune through sheer luck

| | | |
|---|---|---|
| 7. | nakikisúno' (súno') | v. sharing a space with someone in occupying a place |
| 8. | pananaliksík (saliksík) | n. research |
| 9. | pandíwa' | n. (Gram.) verb |
| 10. | panghalíp | n. (Gram.) pronoun |
| 11. | pangingibábaw (ibábaw) | n. predominance |
| 12. | pangngálan | n. (Gram.) noun |
| 13. | pang-úri' | n. (Gram) adjective |
| 14. | pantúkoy | n. (Gram.) article |
| 15. | pinagtunóg (tunóg) | v. made something sound like something else |
| 16. | pumapánig (pánig) | v. taking side with |
| 17. | taál | adj. native; indigenous |
| 18. | tuklás | n. findings |
| 19. | tuntúnin | n. rules, esp. on how to use something e.g., grammar |

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Bakit Tagalog ang ginawang Wikang Pambansa ng Pilipinas? (25)
2. Ano ang ginagawang parusa sa mga batang estudyante na mahuling nagsasalita ng Tagalog sa klase noong panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas? (3)
3. Ano ang ginagawa ng mga makawika upang maging 'Puristang Tagalog' ang ilang salita? Bakit hindi ito lumaganap? (5)
4. Ano ang tingin sa Wikang Pambansa noong panahon ng mga Amerikano? Sa ngayon? Paano mapapatunayan ito? (6,10,15,16,19,21)
5. Ano ang binibigyang diin sa pagtuturo ng Wikang Pambansa noong panahon ng mga Amerikano? Ano ang iyong palagay sa ganitong paraan ng pagtuturo ng wika? (8)
6. Paano nakabuti sa sariling wika ang pagsakop ng mga Hapones sa Pilipinas? (9)
7. Bumanggit ng ilang "tuklas" ng pananaliksik na ginawa tungkol sa kapakinabangan ng pagtuturo ng Inggles. (19)
8. Bakit lalong pinahahalagahan ang ibang wika, tulad ng Ingles kaysa sa sariling wika? Ayon ka ba rito? Bakit?

9. Ano ang tinatawag na edukasyong bilingwal? May kabutihan ba o kasamaang idinudulot ang sistemang ito? Patunayan ang iyong sagot. (22,24)

10. Karaniwan nang tinatawag na isang diyalekto (dialect) ang Tagalog. Ayon ka ba sa tukoy na ito? Ano ang kaibahan ng diyalekto sa lengguahe o wika?

11. Ano ang paniniwala ng may-akda sa hinaharap ng wikang Pilipino? Ayon ka ba o hindi sa kanyang palagay na uunlad din ang Pilipinas kahit na Pilipino lamang ang gamitin? Talakayin ang iyong sagot.

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

   a. Mga salita tungkol sa edukasyon

| | |
|---|---|
| 1. aghám | - siyensiya |
| 2. Araling Panlipúnan | - pag-aaral tungkol sa lipunan o sa pakikipamuhay sa kapwa |
| 3. balarila' | - gramatika |
| 4. kagawarán | - departamento |
| 5. Kalusúgan | - kurso sa pag-aalaga ng katawan |
| 6. Kautusáng Pangkagawarán | - ordinansang pandepartamento |
| 7. edukasyóng bilingguwál | - dalawang wika ang gamit sa pagtuturo at pag-aaral |
| 8. Edukasyóng Panggawáin | - pag-aaral tungkol o para sa hanapbuhay |
| 9. mataás na páaralan | - hay iskul |
| 10. mabísa' | - epektibo |
| 11. paaraláng normál | - eskuela ng mga guro o maestra |
| 12. paaraláng pambáyan | - paaralang panlahat o publiko |
| 13. páaralang pansaríli | - paaralang pribado o may bayad; kolehiyo |
| 14. Pagpapalakás ng Katawán | - atletiks |
| 15. pananaliksík | - pagsusuri |

16. pûlong - miting

17. sariling wika' - wikang ginamit sa kamusmusan; wikang kinagisnan

18. tuklás - diskubre

19. ûnang baitáng - primero grado

20. Wastóng Pag-uugáli' - pag-aaral ng magandang ugali o modo

21. wikang pambansá' - opisyal na wika ng buong bayan (Pilipino sa Pilipinas)

*Gamitin ang limang salita sa pangungusap:*

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

b. Paglilikha ng salita sa Taga'og

*Anu-anong salita ang pinagsama-sama sa sumusunod?*

1. salumpuwit ______________________________
   (silya)
2. saksisid ______________________________
   (submarino)
3. hatinig ______________________________
   (telepono)
4. tatsulok ______________________________
   (triyanggulo)
5. parisukat ______________________________
   (kuadrado)

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Ilagay ang wastong sagot sa puwang:*

Ang 1. _______________ ang nagtakda ng edukasyon sa dalawang wika.

Noong panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas bawal ang magsalita ng 2. _______________. Kapag nagsalita ka nito, susubuan ka ng 3. _______________ at sasabitan ka ng 4. _______________ ng guro mo.

Itinatago ang pagbabasa sa magasing Tagalog sapagka't 5. _______________ ng kapwa.

Noong panahon ng 6. _______________ naging malaganap ang pagtuturo ng Tagalog. Nang bumalik ang mga Amerikano nangibabaw na naman ang paggamit ng 7. _______________.

Tagalog ang napiling wikang pambansa dahil sa ito ang wikang 8. _______________, 9. _______________, at 10. _______________.

Ang 11. _______________ ang batayan ng Pilipino.

Ang edukasyong bilingguwal sa Pilipinas ay ang magkahiwalay na gamit ng Ingles at Pilipino. Ingles ang gagamitin sa 12. _______________, 13. _______________ at 14. _______________.

Samantalang Pilipino ang gagamitin sa pagtuturo ng 15. _______________, 16. _______________, 17 _______________, 18. _______________, 19. _______________ at 20. _______________.

Ngayon, salamat sa edukasyong bilingguwal sa mga paaralan, nasa 21. _______________ na ng sariling tahanan ang Pilipino, hindi sa batalan.

3. Pagtalakay

*a. Sang-ayon ba kayo na Pilipino (base sa Tagalog) ang dapat na wikang pambansa ng Pilipinas? Bakit?*

*b. Nararapat bang manatiling Ingles ang isa sa wika ng paaralan sa Pilipinas? Bakit?*

4. Pagkatha

*Ipaliwanag ang kahulugan ng pamagat ng sanaysay. Sumulat ng maikling komposisyon tungkol dito.*



ERIC

## NAGBIBIHIS ANG KANAYUNAN

### Sa Pagkamulat ng mga Magsasaka, Kahit Bundok Ay Napapatag

Gloria Villaraza Guzman

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Nakalatag ang matingkad na lunti sa abot ng tanaw. 1
Napapatlangan lamang ito ng mangilan-ngilang kubo at mga punongkahoy. At sa abot rin ng tanaw, makinis at tuwid ang hanay ng mga tanim. Pantay-pantay ang laki ng namumunong mga palay, at magkakatulad ang dami ng mga suwi. Ang damo'y matatanaw lamang sa mga pilapil sa buong kalawakang hinahagod ng paningin.

Naroroon sila sa gitnang bukid: may nangayuko sa 2
pagbubunot ng damo sa pagitan ng mga tanim, may nagpapagulong ng maliit na makinang panugpo ng damo. Sa gawi pa roon, may nagsisipagsabog ng pataba. At sa kalayuan, may magkakatulong na nagbubomba ng tanim.

Sa pagsasaka raw ngayon ay kailangang magsinop nang 3
tulad sa pagsisinop sa isang munting bakuran. Binabalangkas muna ang magiging kaanyuan ng bukid bago ito lusungin. At bago pa rin balangkasin ang aktuwal na pagsasaka, binabalangkas muna ang magiging badyet at panahong ilalaan sa pagpoprograma ng tanim at ng kailangan nitong tubig, pataba, at mga gamot laban sa sakit at

*kulisap*.

Nakahanda na ngayon ang magsasaka sa pagharap ng mga gawain sa kanyang bukid, sa pakikitungo sa mga tauhan ng pamahalaang dapat maging kaugnay niya sa panahon ng pagsasaka, sa mga kapwa magsasakang dapat makaugnay sa iba't-ibang gawain sa magkakaratig nilang mga bukid. Lulubog-lilitaw raw ngayon ang magsasaka nang hindi nag-iisa lamang, kundi bilang bahagi ng isang pangkat ng may *magkakadiit* na bukid na sinisilbihan ng iisang **turnout** o labasan ng tubig buhat sa malalaking kanal ng patubig. 4

At ang magsasaka sa ngayon, maging siya'y labingwalong taong gulang pa lamang o kaya'y isa nang matandang may mga *apo sa tuhod*, malamang ay nanggaling na sa isa o dalawang **seminar** tungkol sa pagtatanim ng palay, sa paghahalaman, sa paghahayupan, sa pakikisama sa kapwa magsasaka, pakikitungo sa teknisyan, pagbabadyet at pagprograma ng kanyang kinikita o kikitain. At maging tungkol sa pamamahala ng isang organisasyon. O sa pag-aasikaso sa isang bangko. O pagpapatakbo sa pamilihan ng palay at iba't ibang mga produkto sa bukid. 5

Ano ang naidudulot ng ganitong bagong kaisipan at bagong kasanayan sa isang magsasaka? O sa kalipunan ng mga magsasaka? 6

Gaygayin natin ang ilang bayan-bayan sa Gitnang 7
Luson, at damhin natin ang pulso ng mga magsasakang ito.

UGNAYAN NG MGA MAGSASAKA

Sa bayan ng Plaridel, Bulakan, hindi lamang pangulo 8
si Mang Delfin sa Katipunan ng mga Samahang Nayon. Natural lamang na maging isang pangulo muna siya ng sariling Samahang Nayon ng kanyang pook, sa Banga Dos. At bilang pangulo sa kanilang nayon, nahilingan rin si Mang Delfin na mamuno sa isang kompak, o kalipunan ng mga magkakadiit na bukiring pinatutubigan buhat sa iisang **turnout**.

Ang magkakasanib na ahensiya ng pamahalaan, na may 9
kinalaman sa agrikultura ng bansa, ang siyang namamahala sa pagpapatakbo ng **compact farms**. Tinatayuan ng mga ahensiyang ito ang pagdudulot sa magkakaanib na magsasaka ng lahat ng pangangailangang kayang idulot ng gobyerno: puhunan sa gagawing pagtatanim hanggang makaani at makagiik sila, katiyakan sa dami ng tubig na kailangan, tangkilik ang presyo sa patabang bibilhin, sapat na gamot na pambomba sa tanim, at maging sa pagdudulot ng daang-nayon sa pinakamalapit na pook, upang hindi masaktan ang magsasaka sa pagpapahakot ng mga kailangan sa bukid sa panahon ng pagtatanim, at pagpapahakot naman sa palay pagkaani.

"Sa pagkokompak, na tinawag naming **Balikatan** para sa aming **Compact Farm No. 10** napatunayan naming iwang-iwan ang hindi nag-aalaga ng tanim, ang mga bukid na nasa labas ng aming kompak. Marami iyon, at mahina ang naging ani. 10

SA DULO NG KANAL-PATUBIG

Sa pagdalaw natin sa nayon ng Suklayin, dating tinatawag na Sityo sa bayan ng Arayat, aabutin natin ang paglalahad ng mga magsasaka, na kung kailangan ang tubig ay hindi dumarating at kung hindi naman kailangan ay humuhugos ang baha. 11

Ang Kapitan ng Barangay ay may handog sa superintendente ng patubig sa Gapan, si Inhinyero Mar Santos, na kaharap sa mga sandaling yaon sa Suklayin. "Inhinyero Santos, kung inyo pong mamarapatin kami ritong taga-Sityo'y naghahandog: sa pagpapaayos ninyo nitong kanal ng patubig namin," sabi ni Kapitan Leoncio Velasco, "bayaan sana ninyo kaming mga magsasakang tagarito na sa aming nayon ang gumawa sa bahagi ng kanal na nakatapat sa aming mga bukid." Tumanaw siya sa nangakapaligid na mga kanayon, "Napagkaisahan na po namin rito, na kung mangyayari ang biyayang iyon ... pagbayad sa amin ng NIA sa pagawaing iyon, hindi namin tatanggapin ang 50% ng **cash**, kundi ibabayad namin sa aming mga atraso sa upa sa patubig." 12

At inilahad rin ni Kapitan Velasco, "Ito pong 13
tanimang ito, sinabi naming mga taga-Suklayin sa aming alkalde, si Mayor Benigno Espino, na ngayong tag-araw ay hindi na kami makikihati pa sa paggamit ng tubig ng ibang mga nayon rito sa Arayat. Nagkaisa na po kaming magtanim ng _pakwan_."

At isa pang sitwasyon sa isa ring dulo ng kanal na 14
umaabot naman sa Bulakan ang nangyayari sa Bagong Silang, San Miguel. Nakadiit na sa mga bukid ng Bagong Silang ang mga _talahiban_ ng **Candaba Swamps**.

"Dito po sa amin," sabi ni G. Vicente Macaso, na 15
pangulo ng Samahang Nayon, "sana'y mabuti-buti na ang daloy ng tubig kahi't naririto kami sa dulo. Kaya lamang, maganda na sana ang ayos ng aming palay kundi sa dami ng daga buhat diyan sa naggugubat na talahiban ng **Candaba Swamps**.

"Nagkakaisa po kaming mag-**Operation Linis** bago 16
magtaniman. Nguni't ngayong may bunga na ang palay, anuman ang _pain_ ay hindi na kakagat ang daga. Aso po ang aming mga katulong na siyang humuhukay sa mga lungga ng daga at saka nanghuhuli sa kanila."

Inilahad ni G. Macaso na sa loob ng dalawang linggong 17
may _butil_ na ang kanyang palay, may sampung ulit na siyang lumalabas sa gabi, upang mangilaw sa daga sa kanyang

sariling bukid. "At mahigit pong isang daang daga sa isang gabi ang nahuhuli ko at ng aking mga anak."

18 Nguni't puno pa rin ng pag-asa ang kanyang tahimik na tinig, "Naniniwala po akong mas mabuti ang mga panahong hinaharap. Ngayon raw ay may pamatay na sa mga sukal na talahiban. At diyan sa kahit anong lawak ng mga talahib na iyan, marahil naman ay darating din ang araw na hindi na kami gaanong mapeperhuwisyo ng daga."

19 Si G. Marcial Custodio, na siya ngayong masipag at tapat na tagapamahala ng **Area Marketing Cooperative of Central Bulacan (AMC)**, bilang makabagong magsasaka, ay walang sawa sa pag-eeksperimento sa iba-ibang uri ng binhi at iba-ibang uri ng paghahanay ng tanim. Sa ngayon ay ginagamit na raw niya sa lahat na kanyang saka ang **Japanese method**, na may pagitang mas maluwang kaysa pagtutudling. At ang hanay ng mga tanim ay **east-west**, "upang pasukin ng liwanag ng araw ang pagitan ng mga hanay," paliwanag ni Mang Marcial.

20 Sa anim na pinitak na siyang eksperimentuhan niya, na kalahating ektaryang sakahang katabi ng sasahan sa isang sapa -- at pinapasok ng alat ng tubig sa **Manila Bay**, naitanim na niya ang may labing-apat na uri, at ngayon ay may 250 metro kuwadradong nakatanim na isa na namang bagong binhing tinatawag na "BLM-70." "Animnapung araw

lamang at maaani na ito, ang sabihan," paliwanag ni Mang
Marcial. "**Direct seeding** ho sa bukid, kaya wala nang
paglilipat ng punla ..."

Ang mga nasubok niyang mga binhi sa kapirasong lupang 21
ito: Elon-elon -- ani: 22 kaban; Makan -- 22 kaban;
Raminad -- 14 hanggang 18 kaban; Wagwag -- 28 kaban;
Dinalaga -- 20 kaban; Binato -- 36 kaban; IR-8 -- 42
kaban; IR 1561 -- 63 kaban; IR 12 -- 51 kaban; IR 20 -- 56
kaban; IR 26 -- 87 kaban (ngunit hindi raw masarap
kainin); IR 30 -- 64 kaban; IR 36 -- 67 kaban; IR 40 -- 63
kaban; at IR 17-21-23, na nakatanim ngayong kasabay ng
"BLM-70", at "nakikita kong matibay ang binhing ito sa
alat, at matigas sa init," sabi ni G. Custodio.

Isang kubo sa gitnang bukid na pag-aari ni G. Nolasco 22
de la Cruz ang nakagawian nilang pagpahingahan sa tuwina.
At dito, sa kanilang pag-uumpuk-umpok, nagkakabalitaan
sila tungkol sa tanim, nagkakahingahan ng mga sama ng loob
kapag hindi nakasasapat ang tubig na dumarating sa bukid
ng ilan.

At sa kanilang malimit na pag-uusap, nabuo ang isang 23
hangarin: magkaisa na silang lahat, sa ilalim ng sagisag
na, **Pag-asa**.

"Napag-isip-isip ho namin," salaysay ni G. Cenon 24
Maghinang, na pangulo ng Samahang Nayon sa Talampas, "kung

magkakaisa kami rito sa Malamig, lahat kami, magdadamayan sa halip na mag-agawan sa tubig. Kaya sa lahat ho ng gawain ngayon, nagkakaisa na kami. Iisa ang aming binhi -- IR 36. Sabay-sabay kaming nagtanim, sabay-sabay na nagsabog ng pataba, sama-samang lumipol ng daga, sama-samang nagbubomba sa tanim, lahat ay nagtutulungan sa pag-aalis ng damo sa aming mga bukid. At tingnan n'yo naman."

Hagurin natin ng tingin ang matingkad na lunti sa 25
Malamig. Sa kaanyuan lamang ay isang kubo at ilang punong nakapaligid rito ang naging patlang sa kalawakan ng mga tanim na palay na malusog at masigla -- sa maingat at masigasig na pag-aalaga ng mga mulat na magsasaka.

At muling darating sa ating pandinig ang isa pang 26
sinabi ni Mang Delfin, ang lider-magsasaka ng Plaridel, "Napabababa ho ang bundok ... kung ang magpapamilya'y isa-isang magpapasan ng kapirasong bundok sa kanyang likod."

At sa gitnang bukid na ito, napapababa na wari ang 27
bundok ng labing-isang nayong pinanggalingan ng mga magsasakang may sagisag na Pag-asa.

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. apó sa túhod | n. great grandchild |
| 2. binabalangkás (balangkás) | v. 1. formulating a plan<br>2. making a framework of |
| 3. lusúngin (lúsong) | v. to get or reach (something) by descending or going down |
| 4. magdadamáyan (dámay) | v. will cooperate with or help one another |
| 5. magkakadiít (dikít) | adj. touching each other side by side or end to end |
| 6. magsínop (sínop) | v. to practice thrift<br>Syn. mag-impok |
| 7. mapeperhuwísyo (perhuwísyo) | v. (Span.) will destroy; will ruin |
| 8. nagkakahingáhan...loob (hingá) | v. airing one's grievances |
| 9. napapatlangán (patláng) | v. spaced or gapped in between |
| 10. pagkamulát (mulát) | n. awakening |
| 11. pag-uumpúk-umpók (umpók) | n. gathering |

**Bokabularyong Teknikal**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | atráso sa úpa | *n.* rent payment in arrears |
| 2. | binhí' | *n.* seedling |
| 3. | bútil | *n.* (Agri.) a single seed, grain or kernel |
| 4. | kulísap | *n.* (Entom.) insect, especially one that is very tiny |
| 5. | íwang-íwan (íwan) | *adj.* behind in progress |
| 6. | makagiík (giík) | *v.* to be able to thresh (rice), esp. with the feet |
| 7. | napapátag (pátag) | *v.* flattened or levelled |
| 8. | páin | *n.* bait |
| 9. | pagtutudlíng | *n.* (Farming) making furrows in preparation for the planting or sowing of seeds |
| 10. | pakwán | *n.* watermelon |
| 11. | patabá' | *n.* fertilizer |
| 12. | patúbig | *n.* (Agri.) irrigation system |
| 13. | pilápil | *n.* small dike or levee made of earth between |

two paddies of an irrigated field

14. pinítak — n. a division or section in an irrigated field

15. panugpó'/pansugpó' (sugpó') — adj. that which is for preventing or controlling the aggravation

16. sasahán — n. nipa palm grove

17. suwí' — n. (Bot.) a subordinate shoot that grows from a bud on the root or stem of a plant

18. talahíban (taláhib) — n. (Bot.) a field of a species of coarse grass

***K. MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang pagkakaiba ng isang magsasaka noon sa magsasaka ngayon? Anu-anong mga kasanayan ang dapat matutuhan ng isang 'makabagong' magsasaka? (3,5)
2. Ano ang tinatawag na 'compact farms'? Paano nakakatulong ang mga ahensyang pang-agrikultura sa mga kompak? (8,9)
3. Ipaliwanag ang panukala ng Kapitan ng Baranggay tungkol sa patubig sa kanilang nayon ng Suklayin. (12)
4. Bukod sa patubig, ano pang suliranin sa pagtatanim ang hinaharap ng mga magsasaka? (14,15)
5. Paano ang ginagawang paglipol ng mga magsasaka sa mga daga? (16,17)
6. Ilarawan ang tinatawag na 'Japanese method' ng paghahanay ng tanim. (19)
7. Magsabi ng ilang uri ng binhing ginagamit ng mga magsasaka ngayon. Ano ang kabutihan ng binhing "BLM-70"? (20,21)
8. Anong mga katangiang Pilipino ang makikita sa pagtutulungan ng mga magsasaka? (22,23,27)

**D. MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga titulong panggalang

<u>Di-kamag-anak</u>

| | |
|---|---|
| "Attorney" (+ apelyido) | - tawag sa isang nakapasang "attorney at law" o abogado |
| Kapitán/a (+ apelyido) | - tawag sa isang may ranggong kapitan |
| Doktor/a (+ apelyido) | - tawag sa isang nakapasa sa pagdodoktor |
| Ginoóng/Ginang (+ apelyido) | - mas pormal na paggalang sa isang lalake o babae |
| Inhinyéro (+ apelyido) | - tawag sa isang nakapasa sa pagiging inhinyero |
| Mang/Áling (+ unang pangalan/palayaw) | - pangkaraniwang tawag sa lalake o babaing di-gaanong kakilala o nakatatanda |
| Mayór o alkálde (+ apelyido) | - tawag sa isang nahalal na mayor o alkalde |
| Presidénte (+ apelyido) | - tawag sa isang nahalal na presidente |
| Representánte (+ apelyido) | - tawag sa isang nahalal na representante |

| | |
|---|---|
| Senadór/a (+ apelyido) | - tawag sa isang nahalal na senador |

**Kamag-anak**

| | |
|---|---|
| Kúya/Ate (+ paláyaw) | - pinakamatanda sa magkakapatid |
| Díko/Ditsé (+ palayaw) | - susunod sa pinakamatanda sa magkakapatid |
| Impó (+ palayaw) | - tawag sa isang malaki ang pagkatanda |
| Lólo/a (+ palayaw) | - tawag sa ina o ama ng iyong magulang o tiyo/a |
| Néna/Táta (+ palayaw) | - tawag sa isang nakakatulad ang idad sa magulang o maaaring tiyo o tiya |
| Sangkó/Sansé (+ palayaw) | - susunod sa pinakamatanda sa mga magkakapatid |
| Tiyó/a (+ palayaw) | - tawag sa kapatid o pinsan ng iyong ama o ina |

*Gamitin ang mga titulong ito sa mga pangalang iyong kakilala:*

Halimbawa: Presidente Marcos

1. Aling ____________________
2. Ginoong __________________
3. Senador __________________



ERIC

4. Representante ______________

5. Alkalde __________________

6. Doktora __________________

7. Attorney _________________

8. Lolo _____________________

9. Tiya _____________________

10. Ate o Kuya ______________

*Ibigay ang salitang nalalapit ang kahulugan sa mga may salungguhit:*

1. Matingkad na <u>berde</u> ang kulay ng bukid.
2. Ang <u>pagtatanim</u> ay di biro.
3. <u>Tumatapak</u> sa tubigan ang mga magsasaka.
4. Magkakatulad ang dami ng <u>usbong</u> ng palay.
5. Kailangang <u>matulungan</u> ang mga tao sa bukid.
6. Sa loob ng dalawang linggo, may <u>bunga</u> na ang kanyang palay.
7. Walang sawa sila sa pag-eeksperimento sa iba-ibang uri ng bagong <u>tanim</u> na palay.
8. Ang palay ni G. Marcial Custodio ay <u>mataba</u> at masigla.

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Pagtapat-tapatin ang mga salita o terminolohiya sa kaliwa at paglalarawan o paliwanag sa kanan. Isulat ang titik ng wastong sagot.*

| | | |
|---|---|---|
| _____ | 1. Elon-elon | a. kalipunan ng mga magkakadiit na bukiring pinatutubigan sa iisang turnout |
| _____ | 2. Japanese method | b. katulong sa paghuhuli ng daga |
| _____ | 3. compact farms | c. sagisag ng pagkakaisa ng mga magsasaka |
| _____ | 4. aso | d. damayan |
| _____ | 5. direct seeding | e. pagsasakang may pagitang mas maluwang kaysa pagtutudling |
| _____ | 6. Pag-asa | f. di na nangangailangan ng paglilipat ng punla |
| | | g. binhi ng bigas |

3. Pagtalakay

*Batay sa paliwanag ng may-akda, ano ang ibig sabihin ng sumusunod:*

1. Sa pagkamulat ng magsasaka, kahi't bundok ay napapatag.

2. Napapababa ang bundok, kung ang magpapamilya'y isa-isang magpapasan ng kapirasong bundok sa kaniyang likod.

4. **Pagkatha**

*Sumulat ng maikling talata tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa ng mga magsasaka sa ilalim ng sagisag na Pag-asa.*

## TAWARAN

Teresita V. Ramos

***A. BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Isang institusyon na sa Pilipinas ang tawaran[1]. Ang 1
kaugaliang ito ay mula sa dalawang magkasalungat na hangarin: ang hangarin ng tindera na kumita ng malaki at ang hangarin ng mamimili na magtipid. Upang matugunan ang dalawang hangaring ito, pumapasok sa ilusyon ng tawaran ang tindera at mamimili. May pamamaraan ang isa't-isa upang maging kaaya-aya nguni't kumplikado ang kanilang pagtatalo. Pahusayan sila ng pasaring at insulto.

Para sa mamimili, ang unang taktika ay ang di 2
tuwirang pagsasabi sa tindera na tila ayaw niya ang mga

---

[1]TAWARAN (from tawad n. discount or reduction in price). Tawaran is a common practice among Filipinos who engage in 'haggling' or bargaining in small business transactions, often done in public markets in the Philippines. The seller gives a price and the buyer quotes a lower price. The seller either gives in or quotes a price lower than the original quotation but higher than what the buyer wants to pay. Also part of the business transaction is the downgrading by the buyer of the item being sold. The seller's role is to speak highly of the quality of his/her wares.

In big department stores, prices are usually fixed and no haggling is allowed. In smaller shops, however, haggling is a fine art of both the buyers and the sellers tying to outdo each other in getting the best price for the goods being sold.

bagay na itinitinda. Kung ang itim na sapatos halimbawa ang nagustuhan ng mamimili, ang una niyang gagawin ay magtanong kung may pula, asul o berdeng sapatos na tulad ng isinukat niya. Kahi't na kasyang-kasya ang sapatos at talagang itim ang gusto niya, hahanap siya ng kulay na wala ang tindera. Ganito rin ang gagawin niya kung ang binibili niya ay damit o bag; kung gulay naman o isda ang binibili ay hahanap siya ng wala. Sa ganitong paraan, sinisabi niyang napipilitan lamang siyang tingnan o isaalang-alang ang panindang naroon. Kaya kailangang maganda talaga ang presyo para maingganyo siyang bumili.

Pagkatapos ng maraming pintas at pasaring, tatawaran 3
na ng mamimili ang paninda. Kalahati kaágad ang tawad. Kunwa'y magugulat ang tindera sa baba ng tawad. Pupurihin nito ang kanyang paninda. Sasabihing siya lamang ang may ganoong uri ng bag o sapatos o gulay. Ang sagot naman ng mamimili ay talagang hindi naman ito ang naiisip niyang bilhin. Sasabihin naman ng tindera na magpapalugi na siya at ibibigay na lamang niya ang paninda sa pitumpu't limang por siyento ng tunay na presyo. Mahal pa rin ito, sasabihin ng mamimili. Dadagdagan pa ng mamimili ang tawad nito. Kadalasan nagkakaayos ang dalawa sa animnapu't limang por siyento o higit pa.

Kung minsan ay sasabihin ng tindera na sagad na ang 4

presyo at hindi na maibababa pa. Sa gayon ay kunwang aalis ang mamimili at sasabihing magtitingin-tingin muna siya. Kung minsan ay tatawagin ng tindera ang mamimili at ibibigay na ang paninda sa tawad nito. Kung minsan naman ay hindi.

Bagama't kadalasa'y mahusay ang pag-uusap ng dalawa, 5
paminsan-minsa'y lumalabis ang pasaring ng isa't-isa. Nauuwi ito sa away. Pero hindi naman ito madalas mangyari. Mas karaniwan na magkasundo ang dalawa. Maghihiwalay silang parehong kontento. Nasa isip ng mamimili na nakamura siya at ang tindera naman ay masaya't nakapagtinda siya.

Siyempre pa'y ilusyon lamang ang ganitong tawaran-- 6
pagka't hindi naman ibibigay ng tindera ang paninda kung wala siyang tubo. Sabihin pa, ang nakatalang presyo ng paninda ay malamang na doble ng tunay na presyo, bilang pagbibigay na nga sa nakaugaliang tawaran.

Hindi lahat ng tindahan ay sumusunod sa ganitong 7
kaugalian. Karaniwan itong nangyayari sa mga palengke at mumunting tindahan pero hindi sa naglalakihang "department stores".



ERIC

*B. BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. kaaya-áya | adj. pleasant |
| 2. kásya(var. kásiya) | adj. right fit; can be acco-modated in. Syn. husto (Sp.), tama |
| 3. konténto | adj. (Sp.) content, satisfied |
| 4. hangárin (hangád) | n. intention, desire, purpose Syn. layunin |
| 5. insúlto | n. (Sp.) insult Syn. paghamak |
| 6. isaalang-álang | v. to consider; take into consideration |
| 7. magkasalungát (salungát) | adj. opposing, contradicting Syn. magkalaban |
| 8. maghihiwaláy (hiwaláy) | v. will separate, lit. to mutually separate |
| 9. matugunán (tugón) | v. to respond to |
| 10. napipilítan (pílit) | v. being forced to |
| 11. pamamaraán (daán) | n. ways and means |
| 12. táktika | n. (Sp.) tactics |

13. (di) tuwíran (hindî tuwîd) — *adj.* indirect

**Bokabularyong Teknikal**

1. kumíta (kíta) — *v.* to earn
   Syn. sumahod, sumuweldo
2. magpapalûgi (lûgi) — *v.* will incur a loss in a business transaction
3. magtipíd (tipíd) — *v.* to economize; to be frugal; to be thrifty
4. mainggányo (inggañnyo) — *v.* (Sp.) to be tempted; to be persuaded; to be won over or convinced
   Syn. mahikayat, maakit
5. nakatalá' (talá') — *adj.* recorded, listed
   Syn. nakalista
6. pagtatálo (tálo) — *n.* verbal dispute
7. pasaríng — *n.* asides; an indirect derogatory remark or comment; a criticism
8. pintás — *n.* a criticism
9. sagád — *adj.* bottom or lowest (price)

10. túbo' — n. gain from the sale of something

Syn. ganansiya, pakinabang

***K. MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Bakit ilusyon lamang ang tawaran? (6)
2. Ano ang nakukuha ng tindera at mamimili sa kaugaliang ito? (1,5)
3. Magkano ang unang tawad ng mamimili? (3)
4. Lagi bang nagkakasundo ang tindera't mamimili? (4)
5. Saan puwedeng tumawad sa Pilipinas? (7)

**D. MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Parehong salitang ugat nguni't di-parehong kahulugan

Táwad - (n.) forgiveness

Humingi ka ng tawad sa kaniya.

Patáwad - (n.) forgiveness

Wala ka talagang patawad.

Patawárin - (v.) to forgive (someone for doing or not doing something)

Patawarin mo na siya sa mga pagkukulang niya sa iyo.

1. *Gamitin ang tawad, tumawad, patawad, patawarin, pinatawad. Tapos isalin sa Ingles ang mga pangungusap.*

1. Puwede bang __________ ?

______________________________________________

2. Puwede bang __________ mo siya?

______________________________________________

3. Wala kang __________ .

______________________________________________

4. Wala bang __________ ?

______________________________________________

5. Hindi niya ako __________.

______________________________________________

2. *Gamitin ang tawad/patawad sa pangungusap.*

*Tapos, isalin sa Ingles ang mga pangungusap:*

1. ________________________________________________

   ________________________________________________

2. ________________________________________________

   ________________________________________________

**Tapât/Katapât** (prep. phrase) across, in front of (used as a prepositional phrase indicating direction, location.)

Nasa **tapat** ng simbahan ang bahay ko.

**Katapat** ng ospital ang patio.

**Tapat** (adj.) sincere, true, faithful, loyal; also last price

**Tapat** siyang kaibigan.

*a. Gamitin ang tapat, tapatin, katapat. Tapos, isalin sa Ingles ang mga pangungusap:*

1. __________ na ba iyan?

   ________________________________________________

2. __________ siyang asawa.

   ________________________________________________

3. __________ ka ba sa kaniya?

   ________________________________________________

4. __________ ng bahay ko ang poste.

_______________________________________________

5. __________ mo na ako.

*b. Gamitin ang tapat/katapat sa pangungusap:*

1. _______________________________________________

_______________________________________________

2. _______________________________________________

_______________________________________________

b. Iba't-ibang uri ng pagtawad

1. Tawad na nambobola

Halimbawa: Mamang pogi (an inversion of guwapo (Sp.) handsome) bigyan na ninyo ako ng "discount."

(Handsome man, come on. Give me a discount.)

2. Tawad na nakikipagkapwa

Halimbawa: Marami akong anak na pinakakain. Ibigay mo na.

(I have many children that I feed. Give it at my price.)

---

[1]Adapted from "Pagtawad: Haggling Behavior" by Milagro E. Du and Rolando Paysu in Philippine Journal of Psychology 12:2

3. __Tawad na namimintas__

Halimbawa: Sige na, ibigay mo na sa tawad ko. Pinagpilian na iyang tinda mo.

(Come on, give it at my price. These are already left-over goods.)

4. __Tawad na kunwa di bibili__

Halimbawa: Ang totoo'y marami pa akong tuwalya sa bahay.

(The truth is I still have a lot of towels at home )

5. __Tawad na pahambing__

Halimbawa: Hindi bale na lang, marami pa namang mabibilhang ibang tindahan.

(Never mind, there are other stores to buy from.)

6. __Tawad na nangangako__

Halimbawa: Sige na para maging suki mo ako.

(Come on (give it) so I can be your steady customer.)

Kung ibibigay mo sa presyong gusto ko, kukuha ako ng marami.

(If you give it ay my price, I'll buy many more.)

*Magbigay ng halimbawa ng iba't-ibang uri ng pagtawad.*

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

k. Mga Salitang Pamilang[2]

tumpók ('a pile'; 'a handful') ng ______________

kamatis, bawang, sampalok, kamias, hipon, isda, tuyo, mangga, santol, kalamansi, at iba pa.

tungkós or táli' ('a bunch', usually long vegetables tied in a bunch) ng ________________

sitaw, talbos ng kamote, kangkong, petsay, at iba pa.

láta ('a can', an empty milk can used for measuring shellfish or beans) ng ________________

salóp (equivalent to 8 gatangs or 3 cubic liters of the metric system) ng ________________

bigas, mais, darak, at iba pa.

---

[2]Traditional measurements in Philippine markets and small corner stores are largely informal. In addition to the informal measures, the metric system is widely used throughout the country. (Read "Weighing, Measuring and Counting" by Gilda Cordero-Fernando in The Culinary Culture of the Philippines, Manila 1976, for a better understanding of Philippine types of measurement.)

cavan (eqivalent to 25 salop; one full sack) ng ________ bigas, mais, darak, at iba pa.

tuhog ('skewered'; small dried fish usually are sold pierced on a stick (tuhog)) ng ____________________ tuyo, sapsap, tunsoy at iba pa.

dosena ('dozen'; fruits are usually sold by the dozen) ng ____________________ mansanas, mangga, dalanghita, chico, santol, at iba pa.

kaing ('extra large basket'; often used for wholesale purchases of fruits) ng ______________ lansones, dalanghita, mangga, chico, at iba pa.

*Gusto mong bumili ng sumusunod. Ano ang gagamitin mong pamilang?*

Halimbawa: (mangga) Isang dosena nga ng mangga.

Magkano ang isang dosenang mangga?

1. palay ____________________________________________
2. tela ____________________________________________
3. lansones ____________________________________________
4. luya ____________________________________________
5. dahon ng ampalaya ____________________________________________
6. tulya ____________________________________________
7. kalamansi ____________________________________________
8. mais ____________________________________________

9. petsay ________________________________________

10. dilis ________________________________________

*Bigyan pansin ang paggamit ng* *-ng/na:*

isa**ng** dosena

isa**ng** dosena**ng** mangga

apat **na** salop **na** bigas

tatlo**ng** gatang **na** munggo

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

a. Mga iba't-ibang pananalitang ginagamit sa pamimili at pagtitinda.

**(Mamimili)**

| | |
|---|---|
| Magka(ka)no ba ang __________ ? | How much are the __________? |
| May tawad ba ? | Is there any discount? |
| Maari/Puede bang tumawad? | Can/May I ask for a discount? |
| Wala na bang tawad? | Is there no discount? |
| Tapat na ba iyan? | Is that price fixed? |
| __________ na lang. | (Give it) for ________ |
| Ang mahal naman! | How expensive! |

**(Tindero/a)**

| | |
|---|---|
| Turingan mo. | Make a price offer. |

| | |
|---|---|
| O sige, salubong tayo. | Let's meet halfway (in price). |
| Tapat na (ho) iyan. | That price is fixed (sir/ma'am). |
| Mura(-ng mura) na ho iyan. | That's already(very) cheap/inexpensive. |
| Puhunan lang (ho) yan. | That's only my capital. |
| Wala pa (ho) sa puhunan ang tawad ninyo. | Your counter price is not even as high as my capital. |
| Malulugi (ho) . | I'll lose (money). |
| Hindi ho puwede. Sa iba na kayo bumili. | No(sir/ma'am) it's not possible. Why don't you buy from somebody else. |
| Tawad hindi bibili naman kayo. | You(sir/ma'am)are bargaining as if you have no intention of buying. |
| Kaunti pa. | Some more. |
| Taasan pa ng kaunti ang tawad ninyo. | Raise your counter offer a little more. |
| Kung hindi lang kayo | If you're not my |

| | |
|---|---|
| buwena mano[3], hindi ko ibibigay sa presyong gusto ninyo. | first customer, I wouldn't sell you the goods at your price. |
| O, sige na nga, suki[4] naman kayo. | Oh, allright, since you're my regular customer. |

b. Mga pananalitang di dapat gamitin

**(Mamimili)**

| | |
|---|---|
| Ano, ba parang ginto na na 'yan. | What's this? That's similar to gold (in price.) |

---

[3]Buena mano (Sp.) literally " good/lucky hand". Refers to the first sale or buyer of the day. It is believed to bring good luck to the seller if she/he succeeds in having the first customer make a purchase.

[4]Suki (Ch.) means one who is a regular customer or client. A suki relationship with the seller insures a good (lower) price of items for the former. In this relationship, haggling sometimes does not take place because the suki believes that the seller has given her/him the best price possible. Suki is also used in the process of tawaran (bargaining) to persuade the seller to lower his/her price since the possibility of a steady customer is good for business.

| | |
|---|---|
| Naku, bilasa na yata yang isda mo, ubod pa ng mahal. | (Interjection) Your fish is rotten and yet it's so expensive. |
| (Tindero/a) | |
| Masyado naman kayong barat! | You are so cheap! (literally one who haggles a lot.) |
| Napakabarat naman ninyo! | How cheap you are! |
| Hoy, kung may makuha kang mas mababa ako ang bibili. | If you can buy these cheaper (anywhere else) I'll buy them. |

*Isulat sa puwang kung ano ang inaakalang sinasabi ng mamimili (M) sa tindero (T).*

Pamimili ng Mangga

M. ____________________________________________ ?

T. Tatlong piso po ang isang dosena.

M. ____________________________________________ ?

T. Wala na po. Mura na iyan kasi matamis naman po ang manggang ito.

M. ____________________________________________ ?

T. Hindi po. Manggang kalabaw po iyan. Ubod ng tamis.

M. ____________________________________________ ?

T. Hindi po maari. Tapat na po iyan.

M. ________________________________________ ?

T. Talagang hindi ho puwede. "Fixed price" po kami rito. Kung gusto ninyo dadagdagan ko na lang kayo ng isa.

M. ________________________________________ ?

T. O sige Ale/Mama, buena mano lang kayo, eh. Dos singkwenta ang isang dosena. Eh, kung ayaw pa kayo wala na akong magagawa.

M. ________________________________________ ?

*Kumuha ng kapareha at isadula ang isang tawaran sa palengke. Itanong sa mga nakikinig kung anong uri ng pagtawad ang ginamit.*

b. Isalin sa Tagalog ang sumusunod na dula sa Ingles.

GOING TO MARKET, PHILIPPINE STYLE

B. How much is your dried fish?

________________________________________

S. Fifty (centavos) for each <u>skewer</u> (of fish).

________________________________________

B. Is there no discount?

________________________________________

S. It can be five skewers for two pesos.

________________________________________

B. Is it a new stock?

________________________________________

S. It was bought just now. Look at it. Smell it.

---

B. How about thirty (centavos) each?

---

S. Oh, no. I will lose money.

---

B. I'm a steady customer, anyway.

---

S. That's why I'm not really quoting a high price to you.

---

B. Come on.

---

S. Sorry, ma'am. How many will you get?

---

B. Around twenty skewers.

---

S. Forty centavos is my lowest price for each skewer.

---

B. Can you give it for thirty-five centavos each?

---

S. No, I'm sorry.

---

B. Oh, well. We'll just buy from someone else.

---

S. Okay, okay. You can have it. If it were not the first sale

of the morning, I would'nt give it to you.

B. Where do you sell tomatoes around here?

S. There, on the next aisle.

B. Where can we buy chicken?

S. That's near the 'halu-halo' vendor.

B. Where is that?

S. Farther back.

B. Here's the money.

S. Thank you. Be sure to come back here.

B. If you give us a good price.

S. Of course, you're a steady customer.

3. Pagtalakay

*Gusto mo ba ng tawaran? Ipaliwanag ang iyong paninindigan.*

4. Pagkatha

*Sumulat ng dalawa o tatlong parapo na nagpapaliwanag kung paano ang pamimili sa America (halimbawa ang paggamit ng "credit card", tseke, atbp.) Ihambing ito sa pamimili sa Pilipinas.*



ERIC

## MAY BINUBUHAY ANG NAPALOLOKO

### Mga Abilidad Para Mabuhay sa Gitna ng Kahirapan

Rosario T. Yu

*A.* ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Masisira ang ulo ng karaniwang maybahay na 1
napagkasyahin ang kinikita ng asawa niya, sa pangangailangan ng buong pamilya sa ngayon. Sa mga oras-de-peligro mahusay ang Pilipino. Hindi siya nawawalan ng remedyo. Isa na rito ang pag-aarimunan sa pamimili.

HOKUS-POKUS, AYOS!

Kamakailan lamang, muntik nang maloko ang isang 2
ginang nang dumayo siya sa Divisoria para makipag-arimunan. Sa loob-loob niya, titiisin na niya ang init, gulo, at sarisaring amoy sa halip ng malamig at maalwang **department store** sa Cubao para sa dagdag na pirasong maaari niyang mabili basta marunong lang siyang makipagtawaran. Aktong nagbabayad siya sa tindera sa bangketa nang masilip yata ng isang makisig-kisig na lalaki ang lilimampuing umusli sa pitaka.

"Mrs. palitan ko na nga ho yang singkuwenta n'yo, 3
idedeposito ko lang sa bangko," sabay bunot ng makapal na tiglilimahin at binirahan ng bilang. "O, Mrs. tignan n'yo, lima, sampu, kinse . . ."

"Wag na lang, nagmamadali ako," tutol ng ginang. 4

"O, Mrs. eto na, o" 5

At muling binilang ang mga lilimahing unat na unat. 6
Sa madaling salita, nagkapalitan.

Pero nang iabot ng lalaki ang mga lilimahin ay muling 7
binirahan ng bilang ng Mrs. Hindi pa nakatatatlong buklat ay dali-daling iniabot ng lalaki ang singkuwenta ng Mrs. sabay **bawi** sa mga lilimahin niya at **sumibat**.

Hindi yata nakatiis ang tinderang nanonood. "O, 8
loko, di **nabuko** ka. Sa susunod Mrs., pag may magpapalit sa inyo sabihin n'yo, asawa kayo ng pulis."

Kung medyo hilu-hilo na siguro ang ginang sa 9
paglilibot sa buong Divisoria, malamang na nabiktima siya ng **pakanang** ito sapagka't dalawang beses namang binilang sa harap niya ang mga unat na unat na lilimahin (hindi nakatiklop na karaniwan nang ginagawa). Mahuhulaang wala sa pagbilang ang **panglalansa** kundi sa pag-aabot ng salapi. Tulad sa isang mahusay na salamangkero, nagagawa niyang maipit sa kabilang kamay ang isa o dalawang pirasong lilimahin.

SA ITLOG AT PRUTAS

Marami pang klase ng ganitong mga **pakulo**. Isa pa 10
ring mahilig mag-arimunan ang **paingganyo** sa dalawang babaeng **naglalako** sa palengke ng nagpupulahang itlog na



ERIC

maalat. Pinagkakalumpunan palibhasa ang mga tindera at may ipinatitikim pang "sample" kaya nakibili na siy Kalahating dosena ang binili niya at natutuwang naiisip na nakamenos siya ng 30 bawa't isa. Ang siste, nang kakainin kinaumagahan, wala ni isa mang pinakinabangan.

IBANG KLASENG BOMBA

Hahaba ang kuwentuhang ganito kung babanggitin ang iba't ibang klase ng panlolokong naiisipan ng mga nagtitinda o ng mga maabilidad sa buhay. Nariyan ang iba't ibang klase ng "bomba" sa palengke na bagama't alam ng mga mamimili ay wala naman silang magawa. May bomba ang manok (may iniksyong tubig, pampabigat sa timbang), ang kaing-kaing na prutas (malalaki sa ibabaw, maliliit sa ilalim), ang tela (kulang sa sukat), ang karne (kinulayang karne ng kalabaw o kabayo para mapagkamalang karne ng baka o karneng Batangas sa mga hindi sanay tumingin). 11

Bukod dito, nariyan ang nagkalat na mga "fake" na bilihin: pekeng bolpen, pekeng pulbos at meykap, pekeng kulay ng sariwang bulaklak, pekeng singsing at alahas, pekeng gamot, at kung anu-ano pa. 12

MOTIBO SA PANGGAGANTSO

Ang anumang anyo ng pagsasamantala ay dapat tutulan. 13
Ang uri ng panlolokong nakapaloob sa mga nabanggit ay dapat lamang ilantad at sugpuin. Subali't hindi sapat na

ang mga ito'y kondenahin lamang. Kailangang unawain ang puno't dulo ng mga pangyayaring ito.

Bakit may panloloko? Para tumubo, para kumita. Kung 14
sa bawa't itlog na bugok na maipagbibili ng $ 0.69 ay mamumuhunan lamang ng 20--30, tutubo ng 40--50. Mahina ang P40.00 na kikitain sa 100 pirasong maipagbibili. Kung sa bawat malolokong magpapalit ng pera ay makauumit ng P5.00, mahina and P50.00 sa sampung taong mabibiktima sa isang araw.

Nakababagabag isipin na sa ganitong sitwasyon, ang 15
masa ay niloloko ng kapwa masa. Ang mamimili na hilo at taranta sa mataas at di-inaasahang pagtaas ng presyo ng bilihin ay nabibiktima pa ng mga kapwa-hirap din sa buhay na mga maliliit na mamumuhunan at sidewalk vendor (hindi sinasabi gayunman na lahat sila'y nanloloko). Katwiran nga nila, kailangan nilang gawin ang ganito para kumita, o kaya'y maiawas na ang para sa kolektor ng puwesto. Sa ganang mamimili naman, hindi rin tamang ninanakawan sila ng bunga ng kanilang pinagpaguran.

PAANO TITINGNAN?

Sa malawak na pagtanaw, ang lahat ng mga ito at iba 16
pang lilitaw na paraan ng panggagantso sa mga nasabing pook ay mga sintomas ng matinding kahirapan. Sa isang sistemang kanya-kanyang kayod, kanya-kanyang tuka, matira

ang matibay.

Base sa sensus ng 1975 (NCSO), may 3.6% ng mga walang 17
hanapbuhay. At taun-taon ay tinatayang may 300-400,000 ang nadaragdag dito na binubuo ng mga hindi-bihasang manggagawa (unskilled worker) at mga huminto na sa pag-aaral na kabataan sa gulang na 10-19. Nitong nakaraang taon (1978) itinatalang may 17,478,000 ang kabuuang manggagawa sa buong bansa at tinatayang umabot sa 25-47% ang walang mga trabaho.

Isa pa ring pag-aaral ng isang grupo ng mananaliksik 18
sa UP School of Economics ang nagpapakita ng matinding kahirapan ng mga mamamayan. Isinasaad dito na kailangang kumita ang isang karaniwang manggagawa noong 1978 ng P26.18 isang araw upang mapabilang sa grupo ng nasa **poverty line.**

Ano ang ibig sabihin nito? Ang **poverty line** na 19
tinutukoy ay ang hangganang tumutukoy sa naghihirap na pangkat o mga taong ang kinikita ay "hindi kayang ibigay sa pamilya ang rekomendadong sustansyang kailangan, dalawang beses na pagpapalit ng damit sa loob ng isang taon, hindi makapagpaaral ng mga anak hanggang anim na grado, hindi kayang matugunan ang gugol sa pagpapagamot na katumbas ng halagang gugol dito ng mga pamilyang kinikita ay sapat sa pangunahing pangangailangang minimum, at hindi

kayang magbayad ng renta at halaga ng gas o panggatong na katumbas ng gugol ng mga pamilyang nakatutugon sa kanilang pangangailangan sa pagkain."

HALAGA NG PISO

Ang tiyak na kahulugan ng kahirapan ay higit na 20
maiintindihan kung susuriin ang nangyayari sa halaga ng piso. Kung ang piso noong 1965 ay nagkahalaga na lamang ng P0.36 sentimos noong 1975 isang bagay ang malinaw--napakahirap na kitain ang piso, pero wala na itong mabili.

Katunayan, magugulat siguro ang ilan na hindi 21
napapatlangan ang kain sa loob ng maghapon kung sasabihing ang halagang piso na dadalhin sa palengke ay katumbas lang ng isang tumpok na bayabas, pampaasim sa sinigang, o dalawang tumpok na sili o isang maliit na boteng suka. Ang malaking problemang kasunod nito ay ang aasiman ng bayabas o aanghangan ng sili, dahil ang galunggong, halimbawa ay otso pesos na ang kilo.

Samakatwid, ang kinse pesos na kita ng karaniwang 22
manggagawa sa isang araw kung dadalhin sa palengke ay makabibili ng isang kilong bigas (P2.10, at tiyak na hindi magkakasya ang isang kilo sa anim hanggang walo katao sa isang pamilya), isang kilong asukal (P2.60), isang kilong galunggong o tilapya (P8.00) at mayroon pang P2.50 na pagaayaw-ayawin para sa bawang, kamatis, sibuyas at iba



ERIC

pang panlahok sa galunggong.

Paano ang upa sa bahay, pasahe sa trabaho, baon sa eskuwela ng mga bata? Ang sagot dito ay pinagpapatianod na lamang kasabay ng buntong hiningang "bahala na!" 23

BAHALA NA!

"Bahala na" rin ang naisasaloob ng malalakas ang loob na manggagantso o maabilidad sa buhay. Hangga't ang kondisyon ng kahirapan ay nananatili, manganganak at ipanganganak pa ang angkan ng mga "dorobo". Walang pari, simbahan, eskuwela, o karsel ang makapagtutuwid sa mga taong ito na ang hangad lamang ay katulad ng nakararami: mabuhay--magtrabaho para kumain, kumain para makapagtrabaho. Ang lunas sa ganito kung ihahambing sa minamanas na tao ay wala sa pagpapaimpis ng manas kundi nasa pinagmumulan ng manas. Ang lunas sa mga suliraning kakambal ng kahirapan ay nasa sa pagsugpo sa kahirapan at sa kaayusang nagmamantini dito. 24

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. báwi' | n. the act of taking again a thing already given to another |
| 2. binirahán (birá) | v. (Col.) started; commenced<br>Syn. sinimulan |
| 3. maalwán(g) (alwán(g)) | adj. comfortable<br>Syn. maginhawa |
| 4. nabukó (bukó) | v. thwarted or disappointed in an attempt<br>Syn. nabisto |
| 5. nainggányo (inggányo) | v. swayed or attracted, as by something deceptively attractive<br>Syn. nahalina |
| 6. pag-aayáw-ayawín (ayáw-ayáwin) | v. to apportion; distribute or divide proportionally<br>Syn. paghati-hatiin |
| 7. pakana(ng) | n. evil scheme; trick<br>Syn. masamang balak |
| 8. pagpapaimpís (impís) | v. causing to become deflated or shrunken<br>Syn. pagpapahupis |

| | |
|---|---|
| 9. pagpapatianód (ánod) | *v.* allowing oneself to be carried by the current |
| 10. pinagkakalumpunán (kalumpón) | *v.* gathered around someone or something so as to form a small crowd |
| 11. sisté | *n.* (Sp.) joke, jest<br>Syn. *biro* |
| 12. sumibát (sibát) | *v.* (slang) fled; escaped suddenly or secretly |
| 13. tinátaya | *v.* referring to something that is being assessed or evaluated |
| 14. umuslí' (uslí') | *v.* to protrude or stick out<br>Syn. *lumuwa* |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. abilidád | *n.* (Sp.) cunningness; tricky ingenuity<br>Syn. *katusuhan* |
| 2. kaíng | *n.* a large basket or hamper made of wickerwork |
| 3. doróbo | *n.* (Jap.) thief<br>Syn. *magnanakaw* |
| 4. maiawás (awás) | *v.* to be able to deduct, |



ERIC

subtract, or discount (an amount) from
Syn. maibawas

5. makauúmit (úmit) — v. will be able to commit petty thievery; will be able to pilfer
Syn. makanakaw

6. makipagtawarán (táwad) — v. to engage in bargaining or haggling for a cheaper price

7. naglalakó'(láko') — v. going from place to place selling things; peddling

8. nakaménos (ménos) — v. able to economize
Syn. nakatipid

9. pag-aarimúnan (arimúnan) — n. economizing or saving
Syn. pagtitipid

10. panlalansé (lansé) — n. (slang) deception
Syn. panloloko

11. pakuló' — n. (Slang) scheme; planned undertaking, usually with intention to deceive
Syn. pakana

12. panggagántso — n. act of cheating or defrauding someone; swindling

| | |
|---|---|
| | Syn. pandaraya |
| 13. papagkásyahin (kásya) | v. to make do<br>Syn. papaghustuhin |
| 14. kabuuán (buó') | n. 1. total sum<br>2. completeness, wholeness |
| 15. bihása | adj. used or accustomed to<br>Syn. sanay |
| 16. mananaliksík | n. researcher |
| 17. mapabílang (bílang) | v. to be or happened to be included in; be counted as<br>Syn. mapasama |
| 18. tinutúkoy (túkoy) | v. being mentioned; being specified or referred to<br>Syn. binabanggit |
| 19. pangkát | n. group |
| 20. isinasaád (saád) | v. indicated<br>Syn. ipinapahiwatig |
| 21. katumbás | adj. equal in quantity, force, meaning, etc.; equivalent<br>Syn. kapareho |
| 22. itinatalá' (talá') | v. 1. being jotted or noted down; being taken note of<br>2. being listed; put in a list<br>Syn. ililista/inililista |

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Magsabi ng tatlong dahilan kung bakit nahihirapan ang isang karaniwang maybahay na pagkasyahin ang kita ng asawa niya. (18-23)
2. Anong remedyo ang ginagawa ng isang maybahay para mapagkasya ang kita? Ano ang bentaha o disbentaha ng pag-aarimunan? (2,9-12)
3. Bumanggit ng ilang halimbawa ng panloloko. (9-12)
4. Ang ganitong panloloko ay lalong laganap sa Pilipinas. Bakit? (14-16)
5. Sapat lamang bang parusahan ang mga nanloloko? Ipaliwanag ang inyong sagot. (13)
6. Maraming tao sa Pilipinas ang nabibilang sa grupo ng nasa "poverty line." Ano ang kondisyon ng isang nasa "poverty line?" (19)
7. Ano ang ibig sabihin ng 'kanya-kanyang kayod, kanya-kanyang tuka?'



ERIC

D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salita tungkol sa pangkabuhayan o ekonomiya

*Gamitin ang mga salita upang bumuo ng pangungusap sa bawa't bilang.*

1. Hal. singilin, may pautang, may utang

<u>Dapat lamang na singilin ng may pautang ang may utang.</u>

2. pakinabang, negosyo, pamumuhunan

______________________________________________

______________________________________________

3. halaga, ari-arian, bentaha

______________________________________________

______________________________________________

4. porsiyento, kapital, lugi

______________________________________________

______________________________________________

5. pagsusuri, pagtutuos, negosyo

______________________________________________

______________________________________________

b. Mga iba't-ibang pananalitang magsingkahulugan

| <u>Pandiwa</u> | <u>Pangngalan</u> |
|---|---|
| mandáya' | mandaráya |
| manlinláng | manlilinláng |



ERIC

| | |
|---|---|
| manlansé | manlalansé |
| manlóko | manlolóko |
| manggántso | manggagántso |

Lahat ng mga salitang ito ay may kahulugang pagsasamantala sa kapwa, maging sa pagbibiro kunwa o sa tunay na panloloko.

*Ano ang kaibahan ng anyo ng pangngalan sa pandiwa?*

*Ibigay ang iba't-ibang anyo ng pandiwang* <u>*mang-*</u> *ayon sa aspekto.*

| Salitang-ugat | Niyutral | Nasimulan | | Di Pa Nasimulan |
|---|---|---|---|---|
| | | Tapos | Di Pa Tapos | |
| lóko | manloko | nanloko | nanloloko | manloloko |
| húli | ________ | _____ | _________ | _________ |
| sungkit | ________ | _____ | _________ | _________ |
| itlóg | ________ | _____ | _________ | _________ |
| guló | ________ | _____ | _________ | _________ |
| púlot | ________ | _____ | _________ | _________ |

k. Mga iba t i [illegible] ang nauukol sa biktima ng manloloko.

*Anong panlapi ang ginamit?*

| | |
|---|---|
| malinláng | - magoyo, madaya, maloko |
| mainggányo | - matukso, mabighani, maakit |

magóyo' - madaya, maloko

mahalina - maakit, mabighani

malansé - magoyo, madaya, maloko

*Gawing salitang nauukol sa biktima ng manloloko:*

manloko ______________________

manggantso ____________________

mandaya ______________________

manlinlang ____________________

d. Ang unlaping <u>pang</u>-. Mga salitang nauukol sa gawaing manloko.

*Lagyan ng <u>pang</u>- ang sumusunod na mga salitang-ugat:*

1. Ang (loko) <u>panloloko</u> ay di dapat gawin sa kapwa.
2. (daya)
3. (linlang)
4. (gantso)
5. (lanse)

e. Ang unlaping <u>magpa</u>-. Mga salitang nangangahulugang pinayagan ng biktima na maloko siya.

*Lagyan ng wastong anyo ng <u>magpa</u>- ang sumusunod:*

1. <u>Naloko</u> siya kasi nagpaloko siya.
2. <u>Nabola</u> __________________________
3. <u>Nalinlang</u> ________________________
4. <u>Nagantso</u> ________________________

5. Nadaya ____________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

   *a. Piliin ang salitang nababagay sa puwang:*

| | |
|---|---|
| sinisingil | kalakal |
| pautangin | magbalanse |
| taga-tuos | pamumuhunan |
| puhunan | interes |
| kuwenta | pakinabang |
| ari-arian | |

1. Walang bentahang itago ang salapi sa alkansiya dahil sa hindi gagana ng ________________________.

2. Kung gusto mong magnegosyo, kailangan mo ng ______________________.

3. Kailangan mo ng isang ________________ para magbalanse ang pera mo sa negosyo.

4. Nagtitinda siya ng iba't-ibang ______________ upang tumubo.

5. Kapag mataas ang presyo ng kalakal, maaaring kaunti lang ang ___________________.

6. Ang may utang ay _________________ ng may pautang.

7. Dapat dagdagan ang pondo sapagka't mali ang __________.

8-9. Kapag ikaw ay may _____________, madali kang ___________ ng bangko.

*b. Sulctan ang puwang ng naaangkop na salita:*

Base sa sensus ng 1975, may 3.6% ang mga walang ________________. At taun-taon ay tinatantiyang may 300-400,000 ang nadaragdag dito na __________ ng mga hindi-bihasang manggagawa at mga huminto na sa ________________ na kabataan sa gulang na 10-17. Nitong nakaraang taon ______________ may 17,478,000 ang kabuuang manggagawa sa buong bansa at _________ umabot sa 25-47% ang mga walang trabaho.

3. Pagtalakay

*a. Ipaliwanag ang kahulugan ng pamagat ng sanaysay.*

*b. Mabibigyang katwiran ba ang panloloko sa kapwa?*

4. Pagkatha

*Ang 'bahala na' ay isa pang kaisipang Pilipino. Talakayin ang kabutihan at kasamaan ng kaisipang ito.*



ERIC

## ANG PAGGALANG NG PILIPINO

Teresita V. Ramos

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Ang Pilipino, tulad ng ibang mga lahi o tao, ay may sariling kaugalian. Ito ang nagtatangi sa kanya mula sa ibang Asiyatiko na tulad ng Indones, Malayo, Tsino, Hapon, Biyetnames at mga taga-Kambodya. Ang mga ugaling ito ay bukal sa sariling karanasan at kasaysayan ng Pilipino. Masasabi nating natutunan niyang bigyan ng paggalang ang mga kaugaliang ito para sa katiwasayan ng kanyang lipunan. Natutunan niyang sa pagsunod sa mga kaugaliang ito ay napapanatili niya ang mahusay na pagtakbo ng kanayang lipunan. 1

Isa sa mga kaugaliang ito ang masinsing pagbibigay galang sa mga nakatatanda at mga estranghero. Karaniwan nang binibigyan ng titulo ang mga nakatatanda kahit na ang mga ito ay hindi mga kamag-anak. Ang mga may-edad na babae ay tinatawag na "Aling ______" "Nanang ______ " o, sa higit pang nakatatanda, "Impong ______" o "Lola ________". Ang mga lalake naman ay binabansagang "Mang", "Tatang" o "Lakay" o "Lolo". Halimbawa, ang isang babae na may pangalang Nena ay tinatawag na "Aling Nena" at ang isang lalake namang may pangalang Kardo ay tinatawag na "Mang Kardo". 2



ERIC

Sa mga Tagalog ay lalong *masigasig* ang ganitong paggalang. Kung kausapin ng mga ito ang mga nakatatanda at mga bagong kakilala ay *pahapyaw* ang kanilang ginagamit na pangungusap. Halimbawa, sa halip na sabihin ang "kumusta ka" ay sasabihin nila ang "kumusta po[1] sila". Sa mga hindi pormal na situwasyon ay sasabihin nila ang "kumusta kayo" o "kumusta po kayo". 3

Ang kaugaliang ito ay maraming pinagmulan. Una na ay ang maseremonyang uri ng lipunan na mayroon ang mga Pilipino bago pa dumating ang mga Kastila. Mahigpit ang paghahati ng mga *uri* ng tao at *masalimuot* ang kanilang relasyon. Naroong may *raha*, *datu*, mga *maharlika*, *alipin* at iba pa. At dahil din sa maikli ang itinatagal ng buhay ng isang tao, ang may-edad na nilalang ay itinatangi. Ipinalalagay na sapagka't matagal na siya sa mundo ay marami na siyang natutunan tungkol sa buhay. Binibigyan ng halaga ang kaniyang mga payo at kuru-kuro. Masasabi ring ito'y sanhi ng kawalan ng pormal na sistema ng edukasyon sa Pilipinas noong araw. 4

---

[1]*pô'*, a particle indicating politeness or respect and its less polite form *hô'* are found in the speech of younger speakers or strangers. When used in the sentence, *po* can only go with the plural form of the second or third person pronoun referring to the person spoken to.

Ang kaalaman ng tao ay nanggagaling sa karanasan. Kaya kung sino ang may higit na karanasan sa mundo dahil sa haba ng kanyang buhay ay inaakalang may higit na kaalaman tungkol sa mga suliranin ng tao.

Sa kabilang dako, ang paggalang sa mga estranghero o mga bisita ay kasama ng ugaling magiliw na pagtanggap sa isang dayuhan. Hindi natin masabi kung kailan o saan nagsimula ang ugaling ito. Alan natin na mahusay na tinanggap ang mga Tsinong mangangalakal noong unang panahon. Malugod din ang pagtanggap kina Magallanes at Legazpi hanggang pinilit nilang angkinin ang Pilipinas para sa Espanya. Magsasapantaha natin na maaaring nanggaling ito sa kaugaliang Muslim na iginagalang ang isang manlalakbay. O maaari ring bunga ito ng pangangailangan. Ang Pilipinas ay nahahati sa maraming isla at tribu. Maaaring nag-ingat ang mga Pilipino na huwag mabigyan ng dahilan ang isang naparaan na kasapi ng isang tribu o baranggay ng dahilan upang magsimula ng digmaan. 5

Sa anu't-ano pa man ay lubhang magalang ang mga Pilipino. Ang ganitong pagka-sibilisado ng mga mamamayan ng Pilipinas ay di dapat akalaing isang kahinaan. Ang pagiging magalang ng isang tao ay may hangganan.......... tulad na rin ng natutunan nila Magallanes, Legazpi at mga Amerikano noong 1900 6



ERIC

nag-akalang hindi marunong **magtanggol** ng kanyang karapatan ang Pilipino.

Kapag ang paggalang ng Pilipino ay sinuklian ng 7
paggalang din, magiging **matiwasay** ang relasyon ng Pilipino at dayuhan.

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. bukál | adj. springing from |
| 2. kaaláman | n. knowledge |
| 3. kamág-ának | n. relative |
| 4. kaugalián | n. custom |
| 5. gálang | n. respect |
| 6. hanggánan | n. limits |
| 7. mahúsay | adj. well |
| 8. magíliw | adj. gracious |
| 9. magtanggól (tanggól) | v. to defend |
| 10. manlalakbáy | n. traveler |
| 11. masasapantáha' (sapantáha') | v. can be speculated |
| 12. masalimuót | adj. complicated |
| 13. masigásig | adj. assiduous |
| 14. masinsín | adj. thorough |
| 15. matiwasáy | adj. peaceful |
| 16. nagtatángi' (tángi') | v. making something unique or special |
| 17. napapanatíli (panatíli) | v. able to maintain or keep in the same condition |

| | |
|---|---|
| 18. nátutúnan (túto) | v. learned |
| 19. pangangailángan | n. need |
| 20. úri' | n. kind, class |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. alípin | n. slave |
| 2. binabansagán (banság) | v. giving the title/name of |
| 3. dátu | n. dato (a leader, member of royalty |
| 4. estranghéro | n. (Sp.) stranger |
| 5. maharlíka' | n. free man |
| 6. pahapyáw | adj. oblique |
| 7. ráha | n. rajah (member of royalty) |

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Anong kaugalian ang nagtatangi sa Pilipino mula sa ibang Asiyatiko? (2)
2. Magsabi ng mga halimbawa ng turing ng paggalang sa isang nakatatanda. (2,3)
3. Talakayin ang mga pinagmulan ng kaugaliang pagkamagalang ng mga Pilipino. (4,5)
4. Bumanggit ng ilang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas na nagpapakita ng panggalang ng mga Pilipino sa mga estranghero. (5,6)
5. Ano ang katwiran ng Pilipino sa kanyang pagsunod at pagpapanatili ng mga kaugaliang katutubo tulad ng paggalang? (1)

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salitang ginagamit sa paggalang

*Piliin sa ibaba kung ano ang mga tinutukoy ng sumusunod:*

1. Tawag sa di kilalang ale o mama . ______________
2. Tawag sa mga may edad na tatay/nanay ng magulang mo na may katandaan na . ______________________
3. Tawag sa pinakamatanda o nakatatandang kapatid. ________________________
4. May kapormalang tawag sa babaeng walang asawa. ________________
5. Tawag ng inaanak sa mga nag-anak sa kanya sa binyag, kumpil o kasal. ________________________
6. Tawag sa kapatid o pinsan ng mga magulang. ___________________
7. May kapormalang tawag sa lalake/babaeng may asawa. _________________

| | |
|---|---|
| Ginoo/Ginang | Manong/Manang |
| Aling/Mang | Lolo/Lola |
| Tiyo/Tiya | Ninong/Ninang |
| Ingkong,Impo/Lelong,lelang | Kuya/Ate |
| Binibini | |

*Palitan ng magalang na pangungusap ang sumusunod:*

1. Kumusta ka?

 ______________________________________________

2. Sino ang kasama mo?

 ______________________________________________

3. Kumain ka na ba?

 ______________________________________________

4. Wala ka bang kumot?

 ______________________________________________

5. Ginawa ko na ang utos mo.

 ______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

 *Isulat ang wastong sagot sa puwang. Pumili sa mga salitang nakalista.*

| | |
|---|---|
| alipin | may-edad |
| dato | Muslim |
| karanasan | paggalang |
| manlalakbay | payo |
| masalimuot | pormal |
| masaremonya | tao |

Ang kaugaliang ___1___ ay maraming pinagmulan. Una na ang ___2___ uri ng lipunan bago pa dumating ang Kastila. Mahigpit ang



ERIC

paghahati ng uri ng ____3____ at ____4____ ang kanilang relasyon. Naroong may raha, ____5____, mga maharlika, ____6____ at iba pa. At dahil din sa maikli ang itinatagal ng buhay ng isang tao, ang ____7____ na nilalang ang itinatangi. Binibigyan ng halaga ang kaniyang mga ____8____ at kuru-kuro. Masasabi ring ito'y sanhi ng kawalan ng ____9____ na sistem ng edukasyon sa Pilipinas noong araw. Ang kaalaman ng tao ay nanggagaling sa ____10____.

3. Pagtalakay

*Pag-usapan kung ang paggalang ay nakakabuti o nakakasama.*

4. Pagkatha

*Ipaliwanag ang sumusunod:*

"Ang pagiging magalang ng isang tao ay may hangganan-- tulad na rin ng natutunan nila Magallanes, Legazpi at mga Amerikano noong 1900 na nag-akalang hindi marunong magtanggol ng kanyang karapatan ang Pilipino."



ERIC

## ANG PANANALITA

Teresita V. Ramos

***A. Babasahin:*** *Basahin ang sumusunod.*

Pinakaiingatan ng Pilipino ang pagbibitaw ng 1
salita. Mahirap itong bawiin at, di tulad ng sugat na mula sa bato o patpat, ang sugat na likha ng pananalita ay matagal maghilom. Tumitimo ito sa isip at puso, at sinusugatan ang damdamin at kaluluwa ng isang nilalang. Dagdag pa rito'y kailangang pangatawanan ng isang tao ang kanyang sasabihin. Kung hindi'y ipalalagay na siya'y walang isang salita.

Dahil dito, mahirap para sa Pilipino ang 2
magpahayag ng deretso. Malamang na gumamit siya ng pahiwatig kung ibig niyang ipaabot sa kinauukulan ang kanyang dinaramdam. Kung kritikal ang bagay, gagamit siya ng pasaring mga komentaryong wari'y palipad-hangin pero ipinaririnig sa taong gustong abutin. Inaasahan na may sapat na pakiramdam ang nakikinig upang maintindihan ang ganitong pangungusap.

Halaw marahil ito sa sobrang paggalang ng mga 3
Pilipino. Ang magsabi ng deretso ay binabansagan ng "bastos" o "walang-hiya" o "walang pinag-aralan". Bale ba'y hindi sibilisado ang ganitong uri ng tao. Hindi pino ang



ERIC

kanyang pagkilos at ang kanyang pakikitungo sa kapuwa.

Kung talagang delikado ang gustong ipaabot ng 4
isang tao, malamang na gumamit siya ng mensahero. Karaniwan nang isa itong pinagkakatiwalaan ng taong gustong abutin. Sa pamamagitan nito, hindi nagkakaharapan ang may sasabihin at ang pagsasabihan.Sakunganu't-ano pa man ay hindi mapapahiya ang sino man.

May mabuti't masama sa ganitong sistema. Una'y 5
naisasaayos ang mga problema ng walang masyadong pagkapahiya ng mga taong may kinalaman. Ikalawa'y naiiwasang mauwi sa away ang mga di-pagkakaunawaan. Sa kabilang dako naman ay maaaring pigilin ng isang tao hanggang sukdulan ang kanyang galit. Kapag lumabas ito'y maaaring sa isang pamamaraang marahas.

Dahil sa kaugaliang ito'y mahirap sa isang 6
Pilipinong tumanggap ng pagbatikos. Isa itong personal na bagay sa kaniya at gawa-gawa lamang ng kaaway. Pinapalagay na isang pagtatangkang sirain ang kanyang pagkatao sa ganitong pamamaraan. Kaya malamang na gumanti ito kahit na hindi muna kumibo.

Kailangang mag-ingat sa kanyang pagsasalita ang 7
sino man sa Pilipinas. Hinuhusgahan ang isang tao depende sa bilis o pag-iingat niya sa pagbibitiw ng pangungusap.

*B. BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. bawiin (báwi') | v. to take back |
| 2. kinauukúlan | n. those concerned |
| 3. kritikál | adj. (Sp.) serious |
| | Syn. grábe, malubhá' |
| 4. likhá' | adj. made, produced |
| | Syn. gawá' |
| 5. maghilom (hílom) | v. to heal |
| | Syn. gumaling |
| 6. mapapahiyá' (mapahiyá') | v. will be put to shame |
| 7. nilaláng | n. human being |
| 8. pagbibitáw (bitáw) | v. the act of letting go |
| 9. pagkatáo | n. human nature; personality |
| 10. pagtatangká' | n. attempt |
| 11. pangatawánan (katawán) | v. do with all one's effort and ability |
| 12. pinagkakatiwaláan | n. & adj. referring to a trustee or a person to whom another has a trust |
| 13. tumitímo' (tímo') | v. piercing or sticking fast into |
| | Syn. bumabaón |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. binabansagán (banság) | *v.* calling or giving the name of |
| 2. hálaw | *adj.* adapted from<br>Syn. *bátay* |
| 3. hinuhusgahán (husgá) | *v.* is judged |
| 4. pakikitúngo' | *n.* act of dealing with one's fellowmen<br>Syn. *pakikisáma* |
| 5. pagbatíkos | *n.* act or manner of attacking another verbally<br>Syn. *pagtuligsá'* |
| 6. pahiwátig | *n.* hint, insinuation |
| 7. palipád-hángin | *n.* (Fig.) an utterance, usually insincere, aimed to impress or deceive someone |
| 8. pasaríng | *n.* an indirect derogatory remark; innuendo<br>Syn. *parinig* |
| 9. píno | *adj.* (Sp.) polished; fine |



ERIC

***K. MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Bakit pinakaiingatan ng Pilipino ang pagbibitaw ng salita? (1,7)
2. Sa anong ibang kaugaliang Pilipino batay ang ugaling ito? (3)
3. Paano karaniwang magsalita ang isang Pilipino para hindi masabaing "bastos", halimbawa? Ano pang ibang paraan ang kanyang ginagamit? (2,4)
4. Ano ang mabuti at masamang bunga ng ganitong sistema? (5,6)
5. Kailan sinasabi na ang isang tao'y "walang isang salita"? (1)



ERIC

**D. MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Ang salitang* *hiya* *ay may iba-ibang kahulugan. Anu-ano ang ibig sabihin ng sumusunod?*

1. hiya ________________________________________
2. walang hiya ________________________________________
3. mahiyain ________________________________________
4. napahiya ________________________________________
5. hiniya ________________________________________
6. pagkapahiya ________________________________________
7. kahiyaan ________________________________________
8. nagkahiyaan ________________________________________

*Palitan ang salitang may salungguhit at isulat ang buong pangungusap na kasama ang ipinalit na salita.*

1. Ang sugat na likha ng pananalita ay matagal gumaling.

   ________________________________________

2. Hango marahil ito sa sobrang paggalang ng mga Pilipino.

   ________________________________________

3. Mahirap sa isang Pilipino ang tumanggap ng pamumuna kahit na ito'y hindi mapanira.

   ________________________________________



ERIC

4. Kailangang mag-ingat sa kanyang pangungusap ang sino man sa Pilipinas.

______________________________________________

5. Mahirap sa Pilipino ang magsalita ng deretso.

______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Tama o Mali*

1. Hindi mahalaga sa Pilipino ang pananalita.
2. Deretso kung mangusap ang Pilipino.
3. Gumagamit ng tagahatid ng mensahe ang Pilipino.
4. Magaling ang ganitong sistema.
5. Sasabihin ng Pilipino ang ayaw niya sa iyo.
6. Mahilig magbitaw ng pangungusap ang mga Pilipino.
7. Ang magsabi ng deretso ay binabansagang may pinag-aralan.
8. Ang pasaring ay pagpaparinig.
9. Madaling bawiin ang pagbibitaw ng salita.
10. Nagpapadala ng mensahero upang mapahiya ang taong gustong abutin.

3. Pagtalakay

*Pumili ng isa sa mga salawikaing sumusunod at talakayin.*

1. Ang sugat ng itak ay mas mahinay kaysa sugat ng masamang pangungusap.

2. **Ang dila ay di patalim nguni't kung sumugat ay malalim.**
3. **Kung gumaling ang isang sugat di kukupas ang masamang pangungusap.**

**4. Pagkatha**

***Isulat ang iyong kuru-kuro tungkol sa kabutihan at/o kasamaan ng pag-iingat sa pagbitiw ng salita.***

## ANG SALU-SALO

Teresita V. Ramos

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Mahilig sa pagtitipon ang mga Pilipino. Halos 1
lahat ng okasyon ay nagiging pagkakataon para sa pagsama-sama ng mga magkakaibigan at pagsasalo sa kainan at inuman. Ang ugaling ito ay noon pang unang panahon. Si Padre Chirino, na kasama ng mga unang nagsipagdating na mga Kastila, ay nagsabing kagulat-gulat ang hilig ng mga tao sa Pilipinas sa ganitong gawain. May ikasal man o magkaroon ng anak, o may mamatayan man, siguradong magsasalu-salo ang mga tao. Sa katotohanan, ito ang ginamit ng mga Kastila upang mapalawig ang kanilang pagsaklaw sa Pilipinas.

Dati'y layu-layo ang mga tirahan sa Pilipinas. 2
Mangyari'y nagtratrabaho sa bukid at dagat ang mga Pilipino. Hirap na hirap tuloy na makapagtayo ng sistema ng administrasyon ang mga kastila't prayle. Naisipan nilang gamitin ang piyesta at pagtitipon-tipon upang maengganyo ang mga Pilipinong manirahan sa malapit sa simbahan at munisipyo. Sila naman ay nagtagumpay.

Ang salu-salo sa Pilipino'y hindi basta-basta. 3
Wala sa tradisyon niya ang tahimik na pagtitipon na may dalawa o tatlong bisita lamang. Ang tagumpay at kasayahan ay batay sa dami ng tao. Kakaunti kung sampung bisita lamang.

Kung dalawampu o tatlumpu ay sasabihin pang mga mabubuting kaibigan at pamilya lamang ang dadalo. Sa mga importanteng okasyon, umaabot ng tatlo hanggang limang daan ang panauhin. At kung talagang engrande ay papatak na libo ang darating. Karaniwan ito sa kasalan, binyag o pagtatapos ng isang anak sa paaralan. Lahat ng kamag-anakan ay imbitado, pati na ang nasa bundok, dagat o ibang bayan.

Ang mga panauhing ito ay talagang pagsisilbihan. 4
Wala silang dapat gawin kundi dumalo at, depende sa okasyon, magdala ng regalo. Lahat ng trabaho ay ako ng may bahay. Maaga pa, tinatawagan na nito ang kamag-anakan upang tumulong sa paghahanda ng pagkain. Karaniwan nang may tiya o pinsan na mahusay magluto. Ito ang bahala sa kung ano ang lulutuin. Ang mga babaeng kamag-anak ay tagahiwa ng gulay at karne, taga-prito at, sa pangkalahatan, ang taga-ayos sa kusina. Ang kamag-anakang lalaki naman ay mag-aayos ng lugar na pagtitipunan ng mga bisita. Kung may litson ay sila ang toka rito. Sila rin ang mag-aayos ng inumin.

Serbesa ang paboritong inumin sa mga pagtitipon. 5
Kahon-kahon kung inumin ito ng mga kalalakihan. Hindi umiinom ng alak ang mga babae. Madalas tuloy na magkahiwalay ang pulutong ng mga babae at lalake. Habang nag-iinuman ay nagpapakitang gilas ang mga lalake -- kung sino ang makakainom ng pinakamarami, kung sino'ng makapagbubukas ng bote sa ngipin niya, kung sino ang may pinakanakatatawang

kuwento. Sabihin pa, <u>nag-uumpuk-umpok</u> naman ang mga babae't nagbabalitaan.

Pinakahuling kumain ang mga tumulong na kamag- 6
anak. At ang natirang pagkain ay pinaghahati-hatian at iniuuwi ng mga bisita't kamag-anak.

**B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.***

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. áko' | adj. taken on; assumed |
| 2. bátay | adj. based |
| 3. kagúlat-gúlat | adj. astonishing |
| 4. gílas | n. skill |
| 5. hílig | n. aptitude |
| 6. maenggányo (enggányo) | v. to tempt, attract |
| 7. mapaláwig (láwig) | v. to further |
| 8. nag-uumpók-umpók (umpók) | v. sitting together; staying together |
| 9. pagkakátaón | n. opportunity |
| 10. pagsakláw | n. inclusion of someone or something within one's jurisdiction<br>Syn. pagsakop, paglagom |
| 11. papaták (paták) | v. will fall |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. binyág | n. baptism |
| 2. engránde | adj. (Sp.) grand; big, referring esp. to an occasion, such as a party |



ERIC

| | |
|---|---|
| 3. imbitádo | adj. (Sp.) invited |
| 4. pagtitípon | n. gathering |
| 5. práyle | n. (Sp.) friar |
| 6. salu-sálo | n. a party; banquet |
| 7. tagahíwa' | n. slicer |
| 8. tóka | n. assigned |

*K. MGA TANONG: Sagutin ang mga sumusunod na tanong:*

1. Ano ang napansin ni Padre Chirino? (1)
2. Paano ginamit ng mga Kastila ang hilig ng Pilipino sa salu-salo? (2)
3. Paano inihahanda ang pagkain? (4)
4. Ilang katao ang inaasahang darating? (3)
5. Ano ang paboritong inumin sa handaan? (5)
6. Anu-anong okasyon ang pinaghahandaan ng mga Pilipino? (3)
7. Anong katangiang Pilipino ang makikita sa pagkamahilig nila sa salu-salo? (3-6)

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Piliin ang salitang pinakamalapit ang kahulugan sa salitang sinalungguhitan.*

1. Mahilig sa pagsasama-sama ang mga Pilipino.

   ____________________

   a. pagkakataon

   b. pagtitipon

   k. pagsasalo

2. Kagulat-gulat daw ang hilig ng mga tao sa pag-sasalu-salo. ____________________

   a. kataka-taka

   b. nakakainis

   k. nakakatawa

3. Gumamit ang mga Kastila ng salu-salo upang lumawak ang kanilang pagsakop sa Pilipinas.

   a. impluwensiya

   b. pagsaklaw

   k. pagpapahirap

4. Naenganyong lumapit ang mga Pilipino sa simbahan dahil sa salu-salo. ____________________

   a. natuwa

   b. naakit

   k. nagustuhan



ERIC

5. At kung talagang engrande papatak na libo ang darating sa salu-salo. ________________

a. kulang-kulang

b. magiging

k. higit

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Piliin sa sumusunod ang angkop na sagot sa puwang:*

| | |
|---|---|
| kagulat-gulat | magsasalu-salo |
| kainan | mapalawig |
| Kastila | pagkakataon |
| Chirino | pagtitipon |
| ikasal | panahon |
| magkakaibigan | prayle |

Mahilig sa 1. ______ ang mga Pilipino. Halos lahat ng okasyon ay nagiging 2. ______ para sa pagsasam-sama ng mga 3. ____ at pagsasalo sa 4. ____ at inuman. Ang ugaliing ito ay noon pang unang 5. _____. Si Padre 6. _____, na kasama ng mga unang nagsidating na mga 7. _____ ay nagsabing 8. _____ ang hilig ng mga tao sa Pilipinas sa ganitong gawain. May 9. ______ man o magkaroon ng anak, o may mamatay man, siguradong 10. ______ ang mga tao.

3. Pagtalakay

*May kabutihan ba o kasamaang idinudulot ang labis na pagkakahilig ng Pilipino sa piyesta? Ipagtanggol ang inyong sagot.*

4. Pagkatha

*Sumulat ng isang komposisyon. Ihambing ang mga pagsasalu-salo dito sa Amerika at sa Pilipinas.*

## ANG BUS SA PILIPINAS

Teresita V. Ramos

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod:*

Mahal ang kotse sa Pilipinas. Ang nakabibili 1
lamang nito ay iyong **nakaaangat** sa buhay. Kaya ang nakalalaking bahagi ng mga Pilipino ay umaasa sa bus para sa kanilang transportasyon. Sa Kamaynilaan na kung saan umaabot mula lima hanggang anim na milyon ang mga naninirahan at nagtratrabaho, ang bus ang **sandigang** pang-sosyal at pang-ekonomiko ng lipunan. Kung wala ito'y walang makararating sa kanyang paroroonan at walang makapaghahanap-buhay.

Bagama't mayroong tren ay bus pa rin ang 2
paboritong sasakyan patungo sa probinsiya sa loob ng isang pulo. Ang mga bus ay **pribadong** pag-aari; kakaunti lamang ang pinatatakbo ng gobyerno at kadalasan ang mga ito ay pangturista. Kung hindi man ay may kamahalan ang bayad sapagka't bago at **marangya** ang mga bus na ito. Kaya karamihan ng mga Pilipino ay umaasa sa mga pribadong kumpanya ng transportasyon.

May **ruta** ang mga bus. Mula Quiapo, halimbawa, 3
hanggang Cubao kung nasa Kamaynilaan ito, o mula sa baryo hanggang bayan sa probinsiya, at pabalik. Paikot ang mga rutang ito at dumaraan sa ilang distrito at bayan-bayanan.

Mayroong mga sinasabing himpilan ng bus sa kalye o "bus stop" pero hindi ito masyadong pinapansin, liban lang kung nasa malalaking kalye at "highway". Tumitigil ang bus kung saan man bababa o sasakay ang isang pasahero. Madalas ay bigla pa ang pagtigil nito.

Ganito ang pagtawag sa bus. Tatayo ang isang tao 4
sa gilid ng kalye, iunat ang kanyang kamay at medyo ibabarang ito sa daraanan ng bus. Kapag malapit na ang sasakyan ay iwawagwag niya nag kanyang mga daliri upang matawag ang pansin ng tsuper. Bigla namang tatapakan ng tsuper ang preno ng kanyang bus. Kailangang maging maingat ang sasakay at lumayo kaagad sa gilid ng kalye. Baka siya masabit ng sasakyan at madisgrasya.

Sa kabilang dako, kung nasa loob na ng bus ang 5
pasahero ay kailangan ding tawagin niya ang pansin ng tsuper. Walang alarma o batingaw sa loob ng bus. Kaya ang pasahero ay sumisigaw ng "para" o kaya'y pumapaswit ng "psssst!" Kung minsa'y di siya marinig ng tsuper dahil sa ingay ng makina. Kaya magsisigawan ang ibang mga pasahero o kaya'y kakalampagin pa ang tabi ng bus.

Ang bayad sa pagsakay ay depende sa layo ng 6
pupuntahan ng pasahero. Dahil dito ay hindi maaaring ihulog na lamang niya ang kanyang bayad sa isang kahon. Ang sagot sa problemang ito ay ang konduktor --- isang babae o lalake na nakatayo sa estribo. Dala nito ang mga tiket na



ERIC

nakalagay ang mga dadaanan ng bus. Kapag nagbayad ang pasahero, bubutasan ng konduktor ang tiket at ibibigay ito sa kanya. Siya rin ang magsusukli at magsasabi kung magkano ang bayad patungo sa isang lugar. Kung minsan ay nag-aaway ang konduktor at pasahero tungkol sa bayad, kung minsan naman ay dahil sa buo ang pera ng pasahero. Halimbawa'y magbibigay ito ng sampung pisong buo samantalang ang singil ay limampung sentimo lamang. Dahil karaniwan nang puro barya ang pera ng konduktor, malaking abala ang pagsusukli. Kung minsan naman ay kinukuha niya ang pera at sasabihing mamaya na ang sukli. Pagkatapos ay malilimutan naman nito na sasampuin o dadalawampuin ang ibinigay na pera. Laking gulo.

Pero hindi naman palaging nagtatalo ang pasahero 7
at ang konduktor. Madalas pa nga ay matulungin itong huli. Lalo na kung maraming balutan ang pasahero. Dahil walang bawal isakay sa bus ay kung anu-ano ang laman nito, liban pa sa tao. Kung minsa'y may bisikleta, pinto, parte ng kotse; mga basket ng gulay, aso, biik at manok, mga pinamalengke ng mga ginang at katulong. At ano pa man na kayang buhatin ng dalawang kamay. At hangga't may sasakay ay sige ang papasok ng konduktor. Kaya punung-puno ang bus at kung minsan ay nakasabit na lamang ang mga tao sa loob at labas ng bus.



ERIC

B. **BOKABULÁRYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. balútan | n. a bundle of something, usually wrapped in cloth or paper |
| 2. batingáw | n. bell |
| 3. biík | n. a young suckling pig |
| 4. kakalampagín (kalampág) | v. will make noise by striking with one's hand |
| 5. dadalawampúin | n. twenty peso bill |
| 6. ihahárang (hárang) | v. will block |
| 7. iuúnat (únat) | v. will stretch |
| 8. iwawagwág (wagwág) | v. will wave |
| 9. nagsusuklí' (suklí) | v. changing money |
| 10. marangyá' | adj. luxurious |
| 11. masábit (sábit) | v. to get hooked by |
| 12. matulungín | adj. helpful |
| 13. nakaaangát | adj. higher |
| 14. pumapaswít (paswít) | v. whistling; making hissing sound<br>Syn. pumipíto |
| 15. sandígan | n. basis |
| 16. sasampúin | n. ten peso bill |

17. tatapákan (tápak) — *v.* will step on

**Bokabularyong Teknikal**

1. konduktór — *n.* fare collector in a bus, train
2. estríbo — *n.* (Sp.) running board
3. préno — *n.* (Sp.) brake
4. pribádo — *adj.* (Sp.) private
5. rúta — *n.* (Sp.) route
6. singíl — *n.* transportation fee
   Syn. báyad
7. suklí' — *n.* amount of money given to a customer as a change of the bigger amount paid



ERIC

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong:*

1. Bakit sinasabing ang bus ang sandigang pang-sosyal at pang-ekonomiko ng lipunan? (1)
2. Ano ang karaniwang ginagawa ng isang pasaherong nasa loob ng bus para pahintuin ang sasakyan? (5)
3. Bakit karamihan ng mga Pilipino ay umaasa sa mga pribadong bus at hindi sa mga pinatatakbo ng gobyerno? (2)
4. Anu-anong mga bagay ang maaaring isakay sa bus? (7)
5. Ipaliwanag ang ginagawa ng isang konduktor/konduktora sa pagsingil ng bayad ng pasahero. (6)



ERIC

**D. MGA PAGSASANAY**

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Palitan ang mga salitang nasasalungguhitan ng salitang may pinakamalapit na kahulugan at isulat ang buong pangungusap:*

1. Ang nakakabili lamang nito ay iyong <u>nakaaangat</u> sa sa buhay.

   ______________________________________________

2. Walang alarma o <u>batingaw</u> sa loob ng bus.

   ______________________________________________

3. Kaya magsisigawan ang ibang mga pasahero o kaya'y <u>kakalampagin</u> pa ang tabi ng bus.

   ______________________________________________

4. Ang bus ang <u>sandigang</u> pang-sosyal at pang-ekonomiko ng lipunan.

   ______________________________________________

5. Bago at <u>marangya</u> ang mga bus na ito.

   ______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Piliin ang tamang sagot:*

1. Ang talagang inaasahang transportasyon sa Pilipinas ay ang:

   a. tren

   b. dyipni

k. bus

d. bapor

2. Ang tumatanggap ng bayad ng pasahero ay ang:

   a. tsuper

   b. konduktor

   k. pulis

   d. isang kahon

3. Madalas pagtalunan ng konduktor at pasahero ang tungkol sa:

   a. himpilan ng bus

   b. ruta ng bus

   k. pagsusukli ng pera

   d. ang dami ng tao sa bus

4. Tinatawag ang bus sa pamamagitan ng:

   a. paghihintay sa "bus stop"

   b. telepono

   k. pagkumpas ng kamay

   d. pagsigaw

3. Pagtalakay

*Ano ang pagkakaiba ng bus sa Pilipinas sa bus sa Amerika?*

4. Pagkatha

*Ilarawan ang bus sa Pilipinas.*

# K U N G  M A K I S A M A
# A N G  M G A  P I L I P I N O

## Kaugaliang Ginagantihan ng Pagsasamantala

F. D. Rillo, Jr.

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Kung sinong kamote man ang nakaimbento ng ugali at 1
salitang "pakikisama" ay dapat ipagbunyi ng bawat nabuhay at nabubuhay na Pilipino.

Dahil sa panahong ito ng implasyon, resesyon at kung 2
anu-ano pang problemang pampulitika at pangkabuhayan na bumabagabag sa indibidwal, nakapagtatakang nabibigyan pa rin ng puwang ng mga Pilipino ang pakikibahagi ng kaunti nilang oras at sarili sa pagbibigay sa kapwa. Sa madaliang salita, hindi nawawala ang ating pakikisama.

SUKATAN NG PAGKATAO

Sa mga Pilipino, ang tao ay sinusukat hindi sa 3
pamamagitan ng kanyang pisikal na kaanyuan o kakayahang-pangkaisipan kundi sa kanyang pakikisama. Pintasan mo na ang Pilipino. Sabihin mong siya'y duling, pango, kuba, bansot, sakang, mangmang at kung anu-ano pang pag-upasala sa katauhan, pero huwag na huwag -- huwag na huwag -- mong sasabihing "wala kang pakisama."

Halimbawa'y suriin na lang ang pangkaraniwang punang 4
ito sa umpukan: "Sayang na tao 'yang si Pedro. Magandang

lalaki sana at edukado kaya lang hindi marunong makisama."
Konklusyon: Ang lahat ng magagandang katangian ni Pedro ay natabunan dahil sa isang malaking kapintasan niya.

Isang magandang halimbawa ng gayuma ng salitang 5
"pakikisama" ay ang pangyayaring ito:

Ipagpalagay nang hindi ka tumotoma dahil alergik ka 6
sa alak. Pero may mga pagkakataong madadaan ka sa umpukan ng mga manginginom. Tatagayan ka, pero tatanggi ka. Sasabihin mong masama sa 'yo ang alak. Tiyak, kakantiyawan ka. Sasabihin sa 'yong isang shot lang naman. Tatanggi ka uli. Ipaliliwanag mo ang iyong posisyon. Sasagutin mo ng ngiti at paliwanag ang lahat ng panunudyo sa iyo. Nguni't kapag may nagsabing: "Sige na, pare, makisama ka naman," patay ka na. Tiyak na lusaw na ang iyong paninindigan. Tatagayan ka ng isa hanggang masundan nang masundan. Kahit na magtiis ka pang mamantal ang iyong buong katawan sa loob ng isang linggo. "Bale-wala 'yan." Ang pakunsuwelo mo na lang sa sarili ay hindi ka napintasang "walang pakikisama."

IBA'T IBANG KLASE NG PAKIKISAMA

'Yang pakikisama ay maaaring hatiin sa iba't ibang 7
kategorya. Merong suwabe at merong garapal. Merong nakatutuwa at merong nakaaasar. Merong mababaw at merong malalim.

'Yang pagsama sa mga inuman, halimbawa, ay suwabeng 8
pakikisama. Ang nakatutuwang halimbawa naman ng pakikisama ay ang pakikitungo sa iyong magiging biyenan o sa biyenan mo na nga. Kapag nanliligaw ka pa lang sa anak nila, matatalas ang mga pang-amoy niyan sa mga kapintasan mo. Ingat ka naman siyempre. Mamatyagan mo kung ano ang kahinaan ng iyong biyenang-hilaw. Kapag napansin mo halimbawa na mahilig tumaya sa **special llave** ang tatay ng iyong nililigawan, iistrokan mo ito. Lalapitan mo ang iyong kaibigang matinik magbigay ng tip.

Kung sabong naman ang hilig, bigyan mo ng teksas o 9
talisain. Abutan mo ng pantaya kung walang pera. Samahan mo sa sabungan. Mag-aral ka ng lengguwaheng sabungero. Tiyak na tiyak namang papayag siyang pupugin mo ang kanyang dumalaga.

GARAPAL NA TAKTIKA

Ang garapal na pakikisama ay 'yong tungkol sa 10
trabaho. Halimbawa'y matagal ka nang nagtatrabaho sa isang kompanya. Pero napansin mo na parang wala kang asenso, samantalang 'yong mga bagong pasok lang ay tumaas kaagad ang ranggo. Makiramdam ka kung bakit. At malalaman mo na magaling "makisama" ang iyong kasama. Kaya iisip ka rin ng estratehiya.

Dahil alam mong maagang pumasok ang iyong boss ay 11

maaga ka ring papasok. Pero hindi ka tutuloy sa iyong
mesa. Maghihintay ka sa labas. Kapag natanaw mong
dumarating na ang kotse ng iyong **boss** ay *patay-malisya* ka
pang lalapit, kunwari'y nagkasabay lang kayo. Bubuksan mo
ang pinto kasabay ng isang napakatamis na ngiti. Mag-gu-
**good-morning** ka. Sasabihin mong mahusay siyang **boss** dahil
maagang pumasok, di katulad ng ibang amo na kung pumasok
ng opisina ay hapon na. Kapag nagsubo ng sigarilyo si
**boss**, mabilis pa sa alas-kuwatrong ilalabas mo ang iyong
**lighter** para sindihan ito (ang sigarilyo, hindi ang **boss**).

Kapag medyo *nahuli mo ang kanyang loob*, dadalasan mo 12
ang pasok sa kanyang kuwarto. Kapag nakasilip ka ng
tiyempo, yayayain mong kumain sa labas. Sasabihin mong
**birthday** mo, kahit na kabi-**birthday** mo lang. Dadalhin mo
siya sa isang **first-class restaurant**. Ikaw ang *taya*,
siyempre.

At kahit santambak na ang iyong anak, pipilitin mo 13
ang iyong misis na umiskor pa kayo ng isa. Kapag naka-
iskor na kayo, kukunin mong kumpare si **boss**. Siyempre,
kapag magkumpare na kayo, madali nang lumapit. Madali na
ring umasenso.

Nguni't kung garapal man ito, mas garapal ang 14
nangyayaring "pakikisama" sa sistema ng ating edukasyon.

Sa isang klase -- elementarya man ito, haiskul o 15

kolehiyo -- matutukoy mo kaagad kung sino sa mga estudyante ang magiging "matagumpay" na negosyante o opisyal ng gobyerno kaya. Kadalasan, sila 'yong mga estudyanteng wala nang ginawa kundi umayon sa anumang sabihin ng kanilang guro, kahit na alam nilang mali na ang itinuturo sa kanila. Nguni't ang pakikisama nila'y hindi nagtatapos sa loob ng paaralan. Pag-akyat nila sa hagdanan ng katanyagan, napakarami pa nilang dapat "pakisamahan." Maraming opisyal ng gobyerno ang may ganitong kasaysayan.

KASAYSAYAN NG PAKIKISAMA

Pero kung maisasakripisyo man natin ang ating mga 16
paniniwala at paninindigan dahil sa pakikisama sa ating mga kababayan, mas matindi ang naging epekto sa ating pagkatao ng pakikisama natin sa mga dayuhan.

Paano maipaliliwanag, halimbawa, ang ginawang 17
pakikisama ni Haring Humabon kay Magellan nang pumayag siya, sampu ng kanyang asawa at tauhan, na magpabinyag sa paniniwalang Kristiyano gayong ang mga Español ay kadarating pa lamang sa ating lupain? Ito ay simbolo ng pakikisama ng mga Pilipino sa isang lahing bibihag sa kanila sa loob ng tatlong dantaon.

Pero panis ang ginawa ni Humabon sa ginawang 18
pakikisama ni Emilio Aguinaldo sa mga Amerikano. Sukat ba

namang ang kalayaang binawi ng masang Pilipino sa kamay ng mga Espanyol ay ipagkaloob sa mga imperyalistang Amerikano!

Hanggang ngayon ay walang patid ang ating pakikisama. 19
Tingnan na lamang ang santambak na kompanyang
transnasyonal na nasa ating lupain at marahil ay maaari na
tayong tumanggap ng karangalan bilang bansang
pinakamahusay makisama.

PANTAY NA PAKIKISAMA

Walang masama sa pakikisama. Magandang katangian ito 20
ng isang lahing may malabis na pagpapahalaga sa kanyang
kapwa. Nguni't ang magandang ugali ay kadalasan nang
suklian ng pang-aabuso. Ang ating lipunan sa kasalukuyan
ay produkto ng pakikisamang may iisang mukha:
pagsasamantala. Ang ating pakikisama ay madalas
ipagkamaling bukas-palad na pagtanggap sa anumang naisin
nilang gawin sa atin.

Ang mga Pilipino ay ayaw na ayaw manakit ng damdamin 21
ng kapwa. Nguni't ayaw rin nilang sila'y masasaktan.
Nguni't kung susuriin natin ang kasalukuyang posisyon ng
bansa sa pakikipag-ugnay niya sa malalaking bansa, hindi
kaya lumalabas na ang ating pakikisama ay nagiging
pagsampal na rin sa sariling mukha?

Marahil nga, tulad ng empleyadong halos humalik sa 22

pundilyo ng kanyang **boss**, kailangan rin nating lunukin ang ating amor propyo para makamit ang ating minimithi. Nguni't nakatatawa namang "**aawitan**" pa natin sa mga dayuhan ang mga bagay na sadya namang atin.



ERIC

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaranivan**

1. dumalága (dalága) — n. young hen, hence a young woman
2. kakantiyawán (kantiyáw) — v. will tease or make fun in a playful or good-natured way
   Syn. tutuksuhin
3. garapál — adj. (Sp.) outrageous shamelessness
4. lusáw — adj. melted
   Syn. tunaw
5. nakaaasár — adj. irritating
   Syn. nakakainis
6. pag-upasála' — n. act of speaking to or about a person in bitter, abusive language
7. patay-malísya — adv. (Fig.) innocently
8. pupúgin (púpug) — v. 1. to attack furiously with the beak and feet, usually spoken of chickens

2. to kiss someone passionately

9. tatagáyan (tágay) — v. will offer a toast as an invitation to someone to join in a drinking bout

10. tumotóma' (tóma') — v. (Sp.) drinking alcoholic beverage

**Bokabularyong Teknikal**

1. aawitan (áwit) — v. (Fig.) to obtain something from someone, esp. from a friend, for the mere asking

2. kakayaháng-pangkaisipán — n. mental ability

3. nahúli...loób — v. (Fig.) gained the confidence or goodwill of someone

4. pagsasamantalá (samantalá) — n. act of taking advantage, as of someone's ignorance, goodwill, etc.

5. pakikibahági' — n. act of sharing something with someone

6. pakikisáma — n. manner or attitude of

getting along with people

7. pakunsuwélo (kunsuwélo) — n. refers to something given in order to give comfort or consolation to someone

8. tayá' — n. (Fig.) one who is "assigned" by the group to bear the expenses

9. umpúkan — n. small group of persons huddled together separately for discussion, etc.

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Anong katangian ang lalong binibigyang halaga ng mga Pilipino? Talakayin ang ibig sabihin ng pakikisama. Magbigay ng mga halimbawa nito. (3-6)
2. Bakit lalong kapuri-puri (o hindi) ang ugaling pakikisama ng mga Pilipino sa panahong ito? (2)
3. Ano ang dalawang kategorya ng pakikisama? Magbigay ng mga halimbawa na naglalarawan nito. (7-9)
4. Bumanggit ng ilang pangyayari sa Kasaysayan ng Pilipinas na nagpapakita ng iba't ibang uri ng pakikisama ng Pilipino. (17-19)
5. Ayon sa may-akda, ano ang madalas na ipinapalagay at isinusukli sa pakikisama ng mga Pilipino? (20)
6. Anong mga ibang kaugaliang Pilipino ang mahihiwatig sa pakikisama? (13,15,16,21)
7. Talakayin ang kabutihan o kasamaang idinudulot ng pakikisama. Magbigay ng sariling halimbawa.
8. Ano ang tono ng pagsasalaysay ng may-akda? May katuwiran ba siya?
9. Ayon ka ba o hindi sa ugaling pakikisama ng Pilipino? Ipagtanggol ang iyong sagot.

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga pananalitang nangangahulugang may pakikisama

1. ayaw manakit ng damdamin ng kapwa
2. bukas-palad na pagtanggap
3. pakikitungo
4. pagbibigay sa kapwa
5. pagpapahalaga sa kapwa

*Gamitin ang mga salitang ito sa pangungusap:*

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________
3. ________________________________________________
4. ________________________________________________
5. ________________________________________________

b. Mga salitang gamit sa pamimintas sa hitsura

1. bansót - pandak; mababa
2. kûba' - hukot; mataas at alsado ang likod
3. dulíng - salubong ang mga mata; dokling
4. pangó' - sarat o dapa ang ilong; hindi matangos ang ilong
5. sakáng - bisaklat ang mga binti; bikaka; hindi diretso ang mga binti

*Gamitin ang mga salitang ito sa pangungusap:*

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________

3. ____________________________________________

4. ____________________________________________

5. ____________________________________________

k. Mga salitang "slang"

*Tingnan ang pagkakagamit ng mga sumusunod na salita sa sanaysay. Gamitin ang lima sa pangungusap:*

| | |
|---|---|
| 1. awitan | - hingin |
| 2. kamóte | - nagpapahiwatig na ang tinutukoy ay di kanais-nais |
| 3. garapál | - sobra; labis-labis |
| 4. iistrokán | - bobolahin |
| 5. matinik | - mahusay; maabilidad |
| 6. páre | - tawag sa kaibigan; maiksing bersiyon ng kumpadre |
| 7. tumotóma | - umiinom ng alak |
| 8. umiskór | - makaisa; makagawa |

1. ____________________________________________

2. ____________________________________________

3. ____________________________________________

4. ____________________________________________

5. ____________________________________________

*Ibigay ang kahulugan o interpretasyon nito:*

"Sayang na tao 'yang si Pedro. Magandang lalaki sana at edukado kaya lang hindi marunong makisama."



ERIC

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Piliin sa listahan ang angkop na salita at isulat ito sa bawa't puwang.*

nakaaasar | garapal
mababaw | pag-aabuso
pakikisama

Sa mga Pilipino, ang tao ay sinusukat hindi sa pamamagitan ng kaniyang pisikal na kaanyuan o kakayahang pangkaisipan kundi sa kaniyang(1) ____________. 'Yang pakikisama ay maaring hatiin sa iba't-ibang kategorya. Merong suwabe at merong (2)__________. Merong nakatutuwa at merong (3)__________. Merong (4)__________ at merong malalim. Magandang katangian ang pakikisama. Nguni't ang magandang ugaling ito ay kadalasang suklian ng (5)______.

3. Pagtalakay

*Suwabe ba o garapal na pakikisama ang sumusunod: Ipaliwanag ang inyong sagot.*

1. Pakikipagsine sa mga kaibigan kahi't na may iksamen.
2. Pagpapakain sa "boss" sa mga mamanaling restoran.
3. Pagpunta sa "party" kahit na walang gana dahil sa naimbita ng kaibigan.
4. Pakikipag-away sa kaaway ng barkada o grupo.
5. Pangungumbida sa mga kaibigan hanggang malubog sa utang.

4. Pagkatha

*Magsalaysay ng isang pangyayaring nagpapakita ng pakikisama ng Pilipino.*



ERIC

## ANG HOSPITALIDAD NG MGA PINOY

F. D. Rillo, Jr.

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Birtud ng mga Pinoy ang hospitalidad o ang mainit na 1
pagtanggap sa sinuman, kababayan man o maging dayuhan. Pangalawa marahil sa naggagandahang lugar at babae ng Pilipinas, ang hospitalidad ang pinakamahusay na pang-akit ng mga nasa industriya ng turismo sa mga dayuhan upang pumunta sa ating bansa. Ipinagmamalaki natin na kahit saang sulok ng Pilipinas ka magpunta, tiyak na matatagpuan ang kaugaliang ito.

'Yang hospitalidad ay taglay na ng mga Pinoy bago pa 2
man dumating ang mga Espanyol. Isipin na lang na paroo't parito sa atin ang mga dayuhang mangangalakal. Hindi mangyayari sana iyon kung masusungit at laging nakasimangot ang ating mga ninuno.

Kaya't inismiran ng mga taga-Turismo si Lapu-Lapu 3
dahil sinira niya ang ipinagmamalaking hospitalidad ng mga Pilipino nang kumasa siya kay Magellan ilang dantaon na ang nakararaan. Upang makabawi marahil sa batik na ginawa ng hepe ng Mactan, mainit na pagsalubong ang ibinigay ng mga Pinoy sa muling pagdating ng mga Espanyol. Hinayaan din nila ang mga kababayan ni Magellan na hawakan ng mga

ito ang kabuhayan, pulitika at kultura ng bansa sa loob ng
mahigit na tatlong daang taon.

Marunong din namang tumanaw ng utang na loob ang mga 4
Espanyol. Halimbawa, binigyan nila tayo ng Kristiyanismo
at iniligtas ang ating mga kaluluwa mula sa kuko ng
diablo. Pati 'yong ating mga nasusulat na panitikan ay
sinunog ng mga misyonerong Espanyol dahil ang lahat ng
ito'y "likha ng demonyo". Aba'y salamat sa ating
hospitalidad! Kung hindi pala'y baka tinubuan na rin tayo
ng sungay at buntot.

Pero hindi **hospitable** si Andres Bonifacio. 5
Nanghikayat siya ng maraming katulad niya at pinalayas ang
mga Español. Napahiya siguro ang ilang kababayan ni
Bonifacio nang malamang nilabag niya ang magandang ugaling
ito ng mga Pilipino. Kaya't upang ipakita sa buong
daigdig na hindi puwedeng alisin ng kung sino lang ang
hospitalidad ng mga Pilipino, pinatay nila si Bonifacio.

Upang maipakita muli na bukas-palad ang mga Pilipino 6
sa mga dayuhan, pinapasok naman nila ang mga Amerikano.
Tuwang-tuwa naman ang mga Kano. Ang babait daw ng mga
Pinoy. Biro mo nga namang ipagkaloob sa iyo ang mga lupa
nila para mapagtamnan ng tubo, pinya, niyog at kung anu-
ano pa. At ang mga kabundukan. Ipinagkaloob nating lahat
ang mga ito sa Amerikano para makakuha sila ng ginto,

tanso, pilak at kung anu-ano pang mineral. Para wala silang masabi. Para mapatunayan natin na tayo'y **hospitable**.

Kaya naman **sinuklian** nila ang ating hospitalidad ng 7
kanilang kagandahang-loob. Binigyan nila tayo ng mga paaralan para matuto tayong bumasa, sumulat at magsalita ng Ingles. At para maaliw tayo, naglabas sila ng bodabil at pelikula habang panay ang nguya natin ng **Hersheys** at ng tinapay na may palamang karne-norte.

**Partner** ng mga Pinoy ang mga Kano. Kaya nang 8
dumating ang mga Hapones, hindi natin sila inistima nang mabuti dahil galit ang mga Kano sa kanila. Ang hospitalidad natin ay **nakakiling** lamang sa mga poging Kano, hindi sa mga sakang na'y singkit pang Hapones. Kaya't nang pulbusin sa bomba ng mga Amerikano ang Pilipinas, hindi tayo nainis. Kakampi natin sila kasi.

Nang umalis ang mga Kano sa ating lupain, marami sa 9
atin ang nalungkot. Para silang bisita na matagal nating pinatira at pinakain sa ating bahay at pagkatapos ay biglang lumisan. Para **manatili** ang kanilang alaala sa ating lupain, hinayaan nating manatili sa atin ang kanilang mga **base** militar.

Nang may magmungkahing alisin na ang lahat ng **base** 10
militar sa ating lupain, marami ang tumutol. Para raw

kasing wala tayong utang na loob sa Amerika. Nasaan na lang ang ating hospitalidad at papayagan nating paalisin ang ating mga kaibigan? Puwede nating paalisin ang mga **base** militar, pero nahihiya tayo. Ayaw na ayaw nating masasabing hindi tayo **hospitable** sa kanila.

Nang magkabati ang Amerika at Hapon, bati na rin 11
natin ang huli. Ipinakita rin natin sa kanila ang ating hospitalidad. Hinayaan natin ang kanilang mga barko na mangisda sa ating karagatan. Hinayaan natin silang magtayo ng mga negosyo sa ating lupain. Ang lahat ng ito ay alang-alang sa hospitalidad.

Kaya naman ngayon ay panay ang pasok ng mga turistang 12
Hapon sa atin. Tuwang-tuwa sila sa ating hospitalidad, lalung-lalo na sa ating mga **hospitality girls**.

Nagbabago ang panahon, pero ang hospitalidad ng mga 13
Pinoy ay hindi nawawala.

Nang ginanap ang **Miss Universe Contest** sa atin, hindi 14
ba't kuntodong hospitalidad ang ating ginawa sa mga kalahok? Bukod sa mga parada at parangal, ipinagpatayo pa natin sila ng teatro para lamang sa okasyong 'yon. Nang maglaban sina Muhammad Ali at George Frazier, hindi ba't maging si Joe Louis ay napaigtad sa kanyang libingan dahil sa laki ng presyong ibinayad natin sa kanila? Ipinagpatayo pa ng isang **Shopping Center** si Ali sa Cubao.

Nang maglaban sa **chess** sina Karpov at Korchnoi, ilang milyong piso ang nagastos sa pagpapatayo ng isang **Convention Center** na pagdadausan ng kanilang labanan?

At ang lahat ng ito ay ginawa natin para maipamalita 15
ng mga dayuhan na napaka-**hospitable** talaga ng mga Pilipino. Kahi't na hindi na nagagamit ang ating mga hotel sa kasalukuyan. Kahi't na walang nanood at nalugi ang labanang Karpov-Korchnoi. Bale wala lahat 'yan. Ang mahalaga'y hindi tayo napahiya sa mga dayuhan.

Ang totoo'y hindi lamang sa mga dayuhan **hospitable** 16
ang mga Pinoy. Maging sa pinakamaliit na bagay ay nakikita ang birtud na ito. Isang malaking palaisipan halimbawa sa isang dayuhan kung bakit ang dalawang magkaibigan ay kailangang mag-unahan sa pagbabayad sa bus. Hindi lang basta unahan, may nag-aaway pa riyan o nagpapatayan kaya. O kaya nama'y tuwing may pista. Pinakain na ang mga bisita, may pabaon pa pag-uwi.

Halimbawa pa rin ay kung may dumalaw na kamag-anak sa 17
atin. Kung probinsiya ang dinalaw, kahi't na ang kaisa-isang manok ay gigilitan ng leeg ng maybahay para maihain lang sa bisita. Kung taga-lunsod naman ang dinalaw, tiyak na araw-araw ay mamamalengke ang maybahay para makapagluto ng masasarap na pagkain. Para walang masabi ang bisita. Para hindi mapintasan. Kahit na sa totoo'y puro tuyo ang

lagi nilang ulam.

Kung titingnan ang sikolohiya ng ugaling ito ng mga 18
Pinoy, mapapansin ang pag-iral ng kaunting kayabangan at
ng hiya. Palagi nang ang nasa isip ay ang sasabihin ng
kapwa, ang pamimintas na tatanggapin o ang katayuan sa
buhay.

Kaya't maraming sumusulpot na ospital sa kasalukuyan. 19
Maraming naoospital dahil sa sobrang hospitalidad.

B. ***BOKABULARYO:*** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. manatili' (tili') | v. to stay or remain in the same place, state, or status |
| 2. nakakiling (kiling) | v. siding or taking side with (someone against another); to be partial to<br>Syn. nakapanig |
| 3. nanghikáyat (hikáyat) | v. persuaded; induced<br>Syn. nanghimok |
| 4. ninúno' | n. ancestor; forefather |
| 5. pag-iral (iral) | n. being in operation or in force; taking effect; effectively |
| 6. palaisipán (isip) | n. riddle; puzzle |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. batik | n. 1. stain; blemish<br>2. (Fig.) bad image |
| 2. bukas-pálad | adj. open-handed; generous<br>Syn. mapagbigay |
| 3. kayabángan (yábang) | n. boastfulness; arrogance<br>Syn. kahambugan |

| | | |
|---|---|---|
| 4. | kumasá (kasá) | v. (Slang) fought; duelled (from kasa, to cock or set the hammer of a gun in firing position) |
| 5. | hiyá' | n. shame; feeling of shame or embarrassment |
| 6. | iniismirán (ismíd) | v. mocking or sneering at someone by puckering one's lips or mouth |
| 7. | mapintasán (pintás) | v. be criticized |
| 8. | masusúngit | adj. irritable; ill-tempered |
| 9. | nakasimángot | adj. frowning |
| 10. | nilabág (labág) | v. violated or broke (a promise, rule, law, etc.)<br>Syn. sinuway |
| 11. | pabáon | n. provisions (money, food, or supplies) given to someone going on a trip |
| 12. | pang-ákit | n. attention<br>Syn. [illegible]ngbikayat |

13. sinukliân (suklî')

V. 1. given the change of his money in excess of the price of goods he or she bought

2. changed someone's money of larger denomination into an equivalent amount of lower denomination, hence

3. (Fig.) 'exchanged' an act, a custom, etc. with something in kind



ERIC

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Sa anu-anong mga bagay tanyag ang Pilipinas at Pilipino? (1)
2. Anong kapakinabangan ang ibinubunga ng ganitong mga katangian? (1,2)
3. May kasamaan ba ring ibinubunga ito? Patunayan ang iyong sagot. (3,4,6,10,11)
4. Bukod sa dayuhan, kanino at sa anong mga bagay pa ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang pagka-hospitable? (16,17)
5. Paano ginantihan ng mga Kastila ang hospitalidad ng mga Pinoy? ng Amerikano? ng Hapon? (4-7,11)
6. Anu-anong mga bagay naman ang ating ibinigay sa mga dayuhan? (6,9,11)
7. Sang-ayon ka ba o hindi sa ipinapakitang 'hospitalidad' ng Pilipino sa pista? sa pagbabayad sa bus? sa bisita? Bakit?
8. Ano ang himig ng pagsasalaysay ng may-akda? Bumanggit ng ilang halimbawa ng may himig ng panunuya. (3,4,9,12,14,15,19)
9. Ano pang ibang kaugaliang-Pilipino ang makikita sa pagkahospitable ng Pilipino? (14,15,17,18)

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga iba't-ibang salitang may *loob*

| | |
|---|---|
| 1. kagandáhang-loób | - beautiful gesture or hospitality |
| 2. kúsang-loób | - to give freely; given with no obligation |
| 3. ipagkaloób | - to give something as a gift |
| 4. lakás ng loób | - strength of will |
| 5. loób | - the inside of something; personal volition; will |
| 6. mahína ang loób | - weak |
| 7. malakás ang loób | - strong-willed |
| 8. masamá' ang loob | - to feel bad; to feel hurt |
| 9. útang na loób | - debt of gratitude |
| 10. waláng útang na loób | - ungrateful |

*Lagyan ng pananalitang may Loob ang mga sumusunod:*

1. Hindi siya tumalon kasi ________________ niya.
2. Ang mga Pilipino ay kilala sa kanilang pagkakaroon ng ________________.
3. Mahusay na negosiyante iyan kasi ________________.
4. Kapag ________________ niya, nagtatampo siya at hindi naimik.
5. Malaki ang ________________ ko sa mga magulang ko.

6. ______________________ mo ba ipamigay ang mga halaman sa paso?

7. ______________________ mo na ang natitirang pagkain sa kanila.

8. Ang ________________________ ay walang hiya.

b. Mga pananalitang ginagamit kapag nagmamagandang-loob

1. Nakikipag-agawan sa bayad sa bus o dyipni.

Mama, (sa tsuper) heto ho ang bayad namim.

(Sir, here is our fare.)

Ako na. May barya ako.

(Allow me. I have some change.)

Heto na. Ikaw nang ikaw na lang ba?

(Here. Do you have to be the one who pays all the time?)

Huwag na. Ako na lang.

(Don't. I'll pay)

Ako na. Malaki yata ang suweldo ko sa iyo.

(Let me do it. I have a bigger salary.)

2. Nagpapakain sa piyesta sa bahay

Pag-aanyaya

Halina kayo, kain na.

(Come, let's eat.)

Huwag mahihiya, kain nang kain.

(Don't be shy. Eat some more.)

Aabot kayo, ha?

(Be sure to reach for food.)

Gusto mo ba ng ______________________ ?

(Do you like ______________?)

Sige, kain nang kain. Huwag mahihiya.

(Come on, keep on eating. Don't be shy.)

Gusto mo pa ba ng _______________?

(Do you want some more ___________?)

Nagmatamis ka na ba?

(Have you had dessert?)

Ang hina mo namang kumain. Sige pa.

(You eat so little. (Eat) some more.)

Pagpasensiyahan na ninyo ang aming handa.

(Please bear with our humble fare.)

Pagtanggi o pag-sang-ayon sa anyaya

Naku, busog na busog na (ho) ako. Salamat.

(I'm so full, thank you.)

Oho/oo, aabot na lang ako.

(Yes (sir/ma'am), I will reach for some.)

Oho/oo, nagpapahinga lang.

(Yes (sir/ma'am) I'm just taking a break.)

Naku, hindi na ho. Kaninang-kanina pa ako kumakain.

(Oh, thank you, no. I have been eating for a long time.)

Tapos na po. Wala nang lalagyan.

( I'm through. I'm so full.)

Huwag kayong mag-abala pa. Ako na (ho) ang bahala.

(Don't bother. I'll take care of myself.)

3. Nangungumbida sa lakaran

Pag-aanyaya

Tena, kumain tayo. Ako ang taya.

magmerienda tayo

manood tayo

(Let's eat. I'll pay.)

(..... have merienda.)

(..... see a movie.)

Pagtanggi

Huwag na. Ako nga ang may utang sa iyo. Ako ang dapat magbayad naman.

(No, I owe you one. I should pay this time.)

Pagsang-ayon

O, sige. Mayaman ka yata ngayon.

(O.K. You seem loaded today.)

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Sino o ano ang tinutukoy sa sumusunod:*

1. Isang taga-Mactan na sumira ng hospitalidad ng mga Pilipino.

---

2. Bininyagan nila tayo ng Kristiyanismo.

________________________________________

3. Binigyan nila tayo ng mga paaralan.

________________________________________

4. Hinayaan nating manatili sa atin ang kanilang base militar.

________________________________________

5. Hinayaan natin ang kanilang mga barko na mangisda sa ating karagatan.

________________________________________

6. Hinayaan natin silang magtayo ng mga negosyo sa ating lupain.

________________________________________

7. Maraming naospital dahil sa sobrang hospitalidad.

________________________________________

8. Pangalawa sa naggagandahang lugar at babae sa Pilipinas.

________________________________________

9. Hinawakan ng mga ito ang kabuhayan, pulitika at kultura ng bansa sa loob ng mahigit na tatlong daang taon.

________________________________________

10. Pilipinong pinatay dahil sa paglabag sa kagandahang-loob ng Pilipino.

________________________________________

3. Pagtalakay

*Ang mga base militar ay isa pa ring tanda ng 'hospitalidad' ng Pilipino. Ano ang iyong kuru-kuro tungkol sa pananatili ng mga ito sa Pilipinas?*

4. Pagkatha

*Sang-ayon ka ba sa may akda na kung titingnan ang sikolohiya ng hospitalidad ng mga Pinoy, mapapansin ang pag-iral ng kaunting kayabangan at ng hiya? Magbigay ng halimbawa para ipaliwanag ang iyong paniniwala.*

## ALISIN 'KA MO ANG DYIPNI?
## TEKA MUNA . . .

### May Sakay na Kasaysayan, Sining at Kultura ang Dyipni

Valerio L. Nofuente

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Naging bahagi ng **di-magkamayaw** na usapan ang plano ng bagong tatag na Ministri ng Transportasyon at Komunikasyon. Ayon sa **panukala**, hindi na pahihintulutang **pumasada** ang dyipni sa mga pangunahing kalsada upang sa hinaharap ay tuluyan nang alisin ang behikulo sa loob ng Metro Manila. 1

Ang dahilan ng pagtutol ng ilang estudyante ng sining at ilang mga dayuhan sa plano'y nakabatay sa katangian ng sasakyan bilang ispesimeng pangkultura. Ang dyipni sa kanilang paningin ay isang pambihirang ekspresyong pansining ng sambayanan. 2

Para sa dayuhan, ang behikulo ay "kataka-taka," "pambihira," "kakaiba," at kung minsa'y "imposibleng sasakyan." Sa mga oras na matrapik, ang mga kalsadang may dikit-dikit na **bumper** ng dyipni ay nagmumukhang isang mahabang hardin ng mga bulaklak na iba-iba ang kulay sa buwan ng Mayo. Sa mga probinsiya, ang dyipning may kapasidad na dalawampung pasahero'y nakapagkakarga ng 3

tatlumpu sa dami ng *sabit* sa *estribo* bukod pa sa mga kaing ng gulay, sako ng bigas at sisidlan ng kambing na nakatali sa bubong.

Nguni't para sa maraming Pilipino, ito ay 4
singkaraniwan ng kaning araw-araw ay ipinalalaman sa sikmura. Ito ang maaasahang sasakyan ng manggagawang papunta sa pabrika, ng estudyanteng naghahabol sa klase, ng nanay na tuwing umaga'y gumaganap ng tungkuling pasampu-sampung pisong pamamalengke, ng nag-oopisinang nauubusan ng pantaksi, at maging ng **executive** sa panahon ng krisis sa gasolinang ispesyal.

Ang dyipni ay katulad ng maraming bagay at ugaling 5
bahagi na ng buhay-Pilipino. Ang disenyo ay halu-halong maski papaanong tulad ng sangkap ng lutong *pinakbet*, at makulay na para ng pistang Ati-atihan sa Aklan[1]. Ang loob ay sing-ingay ng palengke ng Dibisorya, nguni't relihiyosong tulad ng simbahan ng Quiapo.

*NIRETOKE* NG KAGIPITAN

Ang unang dyip na nakita ng mga Pilipino ay sasakyang 6

---

[1] *Ati-atihan* means "pretending to be Atis." The Atis are the aboriginal Negritos of Panay, a Western Visayan island. The early celebrants mimick the Atis by smudging their body with soot and dancing to the Ati-atihan beat. This traditional Fil-Hispanic fiesta got influenced by the Manila carnival of the American colonial period and evolved into a Filipino mardi-gras type of festivity. The Ati-atihan is the Filipino at his/her most uninhibited state. It is a wild costume party equivalent to a primitive discotheque.

pandigmaang naglilibot sa kalye noong **liberation** at <u>kinalulunanan</u> ng sundalong Amerikano. Ang sasakyan, kasama ng tsokolate, **chewing gum**, sardinas at de-lata ay naging <u>katakam-takam</u> sa bayang nagdanas ng hirap sa loob ng apat na taon.

Ang dyipni ay tila bastardong anak. Ang makina'y galing sa Amerika at ang kaha ay niretoke ng Pilipino. Upang makadaan ang pasahero, nilagyan ng pintuan sa likod. At higit sa lahat, ang kahang kulay berde oliba ay pinatungan ng iba-ibang kulay. 7

ANAK NG KALESA AT KOTSE

Ang disenyo ng tsasis ng dyipni ay hango sa disenyong ginagamit sa kalesang siyang pangunahing transportasyon bago nagkadigma. 8

Minana ng dyipni ang nilikha at inadorno sa kalesa, at minana rin ang taguring "hari ng kalsada." Nguni't may malaking pagkakaiba ang kalesa at dyipni at ang karuwahe noong araw, lalo na yaong magaganda at buong yabang na ipinapaseo sa mga plaza ang mga **insultares, peninulares at principalia**. Ang dyipni ay nanatiling sasakyang proletaryo. 9

ISANG PISTANG DE-GULONG

Bawa't dyipni ay iba, walang magkapareho. Kung baga sa pintura, ang pintor ng dyipni ay ayaw ng reproduksiyon. Kung nagkataong medyo nagkahawig ang dalawang dyipni, ang 10

tsuper naman ang gumagawa ng kaukulang pagbabago sa paglalagay ng adorno.

Ang harapan ng dyip ay isang **facade.** Nandito ang tila pamistang dekorasyon, at ang **hindi magkamayaw** na ilaw. **Bongga** ang pista, buhos ang pagkain. E ano kung maubos ang salapi ngayon, bukas ay bahala na. Puno ng **kikisap-kisap** na ilaw kasabay ng bukas ng **parklight** at **headlight.** E ano kung tumagal lamang ng tatlong buwan ang baterya. Saka na isipin 'yon, ang mahalaga'y magmukhang marangya ngayon. 11

May pagpapahalagang Pilipino na makikita sa dyipni -- ang paglalagay ng dekorasyon sa harapan. Sa Pilipinas, maaaring walang kaayusan sa loob ng bahay, nguni't unang napagbubuti ang harapan ng bahay na nilalagyan ng mamahaling kurtina at pasong may halaman. Kaya nga sa simbahan sa Pilipinas, malimit na hindi pa tapos ang konstruksiyon ng simbahan, nguni't ayos na ang magandang facade na may mga palamuting arkitektural. Sa dyipni, ang laging pinakamakulay ay ang harapan. 12

Nakasentro sa bubong ang pula at puting plastik na korona at tila ito'y simbulo ng pagkahari, dahil malimit na may nakasulat na "Jeepney King," "Queen Annie," "Tony D'Great," "Superstar Cheryl," "Magnificent Bong," o (ang hari sa gawaan ng dyipni) "Sarao Motors Inc." Sa gabi, nakapaligid dito ang kikisap-kisap na ilaw na tila 13





ERIC

patalastas sa bilbord. Kung minsan, may asul na **sunvisor** sa ilalim ng korona, na may nakadipang plastik na pakpak, ng manok o agila, at napapalibutan din ng ilaw.

Sa pagitan ng **sunvisor** at salamin, may nakabiting 14
**plastic strip** na kinalalagyan ng destinasyon o rutang daraanan tulad ng Quiapo-Espana **Extension**, Cubao-Quezon **Blvd.** Sa salamin ay sangkaterbang istiker ng **Board of Transportation**, UST, panata sa Antipolo, at pira-pirasong papel na **reflector**, na nakabalot sa gilid ng salamin.

PANTASYANG TUMATAKBO

Sa **hood** na humigit-kumulang na isang metro-kuwadrado 15
ay ibinuhos na yata ng lahat ng pagkamalikhain ng Pilipino. Ang hindi nawawala rito ay ang kabayong kroma na diretsong nakatayo sa **hood** upang sabihin marahil na hindi nalilimutang ang pinagmulan ng dyip ay ang kalesa.

Kasama ng kabayo ang hindi magkamayaw na tila gubat 16
ng dekorasyong nakaturnilyo sa **hood**. May mga diretso at korteng-U na kural na bakal, apat na antenang hindi konektado sa radyo at balot ng plastik, sampung **side mirror**, at mga **parklights** na kombinasyon ng pula, berde, asul at kahel. Nakapagtataka kung minsan kung paano pa, sa likod ng gubat na ito, nakikita ng drayber ang kanyang destinasyon.

Sa pagitan ng **hood** at salamin nandoon ang malalaking 17
letra ng pangalan ng anak o apo, o kaya'y ng may-ari tulad

ni "Inang Petang," "Ronel-Rowena." Kung ang nakasulat ay "Roma 16:16," asahang ang drayber o opereytor ay miyembro ng Iglesia ni Cristo.

Hindi lang depensa ang **bumper** kundi siksikan din ng likhang-sining. Nakaturnilyo rito ang plaka at tatak ng **body builder.** Nakasabit sa **bumper** ang **rubber sheet** na tila palda ng dalaga, may disenyo ng araw, bituin o kidlat, at nasa gitna ang pamagat ng isang **popular o sentimental** na kanta -- **"Remember Me," "God Knows," "My Love for You"** at **"Bakit?"** 18

ILAW, KULAY, GUHIT AT SALITA

Ang bintana ng dyipni kung minsa'y tila sa bahay sa probinsiya, maluwang para makapasok ang hangin. Nilalagyan ito ng pula at dilaw na kurtina, ng **jalousies,** at kung umuulan, ay tinatabingan ng plastik. Sa ilalim ng bintana, nakaturnilyo ang **signboard** ng destinasyon at ruta ng dyipni. Nakasabit sa tabi ng drayber ang kalbong reserbang gulong, na <u>singpanot</u> rin ng apat na gulong na nakakabit. Hindi baleng kalbo, bongga pa rin -- ang tila nais sabihin ng mapormang nangingislap na **hubcap.** 19

Tila kambas ng pintor ang tagiliran ng dyipni. Sa pagitan ng mga linya ng nikiladong dekorasyon at **steel bar,** isinisingit ang iba-ibang kulay, guhit, larawan, at dekorasyon. Ang mga ito'y parang **rocketship** na naghahabulang tila hinango sa **Star Wars, Voltes V,** o jet 20

ng **Blue Diamond** ng **Philippine Air Force**, ang sagitsit ng kidlat, lagablab ng apoy at tinirintas na lubid.

HALINANG MAGLAKBAY

Ang pasukan sa likod ng dyipni ay nagdaan din sa mahabang ebolusyon. Ito ay dating nabubungaran ng simpleng **tent**. Ngayon, ito'y tila pinto ng maraming simbahan, na parang daanan ng reyna o maharlika. Sa magkabilang-tabi ay may tubong hawakan ng pasahero kung sasakay (mahirap abutin ang kamay ng Pilipina, **Filipino custom, no touch**), sabitan ng pasaherong hindi makaupo sa loob, o sabitan din ng basket, kaing, bayong na galing sa palengke at lalagyan ng tinda ng naglalako ng puto o taho. 21

Sa tuntungan ay may nakasulat na panghalina: "Pogi Driver," "Watch Your Step," "Halika Baby, Sakay Na," "Welcome." Kung minsan, tila nakaloloko: "Wow Legs," "Chicks Loader" "Chicks Patrol," "Chicks Mechanic." Ang pagpapakitang-gilas o pagyayabang ng drayber ng dyipni ay hindi nawawala, kaya sa tila paldang nakasabit sa ilalim ng baytang ay malimit na nakasulat na: "Driver: walang sabit," "Wanted Wife: 35-35-35," "Kiss Me," "Loverboy Nani," "Great Lover." Maaari namang ito'y mayabang na nagbibigay ng **warning** sa kasunod: "Distancia Amigo," "Sabi Barok, Huwag Tutuk," "Alikabok," "Harurot." 22

BAHAY-SAMBAHAN, BAHAY-ALIWAN

Pagpasok ng pasahero sa dyip, mararamdaman ang 23

kakaibang atmospera. Parang siya'y nasa tahanang Pilipino ispaeyo ay may nakasulat at nakadikit. Unang-unang mapapansin ang altar, imahen ng **Lady of Perpetual Help**, **Bleeding Christ** o ni **St. Christopher** (paborito ng drayber ang santong ito sa kabila ng balitang naalis na sa pagkasanto). Tila ritwal ng drayber na sabitan ng sampaguita tuwing alas sais ng hapon ang altar, na tila paganong nagtatagubilin sa Diyos na "Aalayan kita pero tulungan mo ako sa aking hanapbuhay." Bihirang drayber ang nagsisimba kung Linggo, pero may sarili siyang ritwal sa paghiling ng suwerte at kaligtasan sa biyahe sa imaheng nasa kanyang harapan.

Nasa ibaba ng altar, abot-kamay lamang ang lalagyan 24
ng perang kailangang mapuno bago isauli sa opereytor ang dyipni. Ang salaping tinatanggap ng kanyang ani. Sa gawing kanan may **miniature** na botelya ng San Miguel Beer na nakapatong sa **stereo cassette**, na malakas na bumungbalit ng kanta ni Imelda Papin.

Nakadikit sa salamin at sa tabi ng **cassette** ang 25
**sticker** (kung minsa'y isinulat ng **pentel pen**) na nagbibigay ng batas sa loob ng sasakyan: "Magbayad nang maaga nang di maabala," "Barya po lamang sa umaga, "**Feet Off, please.**" Tila ito pagsasabing "Bahay ko ito kaya sumunod ka sa kagandahang-asal." Para ipaalaalang ang **discount** ay para lamang sa estudyante: "Barok Dabiana,

I.D. mo'y ipakita."

Sa dyip ay walang kundoktor na naniningil ng bayad kaya may istiker na: **God Knows Judas Not Pay** na parang nagsasabing "Konsiyensiya mo naman." Pati paraan ng pag-upo ay may batas: "Pakiipit po lamang." O "upong diyes" (1960), "upong 15" (1972), "upong 30" (1978), "upong 50" (1979), na repleksiyon din ng pagbaba ng halaga ng pera sa bansa. 26

Tila elastikong goma ang kapasidad ng dyipni. Repleksiyon wari ito ng kapangyarihan ng Pilipinong umangkop sa sitwasyon. Ang 16 na pasahero ay kasya, pero puwedeng gawing 18. Kung hindi kakasya, sumabit na lang, aabutin ng mga nakaupo ang kargada, at kasya pa rin. Parang bahay ng Pilipino ang dyipni. Dumating ka sa oras ng kainan, paglalabas ka ng maybahay ng ekstrang pinggan, at kasya pa rin ang kanin at ulam. May dumating na kamag-anak galing sa probinsiya -- gastusin ang konting naiipon, o mangutang muna sa tindahan. Pumunta ka naman sa probinsiya, at doo'y may manok na puwedeng gilitan ng leeg. Huwag ubusin ang panahon sa kaiisip kung paano natutulog ang pamilyang may sandosenang anak sa loob ng barung-barong. Mahusay mamaluktot ang Pilipino habang umiikli ang kumot. 27

Bawa't sakay ng dyipni ay tila bahagi ng isang kolektiba. Iyong nasa tabi ng drayber ay tila na- 28

ordinahang abutin ang pamasahe ng nasa dulo upang makaabot ito sa drayber. Ang pera ay pasa-pasa. Kapag nagpapara ang isa, lahat halos ay <u>nakikisutsot</u> at nakikipara. Kapag may batang sumakay, kinakalong upang mapagbigyan ang ibang sumasakay.

Bakit kailangang maging makulay at maliwanag ang 29
dyipni na tila pista? Mahilig ang Pilipino sa pista, ito'y dumadayo upang maglibang at kumain. Kailangang akitin ng drayber ang pasaherong mahilig sa pista, at ang dyipni ay <u>nagmistulang</u> maliit na <u>perya</u> -- maingay, mailaw, at masaya.

May ekonomikong dahilan din ang drayber kung bakit 30
nais niyang mapuno nang sobra-sobra sa kapasidad ang dyipni kahit lumabag siya sa batas. Mataas ang lahat -- **boundary** : P70.00; diesoline: P1.75; gasolina: P3.00. At may <u>tong</u> sa pulis na pag tumaas ang mga presyo'y tumataas din. Kaya ang drayber ay kinaiinisan. Pumaparada kahit bawal, humihinto para sa pasahero kahit saan, magaspang sumingit na tila laging may karera. Kailangan niyang kumita. Magbubunganga si Mrs. sa hindi magkasyang panggastos. Mataas na rin ang presyo ng simpleng dibersiyong pag-inom ng **beer** at pagdalaw sa kabaret.

Ilang beses nang ninais pahintuin ang dyipni, nguni't 31
hindi nagtagumpay, dahil bahagi ang dyipni ng suliraning sosyolohikal. Maraming walang trabaho sa Pilipinas, at

ang dyipni ay nagbibigay ng trabaho sa libu-libong pa-ekstra-ekstrang drayber at mekaniko. Makitid ang mga kalye at hindi kasya ang bus.

Kung talagang kailangang ipagpatuloy ang pag-alis sa 32
dyipni sa mga pangunahing daan hanggang tuluyang alisin ito sa buong Metro Manila, ituloy natin. Kapakanang pambansa ang dapat mangibabaw. Gayunman, sa pagsasabatas at pagpapatupad ng plano, isaalang-alang lamang na ang dyipni ay behikulong may sakay na kasaysayan, sining at kultura.

**B. BOKABULARYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | bumunghálit (bunghálit) | v. uttered a loud sound |
| 2. | katakám-takám | adj. deliciously tempting |
| 3. | kinalulunánan | adj. (from v. to ride) ridden |
| 4. | di-magkamáyaw | adj. unable to understand each other |
| 5. | gilitán (gilít) | v. to kill by cutting the neck |
| 6. | nagmistúla(ng) (mistúla) | v. took the semblance of something |
| 7. | naglalakó' (láko') | v. peddling especially foodstuff |
| 8. | nakaturnílyo | adj. (Sp.) fastened by a screw |
| 9. | panukála | n. plan; proposal Syn. mungkahi |
| 10. | pumasáda (pasáda) | v. (Sp.) to make a trip or run a passenger vehicle on its regular route |
| 11. | singpanót | adj. (from panot -- bald) as bald as |

**Bokabularyong Teknikal**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | bayóng | n. a large bag or sack made of buri palm leaves |
| 2. | bóngga | adj. (Slang) ostentaneously fashionable |
| 3. | kagandahang-ásal | n. good manners |
| 4. | kikisáp-kisáp | adj. flickering |
| 5. | kundoktór | n. fare collector in a passenger vehicle |
| 6. | estríbo | n. (Sp.) footboard (of a passenger vehicle) |
| 7. | nakikisutsót (sutsót) | v. calling someone or the attention of someone by whistling or making a hissing sound |
| 8. | niretóke (retóke) | v. retouched |
| 9. | pagkamalikhâin | n. creativity |
| 10. | pagpapakitang-gílas | n. show of gallantry |
| 11. | pérya | n. (Sp.) fair; carnival |
| 12. | pinakbét | n. (Ilok.) a kind of vegetable dish popular among Ilocanos |
| 13. | sábit | n. said of persons or things hanging on something |

14. sangkatérba(ng) — n. (Sp.) multitude, as of people or things

Syn. santambak

15. tahó — n. a delicatessen of soybean meal and syrup usually peddled around by ambulant Chinese vendors

16. tóng — n. a monetary bribe



ERIC

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang panukala ng Ministri ng Transportasyon tungkol sa dyipni sa Maynila? Ano ang kanilang panghuling pakay? (1)
2. Bakit tumututol ang ilan sa planong ito? (2)
3. Ano ang impresyon ng isang banyaga sa dyipni? Ano naman ang kahalagahan ng dyipni sa isang Pilipino? (3,4)
4. Sabihin ang pagkakaiba o pagkakatulad ng dyipni sa kalesa; sa karwahe noong unang panahon. (8,9)
5. Ilarawan ang ayos ng isang dyipni. Bakit inihahambing ito sa isang 'pistang de-gulong?' (11,13-20)
6. Sa ano pang mga bagay itinutulad ang dyipni? Liwanagin kung bakit. (5,7,20,23,27,29)
7. Talakayin ang aspektong ekonomiko na napapaloob sa pagmamaneho ng isang dyipni. Ano ang ibinubunga ng aspektong ito sa ugali ng drayber? Sa isang tao, tulad ng pulis? (30)
8. Paano pa rin nagiging bahagi ang dyipni ng suliraning sosyolohikal? (31)

10. Anong mga kaugalian o katangiang Pilipino ang makikita sa ayos ng isang dyipni? (10-12,15,22,23,27,29)

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

   a. Mga salita at pananalitang nauukol sa sining ng dyipni

*Isulat ang titik o parirala sa kanan na kasingkahulugan ng bawa't salita o parirala sa kaliwa. Tapos ay gamitin sa pangungusap ang bawa't salita sa kaliwa.*

| A | B |
|---|---|
| _____ 1. nakapaligid | a. malaking liyab |
| _____ 2. nakapagitna/nakasingit | b. pinagsama |
| _____ 3. guhit | k. nakabalot ng kroma |
| _____ 4. lagablab | d. sinalapid |
| _____ 5. nakaturnilyo | e. linya |
| _____ 6. nikilado | g. nakalagay sa gitna |
| _____ 7. kombinasyon | h. nakapaikot |
| _____ 8. disenyo | i. maraming kulay |
| _____ 9. tinirintas | l. kaunting kulay |
| _____ 10. makulay | m. dibuho |
| | n. nakakabit |

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________



ERIC

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________

6. ______________________________________________

7. ______________________________________________

8. ______________________________________________

9. ______________________________________________

10. ______________________________________________

b. Paggamit ng na o =ng

Ipinangkakabit ang pang-angkop (linker) na na o =ng sa pang-uri (adjective) at sa pangngalan (noun). Kapag ang nauunang salita ay nagtatapos sa patinig (vowel sound), ikinakabit dito ang =ng. Samantalang kapag ito ay nagtatapos sa katinig (consonant sound), maliban sa =n, ginagamit na pangkabit ang na.

*Lagyan ng na o -ng ang sumusunod:*

1. dekorasyon ______ nikilado
2. kroma ______ kabayo
3. pamista ______ dekorasyon
4. kulay ______ iba-iba
5. sasakyan ______ pandigmaan
6. luto ______ pinakbet
7. dikit-dikit ______ bumper
8. pista ______ ati-atihan
9. kikisap-kisap ______ ilaw

10. palamuti ______ arkitektural

11. anak ______ bastardo

*Lagyan ng pang-angkop 'linker' (na o -ng), pananda 'marker' (ng) o pangatnig 'connector' (ng) ang sumusunod na parapo:*

Tila kambas ______ pintor ang tagiliran ______ dyipni. Sa pagitan ______ mga linya ______ nikilado ______ dekorasyon at steel bar, isinisingit ang iba-iba ______ kulay, guhit, larawan at dekorasyon. Ang mga ito'y parang rocketship ______naghahabulan ______ tila hinango sa Star Wars ......, ang sagitsit ______ kidlat, lagablab ______ apoy at tinirintas ______ lubid.

k. Mga parte ng dyipni

*Dagdagan ang sumusunod na parte ng dyipni:*

estribo, tsasis, __________, __________, at iba pa.

*Bakit Ingles ang ibang mga salitang ginamit?*

d. Mga salitang ginagamit sa paghahambing ng mga bagay/tao o iba pang magkapareho ng hitsura

1. magmistúla
2. magmumukhâ'
3. pára ng
4. sing (karaníwan)

5. tila

6. túlad ng

*Ano ang mga inihahambing sa sumusunod na parapo?*

a. Sa mga oras na matrapik, ang mga kalsadang may dikit-dikit na bumper ng dyipni ay nagmumukhang isang mahabang hardin ng mga bulaklak na iba-iba ang kulay sa buwan ng Mayo.

---

b. Ang bintana ng dyipni kung minsa'y tila sa bahay, sa probinsiya, maluwang para makapasok ang hangin.

---

k. Ito (ang dyipni) ay singkaraniwan ng kaning araw-araw ay ipinalalaman sa sikmura.

---

d. Ang disenyo ay halu-halong maski papaanong tulad ng sangkap ng lutong pinakbet at makulay na para ng pistang Ati-atihan sa Aklan. Ang loob ay sing-ingay ng palengke ng Dibisorya nguni't relihiyoso tulad ng simbahan ng Quiapo.

---

*Ituloy ang sumusunod na pangungusap. Gumamit ng salitang ginagamit sa paghahambing.*

a. Ang halu-halong disenyo ng dyipni ay tulad ng

lutong pinakbet.

b. Ang loob ng dyipni ay ____________________________

______________________________________________________

k. Ang dikit-dikit na dyipni ay ______________________

______________________________________________________

d. Ang relihiyosong loob ng dyipni ay ________________

______________________________________________________

e. Pangkaraniwan ang dyipning ________________________

______________________________________________________

g. Ang makulay na disenyo ng dyipni ay _______________

______________________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Ilarawan kung anu-anong palamuti ang nakasabit o nakakabit sa sumusunod na parte ng dyipni:*

a. Sa harapan ng dyipni ______________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

b. Sa bubong ng dyipni _______________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

k. Sa loob ng dyipni _________________________________

______________________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

d.Sa **hood** ng dyipni ______________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

e. Sa likuran ng dyipni ___________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Pagtalakay

a. *Ihambing ang loob ng dyipni sa loob ng bahay.*

b. *Magkaroon ng pagtatalo o debate tungkol sa paksang/ katanungang ito:*

*"Dapat bang alisin sa Maynila ang dyipni?"*

4. Pagkatha

a. *Patunayan ang pangungusap na ito:*

"Ang dyipni ay isang pambihirang ekspresyong pansining ng sambayanan. "

b.*Mayroon ba sa ibang bansa na maihahalintulad sa dyipni na simbulo o ekspresyon ng kasaysayan at/o kultura ? Ipaliwanag ang iyong sagot.*



ERIC

## BAWANG, BARYA AT BIGAS: MGA RITWAL SA BAGONG TAON

### Sa Pananaw ng mga Antropologo, ang Pagdiriwang ng Bagong Taon ay Isang Ritwal ng Paglikha

Ponciano Bennagen

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Bagong taon na naman! 1

May paputok at pag-iingay: sa iba't ibang lugar sa 2
kapuluan ay may kawayang kanyon at sira-sirang latang
kinakaladkad ng mga kabataang nagli'ibot sa paligid;
laganap ang bawang, kuwitis, isparklers, at watusi; may
turotot at tambol at kung anu-ano pang lumilikha ng ingay.

May handaan at sayawan: sa mga mayayaman, may 3
litson, hamon, keso-de-bola at alak; sa mga mahihirap may
kumakalam na tiyan, bagaman sa mga lugar na ang tag-ani'y
kasabay ng pagpapalit ng taon ay mayroon ding
pansamantalang kasaganaan.

Lingid sa mga ito, mayroon pa ring samut-saring 4
kaugaliang matamang isinasagawa ng mga taong nanatiling
ingat-yaman ng ilan nating tradisyon: ang pagsusuot ng
damit na may mga bilog na kasinlalaki ng barya; ang
pagbubulsa ng pera; ang pagtulog sa huling gabi ng lumang
taon nang bukas ang mga bintana't ilaw upang malayang
makapasok ang grasya; ang paghahanda ng pagkain, hindi
upang magkasayahan lamang kundi upang manatiling sagana

ang hapag-kainan; ang pagpupuno sa bigasan at sa mga sisidlan ng asin at asukal; ang pagtatrabaho sa unang araw ng bagong taon upang manatiling masipag sa buong taon.

Maitatanong natin, ano ang kahulugan ng ritwal ng 5
bagong taon at ang pagbabago ng anyo nito sa ating panahon?

Bawa't isa sa atin ay nasangkot na sa isa o higit 6
pang ritwal. May ritwal para sa kapanganakan, para sa pagbibigay ng pangalan, para sa pagiging dalaga't binata; para sa pag-aasawa at para sa pagkamatay. At kung may mga ritwal na kaugnay ng mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng indibidwal, may mga ritwal din ang lipunan na kaugnay ng mga pangyayaring mahalaga sa pagpapatuloy sa daloy ng kasaysayan nito. May ritwal na kaugnay ng pagtatanim, pag-aani, kalagitnaan ng tag-araw, bagong buwan, bagong taon at iba pa.

Sa lahat ng mga ito, sinasabi ng mga antropologo na 7
may tatlong antas ang anumang ritwal: ang antas ng paghihiwalay mula sa lumang kaayusan, ang antas na namamagitan sa paghihiwalay at sa pangatlong antas ng pag-uuli.

Hindi ganap ang paghihiwalay ng tatlong ito, at sa 8
hindi mapanuring mata, ang tatlong antas ay magkakasanib. Sa pag-aasawa, halimbawa, nariyan ang ritwal para sa babae't lalake bilang pamamaalam sa kanilang pagiging

dalaga't binata (kagaya ng **bridal shower** at **stag party**). Pagkatapos nito, idinadaos ang kasalan mismo, na sinusundan naman ng pulot-gata bilang ritwal ng pagbabalik ng dalawa sa lipunan, bilang mag-asawa.

Ano ngayon ang relasyon ng mga ito sa ritwal ng 9
bagong taon? Ang tugon dito'y kailangang hanapin sa mga isinasagawa ng mga tao sa kanilang pagdiriwang ng pagbabago ng taon. Gayunman, makapagbibigay-liwanag din ang pagsasalang-alang natin ng iba pang ritwal na kaugnay ng pagbabago ng katayuan o kaayusan ng indibidwal at ng lipunan.

Bilang paghahanda sa pagbabago ng taon, ang mga tao'y 10
nagiging abala: nililinis ang bahay, namimili o nagpapagawa ng bagong damit, naghahanda ng pagkain, nag-iimbita ng mga kaibigan at kamag-anak, at kung anu-ano pa. Isinasagawa rin ang mga kaugaliang siyang simbolo ng kasaganaan at kagalingang pang-indibidwal at panlipunan.

Sa oras mismo ng pagbabago ng taon, mapapansin ang 11
**pagkamalikhain** ng mga tao: ang ordinaryong kawayan ay nagiging kanyon; ang sira-sira't kalawanging lata ay lumilikha ng ingay; ang torotot ay nagiging makulay; ang mga damit ay nagiging marangya; ang karaniwang pagkain ay nagiging espesyal para sa **media noche**; ang buong kapaligiran ay nagbabagong-bihis.

Ang mga kaibigan ay nagsasalu-salo, ang mga kapit- 12



ERIC

bahay at magkakakilala ay nagbabatian at ang mga magkakamag-anak ay nagsusumikap na magkasama-sama sa pagbabago ng taon. Samakatwid, ang pagdiriwang ng bagong taon ay nagbibigay ng pagkakataon para magkasama-sama't magkasalu-salo ang mga dating malalayo sa isa't isa. Nagbibigay din ito ng pagkakataon sa mga dating magkakasama't magkakamag-anak, na **pahigpitin pa ang bigkis** ng kanilang pagsasama.

Sa kabuuan, masasabing ang ritwal ng bagong taon ay 13
kinakikitaan din ng **pagkabalisa't pagkabagabag**, ng **pagkamalikhain** at ng **pag-uuli**, na kung saan ang pagkabagabag ay napapalitan ng tuwa't katiyakan. Ang ritwal ng bagong taon, sa kahuli-hulihan, ay ritwal ng paglikha.

Sa kabila nito, malinaw sa ating panahon na ang 14
mapanlikhang diwa ng ritwal ng pagbabago'y siya ring dahilan kung bakit ang mga tao'y madaling marahuyo sa komersiyalisasyon ng bagong taon.

**Bulalas** ng marami: "Tutal, isang beses lang naman sa 15
isang taon." Nangyayari tuloy na ang isang beses ay nagiging dalawa, tatlo at higit pa. Dulo nito'y nagiging **talamak** na sa lipunan ang komersiyalisasyon ng mga ritwal. Hindi na sapat ang binyag at kasal sa kalapit-simbahan; kailangan pa sa katedral. Hindi na sapat ang handaan sa bahay; kailangan ang **reception** sa isang **five-star hotel**.

Masasabi na ang mga ito ay likha ng ating panahon -- 16
dala ng pagbabago na rin ng lipunan, at samakatwid ay di dapat ikabahala. Ang bawa't panahon ay may kani-kanilang ritwal.

Kaugnay nito, may aral marahil na dapat mapulot at 17
maisagawa ang indibidwal at lipunan ng ating panahon, sa kantang nananawagan na:

**Bagong taon ay magbagong-buhay.**
**Nang lumigaya ang ating bayan.**
**Tayo'y magsikap upang makamtan**
**Natin ang kasaganaan.**

B. **BOKABULARYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. abalá | adj. busy; occupied; preoccupied |
| 2. antás | n. any of the stages in an orderly progression |
| 3. bulálas | n. a venting or foaming out, as of passion or anger |
| 4. kálawangin(g) | adj. rusty |
| 5. kumakalám (kalám) | v. making a gargling sound in the stomach caused by a slight feeling of hunger |
| 6. lingid | adj. unknown |
| 7. nananawágan (tawág) | v. making a plaintive plea |
| 8. nasangkót (sangkót) | v. involved or implicated<br>Syn. naparamay |
| 9. pagsaálang-álang | n. concern for something or somebody |
| 10. talamák | adj. addicted or given up to a certain bad habit |



ERIC

**Bokabularyong Teknikal**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | báwang | n. firecracker (also, term for garlic) |
| 2. | kapanganákan | n. nativity |
| 3. | média nóche | n. (Sp.) midnight repast on the last day of the year |
| 4. | paghigpitín...bigkís (higpít) | v. Lit. to tighten the knot, i.e., to strengthen the bond |
| 5. | pag-uulí' | n. act of restoring something to its former position, condition or state |
| 6. | pulót-gatâ' | n. honeymoon |
| 7. | sámut-sarí' (ng) | adj. composed of a mixture or collection of varied things in small amount or quantity |
| 8. | turótot | n. a native or homemade toy trumpet |



ERIC

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ilarawan ang pagdiriwang ng Bagong Taon sa Pilipinas. (2,10-12)
2. Bumanggit ng ilang tradisyonal na kaugaliang isinasagawa kung Bagong Taon. (4)
3. Sa anu-ano pang mga bagay kaugnay ang mga ritwal na ginagawa ng mga Pilipino? (6)
4. Ayon sa mga antropologo, ano ang tatlong antas ng isang ritwal? Magbigay ng mga halimbawang naglalarawan ng bawa't antas. (7,8)
5. Paano mapapatunayan na ang pagdiriwang ng Bagong Taon ay isang ritwal ng paglikha? (11)
6. Ano ang mga kabutihang idinudulot ng paraan ng pagdiriwang ng Bagong Taon ng mga Pilipino? (12)
7. Ano naman ang kasamaang idinudulot nito? (14,15)
8. Ayon ka ba sa mga ritwal na ginagawa sa kasalukuyan? Ipagtanggol ang iyong sagot.

## D. MGA PAGSASANAY

### 1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. *Ipaliwanag ang dalawang kahulugan ng "bawang."*

_______________________________________________

_______________________________________________

b. Mga salitang ukol sa pagdiriwang ng bagong taon

| | |
|---|---|
| barya | kanyon |
| keso-de-bola | kuwitis |
| hamon | isparklers |
| litson | media noche |
| turotot | watusi |

*Alin sa listahan ang ginagamit para ang Bagong Taon ay maging:*

makulay? ________________________________________

maingay at masaya? ______________________________

masagana? ______________________________________

### 2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

a. *Pag-uri-uriin kung alin sa nakalista sa ibaba ang maibubuklod sa antas na:*

1. Pag-aabala o paghihiwalay

_______________________________________________

_______________________________________________



ERIC

________________________________________

________________________________________

2. Paglilikha

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3. Pag-uuli

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Pag-iimbita ng mga kaibigan at kamag-anak

Paghahanda ng pagkain

Paglilinis ng bahay

Pamimili o pagpapagawa ng bagong damit

Paggagawa ng kawayang kanyon

Pagsasalu-salo ng mga kaibigan

Pagbabatian ng mga kapitbahay

Pagsasama-sama ng mga magkakamag-anak

Pagsusuot ng marangya

Makukulay na torotot

Pagpapaalam sa pagka-binata o dalaga

*b. Sa inyong kuru-kuro, ano ang kahulugan ng sumusunod na ritwal?*

1. Pagsusuot ng damit na may mga bilog na kasinlaki ng barya

___________________________________________

___________________________________________

2. Pagtulog sa huling gabi ng lumang taon na bukas ang mga bintana

___________________________________________

___________________________________________

3. Pagpupuno ng bigasan at mga sisidlan ng asin at asukal

___________________________________________

___________________________________________

4. Pagtatrabaho sa unang araw ng bagong taon

___________________________________________

___________________________________________

5. Paghahanda sa pamiyestang pagkain

___________________________________________

___________________________________________

3. Pagtalakay

*Magbigay ng isang pagdiriwang ng mga Pilipino at ipaliwanag ang tatlong antas sa ritwal na ito.*

4. **Pagkatha**

*Anong ritwal ng ibang bansa ang alam mo? Ilarawan ito.*



ERIC

**MGA GAMOT NA WALANG RESETA**

**Ang "Milagro" ng Tapal-tapal Albularyo**

Federico Licsi-Espino, Jr.

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Noong araw ay tinatawanan lamang ang albularyo ng mga 1
taong nagsunog ng kilay -- mga burgis at mayamang namulat at namihasa sa mga "milagro" ng medisinang Kanluranin. Wala raw bisa ang mga gamot na walang reseta. Sa halip daw na makagaling ay nakasasama pa ang hatol ng albularyo. Kailangan daw ay kumunsulta sa isang doktor o sa isang espesyalista kung kinakailangan.

Nguni't ngayon ay unti-unti nang nagbabago ang 2
pananaw ng taong edukado sa medisinang katutubo. Maging sa Estados Unidos, Rusya, Tsina, at Taiwan ay pinag-aaralan na ngayon ang mga simulain at pamamaraan ng medisinang-bayan o **folk medicine.**

Dahil sa paghanap sa mga likas na gamot, muling 3
napupukaw ang interes ng mga mediko at dalub-agham sa bisa ng mga ugat ng dahon na inihahatol ng mga manggagamot na hindi nag-aral. Maging ang mga pamahiing kaakibat ng medisinang katutubo ay pinag-aaralan at sinusuri. Ang iwinawaksi lamang ay yaong mga pamahiing talaga namang walang batayan sa agham.

Marami nang mga **antibiotic** o pamuksang-mikrobyo ang 4
nadiskubre nguni't ang bisa ng sari-saring halaman sa panggagamot ay hindi na maitatwa ng medisinang Kanluranin. Mayroon pa ngang mga awtoridad sa kalusugan na nagsasabing hindi magaling para sa katawan ng tao ang mga **antibiotics.** Sa halip na gumamit ng mga **antibiotics** at kung anu-anong artipisyal na lunas, iminumungkahi ni Greg Brodsky ang ng mga ugat, dahon at bunga ng mga halaman.

BISA NG PANANALIG

Hindi naman masasabing lahat ng elemento ng 5
medisinang-bayan o **folk medicine** ay dapat yakapin. Hindi maikakaila na may pamamaraan ng albularyo na sa halip na makabuti ay nakasasama. Isang halimbawa nito ang pagkahig sa mata kung nanlalabo ang paningin ng isang tao, isang primitibong sistema na makapipinsala sa kornea ng mata sukdang mabulag ang "pasyente." Ang pagkahig sa mata ay ginagawa ng mga albularyo sa Pasig at Pateros, Rizal. Sa lunsod ng Naga naman, sa halip na kahigin ang mata ay binubudburan ang kornea ng pinaghinukuhan ng albularyo, bagay na maaari ring magbunga ng pagkabulag pagka't bukod sa matigas at nakaduduro ang pinaghinukuhan ay baka marumi pa ang kuko ng albularyong naghahatol ng ganitong paraang panggagamot.



ERIC

Mayroon namang ginagawa ang albularyo na ang bisa ay 6
nasa pananampalataya sa kanya ng maysakit -- ang epekto nito ay sikolohikal lamang, wika nga. Kabilang dito ang ginagawang panlunas ng albularyo sa eksema. Sa Bati Cueva, San Remigio, Antique, ipinapatong ng isang albularyo ang buhay na palaka sa parteng apektado samantalang umuusal siya ng salitang Latin. Sa loob daw ng tatlong araw ay wala na ang eksema. Kung tutuusin ay walang natural na bisa ang balat ng palaka, buhay man o patay, nguni't kung sumasampalataya sa albularyo ang maysakit ay gagaling din siya.

Sa Buhi, Camarines Sur naman, pag nagkapantal-pantal 7
ang isang bata, ganito ang hatol ng albularyo: ipahampas ng buhok ng isang matandang babae ang parte ng katawan na maraming pantal at ito ay gagaling na lubusan. Ayon sa mga taga-Camarines Sur, ito ay mabisang-mabisa. Totoo, wala ngang natural na bisa ang buhok ng tao, bata man o matanda, nguni't kung buo ang paniniwala sa albularyo ng may karamdaman ay mawawala nga ang mga pantal. Ganito rin ang sikolohiya ng pagtatali ng puting damit sa isang haligi ng bahay pag nakaramdam ng sakit at kirot sa anumang bahagi ng katawan ang isang kasambahay. Ito ay hatol ng mga albularyo sa Camalobalo, Alimigiran, Negros Occidental.

Bukod sa mga gamot na sikolohikal lamang ang bisa, 8
maraming inihahatol ang albularyo na mga ugat at dahon na napatunayan na ng agham na talagang mabisa para sa iba't ibang karamdaman. Ang halamang **Cibotium barometz** na kung tawagin sa Camarines ay "salagisog" ay isang opisyal na lunas sa parmasyang Austrano. Ginagamit ito bilang pampamuo ng dugo o pampatigil sa **hemorrhage** ng maliliit na ugat na kung tawagin sa Ingles ay **capillary.** Samakatwid ay hindi dapat pagtawanan ang albularyong naghahatol nito.

Ang dahon ng karaniwang papaya **(Carica papaya)** ay 9
mabisang lunas sa **hika** kung ito ay hihititing parang sigarilyo. Ito ay higit na mabisa kaysa pag-inom ng tubig na **binabaran** ng inihaw na butiki na hatol naman ng mga albularyo sa Bamban, Tarlac. Hindi pa nasusuri ng mga kimiko ang bisa ng inihaw na butiki nguni't ang dahon papaya ay napatunayan na bilang gamot sa hika.

EKONOMYA NG PAGKAKASAKIT

Ang mga nasabing likas na gamot para sa hika ay isang 10
bendisyon para sa mga mahirap. Kung ikaw ay may hika at hindi naman **makayanan** ng bulsa mo ang gamot na kung tawagin ay Quibron (P1.05 ang isang kapsula at dapat kainin ng makaitlong ulit isang araw), hatol-albularyo na ang gagamitin mo. Manghingi ka lamang ng dahon at ugat ng

talong upang ilaga ay ayos na. Wala nang rese-reseta at wala na ring doktor na babayaran nang mahal sa bawa't konsulta. Gagaling ka na'y makatitipid ka pa.

May mga karamdamang nalulunasan ng medisinang 11
katutubo nguni't mayroon din namang mga sakit na talagang kailangang doktor ang gumagamot. At kung operasyon ang hinihingi ng karamdaman, walang maibibigay ang medisinang katutubo kundi pansamantalang lunas lamang. Nguni't kung ang karamdaman mo ay sakit sa bato, sakit sa atay, beri-beri, balinguyngoy, ubo, sakit ng tiyan, o lagnat, may mabisang maihahatol ang albularyo. Ang nilagang dahon ng banaba (**Premna cumingiana**) ay mabisang gamot para sa sakit sa bato o sakit sa atay. Kung ikaw naman ay may beriberi, maglaga ka lamang ng ugat ng balok-balok (**Scaevola frutescens**) ay gagaling ka at gagaling. Pag ang anak mo naman ay nagkabalinguyngoy, ipaglaga mo lamang ng ugat ng kuwintas-kuwintasan (**Canna indica**) ay mawawala ang balinguyngoy ng bata. Kung masasal naman ang iyong ubo, maglaga ka lamang ng dahon ng alagaw (**Premna odorata**) ay malulunasan na ang iyong ubo, maliban na lamang kung ang ubo mo ay bunga ng tuberkulosis. Kung masama naman ang iyong sikmura, uminom ka lamang ng katas ng piniga ng dahon ng sambong (**Blumea balsamifera**) o damong-maria (**Artemisia vulgaris**) ay maiibsan ang iyong paghihirap.

BIRTUD AT LIMITASYON

Totoo, mayroon ding mga limitasyon ang medisinang 12
katutubo. Kapagka minsan ay hindi nakukuha ng pag-inom ng nilagang dahon ng banaba ang sakit sa bato o sakit sa atay, halimbawa, lalo na kung grabe na ang karamdaman. Sa pagkakataong tulad nito, maaaring kailanganin ang gamot na inireseta ng isang doktor o isang espesyalista. Ngunit ito ay hindi sapat na dahilan upang iwaksi ang mahahalaga at mabibisang elemento ng medisinang katutubo.

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. binabáran (bábad) | v. soaked |
| 2. kaakíbat | n. borne as a burden |
| 3. dalub-aghám | n. scientist |
| | Syn. (Sp.) siyentipiko |
| 4. iminumungkáhi' (mungkáhi') | v. proposing or submitting as a proposal |
| 5. iwinawaksí' (waksí) | v. disregarding |
| 6. maiibsán (ibsán) | v. will be alleviated or relieved from pain |
| | Syn. maaawas |
| 7. maitatwá' (tatwá') | v. to be repudiated disclaimed or denied |
| | Syn. maitanggi |
| 8. makayánan (káya) | v. will be afforded |
| 9. masasál | adj. intense |
| | Syn. masidhi |
| 10. nagsusúnog ng kílay (súnog) | v. (Fig.) studying very hard |
| | Syn. nag-aaral na mabuti |
| 11. napupúkaw (púkaw) | v. being aroused |
| | Syn. nagigising |

| | |
|---|---|
| 12. pamahiín | n. superstition |
| 13. pananálig | n. faith<br>Syn. paniniwala |
| 14. pananáw | n. mental attitude; viewpoint<br>Syn. paninindigan |
| 15. pinaghinukuhán (kukó) | v. fingernails or toenails cut |
| 16. piniga (pigá') | v. squeezed off the juice |
| 17. umuúsal (úsal) | v. saying something repeatedly and continuously, usually in whispers, as in praying |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. albuláryo | n. quack doctor, one who usually prescribes herbs for cure |
| 2. balinguyngóy | n. nosebleed; nasal hemorrhage |
| 3. híka' | n. asthma |
| 4. hátol | n. the act of giving a medical prescription |

for an ailment

5. medisínang katutúbo' — n. native medicine

Syn. likas na gamot

6. pantál — n. a slightly swollen part of the skin as that caused by insect bites

7. reséta — n. (Sp.) medical prescription

8. tápal — n. medical plaster or poultice; the act or method of applying this

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Noong araw, ano ang tingin ng mga taong "edukado" sa mga albularyo? (1)
2. Bakit unti-unting nawawala ang pananaw na ito sa ngayon? (2,3)
3. Bumanggit ng ilang likas na gamot na maaaring ipalit sa mga makabagong gamot, tulad ng "antibiotics," halimbawa. (4)
4. Magsabi ng ilang pamamaraan sa paggamot ng albularyo na nakakasama sa halip na makabuti. (5)
5. Magbigay ng mga halimbawa ng paggamot ng albularyo na ang bisa ay sikolohikal lamang. (6,7)
6. Anu-anong paggagamot ng albularyo ang napapatunayang mabisa? (8,9,11)
7. Ano pang ibang kapakinabangan bukod sa pagpapagaling ang naidudulot ng gamot-albularyo? (10)
8. Ayon ka ba o hindi sa paniwala ng iba na pamahiin lamang ang karamihan sa paggamot ng albularyo? Ipagtanggol ang iyong sagot.

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Ano sa Ingles ang mga sumusunod?*

a. pamuksáng-mikróbyo ______________________________

b. medisínang-báyan ______________________________

k. dalub-aghám ______________________________

d. híka' ______________________________

e. balinguyngóy ______________________________

g. sakít sa báto ______________________________

h. ubó ______________________________

i. sakít sa atáy ______________________________

l. albuláryo ______________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Iparis ang nasa kaliwa sa kanang hanay:*

| | |
|---|---|
| a. katas ng pinigang dahon ng sambong (Blumea balsamifera) | _____ 1. sakit ng sikmura |
| b. salagisao (Cibotium barometz) | _____ 2. gamot sa berberi |
| k. hinitit na dahon ng papaya (carica papaya) | _____ 3. gamot para sa sakit sa bato |
| d. nilagang dahon ng banaba (Premna cumingiana) | _____ 4. lunas sa hika |
| e. nilagang ugat ng balok- | _____ 5. pampamuo ng dugo |
| | _____ 6. gamot sa bali-nguyngoy |
| | _____ 7. pagpapagaling ng sakit at kirot |

balok (Scaevola frutescens)

g. nilagang ugat ng kuwintas-kuwintasan (Canna indica)

h. nilagang dahon ng alagaw (Premna Odorata)

i. ipinanghahampas ang buhok ng matandang babae

l. pagtatali ng puting damit sa isang haligi

m. paggamit ng dahon, ugat at bunga

n. nangangailangan ng operasyon

sa katawan

_____ 8. pagpapagaling sa pantal

_____ 9. gamot sa ubo

_____ 10. medisinang kanluranin

_____ 11. medisinang katutubo

3. Pagtalakay

*Ano ang naidudulot ng medisinang-bayan-- kabutihan o kasamaan? Magbigay ng mga halimbawa sa pagtatanggol sa iyong paniniwala.*

4. Pagkatha

*Isulat ang buod ng sanaysay. Huwag kalimutang banggitin ang paniniwala ng may-akda tungkol sa medisinang katutubo.*

## SA BAYAN NG MGA PANATA

### Sa Taong "Nagigipit," Ang Penitensiya ay Higit Sa Pananalig Lamang, Ito'y Itinatakda ng Pangangailangan

Fanny A. Garcia

A. *BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

TATLONG URI NG PAGKIKRISTO

Sa iba't ibang halimbawa ng penitensiya, tatlo ang 1
maituturing na pinakadramatiko: ang "hampas," "pasan" at "pagpapako".

Sa "hampas", tinatatakan o sadyang pinasusugatan ng 2
nagpipenitensiya ang kanyang likod, at upang lalong dumugo't humapdi ang kanyang mga sugat ay pinapalo niya ang sarili, at nagpapapalo pa rin sa iba, sa pamamagitan ng isang panghampas na kung tawagin ay "bulyos". Ang panghampas ay yari sa pira-pirasong patpat ng kawayan.

Ang "pasan" ay ang pagbuhat sa krus, at ang 3
penitensiyang ito'y karaniwan ding may kasamang "hampas". Bukod dito, ang "Kristo" ay may lubid na tali sa leeg, at siya'y hila-hila ng isang lalaking gumaganap ng papel-Malko. Habang daan, ang nagpipenitensiya'y "binabasahan" o kinakantahan ng pasyon na tumutungkol sa kalbaryo ni Kristo. Sa hirap at pagod dahil sa dala-dalang krus, bukod pa sa ang nagpipenitensiya'y hila-hila sa leeg, kung ilang beses na babagsak at madadapa ang nagpipenitensiya.

Hindi doon matatapos ang hirap niya dahil habang nakahalik siya sa lupa'y kung ilang palo pa ang tatanggapin niya.

Gayunman, sa tatlong halimbawang nabanggit, 4
maituturing na pinakamahirap ang "pagpapako" na siyang kombinasyon ng "hampas" at "pasan". Sa katapusan ng paglalakbay ni "Kristo", siya'y ipinapako sa krus. Dito, ayon sa mga nakapanood na, tunay na mga pako ang ibinabaon sa mga kamay, at lalo na kung gagawin sa unang pagkakataon, hindi dapat ipagtaka kung himatayin man ang "Kristo" dahil sa sakit at hapdi ng binutasang mga palad (bukod pa nga sa napagal na ang kanyang katawan sa pagbuhat sa krus at sa mga palong tinanggap). Sa paghihilom ng mga sugat, nagkakaroon na ng butas ang mga palad kaya't hindi na magiging madugo ang mga "pagpapakong" susunod. Upang hindi ganap na masalo ng mga nakapakong palad ang bigat ng buong katawan, ang baywang at mga bisig ay sinusuportahan, bukod pa sa may tuntungan naman ang "Kristo". Gayunman, huwag ipagkamali na ganito na nga kadali ang ikalawa't iba pang susunod na "pagpapako". Isipin na lamang na hinampas at nagpasan na ang "Kristo" ay ibabayubay pa siya sa isang krus na nakaharap pa mandin sa init ng araw!

Bakit ba nagpenitensiya si Mang Akin? May 32 taon na 5
siyang nakakapag-"hampas-dugo". Sa Sta. Elena, iyon ang



ERIC

karaniwang tawag sa penitensiya.

Ayon sa kanya, "Nang binata pa ako, nagkasakit ako 6
nang malubha. Nasabi ko sa sarili, "Diyos ko, gumaling
lang po ako'y magpipenitensiya ako."

At ngayon nga'y hindi na nag-iisa sa kanyang panata 7
si Mang Akin. Naghahampas ang tatlong nakatatanda sa
kanyang limang anak na lalaki, at hindi na ipagtataka kung
sumunod man sa yapak ni Mang Akin ang iba pa niyang anak,
mga apo't magiging apo sa tuhod.

Sa palagay ba ni Mang Akin, naipagkaloob naman ba ang 8
kanilang hinihiling?

Sabi ni Mang Akin, "Aba, oo. Sa akin na lang, 9
gumaling ako, gumaling ang anak ko, gumaling din ang apo
ko." At idinugtong niya, "Iyong nagpipenitensiya para sa
nililigawan, nagkakatuluyan naman."

Ano ba ang nararamdaman habang nagpipenitensiya? 10

Sagot ni Mang Akin, "Siguro'y magtataka ka. Pero 11
karaniwang maririnig mo sa mga nagpipenitensiya matapos na
magampanan namin ang aming panata, maginhawa pa ang aming
pakiramdam. Nasasabi namin sa sarili, "Salamat at ako'y
nakaraos ngayong taong ito!" Ang totoo nga niyan, kung
gusto pa naming makipagkarera sa takbuhan, puwedeng-
puwede pa!"

Ano ba ang ginagawa nila matapos magpenitensiya? 12



ERIC

Ayon kay Mang Akin, "Naliligo kami sa ilog. Iyong hapdi ng sugat, hindi na namin nararamdaman. Tapos, tumutuloy na lang kami sa bahay. O kaya'y nagpapasyal-pasyal sa mga kapitbahay, nakikipagkuwentuhan." 13

Sa hindi naniniwala, maaaring siya'y pagtawanan. Sasabihin kay Mang Akin: mapamahiin, makaluma, panatiko. Bakit nga naman iaasa sa kung ilang taong pagpipenitensiya ang isang karamdamang maitatakbo naman sa isang doktor? Ano, diyata't ikaw ay isang sinauna? 14

Kaydaling humatol, kaydaling magbintang. Pero dapat lamang itanong kung bakit si Mang Akin at ang iba pang tulad niya ay pilit na nangungunyapit sa di-nakikita't di-nasasapol na mga kalutasang ipinangako ng langit. Hindi kaya ang ganitong pananaw ay sanhi ng labis na pagkaduhagi, na nagbubunga ng kawalan ng pag-asa sa pangkasalukuyang kapaligiran? Sapagka't kung talagang susuriin, hindi lamang sa relihiyon maiuugnay ang ganitong pananalig ng mga Pilipino sa mga pangakong lunas ng peni-penitensiya. Mangyari pang may pangkabuhayang batayan din ito . Mahirap lamang si Mang Akin, at sa panahon ng kanyang pagkakasakit, o ng sinuman sa kanyang pamilya, marahil, wala siyang perang sukat madukot sa kanyang bulsa. Para kang Mang Akin, at sa marami pang tulad niya, wala silang maituturing na kongkretong ari-arian dito sa 15

mundo kundi ang kanilang sarili, ang kanilang katawan lamang, nguni't ang katawang ito'y hindi nila maipambayad sa doktor at ospital. Gayunman, ayon sa kanilang paniniwala, may isang Diyos na didinig sa kanilang paghingi ng kalinga, kapalit ang pagsugat at pagpapahirap sa kanilang katawan.

B. BOKABULARYO: *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. di-nasasapól (sapól) | v. not being able to get a grasp or a hold on |
| 2. híla-híla | adj. referring to anything that is being dragged along the way or wherever one goes |
| 3. humapdí' (hapdí') | v. became smartingly sore or painful |
| 4. napagál (págal) | v. tired easily |
| 5. naipagkakaloób (kaloób) | v. granting one's wish or request |
| 6. nangungunyapít | v. hanging on |
| 7. pagkaduhági' | n. a state or condition of being maltreated or looked down upon |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. kalínga' | n. 1. protective care 2. patronage |
| 2. himatayín (himatáy) | v. to lose consciousness |
| 3. pananálig | n. faith, belief |

4. panáta — *n.* 1. vow; solemn promise or devotion
2. one who makes solemn vows, usually accompanied by appropriate rituals

5. peniténsya — *n.* 1. penitence
2. penance; sacrifice

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang penitensya? Kailan nangyayari ito? (1,2,3,4)
2. Magsabi ng tatlong halimbawa ng penitensya. Paano ginagawa ang "hampas"? (1,2)
3. Ilarawan ang "pasan". Ano ang pagkakaiba nito sa "hampas" at "pagpapako"? (3)
4. Alin ang pinakamahirap sa tatlong uri ng penitensya? Bakit? (4)
5. Bakit nagpipenitensya ang isang tao, tulad ni Mang Akin? Anong "biyaya" ang maaaring idulot ng pagpipenitensya? (6,9,11)
6. Ano ang karaniwang ginagawa ni Mang Akin matapos niyang magpenitensya? Ano ang nararamdaman niya sa katawan? (12,13)
7. Bukod sa pananalig, ano pa ang batayan ni Mang Akin sa bisa ng kaniyang pag-penitensya? Bakit? (15)
8. Naniniwala ka ba kay Mang Akin sa bisa ng penitensiya? Bakit?

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Ibigay ang pagkakaiba ng sumusunod na halimbawa ng penitensiya.*

a. hampas ______________________________________________
______________________________________________

b. pasan ______________________________________________
______________________________________________

k. pagpapako ______________________________________________
______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Isulat ang tugmang sagot sa puwang:*

a-k. Ang tatlong halimbawa ng penitensiya ay ____________, ______________ at ______________.

d-e. Hindi lahat ng nagpipenitensiya ay ________________ na pinakamahirap sa lahat. Ang mga nagpipenitensiya ay gumagamit ng panghampas na kung tawagin ay ____________.

g. Nagpipenitensiya ang tao kapag ____________________ ______________________________.

h. Sa mga hindi naniniwala, ang mga nagpipenitensiya ay ____________________________________.

i. ____________________ ang tawag sa pangakong magpipenitensiya.

3. Pagtalakay

*Ipaliwanag ang tinutukoy ng may-akda sa sumusunod na pangungusap:*

"Sa taong nagigipit, ang penitensiya ay higit sa pananalig lamang, ito'y itinatakda ng pangangailangan."

4. Pagkatha

*Naniniwala ka ba sa bisa ng penitensiya? Isulat ang iyong kuru-kuro tungkol sa kabutihan o di-kabutihan ng kaugaliang ito.*

**SIMULA AT KATAPUSAN NG NOBYEMBRE**

Bienvenido Lumbera

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Noon, sa bayang kinagisnan ko sa Batangas, ang pagyao ng isang tao ay isang okasyong publiko. Naghihingalo pa lamang ang tao ay nariyan na ang matandang kapitbahay na magpapahesus. Ibinuburol ang bangkay sa bahay ng pamilyang namatayan, at may padasal at kainang dinadaluhan ng mga kaibigan at kakilala. Kung tumatagal ng ilang araw ang burol dahil may hinihintay pang kamag-anak na magmumula sa malayong lugal, ang bangkay ay hindi tinutulugan, ito ay pinaglalamayan ng pamilya kasama ang mga kapitbahay. 1

Sa araw ng libing, darating ang karo, batak ng isa o dalawang kabayo (depende kung gaano karingal ang libing). Habang ibinababa ng bahay ang ataul, may kasunod na matandang dala-dala'y tabo na ang lamang tubig ay pinatutulo sa dinaanan. Sinasabing iyon daw ay kailangan, pero wala na namang nakatitiyak kung bakit. Padadaplisan ang kabayo ng latigo ng kutsero, at uusad na ang prusisyon patungong sementeryo. Sa pagdaraan ng prusisyon, nakamasid ang mga tao sa tabing-daan, mayroong nangungurus, mayroong nag-uusisa sa mga kakilala kung sino 2

ang patay.

Kung Katoliko ang namatay, daraan muna sa simbahan 3
ang prusisyon at may mga seremonyang dapat isagawa. Bubuksan ang bentanilya ng ataul, at mananatili itong nakabukas hanggang magwakas ang seremonya sa pagwiwisik ng bendita. Ilululang muli ang ataul sa karo, at tuluy-tuloy na sa sementeryo ang mga tao.

Pagsapit sa sementeryo, aalisin ang takip ng ataul. 4
Magdarasal na muli ang mga dumalo sa kapilya. Pagkausal ng huling "Amen," lalapit na sa ataul ang mga kamag-anak ng namatay upang mag-ukol ng huling sulyap sa bangkay. Ang panangisang kanina'y tinitimpi ay magiging hagulgulan, may papalahaw, may hihimatayin, kapag narinig na ang pagak na pukpok ng martilyong hudyat na ipinapako na ang takip ng ataul.

Apat na araw makalipas ang libing, may "apatan." At 5
sa ika-siyam na araw naman ay may "siyaman." Sa dalawang araw na iyan ay muling magtitipon ang mga kamag-anak, kaibigan at kakilala para sa dasalan at kainan. Makaraan ang apatnapung araw ay may "apatnapuan," na kung minsa'y ipinaghahanda pa rin. Isang taon ang pararaanin bago ganapin ang "babang-luksa," isang okasyong ginugugulan nang husto upang kalagan ang namatayan ng obligasyong ipagdalamhati ang yumao.

Mahaba ang panahon ng pagdadalamhati ng mga Pilipino 6
para sa kanilang yumaong mahal sa buhay. Marahil bahagi ito ng pagtuturing sa buhay ng tao bilang karugtong ng buhay ng kalikasan. Ang namatayan ay parang punong nabalian ng sanga , binibigyan ng sapat na panahon upang muling magsanga at magbalik ang dating yabong. Ang seremonya, dasal at handaan ay pawang lagusan ng mga damdaming kaugnay ng pagka-ulila, panghihinayang, kabiguan, at paghihiwalay.

Ang unang araw ng Nobyembre ay palagiang iniuukol 7
natin sa paggunita ng ating mga patay, na bagama't sumakabilang-buhay na ay itinuturing pa ring bahagi ng pamilya. Sa araw na ito'y muling dinadalaw ang pook na sinilangan, nagkikita-kitang muli ang watak-watak nang magkakamag-anak, samasamang nagtutungo sa sementeryo, at tinutunton ng nabubuhay ang kanilang ugnayan sa mga yumao. Isang pista na rin ang Todos los Santos, at sabihin man sa ating panahon na ito'y hindi na sagradong araw, mananatili ang bisa nito bilang isa sa mga lunas na dulot ng tradisyon upang hahawin ang mga sugat na likha ng kamatayan.

**B. BOKABULARYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

1. bahâwin (bahâw) — v. to let heal
2. ibinubûrol (bûrol) — v. made to lie in state
3. naghihingalô' — v. being in a state of near death
4. padadaplisán (daplís) — v. will be hit tangentially or near-miss
   Syn. pasasagiran
5. pagák — adj. rough and husky, referring to voice
6. pagyáo — n. death
7. papaláhaw — v. to utter a loud, especially mournful, cry
8. pinaglalamáyan (lámay) — v. holding a whole night vigil for the dead
9. tinitimpí' (timpí') — v. controlling one's emotion or temper
   Syn. pinipigil

**Bokabularyong Teknikal**

1. babáng-luksá' — n. termination of mourning for the dead, usually after one year, marked by the undoning of black

apparel

2. bendíta — n. holy water

3. kapílya — n. chapel

4. magpapahesús — v. will engage in prayer to invoke or beg for help from Jesus for the salvation of the soul of one who is near death

5. nangungurús — v. making the sign of the cross

6. padasál — n. prayers or a novena offered for the soul of the dead or for a certain occasion

7. pagwiwisík (wisík) — v. sprinkling liquid with the fingers
Syn. pagwiwilig

8. prusisyón — n. procession

9. sagrádo — adj. (Sp.) sacred
Syn. banal

10. siyáman — n. a novena or nine-day devotionary prayers held in memory of a dead person

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ipaliwanag kung bakit sinasabing ang pagyao ng isang tao ay isang okasyong publiko. (1)
2. Ilarawan ang mga mapapansin sa araw ng libing. Anong mga pamahiin ang makikita? (2,3,4)
3. Taluntunin ang dinaraanan ng libing ng isang katoliko. Anong mga bagay ang isinasagawa bago malibing ang bangkay? (3,4)
4. Sabihin ang mga sumusunod na 'okasyong' nangyayari pagkatapos ng libing. (5)
5. Saan itinutulad ang isang namatayan? Ano ang nagiging layon ng mga seremonya? (6)
6. Buhat sa iyong sariling karanasan, anu-ano ang makikita sa isang lamayan?
7. Ilarawan ang mga nangyayari at mapapansin sa libingan kung Todos los Santos. Bakit sinabing isang pista na rin ito? (7)
8. Ayon ka ba o hindi sa ganitong kaugalian ng Pilipino sa kanilang pagdadalamhati? Bakit?

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salitang nauukol sa patay

*Gamitin ang sampu sa sumusunod sa paglalarawan ng mga kaugaliang Pilipino tungkol sa pagdadalamhati:*

1. ataúl - kahong lalagyan ng patay
2. bangkáy - katawan ng patay
3. babáng-luksá' - ang paghinto ng pagbibihis ng itim
4. kabiláng-búhay - langit na tutunguhan ng mga kaluluwa
5. kamatáyan - pagkawala ng buhay; pag-alis ng kaluluwa sa katawan
6. ibinubúrol - pinaglalamayan; patay na binabantayan at pinagdarasalan ng pamilya at kamag-anak
7. libíng - hukay na nilalagyan ng patay; pagbaon sa lupa ng patay
8. naghihingálo' - nawawalan ng hininga; malapit nang mamatay
9. namatáy - nawalan ng buhay
10. namatayán - pamilyang may patay
11. padasál - nobena sa patay (kadalasan sa loob ng siyam na araw)

12. pagdadalamháti' - paghihinagpis; kalungkutan; paghihirap ng loob

13. pagyáo - pagkamatay

14. patáy - nawalan ng buhay

15. pinaglalamáyan - pinagpupuyatan at binabantayan

16. sementéryo - lugar na pinaglilibingan ng mga patay

17. Tódos los Sántos - araw ng mga patay; (unang araw ng Nobyembre) araw ng pagpipinta sa libing at paggunita ng mga pamilya sa kanilang mga patay

18. ulíla - naiwan ng patay

19. yumáo - namatay

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________

7. ______________________________________________

8. ______________________________________________

9. ______________________________________________

10. ______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Batay sa sanaysay, lagyan ng bilang ang tamang pagsunud-sunod ng mga sumusunod:*

_____ Pagpapahesus

_____ Pagbuburol

_____ Padasal

_____ Lamayan

_____ Paglilibing

_____ Prusisyon patungong sementeryo

_____ Pagdaan sa simbahan

_____ Huling sulyap sa bangkay

_____ Hagulgulan

_____ Pagpapako ng takip ng ataul

_____ Pagpapatulo ng tubig buhat sa tabo

3. Pagtalakay

*Ihambing ang kaugaliang Pilipino sa kaugalian ng mga taga-ibang bansa sa kanilang pagdadalamhati. Paano mo maipapaliwanag ang pagkakaiba?*

4. Pagkatha

*a. Sumulat ng isang talata tungkol sa isa ninyong yumao. Gamitin ang mga salitang napag-aralan.*

Mga tanong na pantulong:

Ano ang pangalan?

Kailan namatay? Ano ang sakit? Naaksidente ba?

Ano ang relasyon sa inyo? Gaano kalaki ang pamilya niya?

Ilang taon na?

Saan ibinurol? Ilang araw?

Saang sementeryo inilibing?

Ilan ang naulila? Nalungkot ka ba? Bakit?

*b. Bumasa ng mga patalastas sa pagkamatay (obituary) sa diyaryo. Ibalita sa klase. Anu-ano ang mga impormasyong nakasulat dito? Sumulat ng isang patalastas sa pagkamatay batay sa isa ninyong kamag-anak na patay na.*

## ANG EPIKO NI LABAW DONGGON

Valerio L. Nofuente

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Ang Labaw Donggon ay bahagi ng mahabang epikong Hinilawod na natagpuan sa Lambunao, Iloilo. Nailathala ni F. Landa Jocano ang teksto buhat sa pag-awit ni Ulang Udig, isang **baylan**. Binubuo ng 2,325 linya, ang mahabang awit sa dialektong Kiniray-a ay nalathala sa **Philippine Social and Humanities Review** noong Marso, 1964. 1

**BUOD**

Isang araw pa lamang isinisilang ng diwatang si Abyang Alunsina si Labaw Donggon ay nagpaalam na ang anak upang maghanap ng asawa. Natagpuan naman niya ang magandang si Anggoy Ginbitinan at kanyang pinakasalan. Ngunit makalipas lamang ang ilang linggo'y muli na naman siyang nagpakasal kay Anggoy Doroonan, isang diwata ng Ilog at bukal. 2

Hindi bawal noon ang pagkakaroon ng maraming asawa. Kaya makalipas lamang ang ilang araw ay pinintuho naman ni Labaw Donggon si Nagmalitong Yawa. Ang problema'y ang dapat sanang ikatlong kabiyak ay mayroon na palang asawa, si Saragnayan. Kaya ang dalawang lalaki'y nagsukatan ng lakas na tumagal nang ilang taon. Sa bandang huli, natalo 3

si Labaw Donggon at siya'y ikinulong ng katunggali sa loob ng kulungan ng baboy.

Samantala, ang dalawang asawa ni Labaw Donggon ay 4
kapwa nagsilang ng tig-isang matipuno, malakas, at matapang na anak na lalaki. Ang dalawang anak na ito'y nagpaalam upang hanapin ang kanilang nawawalang ama. Nakita nila ang kinaroroonan ng hinahanap sa tulong ng bolang kristal.

Nagalit ang magkapatid kay Saragnayan at naghamon ng 5
sukatan ng lakas. Tinawag ni Saragnayan ang mga espiritu sa buong daigdig upang siya'y tulungan. Sa tulong ng anting-anting ng magkapatid, napatay ang lahat ng kampon ng espiritu.

Nguni't kahit anong gawin ng magkapatid ay hindi 6
mapatay si Saragnayan. Ang ina ni Labaw Donggon, si Abyang Alunsina ang naghimaton na nasa baboy-ramo ang buhay at lakas ng katunggali. Hinanap ng magkapatid ang baboy-damo at kinain ang puso. Nanghina si Saragnayan, na nang tamaan ng palaso sa pagitan ng mata ay napasigaw. Sa lakas ng atungal, nayanig ang daigdig at nagdilim ang buong paligid. Yaon ang alamat ng unang lindol at gabi.

Nakalaya si Labaw Donggon na sa tagal nang 7
pagkakapiit ay humaba ang buhok, nabingi, at nawalan ng katinuan. Sa tulong ng ritwal at madyik, nagbalik siya sa



ERIC

dating isip at katauhan.

**AYON SA KANILA**

Ang epiko ay may komplikadong istorya, at tumatagal 8
ng limang oras kung awitin. Marami itong episodyo, na maaaring piliin ng manganganta ayon sa hinihingi ng okasyon, tulad ng kasalan o lamayan. Dahil sa kahabaan, bihira tuloy itong awitin nang buo. Kaya nais kong tingnan ang epiko bilang isang dugtung-dugtong na kuwintas na maraming bibla; bawat isa'y bahagi ng kabuuan ng alahas nguni't maaari ding isuot nang nag-iisa at hindi mahahalata ang kakulangan. (E. Arsenio Manuel)

Sa anumang gawain at balak ng mga mamamayan ng 9
Lambunao, gumagamit sila ng ritwal upang mapaamo ang mga espiritu. Katunayan, ang mga panalangin sa epiko ay inaawit ng mga **baylan** sa pagsasagawa ng mahiko-relihiyosong ritwal upang makapagpagaling ng maysakit, makalutas ng problema at mapasagana ang ani. (F. Landa Jocano)



ERIC

**B.** ***BOKABULARYO:*** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaranivan**

| | |
|---|---|
| 1. atúngal | n. long, loud cry |
| 2. katinuán | n. sensibleness; reasonableness |
| 3. katunggalí' (tunggalí') | n. one's opponent, adversary, or enemy |
| 4. hiblá | n. fiber<br>Syn. <u>himaymay</u> |
| 5. lindól | n. earthquake |
| 6. naghimáton (himáton) | v. gave a hint or information<br>Syn. <u>nagpahiwatig</u> |
| 7. nalathála' (lathála') | v. published |
| 8. nagsukatán ng lakás | v. fought<br>Syn. <u>naglaban</u> |
| 9. pinintúho' (pintúho') | v. courted with great veneration |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. buód | n. summary |
| 2. épiko | n. epic |
| 3. episódyo | n. episode |
| 4. téksto | n. text |

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Saan batay ang teksto ng Labaw Donggon? (1)
2. Buurin (summarize) ang nangyari kay Labaw Donggon. (2-7)
3. Bumanggit ng ilang halimbawa upang ilarawan na ang epiko, tulad ng Labaw Donggon, ay kinapapalamanan ng mga kababalaghan. (2-6)
4. Ipaliwanag ang mga katangian ng isang epiko. Paano ito inilalarawan sa epiko ni Labaw Donggon? (8)
5. Isalaysay ang alamat ng unang lindol at gabi. (6)
6. Anong mga paniniwala ng mga Pilipino ang matutunghayan sa Labaw Donggon? Alin sa mga ito ang namamayani pa hanggang ngayon? (5,9)
7. Sino ang nagbibigay-buhay sa epiko hanggang ngayon? Paano nila ginagamit ito? (9)

## D. MGA PAGSASANAY

### 1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

*Hanapin sa diksiyunaryo ang sumusunod. Piliin at isulat ang pinakaangkop na kahulugan ayon sa pagkakagamit sa sanaysay.*

1. diwáta' ______________________________
2. kabiyák ______________________________
3. matipúno' ______________________________
4. naghamón ______________________________
5. paláso ______________________________
6. kumplikádo ______________________________

### 2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Isulat ang tugmang sagot sa puwang:*

Ang epiko ay may 1. _____ istorya, at tumatagal ng 2. _____ oras kung awitin. Marami itong 3. _____ na maaaring piliin ng manganganta ayon sa hinihingi ng okasyon tulad ng 4. _____ o 5. _____.

Sa anumang gawain at balak ng mga mamamayan ng 6. _____, gumagamit sila ng 7. _____ upang mapaamo ang mga 8. _____. Katunayan, ang mga panalangin sa epiko ay inaawit ng mga 9. _____ sa pagsasagawa ng mahiko-relihiyosong ritwal upang 10. _____ ang may-sakit, makalutas ng 11. _____ at 12. _____ ang ani.

Ang <u>Labaw Donggon</u> ay bahagi ng mahabang epikong 13. ______ na natagpuan sa 14. ______. Nailathala ni F. Landa Jocano ang 15. ______ buhat sa pag-awit ni 16. ______, isang baylan. Binubuo ng 17. ______ linya ang mahabang awit sa dialektong 18. ______.

3. Pagtalakay

*a. Ipaliwanag ang sumusunod:*

"Kaya nais kong tingnan ang epiko bilang isang dugtung-dugtong na kuwintas na maraming hibla; bawat isa'y bahagi ng kabuuan ng alahas nguni't maari ding isuot nang nag-iisa at hindi mahahalata ang kakulangan."

*b. Gumawa ng maikling pagsasadula ng isang episodyo sa epiko ni Labaw Donggon.*

4. Pagkatha

*Mayroon ka bang alam na ibang epiko? Isulat ang buod nito.*

## DI MAABOT NG KAWALANGMALAY

Edgardo M. Reyes

A. **BABASAHIN:** *Basahin ang sumusunod.*

Tinakpan ng batang babae ang kupi at kalawanging lata 1
ng gatas. Nanggigipalpal sa alikabok ang kanyang paa't
binti. Kaypala'y mga pitong taong gulang siya.

Hinawi ng bata ang ilang hibla ng tuwid at malagong 2
buhok na lumaylay sa kanyang mukhang nangingintab sa
pawis. Bahagya siyang yumuko. Napalinga-linga. Paikot
na sinuyod ng tanaw ang kabuuan ng makipot na bakuran.
Malilikot ang bilugan at maitim niyang mata.

Pasaglit-saglit, sa pag-ikot ng bata ay tumigil siya, 3
nagpapako ng tingin sa dram ng tubig sa may gripong
labahan, sa yerong nakatabing sa naglalawa at mabahong
pusalian, sa tabing tiklis na tapunan ng mga basurang
nilalangaw sa gilid ng eskinita, sa matayog na poste ng
ilaw sa labas ng bakod na alambreng may tinik.

Biglang nabaling ang kanyang tingin sa talaksan ng 4
mga binigkis na kahoy na panggatong sa ilalim ng hagdan ng
bahay. May lumagitik doon. Parang nayapakan at nabaling
tuyong sanga ng kahoy.

Umangat sa basyong lata ang kanyang paa. Lumayo siya 5
roon nang ilang hakbang. Tumigil. Makalawang humakbang

nang paurong. Tumigil uli. Pagkatapos ay humakbang ng tatlo patungo sa talaksan at saka pumihit at patakbong nagbalik sa lata. Muli niyang tinapakan iyon.

Kumurap-kurap ang mga mata ng bata. Patuloy na 6
nakatuon ang kanyang tingin sa talaksan ng kahoy. Tumaas-bumaba ang kanyang manipis na dibdib na ang kaliwang bahagi ay inihahantad ng pilas at __marusing__ na damit na sa laylayan ay may naglawit na __himulmol__.

Minsan pang umangat sa lata ang kanyang paa. Marahan 7
siyang lumakad na palapit sa talaksan. __Patiyad__. Walang __kalatis__.

Sandali siyang huminto sa gilid ng talaksan. 8
Humakbang pa siya ng isa. __Patingkayad__ na naupo sa mamasa-masang lupa na nakakalatan ng ilang maiitim na __tatal__. Payukong namaybay sa gilid. Tumigil sa may dulo ng talaksan. Gumapang na pakabila. Unti-unting sumilip doon.

"Pung, Emy!" sigaw ng bata kasunod ang matinis na 9
__hagikgik__. Palundag siyang tumayo at halos magkandarapa sa pagtakbong pabalik sa lata ng gatas. Tinapakan niya iyon.

"Seyb!" At maikatlong napalundag ang bata: 10
na[illegible]wa nakatuon sa hita ang mga palad.

__Susukut-sukot__ na lumitaw ang tinawag na Emy mula sa 11
likod ng talaksan Isa rin itong batang babae na

makakasinggulang ng batang nakatapak sa lata. Nakangiti. Hantad ang mga ngiping may ilan nang bungi. Maputi sa karaniwan. Ang bulaklaking damit ay napapalamutian ng malapad at pulang laso sa tapat ng dibdib.

"Sige, Ida, ihagis mo na'ng lata," sabi ni Emy. "Ako 12
naman ang taya."

Dinampot ng tinawag na Ida ang lata. Akmang ihahagis 13
sa malayo. Ngunit hindi natuloy. Dahan-dahang bumaba ang kamay niyang may hawak sa lata. Hinarap niya si Emy. Pagkuwa'y tumanaw siya sa bahay sa kabilang bakuran. Nakakunot ang kanyang noo.

"'Yoko na kaya..." sabi ni Ida. 14

Tinitigan ni Emy si Ida. "Ba'it?" 15

"Hapon na, e. Baka...dumating na'ng nanay ko." 16

"Ma'no?" 'Andito ka lang naman sa 'min." 17

"Oo nga...pero...pero, m-me sakit si Obet, e. 18
Pinababantayan sa 'kin ng Nanay. Baka magalit pag...pag dumating s'ya na 'ala 'ko sa min. Tulog lang kangina si Obet kaya...kaya 'ko nakaalis."

"Me sakit na naman pala si Obet, 'no? Di ba no'ng 19
k'wan lang...kelan 'yon...dinuktor s'ya...'ka mo no'n?"

"Oo nga, e...Ngayon, sabi ng nanay ko, 20
sabi...kelangang ma'pagamot daw uli dahil...dahil...ewan ko ba..."

"Ano ba'ng sakit ni Obet?" 21

"Di ko laan, e...Ang nanay ko, laan..." Sumulyap si 22
Ida sa bahay sa kabilang bakuran bago muling tumitig kay
Emy. "Sige, 'uwi na 'ko. Baka gising na si Obet."

"E, di...di sasama na lang 'ko sa 'yo. Do'n na lang 23
tayo maglaro senyo para makita ko tuloy si Obet."

"Di ka ba hahanapin ng...ng nanay mo?" 24

"'Ala dito'ng nanay ko. Nag...nag...Ano 'yon...'yong 25
nagbabaraha...d'yan sa tapat?" **Inginuso** ni Emy ang isang
bahay sa kabilang eskinita. Katabi iyon ng iba pang mga
bahay na ang pagkakahanay ay walang kaayusan. Karamiha'y
maliliit. Dikit-dikit halos, liban sa pasilyong daanan ng
tao na kakikitaan ng ilang batang nagsisipaglaro.

"Di ko rin 'laan 'yon," sabi ni Ida. "Tena na sa 26
'min," yaya pa niya at inihagis sa may bakod ang latang
tangan.

Magkasabay silang lumabas ng bakuran. Kumanan sa 27
makitid na eskinita. Sa magkabilang gilid ng eskinita ay
may malumot na kanal, dinadaluyan ng malapot na **lubak** na
siya marding nagpapasigla sa pagtubo ng damo sa tabi. Sa
kanal na iyon nakapasanga ang agusan ng mga pusalian,
labahan at dumihan sa pook na iyon.

Sinapit nila sa kabilang bakuran ang isang barung- 28
barong na anyong **kamalig** ng palay. **Nakagiray** sa kaliwa.



ERIC

Nadirindingan ng pinagsanib-sanib na karton, lona at inunat na balde ng petrolyo. Ang atip na kupi-kuping yero ay maraming maliliit na butas na sinuutan ng binilog na palara upang kaypala'y hindi tagusin ng tubig kung umuulan. Sa malas, ang mga yerong iyon ay pinulot lamang sa labi ng isang natupok na gusali.

Magkasunod na pumanhik ang dalawang bata sa barung- 29
barong na ang hagdanan ay may dalawang baitang at yari sa tablang gato at putuk-putok.

Sa itaas, sa sahig na pinagsalit-salit na kawayan at 30
tablang may iba't ibang kapal at lapad, ay may nakalatag na banig. Nangagtikwas ang himaymay sa malaking butas. Gabi ang gilid. May batang nakahiga nang patagilid. Natatakpan ang nakabaluktot na katawan ng tagpi-tagping kumot na bahid-bahid sa dumi. Ulo lamang ng batang lalaki ang nakalitaw. Nakapikit ito. Mahaba ang gulong buhok. Maputla ang marak na pisngi. Bata ng mga dalawang taon sa mga dumating.

Tumalungko ang dalawang batang babae sa may ulunan ng 31
nakahiga.

"Tulog pa si Obet," anas ni Emy. 32

"Oo nga," tugon ni Ida sabay salat sa noo ng batang 33
lalaki. "M-mainit s'ya. Saka, me pawis."

"Me sakit nga 'yan, pibo." 34

"Tena sa me hagdan. Do'n tayo mag-usap para di 35
magising si Obet. Naaawa ako d'yan pag gising, e. Panay
ang hingal. Talaga po."

Tumayo sila. Nagtungo sa hagdanan. Magkatabing 36
naupo sa ikalawang baitang.

"Ba't...ba't di pa n'yo pinapagamot si Obet?" tanong 37
ni Emy.

"'Ala kaming pera, e...sabi ng Nanay." 38

"O, e ba't...ba't kanginang 'malis ang nanay mo, 39
nakita ko...ang ganda-ganda ng s'ot. Siguro, mahal 'yon,
'no?"

"Ewan." 40

"Di mo laan?" 41

"Kasi...kasi, uwi lang n'ya 'yon no'ong minsang 42
'malis s'ya. Sabi ko nga, 'Nay, bi...binili mo? Sabi
n'ya...ewan. Di ko maisip ang sabi n'ya, e."

Sandali silang natahimik. Nakapukol ang tanaw ni Ida 43
sa dako pa roon ng eskinita. Nagsisimula nang lumatag ang
dilim.

"Ang tagal-tagal ng Nanay," sabi ni Ida. "Baka 44
magising na si Obet. Hahanapin s'ya."

"Sa'n ba nagpunta'ng nanay mo?" 45

"Ewan. Sa dati, siguro." 46

"Sa'n dati?" 47

"Sa...k'wan..." Napakamot sa ulo si Ida. 48
"Kasi...kasi no'n bang unang magkasakit si Obet...'malis ang nanay ko. Nang bumalik s'ya no'n, mi pera na. Ang dami-dami po. Talaga. Na'pagamot nga si Obet. Siguro, do'n uli s'ya nagpunta. Ewan."

Muli silang natahimik. Nakatanaw pa rin sa malayo si 49
Ida. Kinamut-kamot niya ang kanang tuhod. May nabilod doong butil-butil na libag.

"Alam mo," sabi ni Emy, "kangina, nasa tindahan ako 50
ni Aling Bebang...d'yan sa kanto..."

"O?" 51

"Pinapag-usapan nila'ng nanay mo. Kasi, nakita rin 52
nila nang duma'n ang nanay mo, e."

Binalingan ni Ida ang katabi. Kumurap-kurap siya. 53

"Sabi ni Aling Bebang, m-maganda raw ang nanay mo. 54
Pero, ang nanay mo, e dahil 'ala kang tatay. Ba't nga 'ala kang tatay, ha, Ida?"

"A, meron po." 55

"'Asa'n s'ya?" 56

"K'wan...sabi ng nanay ko, patay na raw." 57

"Patay?" 58

"Oo. Pero, kung di patay ang tatay ko, sabi ng 59
Nanay, palaging ang dami-dami raw 'aming pera. Kasi, patay na s'ya, e."

"Sana, hindi patay ang tatay mo." 60

"Sana nga." Yumuko si Ida. Pinalis ang mga libag na 61
nahilod sa tuhod. "Alam mo, sabi ng nanay ko, sabi, no'n daw buhay ang tatay ko, pulis daw. Matapang s'ya...talaga...'kala mo...Saka, 'ala pa raw kami rito no'n. Sa...sa malayo kami nakatira.

Natahimik na naman sila. Mayamaya'y tumayo si Emy. 62

"Gabi na," sabi ni Emy. "'Uwi na 'ko. Kakain na 63
siguro kami. Nagugutom na 'ko, e."

Natutop ni Ida ang sikmura. "Ako rin...ako 64
rin...gutom na, e."

"Di kumain ka na." 65

"'Ala kaming kanin, e. Kanginang 'maga 66
nga...pinautang lang ako ng Nanay ng pandesal ke Aling Bebang. Tatlo. Tag-iisa kami. Saka...saka...kanginang tanghali...ano 'yong k'wan, **lugaw**. 'Yon ang kinain namin. 'Alang ulam. Sabi ng Nanay, pag...lugaw daw, talagang 'alang ulam. Gano'n din ba kayo?"

"Ewan. Di pa naglulugaw ang nanay ko, e. Sige, 67
'uuwi na 'ko. Bukas, punta ka uli sa amin. Taguan uli tayo."

Tumango si Ida. 68

Pagkaalis ni Emy ay kinuha ni Ida ang ilawang de-gas 69
sa kakalanan. Kinapa niya ang posporo. Nakuha niya iyon

sa gilid ng nakataob na kaserola.

Ipinatong niya ang ilawan sa lumang baul na kalapit 70
lamang ni Obet. Sinindihan. Ang dilim na laganap sa loob ay tila pinunit ng ningas ng ilawan.

Inilapag ni Ida ang posporo sa tabi ng ilawan. 71
Bumalik siya sa hagdanan. Naupo sa baitang. Itinukod niya ang mga siko sa dalawang tuhod. Sinapo ng mga palad ang baba. Tumanaw siya sa eskinitang natatanglawan ng putul-putol na liwanag na nagbubuhat sa mga bukas na durungawan ng mga bahay doon.

Mayamaya'y nanghaba ang leeg ni Ida. Isang babae ang 72
dumarating. May hawak na supot. Lumitaw-mawala ang babae sa dilim at liwanag ng eskinita. Pasagsag ang lakad nito.

Patalong nanaog si Ida. Patakbong sumalubong sa 73
dumarating.

"'Nay!" malayo pa ang babai'y hiyaw na ni Ida. 74
Nagkakatapi-tapilok siya sa mabatong eskinita.

Huminto ng pagtakbo si Ida nang malapit sa babae. 75
Yumakap siya sa hita nito.

"Si Obet?" tanong ng babae kay Ida. 76

"Tulog pa ata. Hinipo ko s'ya kangina...mainit s'ya 77
'Nay."

Nagpatuloy sa paglakad ang babae. Higit na mabilis 78
ang kanyang hakbang. Patakbo nang sumunod si Ida. Sapo

niya ng mga palad ang ilalim ng supot na hawak ng ina, hanggang sa tuluyang bitiwan nito iyon at malipat kay Obet. Paluhod na naupo sa may ulunan ng batang lalaki. Hinaplos ng babae ang noo ng maysakit. Inayos ang kumot nito.

Sumalampak si Ida sa tabi ng ina. Ibinuka niya ang 79
labi ng supot. Iniuho sa sahig ang laman: dalawang maliliit na kahon, ilang mansanas, mga tuyong isda at isang balutang ang labas ay mamasa-masang mantika.

Kinuha ng babae ang dalawang maliit na kahon. 80

"Ano 'yan, ha, 'Nay?" tanong ni Ida. 81

"Gamot ni Obet. Mapainom siya pagkagising. Bukas na 82
natin siya itawag ng doktor."

"E...e, 'to naman, 'no 'to?" tukoy ni Ida sa balutan. 83

"Pansit. Iyan ang sa iyo. Masama kay Obet iyan. 84
Mansanas ang kanya. Maipaglugaw na lang siya mamaya at maipag-ihaw ng tuyo."

Kinalag ni Ida ang tali ng balutan. Binulatlat. 85
Lumitaw ang lamang pansit na may dalawang hiwang kalamansi sa ibabaw.

Makailang napalunok si Ida. Nanginginig ang kanyang 86
kamay nang dumampot siya ng pansit at sumubo. **Namuwalan** siya. Pahigop niyang nilulon ang ilang naglawit na mike at bihon. Abut-abot ang kanyang pagnguya, pagsubo.

Nag-angat ng mukha si Ida. Sumulyap siya sa ina. 87
Tumungo. Nguni't saglit lamang. Muli siyang nag-angat ng mukha at tumingin sa ina. Ang haplit niyang pagnguya ay unti-unting dumalang hanggang sa tuluyang mapakagat ang kanyang bibig.

Ang babae ay nakatitig din kay Ida. Kukurap-kurap 88
ang mga mata. May kumislap doon. Nagsipaglandas sa gilid ng ilong. Dumaan sa sulok ng mapulang labi. Nagtagpo sa ilalim ng baba. Nagsamang gumuhit na pababa sa leeg.

"Ba't...b-ba't ho, 'Nay?" tanong ni Ida. 89

Hindi umimik ang tinanong. Pinisil nito ang baba ni 90
Ida. Inilipat ang kamay sa ulo ng batang babae. Ginulo ang buhok nito bago binalingan si Obet. Hinaplus-haplos ang noo ng nakahiga.

Dahan-dahang napayuko si Ida. Ipinagpatuloy niya ang 91
pagkain ng pansit. Sa simula'y madalang ang kanyang nguya. Pabilis nang pabilis.

Hindi naubos ni Ida ang pansit. Mahigit na kalahati 92
ang natira.

"Sa 'yo na 'to, 'Nay," alok ni Ida. 93

Umiling ang babae. "Ubusin mo na. K-kumain na ako 94
sa labas...kangina...bago ako umuwi."

"B-busog na 'ko, e," sabi ni Ida habang hinihimas ang 95
tiyan.

"Mapapanis lang 'yan." 96

"Napatingala si Ida. Matagal na tumitig sa bubong. 97
Kukurap-kurap ang kanyang mga mata. Parang nag-iisip.

"'Nay," tawag ni Ida at kinalabit sa bisig ang ina. 98
"Dadal'an ko nang konti nito si Emy. Sinamahan naman n'ya 'ko kangina rito, e. Ha, 'Nay, ha?"

"Sige," sang-ayon ng babae. "Daliin mo lang. Gabi 99
na."

Namilog ang mga mata ni Ida. Nakangiti siya habang 100
binabalot sa dahong may kasusong papel ang kalahati sa natirang pansit.

"M-magugulat si...Emy," sabi ni Ida. "'Kala siguro 101
n'ya, di tayo...di tayo nagkakaro'n ng pansit! 'Kala siguro s'ya, panay lu...lugaw ang kinakain natin!"

Pagkahablot sa pansit ay nagmamadaling nanaog si Ida. 102
Patakbo niyang tinalunton ang makitid na eskinita. Nagkatisud-tisod siya sa nag-usling bato hanggang sa tuluyang marapa. Sumambulat ang pansit. Humagis na pakalat hanggang sa makutim na labak sa kanal.

B. ***BOKABULARYO:*** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. anás | v. to talk in a low, soft voice<br>Syn. bulong |
| 2. atíp | n. roof or roofing<br>Syn. bubong |
| 3. bahíd-bahíd | adj. full of stains; smeared |
| 4. gáhi' | adj. with or having a small rip or tear, referring esp. to clothes |
| 5. gató' | adj. structurally weak due to decay or long exposure to the elements |
| 6. hagikgík | n. outburst of pent-up laughter |
| 7. himulmól | n. bits of ravelled thread from cloth or yarn |
| 8. inginúso' (ngúso') | v. from nguso (snout), i.e., to point at something or someone by |

extending one's upper and lower lip at the desired direction

9. kalatís — n. 1. an extremely soft sound or noise
   2. generally, sound or noise

10. kamálig — n. granary

11. kasusón(g) — adj. underlaying
    Syn. sapin

12. kawalangmálay — n. absence of consciousness or awareness

13. kupí' — adj. folded or dented, as a sheet metal

14. labák — n. the lower portion of a river

15. libág — n. thick dirt of the skin

16. lubák — n. depression or pothole on the surface, esp. of roads
    Syn. uka

17. lúgaw — n. rice porridge or gruel

18. lumátag (látag) — v. to spread out; be unrolled over the ground

| | | |
|---|---|---|
| | | or floor |
| 19. | marák | adj. thin and pale, referring esp. to face |
| 20. | marúsing | adj. dirty |
| 21. | nagkakatapi-tapilók (tapilók) | v. (tapilok) accidentally twist the ankle due to misstepping |
| 22. | naglaláwa' | adj. flooded |
| 23. | nahilod (hilod) | v. scrubbed dirt from one's skin |
| 24. | nakagiray | adj. leaning or tottering towards a direction, said esp. of something in a dilapidated condition |
| 25. | nakakunót | adj. wrinkled, referring esp. to forehead |
| 26. | nakapukól ang tanáw | adj. (from pukol, to throw) having one's gaze fixed at a direction |
| 27. | namuwálan | v. had one's mouth full of food |
| 28. | nangagtikwás | adj. tilted or raised at one side |

| | | |
|---|---|---|
| 29. | nanggigipalpál | adj. thickened by slimy dirt |
| 30. | natúpok | adj. burned to ashes |
| 31. | palará' | n. tinsel; tin foil |
| 32. | pasagság | adv. in a hurry· hurriedly Syn. nagmamadali |
| 33. | patingkayád | adj. & adv. in a squatting position |
| 34. | patiyád | adv. on tiptoe |
| 35. | pího | adj. & adv. sure, surely; certain, certainly |
| 36. | pinagsalít-salít | adj. placed alternately or at intervals with other things |
| 37. | pinagsánib-sánib | adj. joined together surface to surface or by overlapping of things |
| 38. | pusalián | n. cesspool |
| 39. | sinúyod (súyod) | v. (Fig.) searched or scanned a place thoroughly |
| 40. | susúkot-súkot | adv. in a cowering manner, esp. lowering one's head in defeat, |

fear, shame, or humiliation

41. tagní-tagní' — adj. covered with or having small patches, said of clothes, etc.

42. talaksán — n. an ordinary pile, as of cut firewood

43. tátal — n. wood chips or small fragments of wood

44. tinaluntón (taluntón) — v. followed, traced a path, line, or the like

45. tumalungkó' (talungkó') — v. sat flat on the floor in a relaxed manner

Syn. sumalampak

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ilarawan ang paligid ng tinitirahan nina Emy at Ida. (3,4,25,27,28)
2. Ano ang mahihiwatig sa pagkatao ni Ida sa estilo ng kanyang pananalita? Ilarawan ang pagkatao ni Ida; ni Emy. (11,18,25,35,77,92-93,98,101)
3. Ano ang tawag sa laro nina Ida at Emy? Mayroon ka bang alam na ibang larong Pilipino? Paano ito nilalaro?
4. Paano naipahiwatig ng manunulat ang makatotohanang usapan ng dalawang bata? (14-26,33-42)
5. Marami sa mga salitang ginamit ng may-akda ang pinag-uulit-ulit ang salitang-ugat, tulad ng 'bahid-bahid,' 'susukot-sukot', atbp... Humanap pa ng ibang halimbawa. May kabuluhan ba ang estilong ito sa diwa ng istorya? Ipaliwanag ang iyong sagot. (11,30)
7. Sa mga anong paraan inilalarawan ng may-akda ang pagkamakatotohanan (realism) ng istorya? (3,25,28,49)
8. Sino/Ano ang tinutukoy ng pamagat? Ipaliwanag ang kahulugan nito.

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga bokabularyong nagpapahiwatig ng pagkilos o posisyon

*Ipakita sa pamamagitan ng pagkilos:*

| | |
|---|---|
| patiyad | paikot |
| patingkayad | patakbo |
| patihaya | pakabila |
| patalikod | paluhod |
| patabingi | palundag |
| patayo | patalon |
| paupo | pabalik |
| pahiga | paurong |

b. Mga salitang pambata

*1. Isulat ang wastong pagbaybay ng mga salitang sinalungguhitan:*

1. 'Yoko na kaya.

______________________________________________

2. Ba'it?

______________________________________________

3. Ma'no. 'andito ka naman sa 'min.

______________________________________________

4. ...... kelangang ma'pagamot daw uli.

______________________________________________

5. Di ko laan.

______________________________________________

6. ...... nag dumating s'ya na 'ala 'ko sa 'min.

________________________________________

7. ...... sa 'kin ng Nanay.

________________________________________

8. 'Di ba no'ng k'wan lang... kelan 'yon... dinuktor s'ya...'ka mo no'n?

________________________________________

9. Sige, 'uwi na 'ko.

________________________________________

10. O, e ba't.... ba't kanginang 'malis ang nanay mo, nakita ko... ang ganda-ganda ng so't? Sabi n'ya.... ewan.

________________________________________

________________________________________

2. *Anong mga titik ang madalas hindi nabibigkas? Nasaang parte ng salita ang mga titik na ito (unahan, gitna, hulihan)?*

________________________________________

________________________________________

k. Pag-uulit ng pantig sa mga salita

1. *Pagmasdan ang sumusunod. Ano ang inuulit?*

| | |
|---|---|
| a. kumukurap-kurap | n. tagal-tagal |
| b. unti-unti | ng. kinamut-kamot |
| k. susukot-sukot | o. dami-dami |
| d. dahan-dahan | p. putul-putol |



ERIC

e. dikit-dikit

g. putuk-putok

h. pinagsalit-salit

i. tagni-tagni

l. bahid-bahid

m. ganda-ganda

r. nagkakatapi-tapilok

s. mamasa-masa

t. hinaplus-haplos

u. kukurap-kurap

w. abut-abot

y. nagkatisud-tisod

2. *Ano ang kahulugang naipapahiwatig kapag nauulit ang mga salita?*

Halimbawa:

a. Kumurap ang mga mata niya.

b. Kumurap-kurap ang mga mata niya.

d. Paggamit ng mga pang-uri

*Anu-ano ang mga pang-uring naglalarawan sa mga pangngalang sinalungguhitan?*

1. Hinawi ng bata ang ilang hibla ng tuwid at malagong buhok na lumaylay sa kanyang mukhang nangingintab sa pawis .

buhok ________________________________________

mukha ________________________________________

2. Malilikot ang bilugan at maitim niyang mata.

mata ________________________________________

3. Pasaglit-saglit, sa pag-ikot ng bata ay tumigil siya, nagpapako ng tingin sa dram ng tubig sa may gripong labahan, sa yerong nakatabing na naglalawa at mabahong pusalian, sa tabinging tiklis na tapunan ng

mga <u>basurang</u> nilalangaw sa gilid ng eskinita, sa matayog na <u>poste</u> ng ilaw sa labas ng <u>bakod</u> na alambreng may tinik.

dram ________________________________________

gripo ________________________________________

yero ________________________________________

pusalian ________________________________________

tiklis ________________________________________

basura ________________________________________

poste ________________________________________

bakod ________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Anong uring anak si Ida? Anong uring ina ang nanay niya? Patunayan ang iyong palagay sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga pangyayari o impormasyong inilalahad sa kuwento.*

Ida ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Ina ni Ida ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3. Pagtalakay

*Ipaliwanag ang pamagat ng maikling kuwento.*

4. Pagkatha

*Isalarawan sa maikling 2-3 saknong ang katauhan o katangian ng isa sa dalawa: Si Ida o nanay ni Ida. Lagyan ng angkop na pamagat ang iyong sinulat.*

**SULAT MULA SA PRITIL**

Norma O. Miraflor

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Ang akala yata ni Mrs. Iñigo'y ibig kong magpakwela. 1
Gusto ko raw yatang magsilbing **cartoon** ng klase. Galit talaga. Gusto ko sanang sabihin, ba't ba 'ko magpapakwela nang libre? Kung pwede ba akong **star**, mabubulok ba ako sa klase niya, magtitiyaga akong gumising ng alas-sais ng umaga para hindi lang ako mahuli sa tinamaan ng kulog na klase niya? Hindi na. Gusto ko sanang sabihin, ba't ba, kasalanan ko bang madaling bumili ng siste ang mga kaklase ko, ba't hindi sila ang sibatin niya ng titig?

Sapak talaga iyong pagkatitig sa akin. Kung sibat 2
lang iyon, wala, tapos na 'ko. Iyan ang **metaphor** na pinagmulan ng galit niya. Ang titig ni Mrs. Iñigo ay sibat. **Metaphor**, hindi ba? Parang ganoon ang ibinigay kong halimbawa nang tawagin niya 'ko. Walang halong biro ang sagot ko. Sabi ko, ang bibig ng nanay ko'y isang gubat. Mali ba iyon? Tawanan naman ang mga kaklase ko. Ewan ko na tuloy kung bakit naasar si Mrs. Iñigo, kung dahil sa tawanan o dahil sa mali ako.

Ipaglalaban ko sana ang sagot ko kung sinabi niyang 3
mali ako. Sasabihin ko sana: Alam mo, Ma'm, paggising ko

sa umaga, umaandar na ang radyo namin, 'yung radyong
naglalakad at kumakain, tatak Nanay. Bumubusa na: lahat
kami tamad, walang pakinabang, walang mararating, batugan,
palamunin, patabaing baboy, buwisit kaming lahat. Ang
daming anunsiyo ng nanay ko, iyon ang gusto kong sabihin,
magulo, hindi mo maiintindihan. Di parang gubat iyon,
iyon ang gusto kong sabihin.

Asar na 'kong talaga. Kung maniniwala ako sa 4
naririnig ko tuwing umaga, hindi na ako magpapagod ng
kababasa ng isang katerbang assignment na itinatambak sa
'min. Buwisit din lang at walang tutuluyan, magpapagod ka
pa. Pero hindi ako naniniwala sa nanay ko. Wala lang
pera iyon kaya ganoon. Kapag lumakas-lakas lang ang
imprenta, pag di nag-iba ang tabas ng usapan. Saka galit
pa siguro iyon dahil kay Ditse Ched. Pambihira naman kasi
talaga iyon. Sa damidami ng gulo sa mundo, isiningit pa
ang pagtatanan. Tapos uuwi-uwi, iiyak-iyak. Nandoon,
dalaga na naman. Sasama-sama sa PC, tapos hindi marunong
maghabol. Nandoon, pasuka-suka. Doon lalong galit ang
nanay ko.

Iyak nang iyak lang ang Ditse Ched. Nasaan nga kaya 5
ang mahal niya? Gusto ko sanang sabihin, nandoon, Nay,
nakikipagdama kay Raval, pero baka ako samain kaya hindi
na lang ako sumali sa usapan. Tuloy na lang ang pagbasa

ko ng tulang **inassign** ni Miss Rivera. John Keats na naman kasi, iyon bang __tisikong__ mahilig sa huni ng mga ibon at usapan tungkol sa kagandahan. **Type** na **type** ni Miss Rivera. Mamememorya na yata noon lahat ang nasabi ni Keats. Siyempre, bilib ang klase, ang husay ba namang __humaplit__ ng Ingles. pa'no. Bilib din ako kaya lang natatawa ako minsan. Ano ba ang koneksiyon ng huni ng ibon sa __kalam__ ng sikmura ko? Minsan kasi, kapag masyadong mainit ang ulo ng nanay ko, kapag palagay ko'y nagbabaga iyon, __sumisibat__ na lang ako. Wala nang kape-kape. Basta ayokong mautas sa pagkabingi.

Di papasok nga akong __said__ ang sikmura at mauupo sa 6
isang sulok ng Torres. Doon pinapasok ng bubuyog ang isip ko. Katakut-takot na pagmamakata ang ginagawa ng isip ko. Halimbawa, nasasaisip ko, bakit sa loob ng klase, parang ang liit ng mundo, parang naroroon na ang lahat? Kapag nakinig ka sa mga titser mo, parang simpleng-simple lang ang buhay, __nabobola__ ka tuloy. Minsan naiisip ko rin, bakit ni isa man sa mga titser ko, walang nagsasabi sa 'min na balang-araw matutulad din kami sa mga tatay-tatay namin, mababaon kami sa utang at saka iyong mga babae sa klase, parang magiging nanay-nanay din ang mga iyon, magmumura rin silang lahat ng buwisit at peste. Wala. Sabi lang sila nang sabi na pantay-pantay tayong

lahat sa mata ng batas. Okey pakinggan ano? Tunay. Minsan gusto kong sumigaw. Bola 'yan, gusto kong sabihin, bakit ang Kuya Nardo ko, nanligaw lang, pinabugbog nang todo ni Ferming Tisoy? O, bakit walang nangyari sa demanda? Pantay ba ang Kuya Nardo ko sa anak ng konsehal, pantay ba? Bola 'yan.

Pero di nasuspend ako nang di oras. Gulo na naman. 7
Magsu-suicide na ang nanay ko kapag nagkataon. Kaya **shut up** na lang, sabi ko sa sarili ko.

Di **shut up** na nga. Pinanonood ko na lang si Estela. 3
Ang ganda ni Estela, ang tangos ng ilong. Panay ang **recite**, gusto yatang mag-**salutatorian** e. Panay ang taas ng kamay, ang puti. Kinain na yata ang lahat ng libro namin, parang kinanya nang lahat. Dibdiban talaga. Masyadong **grade-conscious**, sabik sa medalyang ido-**donate** ng mga konsehal.

**Editor** ako, hindi pa nga kumikita pero **big-shot** na 9
rin. Kapag **editor** ka, maraming kahulugan iyan, ba. Pwedeng hindi basta-basta ang utak mo. Nag-iisip ka. Pwedeng tama ang Ingles mo, plural kung plural, hindi paliku-likong tulad ng esterong dinadaanan namin papunta kina Abe. Ang baho ng esterong iyon, kasimbaho ng isip ni Temyong Alat, iyong pulis sa kanto namin na ipinaglihi sa tong. Walang patawad iyon, kung walang **cash**, kahit balot

tinatanggap. Ang kapal talaga, mabaho pa sa estero. Kapag nagagawi iyon sa imprenta't nagpapadagdag ng lagay, naiisip ko, sana hinagisan na nga namin nina Abe ng **molotov cocktail** noong nakikipagromansa iyon kay Nena Pangan.

Tunay iyong naiisip ni Abe. Nag-aaral ba naman kami 10
ng **chess** sa kanila nang bigla na lang pasukan ng gagamba ang kukote. Baba kami nina Nap. Ligid sa bahay nila. Sa entresuwelo nila iniuupa ni Temyong Alat si Nena Pangan. Mrs. Pangan ang tawag namin sa kanya, yaon ang tawag sa kanya ng lahat. Di ligid kami, doon kami sa likod-bahay, doon sa isang tambak ng bote't garapa. Tapos, yumuko sa isang panig si Abe, may sinipat. Tumaas-taas ang balikat, tumingin sa amin, nagduling-dulingan. Bagong diskubre raw na mundo niya ito, tingnan daw namin.

Tsampiyon! Parang sineng **objectionable in part for** 11
**all**. Limot ni Temyong Alat ang batuta niya. Parang negrong gutom, panay ang sisid. Parang torong pikon, panay ang sibasib. Si Nena Pangan pala, ang daming nunal, may pula pa. Ano ba, sabi ni Nap, ako naman.

Naalala ko noon ang Ditse Ched ko. Hindi pa siya 12
umuuwi noon. Ganoon din siguro siya, naisip ko. Kapag may nangyari sa Ditse Ched ko, talagang gaganti 'ko kahit anong mangyari.

Ang dami na yatang dugong nawala sa kapatid ko. 13
Bumili na ang Kuya Nardo ko sa Red Cross para isalin sa kanya. Ang nanay ko, doon sa ospital natutulog, hapis na rin, mukha na ring martir. Pakana niya yatang lahat iyon.

Kaya nga ako napasama sa demonstrasyon, wala kasi sa 14
bahay ang nanay ko. Kung nandoon ba iyon, makakawala ako?

Nagkayayaan kami nina Nap. Sabi namin sa Malakanyang 15
naman kami pupunta, sawa na kami sa **stage show** ni Temyong Alat at ni Nena Pangan, nakakahirin na.

Para sa **collegiates** lang iyon, sabi ni Abe. 16

Gago, sabi ko, para sa lahat iyon, basta Pinoy kang 17
may hilig sa bayan, puwede na.

May hilig ka ba? tarok sa akin. 18

Basta halika na lang, sabi ko, manood lang tayo, 19
gusto kong makitakbo.

Para kasi akong sinisilaban. Naalala ko ang putla ni 20
Dite Ched ko at ang nanay ko, iyak nang iyak. Mukhang aping-api sila roon sa San Lazaro.

Halika na, sabi ko. 21

Daig pa ang Bagong Taon, tsampiyon sa dami. May 22
humahagikgik, may nagmumura, may tsismisan pa. Langya raw, isang katerba na raw ang batalyon sa loob ng Malakanyang. Para sa'n daw, tanong ng isa. Di para sa 'tin, usal ng isa pa. Tarantado pala siya, hatol ng



ERIC

ikatlo, mga bata na niya ang nambugbog, may lakas ng loob pa siyang mag-api-apihan. Ano ba ang laban natin do'n, susog ng isa pa, wala tayo ni sumpit.

Para kaming nagpapalamig nina Nap doon sa Mendiola, doon sa tapat ng Holy Mamaw. Di-sigarilyo pa si Abe. Hanapin daw namin si Temyong Alat. 23

Sandal kami sa pader, tingin sa palasyo. Nakapanhik na kami roon minsan, **educational tour.** Isang katerba ang **paintings** ng kara ni **First Lady**, lima yata, sikat lahat ang gumagawa. Doon ako naasar noon. Para ba naman nakakaloko. Ako binarena sa mura ng nanay ko dahil sa dalawang pisong hiningi ko, tapos ngingitingiti itong mga **paintings** may nakapayong pa. Ba't ba, naisip ko, hindi ba siya magkasya na ipakopya na lang minsan iyang kara niya, kailangan bang ilang beses pa? Iba-iba ang suot, pulos bongga, pulos displey. 24

Nakakaasar din talaga. 25

O, ano ngayon? tanong ni Nap. 26

Parang dramang sinagot kami. Bigla na lang nagkagulo, parang giyerang bigla. Katakut-takot na sigawan. Takbo kami sa may tulay, binabasa na kami paano. Hawa lang, kung babasain ka sana, todo na, hindi iyong parang hinihikang gripo. 27

Ano ba 'yan, sigaw ni Abe, parang ihi ng kabayo iyan, 28

ano ba?

Doon sa tulay kami napasubo. Atras-abante ang labas. 29
Iyong mga bata ni Commander-in-Chief, laban sa amin. Di
kami ang bayan, ano? Iyon ang nararamdaman namin, basta,
kami ang bayan, kaya kampi sa amin iyong mga nakatira sa
paligid. Pag takbo namin sa dilim, bumubukas ang mga
pinto, 'tinatago kami. Walang laban sa bayan ang mga
hayop na iyan, sabi ng isang manang nakasando na
nagpatuloy sa amin minsan.

Takbo't abante kami. Naroon na rin lang paano. Pero 30
noong minsan, nahagip ng hampas si Nap, buti na lang
nakatakbo. Noon kami sumali sa batuhan. Bato lang nang
bato, walang tantan.

Tama na, sigaw ni Abe, tena na, nakaamba ang mga 31
halimaw.

Takbo na naman kami. Liko kami sa Legarda. May 32
sinusunog sila roon. Takbo kami hanggang sa palengke ng
Bustillos, pasok kami sa dilim.

Doon na kami natengga. Naghanap kami ng pwestong 33
hindi okupado. Todo ang ningal namin.

Napunta kami sa parteng malansa. "Pero hindi bale na 34
lang," sabi ko, "pagod na pagod na ako." Higa ako nang
todo.

"Ang halimuyak," bulalas ni Abe, "kasimbango ni 35

Imelda, kasingtapang ng pera ni Apo."

Ang init-init ng mata ko. Ang lansa-lansa ng 36
hinihigan ko at ang paligid, ang tapang din ng amoy.

"Ang bango ni Imelda," ulit ni Abe. 37

"May kumpitensiya na rito ang estero natin," sabi ni 38
Nap, "may kumpitensiya na si Temyong Alat."

Naalala ko ang pagbato ko. Ang lakas ko palang 39
bumato. Iyong una kong tira, alam ko na, para iyon sa PC
na bumola sa Ditse ko. Iyong isa, para sa Tatay ni Estela
iyon. Iyong huli para kay Ferming Tisoy, bagay din
bulagin at pulbusin ang isang iyon.

Hindi ko mapintasan ang kalansahan ng paligid namin. 40
Baka na lang may mambara sa akin, tanungin ako, bakit ba,
sino ka ba?

Walang lusot doon. Sino nga ba ako? Si Isagani lang 41
yata ito, sanay na sanay ito sa halimuyak ng estero.

B. **BOKABULARYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | ba | interj. a marker used to express surprise, wonder, admiration, disgust and the like |
| 2. | batúgan | adj. lazy |
| 3. | bóngga | n. (Slang) stylishly, albeit pretentiously up to date, said of clothes or manners, e.g. |
| 4. | bumubusá (busá) | v. making acontinuous or popping sound, as that caused by rapid firing of guns, hence talking incessantly |
| 5. | kalám | n. gargling sound in the stomach caused by a slight feeling of hunger |
| 6. | kapál | adj. (Colloq.) Lit. thick, therefore shameless |
| 7. | kukóte | n. (Sp.) head |
| 8. | dibdíban | adj. with one's full |

effort; serious

9. entresuwélo — *n.* (Sp.) mezzanine

10. estéro — *n.* inlet canal of a river

11. hapís — *adj.* showing grief or worry; haggard

12. hindî bastá-bastá — *adj.* said of someone or something that is not to be taken lightly

13. humaplít (haplít) — *v.* to strike with a whip

14. ligid — *v.* to go around

15. magpakwéla (kwéla) — *v.* (Slang) to act, usually in a ridiculous manner, in order to get attention

16. malansá — *adj.* having a fishy taste or smell

17. naasár (asár) — *v.* got peeved, irritated
Syn. *nainis*

18. nabobóla (bóla) — *v.* (Colloq.) being deceived esp. by use of words aimed merely to impress

19. nakakahirín — *adj.* causing obstruction in the throat that

| | | |
|---|---|---|
| | | results in choking |
| 20. | nakikipagdáma (dáma) | v. playing Chinese checkers |
| 21. | natêngga (têngga) | v. (Colloq.) left in a place for a long time |
| 22. | nunál | n. (Sp.) mole |
| 23. | pakaná' | n. plot; evil scheme; conspiracy |
| 24. | pasuká-suká | adj. vomiting every now and then |
| 25. | pikón | adj. (Sp.) peevish; easily offended or provoked to anger by jokes |
| 26. | saíd | n. state or condition of having nothing left |
| 27. | samaín (samá') | v. to meet with bad luck or disaster |
| 28. | sapák | adj. (Colloq.) excellent; very good<br>Syn. napakagaling |
| 29. | sibásib | n. sudden violent attack, as of a fierce animal |
| 30. | sibatín (sibát) | v. to hurl a spear, lance, at someone |
| 31. | sísid | n. the act of diving into |

| | | |
|---|---|---|
| | | the water head first |
| 32. | siste | n. (Sp.) joke; jest<br>Syn. biro |
| 33. | sumisibát (sibát) | v. (Slang) suddenly fleeing or escaping, like a wanted criminal |
| 34. | tantán | n. cessation, as of someone's continuous talking<br>Syn. tigil |
| 35. | tarók | n. understanding or knowing the meaning of |
| 36. | tinamáan ng kulóg | adj. Lit. 'hit by lightning' an expression used as an equivalent of 'damned' |
| 37. | tísiko | n. & adj. (Sp.) tubercular |
| 38. | tong | n. (Colloq.) bribe money |
| 39. | waláng mararatíng | adj. Lit. 'no chance of reaching a destination' hence said of someone who has no hope of succeeding in life |

K. **MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Sino ang nagsasalaysay? Ano ang kahalagahan ng ganitong uri ng pagsasalaysay? (41)
2. Ano ang himig ng pagsasalaysay? Bakit ganito ang asal ng nagkukuwento? Ilarawan ang isang karaniwang umaga sa bahay nila. (3)
3. Ano ang nangyari kay Ched? Talakayin ang pagkatao ng mga babae sa istorya: si Ched, ang ina, si Mrs. Iñigo, Nena Pangan, Estela at Miss Rivera. (1,2,3,4,5,8,10)
4. Bumanggit ng ilang metapora na ginagamit ng nagsasalaysay at ipaliwanag ang mga ito. (2,3,6,10)
5. Sa pananaw ng nagsasalaysay, ano ang pagkakaiba ng buhay sa loob at labas ng paaralan? May katuwiran ba siya? (6)
6. Ilarawan ang pook nina Isagani at Abe. Ano ang ugali ng mga tao roon. (9,29)
7. Kani-kanino iniuukol ni Isagani ang kanyang pagbato? Bakit siya galit sa mga ito? (39)
8. Ano ang ibig sabihin ni Abe sa kanyang 'kasimbango ni Imelda, kasintapang ng pera ni Apo?' (35)
9. Anong estilo ng pagsasalaysay ang ginagamit ng nagkukuwento upang maging makatotohanan ang istorya?

10. Talakayin ang kuru-kuro ni Isagani sa kalagayang sosyal at pang-edukasyon sa Pilipinas ngayon. (5,6,9)

11. Ilarawan si Isagani bilang isang anak, estudyante, kaibigan, kapatid at isang 'makabagong' Pilipino. Magbigay ng halimbawa upang patunayan ang iyong sagot. (1,3,4-6,9,24,39,41)

12. May batayan ba ang pagkagalit at pagkasiphayo ni Isagani sa buhay? Tama ba ang kanyang inaasal? Ano ang iyong gagawin kung ikaw si Isagani?

## D. MGA PAGSASANAY

### 1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga slang o pangkaraniwang salita

| | |
|---|---|
| 1. asár | - inis |
| 2. bóla | - hindi totoo |
| 3. bóngga | - magarang magbihis o umayos |
| 4. bumubusá (busá) | - salita nang salita |
| 5. dibdíban | - masigasig; matiyaga |
| 6. háwa | - paglipat ng sakit sa iba; nakakahiya |
| 7. katérba | - kataku-takot; marami |
| 8. lagáy | - suhol |
| 9. magpakwéla (pakwéla) | - magpatawa |
| 10. mambará (bará) | - tumutol; sumalungat; kumontra |
| 11. maténgga (téngga) | - matambak o maiwan ng matagal |
| 12. pakaná' | - masamang balak |
| 13. sapák | - sagad; magaling |
| 14. sisté | - biro; tukso |
| 15. sumisibát (sibát) | - tumatakbo; tumatakas |
| 16. tong | - suhol o pabagsak sa mga pulis |

*Ilagay ang wastong salita:*

1. ________________ talaga iyong pagkatitig sa akin.
2. ________________ ang palabas niya. Napakaganda!
3. Ang akala yata ni Mrs. Inigo'y ibig kong ________________ dahil nagtawanan ang mga kaklase ko.
4. Gusto ko sanang sabihin, ba't ba, kasalanan ko ba kung madaling bumili ng ________________ ang mga kaklase ko.
5. Masalita ang nanay ko, ________ nang ________.
6. Huwag ka namang ________________ kapag nagsasalita ako.
7. ________ na ____________ ako sa kapatid ko kapag isinusuot ang damit ko.
8. Isang ____________________ tao ang nasa libing ni Benigno Aquino.
9. Malaki ba ang ________________ mo nang nagpalakad ka ng papeles mo?
10. Laging may ________________ sa pulis ang mga tsuper ng dyipni.
11. Ano na naman ang ________________ mo. Baka mapagalitan tayo.
12. ________________ mo naman ako. Akala ko totoo.
13. ________________ na nandiyan na ang pulis.
14. Lugi ako. ________________ lahat ang tinda ko dahil matumal.
15. ________________ ka naman. Kailan ka ba titino?

16. ________________ lang iyan. Wala namang kaya.

17. Laging mataas ang grado niya kasi __________________ kung mag-aral.

b. Mga mura

1. buwísit - masamang palad; malas; nakakainis; nakakayamot
2. batúgan - tamad
3. péste - salot; epidemya; maqulo; malas
4. tarantádo - walang galang; bastos
5. gágo - tanga; stupido

Iba pang pangkaraniwang mura

1. lóko - salbahe; sira ang ulo
2. tangá - ignorante; gago
3. walanghiyá' - walang galang; walang pakiramdam

*Ilagay sa puwang ang angkop na mura:*

1. ________________ na buhay ito! Puro problema.
2. Ang ________________ mo naman.
3. ________________ ka. Bakit mo ginawa iyon?
4. ________________ talaga ito. Eh, bakit ka nagpaloko?
5. Hoy, ______________. Baka akala mo natutuwa ako sa iyo.
6. Napaka ________________ mo naman. Bakit mo ginawa iyon?
7. ________________ ka talaga.



ERIC

8. Hoy ______________. Iligpit mo ito.

9. Nakaka ______________ ka naman. Tumigil ka nga.

*Idagdag ang titik na inalis sa sumusunod na mga salita:*

1. ba't _____
2. 'ko _____
3. di _____
4. nay _____
5. pa'no _____
6. langya _____
7. sa'n _____
8. 'tin _____
9. do'n _____
10. 'min _____

*Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na kawikaan o idyoma:*

1. Walang halong biro (tunay, totoo, hindi biro)

   ______________________________________________

2. Tabas ng usapan (takbo ng usapan)

   ______________________________________________

3. Walang lusot (walang ligtas o kawala)

   ______________________________________________

4. Kalam ng sikmura (gutom)

   ______________________________________________

5. Mainit ang ulo (galit)

   ______________________________________________

6. Tinamaan ng kulog (buwisit, nakakainis)

   ______________________________________________

7. Walang mararating (walang pag-asa sa buhay; hindi

uunlad ang buhay)

______________________________________________

8. Hindi basta-basta (hindi bale wala; may sinasabi; may kaya)

______________________________________________

9. Nang di oras (wala pa sa oras; nadali; di inaasahan)

______________________________________________

10. Kapag nagkataon (mangyari o maganap nang hindi inaasahan)

______________________________________________

11. Walang patawad (walang pinararaan o pinalalagpas)

______________________________________________

12. Ang kapal talaga (walang hiya)

______________________________________________

13. Lakas ng loob (katapangan)

______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Anu-anong pananalita na nagpapahiwatig na inis o galit ang iginawad ng manunulat sa mga sumusunod:*

1. Imelda ______________________________________________

______________________________________________

2. Temyong Alat ______________________________________________

______________________________________________

3. PC ______________________________________________

________________________________________________

4. Estela ________________________________________________

________________________________________________

5. Nanay ________________________________________________

________________________________________________

6. Apo ________________________________________________

________________________________________________

*Ipaliwanag ang mga sumusunod na pangungusap:*

1. Pantay ba ang Kuya Nardo ko sa anak ng Konsehal?
2. Panay ang taas ng kamay, ang puti.
3. Ang baho ng esterong iyon, kasimbaho ng isip ni Temyong Alat, iyong pulis sa kanto namin na ipinaglihi sa tong.

3. Pagtalakay

*Ano ang palagay mo sa kalagayang sosyal at pang-edukasyon sa Pilipinas? Ano o sino ang dahilan ng ganitong kalagayan?*

4. Pagkatha

*Pumili ng isa sa dalawang paksa at sumulat ng maikling komposisyon tungkol dito. Bigyan ito ng magandang pamagat.*

Ang Kalagayang Sosyal sa Pilipinas

Ang Kalagayan ng Edukasyon sa Pilipinas

# S I N I N G  N G  N A G S I S I K I P
# N A  D I N G D I N G

**Paliwanag sa Pagpuno ng Ispasyo at Estetikang Pilipino**

Rodolfo Paras Perez

A. ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Ang mga karaniwang-ayos o kaya'y mga bagay na laging 1
nakikita ay kadalasan na ring di natin talagang nakikita't napag-iisipan. Tulad halimbawa ng mga kaayusang pambahay sa probinsiya. Ibang-iba ang palagay sa maayos at magandang dingding doon. Ang magarang dingding ay yaong punung-puno ng mga larawan: mga estampita, mga diploma, mga kuwadrong kinalalagyan ng kapanganakan ng bawa't anak, mga tanawing alsado pa mandin at, higit sa lahat, mga poskard ng kanilang paboritong mga artista sa puting-tabing. Kung maaaring gawin, itinuturing na pinakamagara ang dingding na napapalamutihan mula sa lapag hanggang sa kisame.

Sa pag-aayos naman ng halamanan, karaniwan nang 2
ituring na pinakamagaling at kagulat-gulat ang may pinakamaraming tanim. Si Mareng Maria nga, may lahat ng uring bonggabilya. Di kapani-paniwala, nguni't mayroon siyang dilaw na bonggabilya't mayroon pang itim. Ang mga rosas niya'y may mga nakatayo't may gumagapang pa at may

mga bulaklak animo'y pelus. Ang mga kampupot niya't sampagita'y gayon din. Minsan, nang naparaan ang paborito nilang artista, binigyan nila ng kuwintas na sampagita: aba! di na halos makita yaong artista sa dami ng kuwintas.

Kaibang-kaiba ito sa damdaming-Hapon. Minsan may 3 isang halamanan ng krisantemo na napabantog sa kahariang Hapones. Naganyak dalawin iyon ng Emperador kaya't ito'y nagpasabing dadalaw. Nang malaman ito ng may-ari, pinutol ang krisantemo't itinira'y iisa. Sinabi niya sa Emperador pagkatapos na ikinararangal niyang ipakita iyon lamang pinakamahusay.

Ang halamanan ni Mareng Maria ay pinagtiyagaan at 4 unti-unting inipon. Ang pag-unlad nito'y makikita sa ayos ng halamanan. Noong una'y nakahanay ang mga halaman sa tabi ng bakod. Isang hanay lamang muna. Pagkatapos naging dalawa. At tatlo. Mayroon ding inihanay sa tabi ng bahay. Isang hanay din noong una. Naging dalawa't hanggang di na mabilang. Paminsan-minsan, kapag maluwag ang pagitan ng bahay sa bakod at ng nasa tabi ng bahay, si Mareng Maria'y nagtutumpok sa bandang gitna. Bilog ang hugis kung minsan; kung minsan naman, korteng kuwadrikula. Gaya ng dati, sapin-sapin din ang hanay nito. Kung mamasdan ang halamanan ni Mareng Maria ngayon, walang panama ang ibang **greenhouse**.

Bagama't karaniwan ay magsasaka ang mga tao sa baryo ni Mareng Maria, ang pista doon ay hindi ikahihiya kangino man. Talagang ang hapag ay lumulundo sa dami ng mga putahe. Masasabing tunay na pinaghandaan ang araw. Pati na mga kalsada'y makukulay pag kapistahan: may mga arko na'y may mga mumunting bandila pang nakasabit. At ubod din ng sigla pagka't di lamang isa ang banda ng musiko. Kadalasan, pitong banda! 5

MAKAPUNO AT MARANGYA

Mapupunang sa lahat halos ng pagkakataon, ang damdaming Pilipino'y nagnanais na punuin ang anupamang bagay na walang laman. Maging ito'y dingding, bakuran o hapag, o dili kaya'y katahimikan. Ito'y nagsasaad di lamang ng pagka-mabikas kundi ng kasaganaan na rin. Kaalinsabay ng pagpapahalaga sa kapunuan ay ang pagsinop sa mga bagay-bagay. Ang mga bagay-bagay ay pumupuno di lamang sa bakanteng ispasyo kundi nagbibigay din naman ng damdaming masagana: kahit na ano, basta isang katutak -- marangya. Dahil sa damdaming ito, may mga bagay na di man gaanong mahalaga'y ipinakatatagu-tago pa rin: mga botelya, sirang manyika, sirang relos, mga gamit na di na maalaala kung saan gamit at kung anu-ano pang mga kutinting. Bunga niya'y ang pagtubo ng malaking pagpapahalaga sa isang bagay, pagpapahalagang halos paggalang na rin. 6

Bagama't maituturing na ang mga damdaming aking pinuna'y palasak sa probinsiya't mga nayong nabubuhay sa pagsasaka o iba pang pamumuhay na sandig sa kalikasan, marami din namang mga grupong etniko, o mga liping di-gaanong naabot ng kabihasnang banyaga, ang kamamalasan ng mga kilos at pagpapahalagang nabanggit. Tulad ng mga Mangyan. Mga Manuvo. Mga T'boli. Kung susuriin ang mga palamuti ng mga ito sa pananamit, alahas o kagamitang-bahay ay mapupunang pawang may hilig punuin ang lahat ng ispasyong makita. Kaalinsabay niyan ang pagpapahalaga sa karamihan ng mga bagay na naipon. Maganda't marangya para sa dalagang Tingiang ang pagsusuot ng maraming pulseras. Karaniwan din naman na ang sisidlan ng bunga't ikmo sa iba-ibang lipi'y napapalamutihan sa buong paligid. 7

ESTILISADONG PAGPUNO NG ISPASYO

Maaaring ang bawa't lipi'y may kanya-kanyang kinaugaliang palamuti. May mga liping lahat ng palamuti'y heometriko (geometric). May mga liping ang mga palamuti'y salig sa kalikasan: mga butiki, gagamba, ibon at iba pa. Paminsan-minsan ay isinasalarawan din ang tao, ngu ni't gaya na rin ng pagguhit sa ibang bagay, ang anyo nito'y estilisado. Sa kabila ng dalawang uri ng paglalarawang iyan, iisa ang karaniwang ginagamit na balangkas sa pagbuo ng iba't-ibang uri ng palamuti. Kadalasan ay inuulit-ulit lamang ang isang dibuho; samakatwid -- A A A A A. Kung 8



ERIC

minsan ay inuulit nang baligtaran -- A V A V A. Mayroon din namang ginagamitan ng dibuhong salita, gaya ng: A B A B A.

Sa lahat ng iyan, ang ispasyo'y pinupuno. Bagama't 9
may natitira kung minsan... mga ispasyong tila walang
laman, ang mga iyon ay pawang puwang lamang sa isang
palasak na palamuti. Maiigsing patlang lamang sa isang
palasak na palamuti. Maiigsing patlang lamang sa
panglahatang dibuho. Ang ispasyo'y itinuturing dito
bilang isang kawalan na dapat punuin, sa halip na ituring
bilang isang kabuuang may sariling kahalagahan.

Sa pamumuhay, dala rin ang pagpapahalaga sa bilang o 10
dami ng isang bagay sa pag-uri ng karangyaan ng isang tao.
Pinakamariwasa ang taong may pinakamaraming gamit bagama't
ang mga ito'y di na magamit. Sa dakong Katimugan, may mga
taong naturingang maharlika dahil sa karamihan ng
kasangkapan -- iba't ibang sukat pa nga at di man kapani-
paniwala'y talagang mayroon sila kung minsan ng kris na di
kayang buhatin ng lima katao o di kaya'y tambol na lampas-
tao ang taas. Samakatwid, ang ganyang mga gamit ay
talagang pakitang-tao lamang. Kahit na ang mga ito'y mga
"kagamitan", ang kanilang pagka-walang silbi'y siyang
nakakatumbas ng lantay na damdaming estetiko.



ERIC

B. **BOKABULARYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. dingding | n. light partition wall in a house, usually made of wood, bamboos, etc. |
| 2. estétiko | adj. aesthetic |
| 3. estampíta | n. (Sp.) a small portrait or print of a saint |
| 4. lantáy | adj. pure, unalloyed, referring esp. to gold<br>Syn. walang-halo |
| 5. lípi' | n. tribe |
| 6. nakahánay | adj. arranged in a row<br>Syn. nakahilera |
| 7. pulséras | n. (Sp.) bracelet |
| 8. sapín-sapín | adj. placed or laid in several layers<br>Syn. patung-patong |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. alsádo | adj. (Sp.) referring to something that has been slightly raised |
| 2. búnga't íkmo | n. betel nut (bunga) wrapped around its leaf (ikmo) and lime, used |

| | | |
|---|---|---|
| | | for chewing |
| 3. | katútak | adj. (Slang, usually used in the form *sangkatutak*) very many; countless<br>Syn. *katakut-takot* |
| 4. | kasaganáan | n. abundance, plenty |
| 5. | kutingtíng | n. small, unimportant, unnecessary things |
| 6. | lapág | n. floor |
| 7. | lumulundó'(lundó') | v. sagging due to weight |
| 8. | mabíkas | adj. stylish; well-dressed<br>Syn. *magara* |
| 9. | Maharlíka' | adj. of noble birth; aristocratic<br>Syn. *marangal* |
| 10. | naganyák (ganyák) | v. attracted; took a fancy for<br>Syn. *nakagiliwan* |
| 11. | napapalamutian | adj. decorated |
| 12. | pagsínop (sínop) | n. the act or habit of collecting or gathering things for safekeeping |

Syn. pagtipon

13. pakítang-táo — n. just for show

14. palasák — adj. ordinary; common; usual

Syn. pangkaraniwan

15. puwáng — n. vacant space; gap

Syn. (Sp.) espasyo; patlang

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang karaniwang ayos ng isang magarang dingding sa probinsiya? Anu-anong mga bagay ang inilalagay sa dingding? (1)
2. Paano naman ang ayos ng isang halamanan tulad ng kay Mareng Maria? Ihambing ito sa halaman ng mga Hapon. (2,3,4)
3. Ilarawan ang "anyo" ng isang pista. (5)
4. Ano ang isinasaad ng damdaming-Pilipinong nagnanais na punuin ang anumang bagay na walang laman? (6)
5. Bumanggit ng ilang grupong etniko at ipaliwanag ang kanilang paraan ng pag-aayos. (7,8)
6. Paano nasasalin ang ugaling pagpupuno sa pamumuhay? May kabutihan ba o kasamaang idinudulot ang kaugaliang ito? Ipagtanggol ang iyong sagot. (10)
7. Sa paraan ng pag-aayos, saan ka ayon: sa ugaling-Hapon o ugaling-Pilipino? Bakit?



ERIC

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

   a. Mga salitang maaaring gamitin sa paglalarawan ng estetikang Pilipino

*Piliin sa listahan ang salita o pariralang kasingkahulugan ng may salungguhit sa salita o parirala sa bawa't pangungusap. Isulat muli ang pangungusap na ginagamit ang napiling salita sa listahan.*

| | |
|---|---|
| sapin-sapin | lumundo |
| dibuho | marangya |
| isang katutak | palamuti |
| ispasyo | kasaganaan |

1. Ang karamihan ng pagkain o ng iba pang bagay ay mahalaga sa mga Pilipino.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Isang uri ng palamuti ang pag-uulit ng guhit.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Pangkaraniwan sa mga bahay sa prubinsiya ang dingding na maraming dekorasyon.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Patung-patong ang mga aklat sa lamesa nila.

__________________________________________

__________________________________________

5. Kaugalian ng mga Pilipino na punuin ang bawa t patlang sa dingding.

__________________________________________

__________________________________________

6. Ubod ng dami ang kanilang pagkain lalo't Bagong Taon.

__________________________________________

__________________________________________

7. Halos lumaylay ang lamesa dahil sa bigat ng nakapatong dito.

__________________________________________

__________________________________________

8. Malubong maghanda ang mga Pilipino lalo na kung pista.

__________________________________________

__________________________________________

b. Mga pangalan ng bulaklak at kulay

*Sa anu-anong kulay matatagpuan ang mga bulaklak na sumusunod: bonggabilya, rosas, kampupot, sampagita, krisantemo, kamia, rosal, daisy. Magdagdag ng iba pang bulaklak.*

| Puti | Pula | Dilaw | Rosas | Itim |
|---|---|---|---|---|
| ________ | ________ | ________ | ________ | ________ |
| ________ | ________ | ________ | ________ | ________ |
| ________ | ________ | ________ | ________ | ________ |
| ________ | ________ | ________ | ________ | ________ |
| ________ | ________ | ________ | ________ | ________ |

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Piliin sa sumusunod ang angkop na sagot sa puwang:*

| | |
|---|---|
| bagay | larawan |
| pitong | punuin |
| putahe | tanim |

Magarang dingding ay yaong punung-puno ng mga ____________. Ang bakurang pinakamagaling ay ang may pinakamaraming ______________ . Ang hapag ay lumulundo sa dami ng mga ______________ . Kadalasan kung may pista, may _______________ banda. Ang damdaming Pilipino'y nagnanais na ______________ ang anu pa mang bagay na walang laman. Pangkaraniwan ang pagpapahalaga sa isang ____________________.

k. Listahan ng mga palamuti sa dingding:

*Basahin ang listahan ng mga bagay. Lagyan ng tsek ( ) iyong kadalasa'y ginagamit na palamuti sa dingding ng mga bahay sa probinsiya.*

__________ diploma

__________ bulaklak

__________ estampita

__________ larawan ng mga tanawin

__________ relo

__________ kuwadrong kinalalagyan ng kapanganakan ng anak

__________ poskard ng paboritong artista

3. Pagtalakay

*Ano ang ugaling-Amerikano sa paraan ng pag-aayos? Ipaliwanag ang inyong sagot.*

4. Pagkatha

*Ipaliwanag sa lima o higit pang pangungusap ang "Sining ng Nagsisikip na Dingding."*

**KUNG BAGA SA SALAMIN**
**MAY PINTURANG PANDEKORASYON**
**AT MAY PINTURANG**
**TAGAPAGSIWALAT NG BUHAY**

Federico Licsi Espino, Jr.

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod*

1 Ang buhay ng nagdurusang masa sa bukid at sa lunsod ay madalas pag-ukulan ng pansin, pagnilayan at pag-ubusan ng oleo ng pintor na Pilipino. Nguni't kadalasan ang pangit na mukha ng kahirapan ay niriritoke sa salaming-diwa ng pintor na kinukubabawan ng ispiritu ng romantisismo.

2 Alam ng marami na ang buhay sa nayon at linang ay hindi isang malambing na awiting-bayan at hindi rin isang masayang sayaw. Ito ay batbat ng kahirapan at ang pamumuhay ay pinamuhunanan ng dugo, pawis at luha. Nguni't anong anino ng dalita ang makikita sa mga oleo ni Fernando Amorsolo -- ang pintor ng bukid at baryo? Sa halip na maging salamin ng dalita, ang mga kuwadro ni Amorsolo ay mga palsipikadong **kodachromo** ng buhay sa bukid: makukulay ang mga suot ng kanyang mga anakpawis, animo ay sasayaw ng isang katutubong bayle (magarbo at ala-Bayanihan) kahit na magtatanim o gagapas lamang, at walang masisinag na suliranin at bagabag sa kanilang masasayang mukha.

3 Higit na makatotohanan ang paglalarawan ng buhay sa

bukid ni Carlos V. Francisco -- wala na ang **cara de fiesta** ng amorsoloismo at tulad ng dapat mangyari ang kasuotan ng kanyang mga mangingisda, magsasaka at dalagang nayon ay kuha sa tunay na buhay, sa buhay ng mga naghihirap na magbubukid at mangingisda sa kanyang sinilangang Angono.

Sa pamamagitan ng pinsel ng tatlong makabagong pintor 4
na sina Vicente Manansala, Cesar Legaspi at Anita Magsaysay-Ho, nabigyan ng bagong perspektiba ang buhay ng nagdurusang masa sa probinsiya at siyudad. Lantad na lantad ang lupit ng buhay sa oleo sa kambas ni Manansala na pinamagatang **Give Us This Day** (1957) -- mandi'y sinira ng marahas na kamay ng kubismo ang dinding ng isang maralitang tahanan upang ilantad ang dusa at dalita ng isang-kabig-isang-tukang estilo ng buhay. Sa oleo naman sa kambas ni Cezar Legaspi na may pamagat na **Sick Child** (1946), kitang-kita sa mga kulay-luwad na mukha ng ama, ina at hipag ang pagkabalisa sa kalunus-lunos na kalagayan ng munting sanggol na dinapuan ng karamdaman -- parang kinamatayan ng pag-asa ang tatlong tauhan, parang hindi malaman ang gagawin pagka't tiyak na walang perang maibabayad sa ospital man o manggagamot upang malunasan ang sakit ng gusgusing anghel na kalung-kalong ng inang hapis na hapis ang mukha sa pag-aalala.

DIYODORANTENG SINING

Diyodorante naman ang sining ni Mauro Malang Santos, 5

kartunistang napabantog dahil sa kanyang **Chain Gang** pagpipinta. Diyodorisado ang kanyang mga larawan ng buhay ng mga iskuwater -- nawala ang masangsang na amoy ng kahirapan na pinagtatakpan ng ilong ng mga burgis at mayaman at naging isang magandang **patchwork quilt** o tagni-tagning tela ang padron ng mga dampang binubuo ng tagpi-tagping lata, kahoy at karton na siyang ambiyenteng pantahanan ng mga walang pag-asa at kapuspalad. Ang ganitong pananaw ay makikita sa kanyang mga kuwadrong maging ang mga pamagat ay diyodorisado -- **Golden Heart, Blue House, Blue Deer, Blue Moon,** at iba pa.

Sa mga obra naman ni Angelito Antonio, makikita natin 6
ang isang estetikang balintuna -- ang mga kulay niya ay makikinang at masasaya, bahagyang nagniningning at mandi'y gumagalaw sa kambas nguni't ang mga pinakapaksa ay malulungkot at kung minsa'y malalagim. Sa **Kusina,** halimbawa, (oleo sa kambas, 1971) litaw na litaw ang magka-akibat na lagim at lungkot. Sa delantera ng kuwadro ay makikita ang isang kabayong may sapong plantsang de-uling na mandi'y nagbabaga pa. Dinadala ng hugis ng kabayo ang atensiyon ng tagamasid sa babaeng may pinasususong bata -- nakasalampak sa sahig at inaawitan ng uyayi ang kanyang anak. Sa gawing kaliwa naman ng ina't anak, makikita ang kakalanan -- may nakaupong palayok at kawaling pirituhan ng karne. Magkakahawig ang kulay ng

ina, anak, kabayo, plantsa, kakalanan, kawali at palayok subali't ang pondo ay kakulay ng barakong ginatasan. Sa kalunus-lunos na anyo ng ina, mahihinuha ang sinisiil na dalamhati ng buhay -- mahirap at ang di-masansalang lagim na kadalasan ay kaakibat ng ganoong estilo ng buhay. Sadyang makamahirap ang pananaw ng pintor na ito.

LABAN SA ELITISTANG PINTURA

Sa isang interbyu kay Alejandro Roces, sabi niya: 7
"Elitista ang mga mamimili ng mga larawan sa oleo, acrylic at tubiglay. At ang gustong sining ng mga tao ay yaong pandekorasyon, makulay at magandang tingnan. Ganito ang karaniwang uri ng mga kuwadrong naglalarawan sa mga barung-barong. Nguni't ano ba ang barung-barong? Ito ay isang lugar na sumasaksi sa mahirap na pamumuhay ng mga anak-dalitang isinilang sa isang pook na hindi angkop tirahan ng tao. Nguni't ang katotohanang ito ay hindi dapat sasagi sa iyong isip kapag nakita mo ang mga larawan sa oleo na nagsisilbing palamuti sa tahanan ng oligarkiya.

"Marahil, ang tanging sining na awtentiko ngayon ay 8
yaong kay Orlando Castillo, at wala nang iba. Inalis ni Castillo ang tagpi-tagping dingding na nakatabing sa mga barung-barong upang ipakita sa atin ang pangit na mukha ng katotohanan," dagdag pa ni Roces.

Tunay ngang makatotohanan ang mga kuwadro ni Orlando 9
Castillo. Ang nangingibabaw na kulay sa kanyang obra ay



ERIC

mala-sepyang itim na may kaunting bahid ng pula o asul at ang istilo ay **figurative** bagama't may bahagyang distorsiyon.

LARAWAN NG LUNGKOT AT LUHA

Sa naiibang istilong ito, binigyang-buhay ng pintor 10
ang pait, saklap, lagim, lungkot, dugo, pawis at luha ng nagdurusang masa. Sa kuwadrong pinamagatang **Skirol**, malagim ang paglalarawan ng alitan sa piyer at kitang-kita ang pagsambulat ng dahas na kadalasang nakikita tuwing may isang aklasan ng mga manggagawa. Ang pagtutunggali ng mga eskirol (galing sa salitang Espanyol na nangangahulugang Squirrel) at ng mga lehitimong welgista ay sumasambulat sa ating paningin at sumusugat sa ating sensibilidad na parang isang bombang sumasabog. Ito ay isang naghuhumiyaw na komentaryo sa lipunang umaapi sa manggagawa, sa lipunang batbat ng katiwaliang nagsisilang sa eskirol at welgista -- dalawang produkto ng kabulukan ng sistemang pang-obrero na pilit na nilulunasan ngayon ng pamahalaan.

Sa kuwadrong ang pamagat ay **Pag-aalay ng Buhay sa** 11
**Bayan**, makikita natin ang isang manggagawang nakapako sa krus ng industriya. Hindi binigyang-diin ng pintor ang pagdanak ng dugo sa krusipiksiyong ito -- nguni't lantad na lantad ang lagim at dahas na kaakibat ng tunay na kabayanihan.

Nakakaantig ng damdamin ang mga kuwadro ni Orlando 12

Castillo pagka't walang ispiritu ng romantisismong kumukubabaw sa sensibilidad ng pintor na ito. Hindi romantiko, hindi diyodorisado at hindi rin pandekorasyon ang kanyang mga kuwadro lalo na yaong may mga pamagat na **Kayod Kabayo, Buhay Kargador, Bigasan ng mga Mayaman** at maging ang obrang pinamagatang **Daing ng Mamamayang Biyetnames.**

KAMALAYANG MAKA-ANAKPAWIS

Ipinokus din ni Castillo ang lente ng kamalayan sa 13
mga kapuspalad na mga babaeng napipilitang **magbili ng panandaliang aliw** hindi man nila ibigin. Dahil dito ang mga desnuda **(nudes)** ni Orlando Castillo ay hindi nga Benus na naggagandahan at nagpapaligsahan ng **vital statistics** kundi mga **naunsiyaming** hugis ng kaselanang napasadlak sa putik dahil sa pagdaralita. Kung tititigan mo ang mga **desnuda** o babaeng hubad ng pintor na ito, hindi mapupukaw ang makahayop na damdamin bagkus sasagilahan ka ng pagkalungkot, pagkaawa at pagngingitngit. Sa kuwadro halimbawang ang pamagat ay **P30.00 Isang Gamit,** masisinag sa mukha ng babae ang kawalang pag-asa at pagkahapis. Ang walang **saplot** na katawan ay para bagang isang punungkahoy na unti-unting natutuyo at nawawalan ng dagta, isang punungkahoy na pinagtampuhan ng ulan at nilalatigo ng init.

RETRATO NG ROMANTISISMO

Sa kabilang dako, ang mga larawang guhit ni Efren Lopez ay nalulukuban pa ng anino ng romantisismo bagama't potograpiko ang kanyang teknik. Pawang mga guhit sa lapis ang mga kuwadro niyang itinanghal sa huling esksibisyon ng Miladay Art Gallery. 14

Litaw na litaw ang romantisismo sa kanyang kuwadrong **Mag-ina 1** na naglalarawan ng isang inang nagpapasuso sa kanyang sanggol sa ibabaw ng kumot na mandi'y isang dagat na maalon -- kitang-kita ang paonda-ondang gusot ng telang nakalatag sa sahig. 15

POTOGRAPIKO NGUNI'T ANESTISADO

Ganito ring estilo ang namamayani sa kuwadrong may pamagat na **Ligo Na, Totoy** - isang sulyap sa buhay-bata ng dalawang paslit na sumasalok sa isang poso artesyanong publiko bago basbasan ng malamig na tubig ang mumunting katawang may dumi at libag ng magha-maghapong pagbababad sa kalye. 16

Potograpiko rin ang estilo ng **Panabong** - buhay na larawan ng isang sabungerong hinihimas-himas ang kanyang **tinali**. Kung ihahambing natin ang kuwadrong ito sa obra ni Manansalang may pamagat na **Kahig** (oleo sa kambas, 1968), makikita ang kapuna-punang kadahupan ng sensibilidad ni Efren Lopez. Hindi tayo binibigyan ni Lopez ng maliwanag na pagkaunawa sa buhay-sabungero pagka't 17

ang kanyang obra ay parang isa lamang pangkaraniwang kuha sa kodak - maganda ang komposisyon, madetalye ang pagkaguhit nguni't salat na salat sa sensibilidad.

Marami pa ring pintor na inaalihan ng buktot na 18
ispiritu ng romantisismo sa kasalukuyan kaya't ang mga obra ni Efren Lopez ay larawan lamang ng isang estilong palasak sa mga pintor na dahop sa sensibilidad. Kung ihahambing si Efren Lopez kay Orlando Castillo, wala pa sa kalingkingan ng huli ang una. At kung posteridad ang pag-uusapan, tiyak na malilibing sa limot ang mga gawa ni Efren Lopez at walang pag-aalinlangang magiging isang bantayog ng sining na pang-anakpawis ang mga obra ni Orlando Castillo.

B. ***BOKABULARYO:*** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. aklásan | n. strike of workers; labor strike<br>Syn. (Span.) welga |
| 2. anímo | prep. like or similar to someone or something |
| 3. balintúna' | adj. absurd; contrary to fact<br>Syn. tiwali |
| 4. kabáyo | n. ironing board (also term for horse) |
| 5. kalunós-lunós | adj. in a pitiful condition |
| 6. kinukubabáwan | v. (Lit.) being overridden or influenced by |
| 7. di-masansálan(ng) | adj. cannot be obstructed, suspended |
| 8. gagápas (gápas) | v. will cut or reap (grains) with a scythe |
| 9. isáng-káhig-isáng-tuká' | n. (Fig) hand to mouth existence |
| 10. linâng | n. field under cultivation; farm |
| 11. magbilí (bilí) ng panandaliang alíw | v. (Fig.) to prostitute oneself |

12. magkaakíbat — adj. borne as a burden

13. mahihinúha' (hinúha') — v. will be able to infer, conclude

14. masangsáng — adj. with or having a strong disagreeable odor

15. nakasalampák — adj. in a sitting position, usually on a floor

16. naunsiyamí(ng) — adj. withered, frustrated

17. pagdának — n. the act of spilling blood

18. pagniláyan (nílay) — v. to contemplate or to reflect on

19. saplót — n. clothes or clothing (in general, often in a depreciatory sense

20. sapó(ng) — v. to support

21. sinisiíl (siíl) — v. being oppressed

22. tagapagsiwálat — n. one who discloses, reveals; informant

23. tináli' — n. a rooster kept for cockfighting
Syn. sasabungin

24. uyáyi — n. lullaby

25. walá pa sa kalingkíngan — adj. (Fig.) cannot measure up to

**Bokabularyong Teknikal**

1. kúlay-luwád — *adj.* having the color of clay
2. diyodoránte — *adj.* having the quality of a deodorant
3. nirirtitóke (ritóke) — *v.* (Sp.) being retouched, e.g., a painting
4. óbra — *n.* (Sp.) art or literary work
   Syn. likha
5. padrón — *n.* (Sp.) pattern; cut design used by tailors and dress-makers
6. palsipikádo(ng) — *adj.* falsified; counterfeit
   Syn. huwad
7. póndo — *n.* background
8. salamíng-díwa' — *n.* (Lit.) mirror or consciousness; vision; outlook
9. túbiglay — *n.* water-based paint

**K. MGA TANONG:** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ayon sa may-akda, ano ang dalawang uri ng pintura o larawan sa oleo? (2,3)
2. Sinu-sinong mga pintor ang kumakatawan sa dalawang uri ng paglalarawang ito? (2,3,4,5,6,9)
3. Ano ang nagiging karaniwang paksa ng mga pintura? Ano ang dahilan nito? (1,4,6,7)
4. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng paglalarawan ng buhay sa bukid ni Fernando Amorsolo at ni Carlos V. Francisco. (2,3)
5. Saang panig nabibilang ang pintura nila Manansala at Legaspi? Patunayan ang iyong sagot. (4)
6. Ilarawan ang tinatawag na diyodoranteng sining ni Malang Santos. Bakit sinasabing diyodorisado ang kanyang pintura? (5)
7. Anong paksa ang tampulan ng pintura ni Orlando Castillo? Paano nagiging makatotohanan ang kanyang paglalarawan nito? (10)
8. Bukod sa pagiging isang bagay ng sining, ano ang layunin ng makatotohanang paglalarawan ng buhay ng mga makabagong pintor? (6,8)
9. Sino sa dalawang pintor -- si Amorsolo o si Francisco -- ang pinapanigan ng may-akda? Kanino ka panig? Bakit?
10. Ang isang pintura ba ay dapat maging larawan ng tunay na buhay o hindi? Ipagtanggol ang iyong sagot.

D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salita tungkol sa sining ng pagpinta

*Piliin ang mga salita sa babasahin na kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa bawa't pangungusap. Ang bilang sa panaklong ang nagsasabi kung saang talata matatagpuan ang hinahanap.*

__________ 1. Si Amorsolo ay tagapinta ng bukid at baryo. (2)

__________ 2. Sa pamamagitan ng brotsa ng mga makabagong pintor, nabigyan ng ibang perspektiba ang pagdurusa ng masa sa Pilipinas. (4)

__________ 3. Kitang-kita ang kalungkutan ng magsasaka sa larawan. (4)

__________ 4. Ipinakita ng makabagong paglalarawan sa pamamagitan ng anggulo at kubo ang isang estilo ng buhay. (4)

__________ 5. Umiiwas sa kapangitan ng buhay ang paglalarawan niya ng buhay ng iskuwater. (5)

__________ 6. Nagniningning ang lona dahil sa makikinang at masasayang kulay na ginamit ng pintor. (6)

__________ 7. Kakaiba ang paningin ng pintor. (6)

__________ 8. Ang mga larawan sa pinturang may langis

ay magandang pandekorasyon. (7)

__________ 9. Bagama't makatotohanan ang mga kuwadro ni Castillo, masasabi ring may kaunting pagkabaluktot ang kanyang estilo. (9)

__________ 10. Isa sa pinakamahusay na likha ni Orlando Castillo ang "Daing ng Mamamayang Biyetnames." (12)

b. Mga salita tungkol sa paglalarawan ng kahirapan

*Bilugan ang titik ng salita o pariralang kasingkahulugan ng salita o pariralang may salungguhit sa bawa't pangungusap sa ibaba.*

1. Nakatira ang pulubi sa barung-barong.

    a. kubong tagpi-tagping lata at karton

    b. kubong luma

    k. kubong maliit

2. Batbat ng kahirapan ang pamumuhay ng mga iskuwater.

    a. kulang

    b. may kasama

    k. puno

3. Kalunus-lunos ang kalagayan ng mga nasunugan.

    a. nakakaawa

    b. nakakainis

    k. nakakasuya

4. Kapus-palad ang batang iniwanan ng mga magulang.

a. mahirap

b. walang suwerte

k. nag-iisa

5. Kinamatayan din ng pag-asa ang nasunugang mag-anak.

a. nawalan

b. nabuhayan

k. nabawasan

6. Parang gusgusing anghel ang pulubing bata.

a. gula-gulanit ang damit na anghel

b. napakagandang anghel

k. nakakaawang

7. Ayaw ko ng buhay na isang-kahig isang tuka.

a. ang kinikita'y hinihingi lamang

b. ang kinikita'y laging nawawala

k. ang kinikita'y husto lamang sa pagkain

8. Makikita sa larawan ang pagdurusa ng masa.

a. pagsasaya

b. paghihirap

k. pagdaramdam

9. Laging may suliranin ang mahihirap.

a. takot

b. problema

k. kaaway

10. May <u>masangsang</u> na amoy sa tambakan ng basura.

a. nakakatakot

b. nakakainis

k. masamang

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Piliin sa bandang ibaba ang katangian ng paglalarawan ng sumusunod na pintor:*

1. Fernando Amorsolo : ______________________________

______________________________________________

2. Carlos Francisco : ______________________________

______________________________________________

3. Vicente Manansala : ______________________________

______________________________________________

4. Cesar Legaspi : ______________________________

______________________________________________

5. Orlando Castillo : ______________________________

______________________________________________

6. Mauro Malang Santos : ______________________________

______________________________________________

7. Efren Lopez : ______________________________

______________________________________________

a. makukulay ang mga suot

b. magarbo

k. makatotohanan



ERIC

d. kasuotan ay kuha sa tunay na buhay

e. kubismo

g. kulay-luwad

h. mala-sepyang itim

i. potograpiko ang teknik

l. diyodorisado

m. may espiritu ng romantisismo

n. may bahagyang distorsiyon

3. Pagtalakay

*Ipaliwanag ang ibig sabihin ng sumusunod:*

a. Alam ng marami na ang buhay sa nayon at linang ay hindi isang malambing na awiting-bayan at hindi rin isang masayang sayaw.

b. Ang walang saplot na katawan (ng babae) ay para bagang isang punungkahoy na unti-unting natutuyo at nawawalan ng dagta, isang punungkahoy na pinagtampuhan ng ulan at nilalatigo ng init.

4. Pagkatha

*Sino ang iyong hinahangaang pintor? Ilarawan ang kaniyang katangian sa pagpipinta at ang mga katangian ng kaniyang mga obra.*

## BAGONG KRISTO SA ATING PANAHON

Nicanor G. Tiongson

*A.* ***BABASAHIN:*** *Basahin ang sumusunod.*

Isa na marahil sa pinakamatigas na hamon sa 1
mandudulang Pilipino sa ating panahon ang pagbuhay na mag-uli sa mga kolonyal na dulang tulad ng sinakulo na sumupling at yumabong nang nakaraang dantaon. Paano nga ba natin pahahalagahan ang sinakulo? Dapat na ba natin itong yakapin na lamang at sukat, dahil ito na ang kinagisnang laman ng ating laman at buto ng ating buto? O dapat kaya naman itong talikdan na nang tuluyan, dahil hinubog ito ng kolonyal na pag-iisip na hindi na nababagay sa ating panahon?

Matino ang kasagutang ibinibigay ng Babaylan at Anak- 2
Tibawan sa mga katanungang ito, sa kanilang makabagong sinakulo. Isinaisantabi nila ang tunggak at bulag na pagyakap na lamang sa sinakulo, pagka't tunay namang nakababagot at naiwan na ng panahon ang sinaunang baling-leeg at lamlam-matang kaisipan at anyo nito. At di rin naman nila basta na lamang tinalikdan ang dula, pagka't sarili lamang natin ang ating nililinlang kung hindi natin haharapin ang dula at relihiyong di makakatkat nang gayun-gayon lamang sa isipa't damdaming Pilipino. Ipinakita ng

Babaylan at Anak-Tibawan sa kanilang sinakulo kung paano mahuhubog ang isang makalumang dula upang ito'y makatugon sa pangangailangan ng kasalukuyan. Upang ganap nating maunawaan ang pagbabagong ito, paghambingin natin ang tradisyunal at ang makabagong sinakulo.

Aminin man nila o hindi, ginamit ng kolonyalistang 3
Espanyol ang relihiyon upang palaganapin at patatagin ang kanilang paghahari sa Pilipinas.

Sa pananaw ng mga Espanyol, ang isang mabuting 4
kolonyal na indio ay isang taong malabnaw ang utak at kalamay ang gulugod. Pagka't kung ang tao'y may sariling isip na makauunawa sa mabuti at masama at may sarili rin namang pagpapasiya sa pag-usig niya sa kasamaan, di maglalaon at matatambad ang kawalang-katarungan ng paghahari ng Espanyol sa Pilipinas. Itatanong ng indio kung bakit siya kailangang magtiis ng gutom at pagod sa paglalawag nang walang-bayad upang mabuo ang galyon ng mga Espanyol, kung bakit siya dapat magbuwis sa mga puti na ang isinusukli ay alipusta at lalong pagmamalabis, kung bakit siya maghahain ng buhay upang mapanatili ang Espanyol na humuhuthot sa kanyang kabuhayan.

Sa ganitong pakana'y si Kristo ang siyang naging 5
pangunahing patibong ng mga Espanyol. Karaniwan nang mamutawi sa mga labi ng mga prayle noon ang payo sa mga

indio na huwag silang masisiraan ng loob sa pagtitiis ng anumang pasakit -- kasama na yaong dulot ng mga prayleng gumagahasa sa kanyang yaman, asawa at pagkatao -- pagkat kailangan lamang nilang tularan si Kristo na ang pagpapakasakit ay ginantimpalaan ng tagumpay sa langit.

Sa pagtatanghal ng sinakulo'y lalo namang 6
pinatitingkad ang hinhin ng mga "banal" at ang pagkabarumbado ng mga "hudyo". Ang punto (estilo ng pagkanta) ng Kristo, Birhen, apostoles at mga banal na babae, ay malungkot, tagulaylay, at sinlagkit ng kalamay nilang gulugod. Samantalang ang mga Hudyo at haring Kaipas, Anas, Herodes at Pilato ay may puntong magaan, malikot, sinlutong ng sitsarong isinawsaw sa sukang may sili. Ang martsa ng mga banal ay punebre, alalaong baga'y mabagal at mabigat ang paisa-isang hakbang. Samantalang ang martsa na mga Hudyo ay pasodobleng mabilis at magaslaw, maindak at makiwal. Ang banal ay lagi nang di makabugaw-langaw, nakadaup-palad, nakatungo ang ulo at takip-silim ang pungay ng mata, at kung gumalaw man ang mga kamay ay waring nirarayuma sa masidhing kabanalan. Kabaligtaran naman ang mga Hudyo, na lagi nang nakawasiwas ang kamay, nakataas ang noo, nakaingos ang ilong, nanlilisik ang mga mata, at walang arteng kung hindi nanduduro, ay namamaywang kaya o nakasundot ang hintuturo



ERIC

sa pagdudunung-dunungan. Maliwanag ang puti at itim ng kasaysayang inilalahad.

Nananaig din naman sa pagtatanghal ng sinakulo ang 7 pag-iisip na bulag at sunud-sunuran. Wala ritong matalisik na isip na humahabi ng kakaibang istorya ni Kristo. Tanging madarama'y isang mangmang na mandudulang nagtatagni-tagni ng iba't ibang eksenang napulot sa pasyon at madlang babasahin. Payak na paglalahad ng kasaysayang kinagisnan ang masasaksihan sa entabladong nakaangat nakaharap-nakahiwalay sa tao (tulad ng banyagang relihiyong umuugit sa pagtatanghal), sa mga telong nagpapahiwatig na lamang, sa di makatunayang paraan, sa pinangyayarihan ng eksena, at sa mga kasuotang karamiha'y kinopya at hinango nang buung-buo at walang pakundangan sa mga imahen ng santong iprinuprusisyon, tulad ng Kristong may pelukang abaka at putensiyang lata, granateng pelus na pinagyaman ng burdang ginto, puntas sa leeg at kamay, at bigkis na puting lubid, na walang iniwan sa larawan ng Nazareno sa Quiapo.

Upang makatugon sa pangangailangan ng panahon, 8 humubog ang Babaylan ng Kristong magiging timbulang ikaliligtas ng mga inaanod ng paninikil, magiging ugit na gagabay sa kanilang paglalayag, at magsisilbing sandatang ipanlalaban sa mga kaaway ng bayan. Ang Kristo ng

Babaylan ay isang kayumangging bagontaong may matipunong pangangatawan, matigas ang gulugod nguni't di ang hiya, bisig na malaya at mapagpasiya, matang matamang nakatitig sa paghihirap, at bibig na binubukalan ng mapait na katotohanan. Katumbalikan siya ng Kristong hikain at putlain, ang Kristong walang mata at sikmura sa pangit na katotohanan, at lalo namang walang pulso at bisig na ibubulusok laban sa kaaway.

Di tulad ng sinaunang sinakulo, ang paghahati ng mga 9
tauhan sa iskrip ng Babaylan ay di batay sa malabong pamantayan ng banal at hudyo kundi batay sa tunggalian ng nakararaming mahihirap at iilang nakaririwasa sa ating lipunan. Ang mga banal ay mga magsasakang banat-buto ang paggawa, ang hudyo't hari'y mga mayayamang walang hilig sa paggawa. Matalim at mataas magsalita ang mga mayayaman at malulutong ang kanilang mapangutyang halakhak, nguni't bukal-puso at matama namang mangusap ang mga mahihirap. Makiri at dekadente ang arte ng mayayaman, matatag at mapagpasiya kung kumilos ang mamamayan.

Bagama't may kagaspangan at maraming lamat ang 10
interpretasyon ng Babaylan sa kasaysayan ni Kristo sa ating panahon, kahanga-hanga pa rin ang bago't sariwang insights na inilalahad nila sa mga manonood. Ang Adan at Eba ay nangakasuot "pintados" na nagpapahiwatig ng taal na

kulturang maka-Pilipino, samantalang ang mansanas na ipinantukso ng demonyo ay **imported** at sumasagisag sa pagdatal at pananaig ng isteytsayd mentaliti. Si Kristo'y magsasakang tinangkang alisan ng puri at pagkatao ng demonyo kung magpapailalim lamang siya sa nagmamay-ari ng yaman ng buong mundo at nakapamumudmod ng **hot pandesal.** Ang Birhe'y Inangbayan na nahahapis sa *pagkaparool* ng anak niyang magsasaka. Ang sambayana'y mahihirap na nakabaro't saya, kamisa't *kundiman*, samantalang ang mga Anas, Kaipas, Herodes at Pilato ay nangaka-Amerikanang nasasaplutan ng gintong balabal, at kumakain ng **imported** na ubas. Ang Krus na pinapasan ay araro ng dantaong pagkaalipin. At nagwawakas ang dula, hindi sa pagkabuhay na mag-uli ni Kristo, kundi sa prusisyon ng isang munting imahen ng Inang-bayang nakagapos, habang inaawit ng lahat ang "Bayan Ko."

## ANG BAYAN KO

1. Ang bayan kong Pilipinas
   Lupain ng ginto't bulaklak
   Pag-ibig ang sa kanyang palad
   Nag-alay ng ganda't dilag
   At sa kanyang yumi at ganda
   Dayuhan ay nahalina
   Bayan ko! Binihag ka
   Nasadlak sa dusa.

2. Ibon mang may layang lumipad
   Kulungin mo at umiiyak
   Bayan pa kayang sakdal dilag
   Ang di-magnasang makaalpas
   Pilipinas kong minumutya
   Pugad ng luha ko't dalita
   Aking adhika
   Makita kang sakdal laya.

**B. BOKABULARYO:** *Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

| | |
|---|---|
| 1. alipustá | n. insult; humiliation |
| 2. kalámay ang gulugód | adj. (Fig.) spineless |
| 3. kundíman | n. red muslin; a kind of blood-red cloth |
| 4. hámon | n. challenge |
| 5. hinúbog (húbog) | v. 1. shaped<br>2. (Fig.) trained to develop a certain character trait<br>Syn. sinanay |
| 6. humuhuthót (huthót) | v. swindling; defrauding<br>Syn. sumusuba |
| 7. isinaisantabí (tabí) | v. putting aside |
| 8. makakatkát (katkát) | v. will be able to erase<br>Syn. mabubura |
| 9. makirí | adj. coquetish; flirtatious<br>Syn. malandi |
| 10. makíwal | adj. characterized by sinuous or wriggling movement of the body, as of a crawling snake<br>Syn. pagiray-giray |

11. malabnáw (ang útak) — adj. 1. like liquid; thin; watery
2. (Fig.) slow-witted; ignorant

12. matalísik — adj. erudite; scholarly; learned
Syn. matalino

13. nakababagót — adj. boring; annoying

14. nandudúro'(dúro') — v. pricking someone with something pointed

15. paghambingín (hambíng) — v. to compare

16. palaganápin (lagánap) — v. to popularize; to make widespread
Syn. pakalatin

17. patatagín (tatág) — v. to strengthen

18. patibóng — n. snare; trap
Syn. bitag

19. sinaúna — adj. old-fashioned; antiquated

20. talikdán — v. to turn one's back to; to leave or abandon
Syn. talikuran

21. tunggák — adj. slow-witted; stupid
Syn. tanga

**Bokabularyong Teknikal**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | balîng-leég | *adj.* Lit.'broken-neck, a position in which the head is inclined towards one side |
| 2. | bukás-pûsó' | *adj.* Lit.'open-hearted, hence sincere |
| 3. | lamlám-matá(ng) | *adj.* languid-eyed |
| 4. | mandudulá' | *n.* playwright; dramatist Syn. *dramaturgo* |
| 5. | pagbûhay na mag-ulî' | *n.* revival |
| 6. | pagkaparoól | *n.* misfortune |
| 7. | pagtatanghál | *n.* presentation; showing Syn. *pagpapalabas* |
| 8. | pasadóble | *n.* martial music |
| 9. | punébre | *n.* funeral march |
| 10. | puténsiya(ng) | *n.* rays, specifically the 3 rays emanating behind Christ's head to signify His holiness |
| 11. | sinákulo | *n.* Passion play in which the story of the agony of Christ is depicted |

12. tagulayláy — adj. 1. a monotonous style or manner of singing, as in Passion reading
2. any song rendered in this manner or style
3. love song with sweet, sad melody



ERIC

***K. MGA TANONG:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang tawag sa dalawang pangkat ng mandudula na binabanggit sa sanaysay na ito? (2)
2. Paano tinatalakay ng mga pangkat na ito ang pagtatanghal ng mga kolonyal na dula tulad ng sinakulo? (2)
3. Bakit ipinapalagay ng mga Kastila na ang indio ay isang taong "malabnaw ang utak at kalamay ang gulugod?" (4)
4. Ano ang ginagamit na pakana ng mga Kastila noon upang maipagpatuloy nila ang paghahari sa mga Pilipino? (5)
5. Paano nila binibigyan-diin ang ideyang ito sa kanilang pagtatanghal ng sinakulo, halimbawa? (6)
6. Ilarawan ang karaniwang ayos ng mga kasuotan at tagpo (settings) na ginagamit sa sinakulo noong panahon ng Kastila. Ihambing ang ayos ni Kristo ng sinaunang sinakulo sa Kristo ng makabagong Babaylan. (7,8)
7. Saan ibinabatay ng Babaylan ang kanilang iskrip sa kanilang pagsasadula ng sinakulo sa ngayon? Paano nila inilalarawan ito? (9)
8. Magbigay ng ilang halimbawa ng mga interpretasyong ginagawa ng Babaylan upang makapagbigay ng maliwanag na pagkaunawa (insight) ang kanilang palabas. (10)
9. May kaugnayan ba ang wakas ng dulang ito sa mga naunang tagpo?
10. Ano, sa iyong palagay, ang pakay ng Babaylan sa ganitong pamamaraan ng pagtatanghal ng kanilang dula?

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

a. Mga salitang ginagamit sa paghamak

*Piliin sa kanan ang kahulugan ng talinghaga sa kaliwa. Isulat lamang ang titik ng wastong sagot.*

| A | B |
|---|---|
| _____ 1. baling-leeg at lamlam-mata | a. pagsunod na walang pag-iisip |
| _____ 2. bulag na pagyakap | b. duwag |
| _____ 3. kalamay ang gulugod | k. makaluma |
| _____ 4. di makabugaw-langaw | d. malungkot o malumbay |
| _____ 5. naiwan na ng ng panahon | e. bulag at di makatanggap |
| _____ 6. takip-silim ang pungay | g. nakakayamot |
| _____ 7. malabnaw ang utak | h. mukhang mabait |
| _____ 8. walang mata at sikmura | i. mahina ang kaisipan |
| | l. mapagpakumbaba |

*Gamitin ang limang talinghaga sa pangungusap.*

1. ____________________________________________

2. ____________________________________________

3. ________________________________________

4. ________________________________________

5. ________________________________________

b. Mga pang-uring magkatumbalik ang kahulugan

*Isulat sa puwang ang salitang kabaligtaran ang kahulugan sa salita o mga salitang may salungguhit.*

1. Tinatanghal sa sinakulo ang hinhin ng mga banal at __________ ng mga hudyo.
2. Parang punebre ang martsa ng banal samantalang ang sa hudyo'y parang __________.
3. Mabigat humakbang ang mga hudyo samantalang ang mga banal ay ______________.
4. Ang martsa ng hudyo ay mabilis samantalang ang sa banal ay ____________.
5. Takip-silim ang pungay ng mata ng mga banal samantalang ang mata ng hudyo ay ____________.

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*a. Ayusin ang sumusunod ayon sa pamantayan ng banal o hudyo:*

1. Sinaunang Sinakulo

a.katangian: mahinhin, barumbado, di makabugaw-langaw, arteng nanduduro, nakadaup-palad, nakatungo ang ulo, nakataas

ang noo, nakaingos ang ilong, takip-silim ang pungay ng mata, kamay na waring nirarayuma, nanlilisik ang mga mata, namamaywang

b. punto: malungkot, magaan, tagulaylay, malikot

k. martsa: punebre, maindak, makiwal, mabagal, mabigat, mabilis, magaslaw, pasadoble

| Banal | Hudyo |
|---|---|
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |
| ------------------------ | ------------------ |

2. Bagong Sinakulo ng Babaylan

a. Katangian: mahihirap, mayayaman, magsasaka, hari

b. Pagsasalita: matalim, mataas, bukal-puso, matama

k. Kilos: makiri, mapagpasya, dekadente, matatag

| Banal | Hudyo |
| --- | --- |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

*b. Piliin sa listahan ang wastong sagot at isulat ito sa puwang.*

| | |
| --- | --- |
| Adan | magsasakang |
| araro | mansanas |
| Eba | prusisyon |
| isteytsayd | |
| Inang-Bayan | |

Ang 1. __________ at 2. __________ ay nanga-suot "pintados" na nagpapahiwatig ng taal na kulturang Pilipino, samantalang ang 3. __________ na ipinantukso ng demonyo ay imported at sumasagisag sa pagdatal at pananaig ng 4. __________ mentaliti. Si Kristo'y 5. __________ tinangkang alisan ng puri at pagka-tao ng demonyo. Ang Birhe'y __________ na nahahapis sa pagparool ng anak niya. Ang krus na pinapasan ay 7. __________ ng dantaong pagka-alipin. At nagwawakas



ERIC

ang dula, hindi sa pagkabuhay na mag-uli ni Kristo kundi sa 8. ____________ ng Inang-Bayang nakagapos.

3. Pagtalakay

*Sa palagay ninyo, bakit ang makabagong sinakulo ay nagwakas sa prusisyon ng Inang-bayang nakagapos at di sa pagkabuhay na muli ni Kristo?*

4. Pagkatha

*Sino ang bagong Kristo sa ating panahon? Ipaliwanag ang iyong sagot.*

ANG AWIT NG PASYON
Rafael Palma
(Salin ni Teodoro A. Agoncillo)

*A. BABASAHIN: Basahin ang sumusunod.*

Ang dakilang panahon ng Mahal na Araw ay panahong 1
lalong mahalimuyak ang mga bulaklak, panahon ng lalong maraming bituin sa bughaw na langit, panahong ang malakas na hangin kung pumapagaspas sa mga puno ng tubo at saging sa parang ay waring mga daing ng puso. Kung panahong iyan naririnig na <u>pumapailanglang</u> sa himpapawid ang Awit ng <u>Pasyon</u>[1]. Iisa ang himig, malumbay na nakaiinip; inaawit sa mataas at <u>mataginting</u> na tinig, pinupuno ang kalawakan ng naghahabaang mga notang natatapos sa buntong-hininga at parang luhang napapawi. Hindi nagbabago ang tugtugin, ang mga <u>talata'y</u> iyon din at iyon at kung kaya lamang nagkakaroon ng kulay at halina ay dahil sa matamis na wika ng ating lahing ginagamit sa pag-awit at sa mga talinghagang inihihinga ng kanyang himig.

---

1 Pasyon('passion') - the Philippine lenten song is the most notable and famous of local religious literature. It's a rendering of the story of the life and death of Jesus Christ in the vernacular, in stanzas of five rhyming verse lines.



ERIC

Nakikilala ang Pasyon ng lahat ng Pilipino. Sa mga tula noo'y ipinaghehele ng mga ina ang kanilang nga sanggol. Ang mga batang hindi pa man nag-aaral ay waring mga ibong isinasaliw ang mga tula sa kanilang paglalaro at kalikutan. Sa kanyang himig ay hinahanap ng matatanda ang matatamis na alaala ng kanilang kahapon at ang nalalapit na mahiwagang liwanag ng kabilang buhay. Saan man mag-abot ang mga binata't dalaga maging sa tahanan ng mga kaibigan o sa mga dambanang sadyang itinayo kung ganitong mga araw, ay nagsasalitan ng tinig sa pag-awit ng Paghihirap sa Halamanan o ng Mga Dakilang Araw sa Kalbaryo, sa halip na paksain ang pag-ibig. 2

Ang hindi marunong ng Pasyon ay hindi Pilipino. Yao'y hinuhuni ng pastol sa kanyang kubo kung tanghaling mainit ang araw bago siya magpahinga upang magpalipas ng pagod; maririnig mula sa maharlikang tahanan ng asendero ang isang tinig-babae at ang ti ig ng isang bata na panabay na binabasa ang mahahalagang pangungusap sa Banal na Aklat; binibigkas ng mangingisdang namamangka sa gitna ng dagat, kasabay ng unday ng kanyang sagwan; dinarasal ng isang dilag sa kanyang tahimik na silid upang lunasan ang kaloobang di pakalihin ng pananabik sa isang bagay na hindi maunawaan; inaawit ng lalaking utusan na sumusugod 3

sa lansangan upang tumupad sa isang utos at ng alilang babaeng nakatanod sa kanyang batang inaalagaan kung hatinggabi. Sa lahat ng pook, sa lahat ng sandali, kung Mahal na Araw, ang awit na iyan na nanggagaling sa lahat ng sulok ay pumapailanglang sa kalawakan ng himpapawid, pinagsasama at pinag-iisa ang mga damdamin sa tamis ng Pananampalataya!

Iyan ang Awit ng Kabanalan ng Pilipino na pumupukaw 4
sa damdamin. Kung ako'y naglalakad na mag-isa sa mga liblib na lansangan ng ating bayan at ako'y nakaririnig ng tinig na umaawit ng Pasyon, tumitigil ako upang pakinggan iyon kahit na nga paos at disintonado ang pag-awit: laang magpaumanhin ang aking pandinig. At aywan kung anong matamis na himig at kakaibang sining ang nakikita ko sa kanya! Aywan kung bakit ako'y umuuwing nalulungkot at lumuluha! Ang mga nota ng Pasyon ay tumatagos sa kaibuturan ng aking kaluluwa!

Ang kanyang musika ay kinababasahan ko ng malabis na 5
himig ng kalumbayan ng taga-Silangan. Ang kanyang mataginting na mga nota ay kinariringgan ko ng mga hinagpis ng kaluluwa, ng mga dakilang tulain at mga himig ng panalangin. Marami ang pumipintas na iyan daw ay hindi maganda at ang himig ay nakaaantok, nguni't sa ganang



ERIC

akin, ang mga kuwintas na iyan ng hinagpis, mga daing at mahiwagang damdamin ay nagdudulot ng kung anong lugod!

Hindi kaya dahil sa ang bawa't sariling bayang tinubuan ay walang malay na nagmamahal sa kanyang _ugaling kinagisnan_? Gumagalang sa sariling _simulain_ at sa mga buhay na larawan ng kanyang sariling diwa at kaluluwa? Hindi kaya dahil sa ang kanyang paniwala'y wala nang pinakamaganda at pinakamatalino kundi ang sariling mga anak? Ganyan din ang mga bayan, walang marikit at magaling kundi ang katutubong kanila sapagka't siyang naglalarawan ng tunay na kinagisnang katangian, katauhan, at kaugalian. 6

Dahil nga diyan kung kaya ang tugtuging pambansa ng isang bayan ay may sariling panghalina sa mga nilikhang sumilang sa kanyang _sinapupunan_. Bawat bayan ay may tanging pang-akit sa kanyang mamamayan. Walang hihigit pang mabisang pumukaw sa damdamin ng isang kinapal tulad ng awit ng kanyang lupang tinubuan. Ang mga tugtugin, tula, at awit ay siyang sagisag ng tunay na kakanyahan ng isang bayan; nagpapakilala ng tunay na kaluluwa niya; siyang kinatitipunan ng kanyang tunay na damdamin, na tulad baga ng mga bulaklak na sa mga talulot natitipon ang sariling samyo at halimuyak! 7

Marami ang nagnanasang malipol na iyang Awit ng Pasyon: idinadahilan ang kawalan nito ng sining, ng kariktan, at ang di-kaangkupan sa panahon ng pagsulong at bagong kabihasnan. Aywan kung bakit naisip nila iyan hinggil sa isang mabuting ugali ng Pilipino na naglalarawan ng mga unang araw ng kamusmusan at kabanalan ng ating bayan. 8

Ang mabuting kaugaliang nagisnan ng isang bayan na hindi nakapipinsala sa pag-unlad nito ay dapat kalingain at pagyamanin sapagka't iyan ang kasarilinang kaloob sa atin; isang matamis na alaala ng ating nakaraan, gaya ng dugo ng ating puso; iyan ang tanda ng mga panahong pinagdaanan ng isang bansa sa kanyang kasaysayan. Ang buhay ng isang bansa ay nagsisimula sa kanyang mga ugali KAHAPON, upang maging tuntunin NGAYON, at maging sagisag ng bansa BUKAS. 9

B. *BOKABULARYO: Pag-aralan ang mga sumusunod na salita.*

**Bokabularyong Pangkaraniwan**

1. kaibutúran — n. the very center or heart of; the uttermost depth
   Syn. kaloob-looban

2. kalingáin (kalínga') — v. 1. to help or protect; care for
   2. patronize; protect
   Syn. tangkilikin

3. kasarilinán(g) — n. individuality
   Syn. sarili o angking katangian

4. hinagpís — n. sigh; act or sound of sighing
   Syn. himutok, buntong-hininga

5. laán(g) — adj. prepared or ready

6. malípol (lípol) — v. to exterminate or wipe out
   Syn. mawala

7. pakalihín (kalí') — v. to quiet; calm down
   Syn. patahimikin

8. paksaín (paksá') — v. to use as the subject or theme of one's speech, etc.

| | |
|---|---|
| 9. pumapailanglâng (pailanglâng) | v. flying asunder or aloft |
| 10. pumupûkaw (pûkaw) | v. rousing (someone or something) from inaction or lethargy<br>Syn. gumigising |
| 11. simulâin | n. principle; personal stand or belief<br>Syn. paniwala |
| 12. sinapupûnan | n. (Anat.) in literary usage, womb |
| 13. tumatâgos (tagôs) | v. penetrating<br>Syn. tumatalab |
| 14. ugâling kinagisnân | n. existing custom; |
| 15. undây | n. sway; movement |

**Bokabularyong Teknikal**

| | |
|---|---|
| 1. disintonâdo | adj. (Sp.) out of tune |
| 2. hinuhûni (hûni) | v. humming a tune |
| 3. ipinaghehêle (hêle) | v. singing a lullaby to |
| 4. isinasaliw (sâliw) | v. singing a song or playing an instrument as an accompaniment for<br>Syn. (Sp.) ikinokompanya |



ERIC

5. matagintíng — *adj.* sonorous; giving or causing a hard, metallic sound

Syn. *makalansing*

6. paós — *adj.* hoarse

7. Pasyón — *n.* (Sp.) 1. passion; the story of the agony and suffering of Jesus Christ during the crucifixion
2. the book or the vernacular verse about the life and death of Jesus

8. taláta — *n.* a written or printed line

Syn. *taludtod*

K. ***MGA TANONG:*** *Sagutin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ilarawan ang anyo ng panahon kung Mahal na Araw. Anu-ano ang makikita at maririnig sa panahong ito? (1)
2. Paano inaawit ang Awit ng Pasyon? (1)
3. Sa kani-kanino mapaparinggan ang Awit? (2,3)
4. Sabihin sa isang salita ang kabuuan ng ibig sabihin ng Awit ng Pasyon. (4)
5. Ano ang nagiging damdamin ng may-akda kapag nakakarinig siya ng Awit ng Pasyon? (4)
6. Anong mga bagay ang inihihiwatig ng musika at nota ng Awit ng Pasyon? (5,8,9)
7. Ayon sa may-akda, ano ang mga sagisag ng tunay na kakanyahan ng isang bayan? (7)
8. May kahalagahan ba o wala ang patuloy na pagtanaw sa mga lumang "kaugalian" tulad ng Awit ng Pasyon? Ipagtanggol ang iyong sagot.
9. Ano ang pintas ng mga di-nagagandahan sa pasyon? (8)

## D. MGA PAGSASANAY

1. Pagpapalawak ng Bokabularyo

Mga bokabularyo ukol sa musika

| | |
|---|---|
| 1. disintonádo | - hindi tama ang tunog; wala sa tono |
| 2. hímig | - tono; melodya |
| 3. hinuhúni | - tinig ng ibon; tunog na walang salita |
| 4. inaáwit, umaáwit | - kinakanta; kumakanta |
| 5. isinasáliw | - inaakumpanya |
| 6. matagintíng | - makalansing; kasing tunog ng metal |
| 7. nóta | - tono ng musika |
| 8. paós | - malat |
| 9. talâta' | - isang lipon ng mga taludtod o pangungusap |
| 10. tínig | - boses; tunog |
| 11. tugtúgin | - tunog ng musika; tunog na may melodya |

*Sumulat ng mga limang pangungusap tungkol sa iyong kakayahan sa pag-awit. Gamitin ang mga salitang napag-aralan.*

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Pagsasanay Tungkol sa Sanaysay

*Anu-ano ang ihinahambing sa mga sumusunod na pangungusap?*

1. . . . panahong ang malakas na hangin kung pumapagaspas sa mga puno ng tubo at saging sa parang ay waring mga daing ng puso.

_______________________________________________

2. Iisa ang himig, malumbay na nakaiinip; inaawit sa mataas at mataginting na tinig, pinupuno ang kalawakan ng naghahabaang mga notang natatapos sa buntong-hininga at parang luhang napapawi.

_______________________________________________

3. Ang mga batang hindi pa man nag-aaral ay waring mga ibong isinasaliw ang mga tula sa kanilang paglalaro at kalikutan.

_______________________________________________

4. Ang mga tugtugin, tula, at awit ay siyang sagisag ng tunay na kakanyahan ng isang bayan. Nagpapakilala ng

tunay na kaluluwa niya; siyang kinatitipunan ng kanyang tunay na damdamin, na tulad baga ng mga bulaklak na sa mga talulot natitipon ang sariling samyo at halimuyak.

---

3. Pagtalakay

*Ayon sa may-akda, dapat ba o hindi dapat kalingain o pagyamanin ang Awit ng Pasyon? Hanapin sa sanaysay ang nagpapakilala ng paniniwalang ito ng may-akda.*

4. Pagkatha

*Mayroon pa bang ibang kaugaliang panrelihiyon sa Pilipinas na dapat pagyamanin? Isalarawan ang kaugaliang ito at ipaliwanag kung bakit dapat pagyamanin.*